# TINIG

## Tinipong mga Pahayag
## Patnubay de Guia

Tagapagsalita

National Democratic Front - Southern Tagalog (NDF-ST)



Hunyo 2022

# PAMBUNGAD

Inilalathala ng KARED-TK ang tinipong piling pahayag ni Patnubay de Guia, tagapagsalita ng National Democratic Front - Southern Tagalog (NDFP-ST).

Nilalaman nito ang mga pahayag ni Patnubay de Guia sa panahon ng rehimeng US-Duterte mula huling hati ng 2016 hanggang 2022. Layunin nito na maging dagdag na sanggunian ng lahat ng rebolusyunaryo para sa mga paninindigan ng Partido at Bagong Hukbong Bayan sa rehiyon hinggil sa iba't ibang isyung panlipunan, paglalantad ng pasismo at pagpupunyagi ng mga nakikibakang mamamayang Pilipino sa gitna ng mabagsik na rehimeng US-Duterte.

KARED-TK
Abril 2023

# NILALAMAN

## UNANG AKLAT: Hinggil sa mahahalagang pambansang isyu


**1- Rehimeng US-Duterte....................................................2**

Dalawang taon ng rehimeng US-Duterte: mga taon ng ibayong kahirapan, korapsyon at panunupil at terorismo sa mamamayan...2

Mamamayan, ibayong magkaisa! Tumindig at buong giting na lumaban! Ibagsak ang traydor, korap, inutil at mamamatay-taong pasistang rehimeng US-Duterte!.....................................................6

Hungkag ang mataas na sarbey ng rehimen sa harap ng tumitinding kapabayaan sa COVID-19...........................................11

Buong lakas at buong tapang na lumaban! Patalsikin ang korap, taksil, tiraniko, kriminal at pahirap sa bayan na si Rodrigo Roa Duterte!.........................................................................................14

Papanagutin si Rodrigo Roa Duterte sa lahat ng kanyang krimen at pagtataksil sa bayan!...................................................................22

**2- Pandemyang COVID-19................................................36**

Hinggil sa pagdami ng may COVID-19 sa bansa.............................36

Hinggil sa patakarang *lockdown* sa NCR.......................................43

Mariing tutulan at labanan ang *emergency powers* na hiniling at agarang pinagkaloob ng Kongreso sa pasistang rehimeng US-Duterte.........................................................................51

Hinggil sa kabayanihan at kagitingan ng mga manggagawang pangkalusugan sa paglaban at pagsugpo sa *pandemic* na COVID-19 ....................................................................................57

Tulad ni Ponzio Pilato, hugas-kamay si Duterte sa kriminal na kapabayaan at pananagutan sa pagkalat ng COVID-19 sa Pilipinas .......................................................................................62

Tugon ng rehimeng Duterte sa COVID-19, bigo! Panahon nang isulong ang rebolusyonaryong programa sa kalusugan!................72

Hinggil sa panawagan ng pagbibitiw ni Sec. Duque ng DOH at pagbabanta ni Duterte na ipapataw ang ala "martial law" na hakbangin sa pagpapatupad ng ECQ o *lockdown* sa Luzon...........79

Kondenahin ang inutil at militaristang paraan ng paglaban sa COVID-19 ng pasistang rehimeng US-Duterte! Ipatupad ang mga panukalang solusyong medikal ng grupo ng mga manggagawang pangkalusugan at dalubhasa sa medisina sa bansa!......................85

Igiit ang ligtas na bakuna sa COVID-19 para sa lahat!....................91

**3-Ekonomya...........................................................97**

Utos ni Duterte na pagsuspinde sa importasyon ng bigas—isang panggogoyo at pakitang-tao upang pakalmahin ang galit ng mga magsasaka at taumbayan sa Rice Tarrification Law (RTL) at iba pang anti-magsasaka at anti-mamamayang patakaran ng pasistang rehimen .....................................................................97

Solusyon ni Duterte sa krisis sa industriya ng baboy, pulos pambababoy. Pagpapaunlad sa agrikultura at lokal na industriya ang solusyon, hindi liberalisasyon ..............................................101

Tanggalin ang *excise tax* sa produktong petrolyo! Ibasura ang Oil Deregulation Law at iba pang neoliberal na patakaran!..............106

Tutulan ang importasyon ng mga produktong pang-agrikultural..........................................................................................110

Mamamayan ng daigdig, magkaisa't labanan ang monopolyo sa langis ......114

Limos at pangungutya ang tugon ni Duterte sa mga nagugutom na Pilipino! ......117

**4- Pagtugon sa kalamidad......122**

Hinggil sa Taal Volcano *eruption* ......122

Bukas na liham sa mga mamamayan sa Batangas na nasalanta ng pagputok ng bulkang Taal ......125

Hinggil sa mabagal at inutil na pagtugon ng gubyerno sa kalamidad na dulot ng pagputok ng bulkang Taal ......130

Sa mag-iisang buwang pag-aalburuto ng bulkang Taal, Gubyernong Duterte, pabaya sa mga biktima ......136

Ayuda sa mga mamamayang napinsala ng bagyong Quinta at Rolly, pabilisin! Pondo sa serbisyong panlipunan at mga kalamidad, palakihin! National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC), buwagin! ......139

Inutil na rehimeng Duterte, sanhi ng pagdurusa ng mga biktima ng pag-aalburuto ng bulkang Taal ......146

**5- Korapsyon......150**

Tulad ng pekeng kampanya kontra-droga, pekeng anti-korapsyon ni Duterte lubusan nang nalantad ......150

Hinggil sa pagkakasangkot ng mga pulis sa iligal na droga......154

Si Duterte ang unang dapat mapatalsik sa pwesto dahil sa kainutilan, kapalpakan at kriminal na kapabayaan ng Department of Health! ......159

Parusahan ang mga kurakot, magmatyag at igiit ang paggamit ng pondo sa 2022 para sa kagalingan ng bayan ......166

**6- WPS at pambansang soberanya ................................171**

Wakasan ang paghahari ng imperyalismong US at ipatupad ang isang tunay na nagsasariling patakarang panlabas sa Pilipinas ......................................................................................171

Duterte: Makabagong makapili, hibang at taksil sa bayan .........174

Pagkakaloob ng *absolute pardon* ni Duterte kay Pemberton, kataksilan sa bayan at paninikluhod sa imperyalismong US ......176

Ipagtanggol ang soberanya at teritoryal na integridad ng bansa! Kondenahin at labanan ang lantarang pang-aagaw ng China sa teritoryo ng Pilipinas sa West Philippine Sea! ..............................182

Pagsuko sa soberanya ng Pilipinas sa West Philippine Sea, sukdulang kataksilan ni Duterte ..................................................188

Ipagtanggol at ipaglaban ang pambansang soberanya at patrimonya ng Pilipinas sa West Philippine Sea! Ibagsak ang taksil at pahirap sa bayan na si Duterte! ..............................................197

**7- Historical revisionism................................................203**

Ang mga biktima ng Batas Militar, hindi si Marcos, ang tunay na bayani ng sambayanan ..................................................................203

Kondenahin at labanan ang pakana ng Kamara at ni Duterte na rebisahin ang kasaysayan at itanghal na bayani ng diktador, tiraniko, mandarambong at mamamatay-taong si Ferdinand E. Marcos ....................................................................................206

**8- Usapang pangkapayapaan..........................................211**

Wakasan ang Oplan Bayanihan! Itaguyod ang usapang pangkapayapaan .........................................................................211

Lorenzana, numero-unong kontra-kapayapaan at ahente ng US! .........................................................................................215

Hinggil sa Mindoro Oriental Government Plan to Hold Localized Peace Talks with NPA ...........................................................217

BBM, NTF-ELCAC at *localized peace talks*: Mga balakid sa tunay na kapayapaan ..........................................................................222

**9- Eleksyong 2022..........................................................227**

Pagkagahaman sa kapangyarihan ang nasa likod na manatili sa poder si Duterte ......................................................................227

Labanan at biguin ang mga pandarayang gagawin ni Duterte sa eleksyong 2022! Wakasan ang impyunidad ng mga pagpatay at pandarambong ng pasistang rehimeng US-Duterte! ...................232

Pigilan ang panunumbalik sa kapangyarihan ng pamilya Marcos ..........................................................................................237

Desisyon ng COMELEC na ibasura ang kasong diskwalipikasyon ni BBM, buktot at kasuklam-suklam ................................................240

Hindi nagbibigay ng "permit to win" ang CPP-NPA-NDF .............244

Pangyuyurak sa kapasyahan ng taumbayan ang pandaraya sa eleksyon para ipanalo sila Marcos at Duterte ..............................248

# Hinggil sa mahahalagang pambansang isyu



# 1

# REHIMENG US-DUTERTE

## Dalawang taon ng rehimeng US-Duterte: mga taon ng ibayong kahirapan, korupsyon at panunupil at terorismo sa mamamayan

*Hunyo 30, 2018*

Naninindigan ang National Democratic Front-Southern Tagalog (NDF-ST) na ang dalawang taong panunungkulan ni Rodrigo Roa Duterte ay mga taon ng ibayong pagpapahirap at panunupil sa mamamayan. Sa buong panahong nakaupo sya sa estado poder, ang pagpapataw ng mga anti-mamamayang patakaran tulad ng Tax Reform for Acceleration and Inclusion (TRAIN) Law, pamamahalang batbat ng korupsyon, pagtutulak na mapalawig ang kanyang termino sa pamamagitan ng charter change at pagpapakita ng kawalang sinseridad sa peace talks lamang ang kanyang pinagkaabalahan. Gamit ang martial law, mahigit ng isang taon na ipinapataw ni Duterte ang kanyang kamay na bakal sa buong isla ng Mindanao, kasabay ng pag-iral ng de facto martial law sa

natitirang bahagi ng bansa Ito ang mga taon ng pagpapakasasa nya sa kapangyarihan at pagsunod pa rin sa interes ng imperyalismong US at mga naghaharing-uri sa bansa.

Ibinaon lang ni Duterte sa limot ang lahat ng mga binitawan nyang pangako noong nangangampanya pa lamang sa pagpapatindi ng mga neoliberal na patakarang dati nang humahambalos sa mamamayan. Sa katunayan, sa islogan nyang “change is coming”, ang naranasan lang ng sambayanan na pagbabago ay ang paglala ng krisis, kahirapan at kagutuman sa ilalim ng mga programa nito sa ekonomya na Dutertenomics lalo nang ipinatupad nya ang dagdag-pasaning TRAIN Law. Habang sumisirit ang presyo ng mga pangunahing produkto at serbisyo dahil sa TRAIN, patuloy naman ang pagbaba ng sahod ng mga manggagawa na kulang na kulang para tustusan ang kanilang pang-araw-araw na pamumuhay. Habang patuloy namang kinahaharap ng mga manggagawa ang kontraktwalisasyon na pinalala pa sa pamamagitan ng DO 174 at walang silbing EO 51.

Samantala, wala ni isa man lang na naging hakbang si Duterte upang malutas ang malaon nang suliranin ng mga magsasaka sa lupa. Higit na bumababa ang presyo ng kopra at buong niyog laluna sa Quezon habang hindi pa rin ibinabalik sa mga magniniyog ang *coco* levy funds na malaon na nilang ipinaglalaban. Ganundin ang presyo ng palay, saging, gulay at iba pang produktong bukid ng mga magsasaka. Kasabay nito, pinaiigting ang malawakang pangangamkam at pagpapalit-gamit ng mga lupain sa rehiyon upang bigyang-daan ang mga proyektong ekoturismo, renewable energy, at mga minahan.

Bibigyang-daan naman ng pederalismo ni Duterte ang pagkokonsentra ng kapangyarihan sa kanya at pagpapalawig ng kanyang termino. Higit

lamang nitong palalakasin sa kanyang pangingibabaw bilang diktador ang rehiyunal na reaksyunaryong pamahalaan, na pinagpupugaran ngayon ng mga dinastiya at burukrata kapitalistang kasabwat ang mga malalaking mamumuhunan na magtatayo ng mga proyektong pang-imprastraktura sa balangkas ng grandyoso nyang programang Build Build Build.

Sa inilunsad nitong todo-gera para supilin ang NPA sa ST, malawakan ang naging panghahalihaw ng mga pwersa ng militar, pambobomba at strafing laluna sa Quezon, Batangas, Mindoro at Palawan. Talamak din ang mga paglabag sa karapatang pantao ng mamamayan sa rehiyon kung saan umabot na sa 16 ang biktima ng extra-judicial killings, 84 ang kaso ng iligal na pag-aresto at 29 ang kaso ng iligal na detensyon sa ilalim ng rehimeng US-Duterte. Bukod sa pananalasa ng AFP-PNP-CAFGU, pinahintulutan din ng rehimen ang pagpapakawala ng US ng mga sundalo nito sa bansa sa nagpapatuloy na mga balikatan exercises. Sa Palawan, nananatili ang interbensyong militar ng US sa hindi naglubay na pagpasok ng mga sundalo nito at pagbabase sa Ulugan Bay.

Pinalubha lamang ni Duterte ang paghahasik ng lagim ng kanyang tatlong gera na Oplan Tokhang laban sa mamamayan, batas militar laban sa mga Moro at mamamayan ng Mindanao at Oplan Kapayapaan laban sa rebolusyonaryong kilusan. Habang tuluyan na nitong pinigilan ang muling pagbubukas ng peacetalks sa NDFP na magbubunga na sana ng kasunduang Comprehensive Agreement for Socio-Economic Reforms para sa tunay na repormang agraryo at pambansang industriyalisasyon.

Pinalala lamang ni Duterte ang kasalukuyang makalonyal at malapyudal na lipunan sa hindi paglutas sa mga batayang suliranin ng mamamayan na sinisikap resolbahin sa pamamagitan ng *peacetalks*. Nananawagan ang NDF-ST sa mamamayang Pilipino na singilin si Duterte sa mga bigo nyang pangako ng pagwawakas ng kahirapan at sa pagpapataw ng anti-mamamayan, neoliberal at dagdag-pasaning mga polisiya. Kasabay nito, kastiguhin at pagbayarin ang pasistang pwersa ng estado sa kanilang krimen ng paghahasik ng pandarahas, pamiminsala sa buhay at kabuhayan ng mamamayan at pananabotahe sa *peacetalks*.

Ang dalawang taong pagpapahirap ng rehimeng US-Duterte ang lalong nagbibigay-katwiran sa mamamayan upang makibaka at magsulong ng rebolusyon. Sa gitna ng naglalagablab na poot ng mamamayan, naninindigan ang NDF-ST sa pagpapaigting ng armadong pakikibaka sa kanayunan na tutugon sa panawagan ng sambayanan na pabagsakin ang rehimeng malaon na nilang kinasusuklaman. T

## Mamamayan, ibayong magkaisa! Tumindig at buong giting na lumaban! Ibagsak ang traydor, korap, inutil at mamamatay taong pasistang rehimeng US-Duterte!

*Agosto 28, 2020*

Maysakit man o wala. Malubha man o hindi. Wala nang dahilan pa upang magtagal at manatili sa pwesto ang kasuklam-suklam at matinding kinamumuhian ng taumbayan na si Rodrigo Roa Duterte. Dapat nang patalsikin sa pwesto si Duterte sa pamamagitan ng isang malawakan, orkestrado at koordinadong mga pagkilos sa mga baryo at komunidad, sa mga mayor na lansangan at lugar, sa mga pabrika at paaralan, sa mga opisina, sa *social media* at maging sa harapan ng mga ospital sa bansa mula sa nagkakaisang hanay ng mga rebolusyonaryo, progresibo at partyotikong mga indibidwal at grupo. Kailangang maramdaman sa buong bansa ang nangangalit na mga tinig ng pag-aalsa ng taumbayan laban sa rehimen. Dapat ding marinig sa bawat sulok ng bansa ang dumadagundong na panawagang **Ibagsak ang traydor, korap, inutil at mamamatay taong pasistang rehimeng US-Duterte!**

Makatarungan, makatwiran at may malalim na dahilan para manawagan ang taumbayan na patalsikin sa kapangyarihan si Duterte. Wala nang moral na kapasidad at ligal na katayuang mamuno sa bansa ang pasistang rehimeng US-Duterte dahil sa mga nagawa nitong katrayduran at krimen sa bayan. Pinagtaksilan niya ang sambayanang

Pilipino pangunahin sa pagpapatupad nito ng mga anti-mamamayang patakarang neo-liberal sa bansa at sa tuwirang pagsuko sa pambansang soberenya at patrimonya ng Pilipinas sa mga imperyalistang bansang US at China. Malaking katrayduran sa bayan ang ginawa ni Duterte na pagbabalewala sa tagumpay na nakamit ng bansa nuong Hulyo 2016 sa *permanent tribunal* ng International Tribunal on the Law of the Seas (ITLOS) ng United Nation Conference on the Law of the Seas (UNCLOS) laban sa pag-aangkin at panghihimasok ng China sa mga teritoryong saklaw ng Pilipinas at sa kinikilalang Exclusive Economic Zones (EEZ) nito sa West Philippine Sea.

Wala nang karapatan si Duterte na manatili sa kapangyarihan dahil sa daan-dang bilyong halaga na kinukurakot niya sa pondo ng bayan at sa mga proyekto sa ilalim ng Public-Private Partnership Projects (PPPPs) at Build, Build, Build programs ng kanyang administrasyon.

Wala nang karapatang manatili pa si Duterte sa pwesto dahil sa patuloy at walang habas na mga paglabag ng kanyang rehimen sa karapatang pantao at internasyunal na makataong batas. Puo-puong libo ang naging biktima ng mga pamamaslang o *extra judicial killings* (EJKs) ng mga armadong ahente ng estado dahil sa kanyang madugong pekeng kampanya sa iligal na droga at bilang resulta ng terorismo ng estado na pinatutupad nito laban sa sambayanang Pilipino at sa mamamayang Bangsamoro sa ngalan ng anti-komunismo at anti-terorismo. Pinakahuli sa mga humahabang listahan ng krimen ng pasistang rehimeng US-Duterte ay ang pagpaslang kay Ka Randall Echanis, lider ng Anakpawis *partylist* at kilalang NDFP Peace Consultant at kay Zara Alvarez na *medical worker at human rights defender* sa isla ng Negros.

Hinigitan na ni Duterte, sa usapin ng kalabisan, kalupitan, brutalidad at terorismo ng estado ang labing apat (14) na taong pag-iral ng batas militar ni Ferdinand E. Marcos at maging ang pinagsamang panahon ng panunungkulan nina Corazon Aquino, Fidel Ramos, Joseph Estrada, Gloria Arroyo at B.S. Aquino. Habang nasa kapangyarihan si Duterte, patuloy pang mararanasan ng taumbayan ang walang patumanggang kalupitan at kabagsikan ng pasistang rehimen lalo na't ganap nang batas ang Anti-Terrorism Act of 2020 o RA 11479.

Inutil at wala na sa kapasidad si Duterte na pamunuan at pangasiwaan ang paglaban ng bansa sa Covid-19. Magpipitong buwan na ang lumipas mula ng makapasok sa bansa ang nakamamatay na Covid-19, na dala ng 3 turistang Tsino mula sa Wuhan, China na sentro ng pinagmulan ng Covid-19 subalit wala pang nararamdaman ang taumbayan na senyales na nagagapi ng gubyerno ang pagkalat ng Covid-19. Patuloy ang pagdami ng bilang ng mga nagkakaroon ng sakit at nangangamatay habang patuloy sa pagkukumahog sa paraang bumbero at patsamba-tsambang humahanap ng paraan ang gubyernong Duterte sa pagsugpo sa pandemya.

Dahil sa walang direksyon at malinaw na estratehiya sa paglaban sa Covid-19 habang kabi-kabila ang kurakutan ng mga tiwaling opisyal ng gubyerno, pulis at militar, lalo lamang nabaon sa utang ang bansa na umaabot na ngayon sa siyam (9) na trilyong piso. Nahigitan na ni Duterte ang mga pinagsanib na pangungutang na ginawa ng mga naunang rehimen. Subalit sa kabila nito, higit pang nalugmok ang dati nang lugmok na kalagayan ng ekonomiya ng bansa dahil sa militaristang paraan ng gubyerno sa paglaban sa bayrus.

Matagal nang naglaho ang pinangangalandakan ng Malacañang na nagtatamasa pa ng malawak na suporta ang inutil na pasistang rehimen. Tanging mga bayarang propagandista at *troll armies* na lamang ng rehimeng Duterte ang naniniwala at pilit na lumilikha ng ilusyon sa publiko na si Duterte ay "nagtatamasa" ng popularidad. Anuman ang kanilang gawin hindi nila kayang lokohin ang taumbayan at pagtakpan ang nagdudumilat na katotohanan na bigo si Duterte sa lahat ng aspeto ng paggugubyerno.

Ang katotohanan nasa 27 milyong Pilipino sa bansa ang wala at nawalan ng hanapbuhay. Hindi na kayang tustusan ng bangkaroteng gubyerno ang pagbibigay ng ayuda sa mga mahihirap nating mga kababayan, mga dati nang wala at bagong nawalan ng hanapbuhay na mga Pilipino dahil sa Covid-19. Bagsak sa *negative* (-) 9% ang Gross Domectic Product (GDP) sa unang hati ng taong 2020. Umabot na sa mahigit sa 700 bilyong piso ang *budget deficit* ng gubyernong Duterte dahil sa lugmok na kalagayan ng ekonomiya ng bansa.

Sa pangungutang pangunahing nakasandig at sinisweruhan ang gubyernong Duterte sa pagsisikap nitong ibangon at paandarin muli ang halos tigil at lugmok na kalagayang pang-ekonomiya ng bansa. Libu-libong Overseas Filipino Workers (OFWs) na rin ang umuwi dahil sa wala na silang hanapbuhay sa ibayong dagat. Libu-libo pa ang inaasahang magsipag-uuwian sa bansa. Halos 40% din ng mga nakatatandang populasyon sa bansa ang nagsasabing madilim ang inaasahan nilang buhay sa darating na 1 taon sa ilalim ng administrasyong Duterte.

Batay sa mga naihanay na mga kapabayaan, kainutilan at pananagutang krimen ni Duterte sa sambayanang Pilipino, walang ibang dapat gawin ang taumbayan kundi ang ibayong pahigpitin ang nagkakaisang hanay. Patuloy na magmulat, mag-organisa at magpakilos upang likhain ang isang malapad na nagkakaisang anti-pasista at anti-diktadurang prente laban sa rehimeng Duterte. Magiting na lumaban at magpunyagi sa pakikibaka para maibagsak ang traydor, korap, inutil at mamamatay taong pasistang rehimeng US-Duterte. T

## Hungkag ang mataas na sarbey ng rehimen sa harap ng tumitinding kapabayaan sa COVID-19

*Oktubre 9, 2020*

Umaalingasaw ang baho ng rehimeng Duterte at hindi ito kayang pagtakpan ng anumang pinabangong imahe at resulta ng mga bayarang sarbey. Isang malaking kahungkagan at kabalintunaan ang lumabas na 84% *approval rating* ni Duterte sa pagharap nito sa pandemyang COVID-19. Malinaw na ito'y panakip-butas lamang sa lumalaganap na disgusto ng buong bayan sa gubyernong Duterte.

Mula nang lumaganap ang sakit na COVID-19, ugali na ng rehimen ang mambaluktot ng mga datos at impormasyon upang mawala sa atensyon ng publiko ang kapabayaan ng estado sa paglaban at pagsugpo sa *virus*. Hindi kailanman ikinagagalak ng mamamayan ang pagtugon ni Duterte sa sakit, bagkus, nagngingitngit sila sa galit dahil ginamit ni Duterte ang *virus* bilang sandata laban sa mamamayan. Pahirap ang militaristang *lockdown* at sinagpang pa ito ng rehimen para maisabatas ang anti-mamamayang Terror Law. Ipinatupad pa ng rehimen ang samu't saring pahirap sa bayan tulad ng pagraratsada ng *jeepney phaseout*, reklamasyon sa Manila Bay, pagpapapasok ng dayuhang pagmimina at iba pa.

Hindi matatakpan ng kasinungalingang ito na ang Pilipinas ang nangunguna pa ring bansa na may pinakamaraming kaso ng COVID-19

sa buong Timog-Silangang Asya. Sa pagtatapos ng Setyembre, umabot na ng 300,000 ang mga may kaso ng COVID-19.

Hindi rin pasado sa mamamayan ang kawalang kakayahan ng rehimen na maipagamot ang dumaraming pasyente ng COVID-19. Kulang na kulang ang mga pasilidad at kagamitan sa pagharap sa *virus*. Sa CALABARZON pa lamang, may 264 pasilidad, 299 na *mechanical ventilators* at 2,292 kama lamang na magagamit para sa mga pasyente. Kapos ito para gamutin ang 55,197 pasyente (naitala noong Oktubre 2) sa CALABARZON. Sa harap nito, napakaliit ng panukalang badyet para sa kalusugan sa 2021 na papatak sa P3.16 kada Pilipino sa bawat araw.

Hanggang ngayon, wala pa ring *mass testing*. Hindi libre ang mga *face mask* at *face shield*. Binabarat ng estado ang sweldo ng mga manggagawang pangkalusugan at kakaunti at hindi sapat ang ibinibigay na mga *personal protective equipment*. Atrasado ang *contact tracing* na napakabagal at napakalimitado ang saklaw. Hindi libre ang pagpapagamot ng mga nahawahan ng sakit.

Higit na pinapasan ng mga manggagawa ang kapabayaang ito ng rehimen. Ginawa ni Duterte na napakabulnerable ang mga manggagawa nang pahintulutan ang pagbubukas ng mga pagawaan at balik-operasyon ng mga industriya nang walang malinaw na probisyon laban sa impeksyon ng virus sa pook-trabaho.

Hindi istrikto ang *physical distancing* at pagpapatupad ng *health protocol* lalo sa mga pagawaan kaya higit na dumami ang kaso ng mga nagkakasakit sa kanilang hanay. Hindi inoobliga ng estado ang mga

kapitalista na ipasuri ang mga manggagawa sa sakit. Hindi sumusunod sa mga *health protocols* ang mga pagawaan dahil yumuyukod ang DOLE sa mga kapitalista.

Walang ibang niloloko ang rehimeng Duterte sa "mataas" nitong *ratings* kundi ang kanilang mga sarili. Lantad na sila bilang nangungunang tagapagpalaganap ng mga pekeng balita sa bayan. Imbes na paniwalaan ang dinoktor na sarbey, lalong kinasusuklaman ng taumbayan ang rehimeng desperadong manatili sa kapangyarihan.

Patuloy na sinisingil ng mamamayang Pilipino ang rehimeng Duterte sa matinding kainutilan nito sa pagharap sa pandemyang COVID-19. Hindi sila palilinlang sa mga kasinungalingan ng rehimen. Pananagutin ng buong bayan si Duterte sa labis na kagutuman at pighati ng bayan at paglaganap ng COVID-19. Higit sa lahat, patuloy na nagpupursige ang mamamayang Pilipino para ibagsak at patalsikin ang korap, inutil at pasistang rehimeng US-Duterte. **T**

## Buong lakas at buong tapang na lumaban! Patalsikin ang korap, taksil, tiraniko, kriminal at pahirap sa bayan na si Rodrigo Roa Duterte!

*Hulyo 26, 2021*

Sapul nang maluklok sa kapangyarihan si Duterte, mahigit limang taon na ang lumipas, walang kaparis ang kanyang mga nagawang katiwalian, kataksilan, kapabayaan at kalupitan sa mamamayang Pilipino. Nagbunsod ito ng walang kasukat na kahirapan, pagdurusa at pang-aapi sa taumbayan sa ilalim ng pasistang paghahari ng rehimeng US-Duterte. Sa panahon ng panunungkulan ni Duterte, tumingkad ang kultura ng pasistang lagim at impyunidad sa hanay ng mga armadong ahente ng estado dahil na rin sa suportang tinatamasa ng mga ito mula sa pasistang si Duterte. Naging laganap ang kagutuman, kawalan ng hustisya, kapayapaan at lansakang paglabag sa karapatang pantao ng mamamayang Pilipino.

Walang maasahan ang taumbayan na mababago pa ang kanilang abang kalagayan ngayong wala nang isang taon ang nalalabi sa termino ni Duterte. Pawang mga kasinungalingan at kabaligtaran sa tunay na estado ng bayan ang mga pahayag ni Duterte sa kanyang huling State of the Nation Address (SONA). Sinalubong ito ng mga kilos protesta sa iba't ibang dako ng bansa para ipahayag ang tunay na kalagayan ng bansa at ang pagnanais ng bayan na wakasan ang paghahari ni Duterte.

Ating isa-isahin ang ilan sa mga nagawang kasalanan at krimen ni Duterte sa bayan:

a. Mahigit sa 30,000 ang pinaslang na mga pinaghihinalaang adik at tulak sa madugo ngunit huwad na gera ni Duterte laban sa iligal na droga. Dahil dito, sinampahan ng kaso si Duterte at iba pang mga kasapakat sa International Criminal Court (ICC) ng mga krimen laban sa sangkatauhan. Inaantay na lamang ang pasya ng Pre Trial Chamber (PTC) ng ICC kung isasailalim si Duterte sa full-blown investigation matapos hilingin ito ng dating Prosecutor ng ICC na si Fatou Bensouda na bigyan sila ng otoridad ng PTC para ipatupad ang kasunod na yugto na full investigation dahil naniniwala sila, bilang resulta ng ginawa nilang paunang pagsusuri (preliminary examination), na may rasonableng batayan para paniwalaan na nakagawa ang gubyernong Duterte ng krimen laban sa sangkatauhan sa gera nito laban sa iligal na droga na ipinatutupad sa bansa. Bukod kay Duterte, kabilang sa pinangalanan sa ulat ni Bensouda sina dating General at ngayon Senador Ronald "Bato" dela Rosa, ang arkitekto ng Oplan Tokhang at Double Barrel, at dating DOJ Secretary Vitaliano Aguirre II.

b. Ayon sa datos ng Karapatan, mula Hulyo 2016 hanggang Disyembre 2020, nakapag-dokumento sila ng 367 kaso ng pampulitikang pamamaslang o *extra-judicial political killings* (EJKs) laban sa mga lider at aktibista sa hanay ng mga progresibong grupo at organisasyon. May naitala din silang 488 na kaso na pagtatangkang pagpatay.

Ayon din sa Karapatan, halos nasa 400 sa mahigit sa 700 na mga bilanggong pulitikal sa bansa ang iligal na dinakip at kinasuhan ng mga gawa-gawang kaso sa panahon ng rehimeng Duterte. Nakapagtala din sila ng 63,774 iba't ibang kaso ng mga paglabag sa karapatang pantao mula Enero 2020 hanggang Disyembre 3, 2020 pa lamang.

Kahit sa panahon ng pandemyang COVID-19, naglunsad ang AFP at PNP ng mga operasyong militar na sumaklaw sa 1,075 barangay ng 389 bayan o siyudad sa 64 probinsya. Ipinatupad ng AFP at PNP ang walang kaparis na karahasan at terorismo ng estado sa mga mamamayang Pilipino sa anyo ng mga pagpaslang, pagpapahirap, sapilitang pagpapalikas, pananakot, at walang habas na pambobomba, panganganyon at aerial straffing lalo na sa mga komunidad at pamayanan ng mga magsasaka at pambansang minorya.

Sa unang hati ng 2021, naitala sa rehiyong Timog Katagalugan ang 13 kaso ng ekstrahudisyal na pamamaslang, 48 kaso ng iligal na pang-aaresto, 3 kaso ng pagdukot, 2 kaso ng pambobomba sa mga komunidad at 4 na kaso ng panliligalig (harassment) at sapilitang pagpapalayas sa mga komunidad.

Noong Marso 7, naganap sa rehiyon ang tinagurian Bloody Sunday na kumitil sa buhay ng siyam na aktibista at anim ang iligal na inaresto't ikinulong sa pamamagitan ng gawa-gawang kaso at pagtatanim ng ebidensya.

k. Sukdulan ang kataksilan ni Duterte sa bayan nang arbitraryo nitong isinaisantabi at balewalain ang natamong tagumpay ng bansa sa Permanent Court of Arbitration (PCA) ng United Nations Convention on the Law of the Sea (UNCLOS) laban sa lantarang agresyon, okupasyon at pang-aagaw ng bansang China sa mga teritoryo at karagatang saklaw ng Pilipinas sa Exclusive Economic Zone (EEZ) nito sa West Philippine Sea (WPS).

Sa halip na ipagtanggol at igiit ang pambansang soberenya, integridad ng teritoryo ng bansa at ang kapakanan at kabuhayan ng libong mangingisdang Pilipino, buong karuwagan at kataksilang nanikluhod, pinanigan at ipinagtanggol ng gubyernong Duterte ang pusisyon ng China sa WPS kapalit ng pangakong ayuda, pautang at pamumuhunan.

Sa kabilang banda, patuloy na pinagtitibay ni Duterte ang Mutual Defense Treaty (MDT) ng bansa sa US na siyang salalayan ng Visiting Forces Agreement (VFA) at iba pang di pantay na mga mga kasunduang militar sa US. Nitong Hunyo 22, 2021, nakakatanggap si Duterte ng P183 milyong halaga ng armas bilang ayudang militar ng US sa AFP. Sa sulsol at kumpas ng imperyalistang US, ipinatutupad ni Duterte ang mga anti-mamamayang gera at batas gaya ng JCP-Kapanatagan at Anti-Terror Law (ATL) upang makakuha ng dagdag na kagamitang militar sa US. Nagpapakatuta si Duterte sa dalawang among imperyalista kapalit ng bakuna, pondo, pautang at suporta sa kanyang diktadurang paghahari.

d. Nalugi ng P75-90 bilyon ang mga magsasaka sa palayan sa pagbagsak ng farm gate price ng palay nang ipatupad ang Rice

Tarrification Law. Ganundin, lubusan nang ipinagkait ni Duterte sa milyong magsasaka at manggagawang bukid sa nyugan ang Coco Levy Fund. Ang Coco Levy Fund ay resulta ng buhay at kamatayang pakikibaka ng mga magniniyog sa Pilipinas para bawiin ang pondo na kinulimbat at pinakinabangan ng mga kroni ni Marcos tulad ni Danding Cojuanco, Juan Ponce Enrile, Maria Lobregat at iba pa.

e. Minasaker ni Duterte ang milyun-milyong trabaho. Umabot sa 9.6 milyon manggagawang Pilipino ang nawalan at nabawasan ng trabaho sa kasagsagan ng pandemya. Umabot pa ito sa 10.5 milyon pagsapit ng Enero 2021. Ayon sa ulat ng Philippine Statistical Authority (PSA) nasa 8.7 % o katumbas na 4.2 milyong Pilipino ang walang hanapbuhay noong Abril 2021. Labas pa rito ang mahigit sa 10 milyong Pilipino na kulang o part time lamang ang trabaho pagsapit ng Hunyo 2021.

g. Inilubog ni Duterte sa utang ang bansa. Umaabot na sa P 11.1 trilyon ang pambansang utang ng Pilipinas sa katapusan ng Hunyo 2021 mula sa dating P 5.9 trilyon noong Hunyo 2016. Samakatuwid, umutang ang gubyernong Duterte nang mahigit sa P5 trilyon sa loob ng 5 taon. Malayong malaki ang inutang ni Duterte kumpara sa akumuladong mga inutang ng bansa mula sa panahon ni Marcos hanggang kay Noynoy Aquino. Lumilitaw na ang bawat Pilipino ay may katumbas na utang na P100,636 sa pagtatapos ng buwan ng Hunyo 2021.

h. Kriminal na pagbabaya ni Duterte sa kinakaharap ng krisis sa kalusugan at lipunan ng mamamayan sa gitna ng pandemyang COVID-19. Palpak, pabaya at inutil ang rehimen sa pagharap sa

pandemyang COVID-19 na nagresulta sa pagkakasakit ng 1,555,396 Pilipino at kumitil sa 27, 247 mga Pilipino (datos ng DOH, Hunyo 25, 2021). Sa halip na harapin ang pandemya sa paraang medikal at syensya, ipinatupad ni Duterte ang militaristang lockdown. Ipinaubaya niya sa mga retiradong Heneral ang pamamahala sa pagharap at paglaban sa COVID-19. Imbis na masawata ang pagdami ng mga nagkakaroon ng Covid-19 sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mass testing, malawakan at agresibong contact tracing at epektibong isolation and medication, dumami lamang ang mga kaso ng paglabag sa karapatang pantao dahil sa mga artbitraryong pag-aresto ng mga pulis at militar sa mga inaakusahang lumabag sa health protocol. Labis ding iniasa ni Duterte sa pagdating ng bakuna ang paglaban sa Covid-19. Sa kasalukuyan, nasa mahigit pa lang sa 6 na milyon ang nababakunahan sa Pilipinas. Malayong malayo pa ito sa 70 milyong target na dapat mabakunahan sa pagtatapos ng taon.

Hindi rin nakapagbigay ang rehimen ng sapat na ayuda sa mamamayang apektado ng pandemya. Hindi pa rin natatanggap ng mga manggagawang pangkalusugan sa gubyerno ang kanilang alawans, hazards pay at iba pang benepisyo.

i. Laganap ang korapsyon at katiwalian sa gubyernong Duterte. Sa pondong pantugon sa COVID-19 na Bayanihan 1 at 2 pa lamang, tinatayang P168.7 bilyon ang hindi nagastos at malamang na nakurakot sa P665.7 bilyong pinagsamang pondo ng programa. Naging palabigasan ang pandemya para sa mga kurakot ng mga opisyal sa mga ahensya ng PhilHealth, Department of Health, Department of Public Works and Highways, Department of Social

Welfare and Development, Department of Education, Department of Labor and Employment, Department of Agriculture at Department of the Interior and Local Government.

Maanomalya rin ang mga pondong inilaan sa NTF-ELCAC kagaya ng Barangay Development Program kung saan kagyat na kinuha ng AFP ang P19 bilyong pondo matapos ipanawagan ng mamamayang Pilipino ang pagtatanggal sa pondo ng NTF-ELCAC. Hindi nakinabang ang mga komunidad na nasa listahan nito, bagkus lalo lang naisailalim sa militarisasyon. Nalantad na ito ay gagamitin ng pangkating Duterte para sa manipulasyon ng boto at pandaraya sa eleksyong 2022.

Dapat hadlangan ng sambayanang Pilipino ang balak ni Duterte na manatili sa kapangyarihan lagpas sa kanyang termino sa pamamagitan ng pagpataw ng Batas Militar o pagtakbo bilang bise presidente katambal alinman sa anak na si Sara Duterte Carpio, dakilang alalay na si Cristopher Bong Go o Ferdinand "Bongbong" Marcos. Kung hindi man siya tumakbo bilang bise presidente, tiyak gagawin ni Duterte ang lahat ng paraan para dayain ang eleksyon. Tiyak na gagamitin Duterte ang kaban ng bayan para sa panunuhol sa COMELEC, AFP at PNP at mga lokal na opisyal ng gubyerno upang manalo ang kanyang patatakbuhing kandidato sa pagkapangulo sa Mayo 2022. Kailangan niyang tiyakin na ang papalit sa kanyang Pangulo ng GRP ay matapat niyang tauhan at magbibigay sa kanya ng proteksyon mula sa pag-uusig ng ICC at paniningil ng taumbayan dahil sa kanyang mga nagawang krimen laban sa sangkautauhan at bayan. Buong akala din ni Duterte na

kapag naging bise presidente siya ay muli niyang matatamasa ang *immunity from suit* sa loob ng anim na taon.

j. Tahasang pag-abandona sa Usapang Pangkapayapaan sa NDFP. Lubusan nang isinara ni Duterte ang anumang puwang para sa pagpapatuloy ng usapang pangkapayapaan sa NDFP. Ideneklara ng Anti-Terrorism Council bilang "teroristang" organisasyon ang NDFP at ipinapawalang bisa ang lahat ng mga kasunduang napirmahan ng dalawang panig sa mga nakaraang usapang pangkapayapaan.

Ngayon higit kailanman dapat buong lakas at buong tapang tayong lumaban upang wakasan ang paghahari ng pasistang rehimeng US-Duterte. Hindi na dapat patagalin pa sa kapangyarihan si Duterte. Sa bawat araw na kanyang pananatili sa kapangyarihan dagdag na pagdurusa at kapighatian lamang ang ihahatid nito sa mamamayang Pilipino.

Lubos na maaasahan ng sambayanan ang rebolusyonaryong kilusan sa paglaban at pagbigo sa imbing pakana ni Duterte na makapanatili sa kapangyarihan lagpas sa kanyang termino. Gagawin din ng rebolusyonaryong kilusan ang kanyang bahagi para wakasan ang paghahari ng korap, inutil, pabaya, taksil at kriminal na mamamatay taong si Duterte. T

## Papanagutin si Rodrigo Roa Duterte sa lahat ng kanyang krimen at pagtataksil sa bayan!

*Hunyo 30, 2022*

Paniningil at pagsasakdal ang pabaon ng mamamayan ng TK sa tiraniko, korap, berdugo at traydor na si Rodrigo Roa Duterte sa pagtatapos ng kanyang termino. Taliwas sa ipinapangalandakan ng GRP na iiwanan ni Duterte ang mahusay na pamana sa Pilipinas, hinusgahan na ng mga magsasaka, manggagawa, katutubo, kababaihan, kabataan at lahat ng inaaping mamamayan ang nakaraang anim na taon bilang pinakamasahol na pang-aatake ng estado sa kanilang buhay, karapatan at kabuhayan sapul na ibagsak ang diktadurang Marcos noong 1986.

Nababagay si Duterte sa kulungan upang pagbayaran ang napakarami niyang krimen at kasalanan sa bayan. Walang puwang para bigyan ng luwag ang pasista't mamamatay-taong pangulo na umalis ng Malacañang nang hindi napananagot sa kanyang mga kasalanan. Ang sumusunod ang mga singilin sa kanya ng mamamayan ng TK:

**1. Krimen laban sa sangkatauhan ng malawakang pagpaslang at libu-libong kaso ng paglabag sa karapatang tao**

Tigmak sa dugo ang kamay ni Duterte sa higit 30,000 mamamayang pinaslang sa ilalim ng brutal na gera kontra-droga. Isinagawa ng PNP ang malawakang pamamaslang sa direktang utos ni Duterte. Mistula

itong henosidyo sa mahihirap na binansagang mga adik at tulak ng droga. Pinalubha nito ang kultura ng impyunidad dahil hindi nanagot ang mga kapural ng pagpatay.

Matapos ang gera kontra-droga, pinangunahan ng AFP-PNP at NTF-ELCAC ang kontra-mamamayang gera ni Duterte na ipinatupad sa ngalan ng pagwasak sa CPP-NPA-NDFP. Nagluwal ito ng matinding paglabag sa karapatang tao. Mula 2017-2021, aabot sa 56 ang kaso ng ekstrahudisyal na mga pagpatay sa mga aktibista, manggagawa, magsasaka, katutubo, at maging mga lingkod bayan na nagsusulong ng interes ng mamamayan sa TK. Kasama rito ang brutal na Bloody Sunday noong Marso 2021 at pagpatay sa limang sibilyan sa Baras, Rizal noong Disyembre 2020.

Mayroong inulat na 335 kaso ng iligal na pang-aaresto, 270 kaso ng iligal na detensyon at 14,191 kaso ng *threat, harassment and intimidation*. Libu-libo na rin ang biktima ng sapilitang pagpapasuko sa balangkas ng E-CLIP lalo sa hanay ng masang magsasaka at katutubo.

Puong libo ang nagdusa bunsod ng pananalasa ng terorismo ng estado: 42,722 ang biktima ng sapilitang paglikas at dislokasyon habang may 66 insidente ng *food and economic blockade*. Marami sa mga pinalayas ng operasyong militar at pulis ay na-*trauma* rin sa 14 kaso ng istraping at 15 *aerial bombing* hanggang 2021. Hindi pa kasama rito ang panibagong bugso ng pambobomba sa Mindoro sa unang kwarto ng 2022.

**2. Pagtalikod sa usapang pangkapayapaan at pagpapaigting ng gerang kontra-rebolsyonaryo**

Nilabag ni Duterte ang hangarin ng taumbayan para sa matagalang kapayapaan nang arbitraryo niyang wakasan ang pakikipag-negosasyon ng GRP sa NDFP noong 2017. Binalewala niya ang mga panimulang pag-uusap para ipatupad ang mahahalagang laman ng CASER lalo ang repormang agraryo na matagal nang hangad ng mga magsasaka. Napawi ang pag-asa ng mamamayan na magkaroon ng makabuluhang repormang panlipunan para ibsan ang kanilang labis na kahirapan.

Ang pagtalikod ni Duterte sa usapang pangkapayapaan sa NDFP ay utos ng imperyalismong US na simula't sapul ay nagtutulak na paigtingin ang gera para wakasan ang "komunistang insurhensya." Itinayo niya ang NTF-ELCAC na isang *civil-military junta* para maipatupad ang kontra-rebolusyonaryong gera sa balangkas ng *whole-of-nation approach*. Nangahulugan ito ng paggamit ng estado sa lahat ng ahensya, rekurso at makinarya nito sa malubhang teroristang pang-aatake sa mamamayan na kinatatangian ngayon ng paggamit ng mga modernong armas na padala ng imperyalismo.

**3. Pinatinding panunupil sa nakikibakang mamamayan**

Kasangkapan ng malaking burgesya kumprador-panginoong maylupa ang mga pulis, militar at maging ang batas sa pagbuwag sa mga piket, barikada at mga lehitimong protestang bayan. Ilang kaso nito ang marahas na *dispersal* sa Barangay Patungan sa Maragondon, Cavite noong Enero 2022; pagdakip sa 11 aktibistang nagrali sa Cabuyao, Laguna noong Agosto 2020; at tuluy-tuloy na pagbabanta't pang-aatake sa Hacienda Yulo sa Laguna mula 2020. Samantala, patuloy ang panghaharas, pananakot at panggigipit sa mga magsasakang

nakikibaka para sa karapatan sa *coco levy fund* at mga komunidad na mariing tumututol sa mapangwasak na Kaliwa Dam sa Quezon at Rizal.

Matindi ring panggigipit ang dinadanas ng mga unyon sa TK sa kumpas ng NTF-ELCAC ni Duterte. Iligal na pinapasok ng mga pulis at sundalo ang mga pagawaan pati opisina ng mga unyon. Nire-redtag at pinepresyur ang mga lider obrero upang umaming NPA at humiwalay sa mga militanteng unyon. Nakikialam sila sa mga usapin ng pag-uunyon ng mga manggagawa. Malayang winawasiwas ng rehimeng Duterte ang pasismo gamit ang Anti-Terrorism Act na nagbigay ng ligal na bihis sa pagsikil sa demokratikong karapatan.

**4. Pangyuyurak sa mga demokratikong karapatan**

Pamana ni Duterte ang walang habas na pang-aatake sa karapatang magpahayag, mag-organisa at magprotesta. Garapalan ang pambubusal sa midya, kanyang mga kritiko at kalaban sa pulitika. Ipinasara ang ABS-CBN sa pamamagitan ng pagkakait dito ng prangkisa ng *rubber stamp* na kongreso habang ginigipit ang Rappler at mga alternatibong grupong midya sa *internet*. Inaatake ang kanilang mga *website* at sinisiraan na sila'y prente umano ng mga teroristang grupo. Kasabay nito, nagpapakalat ng mga pekeng balita at disimpormasyon gamit ang mga troll at mga bayarang tagapagsalita ng NTF-ELCAC.

Ginawang talamak ng hibang na NTF-ELCAC ang *red-tagging* kung saan malisyosong iniuugnay sa mga "komunista-terorista" ang sinumang magpahayag ng lehitimong karaingan at kritisismo sa gubyerno. Pangunahing target nito ang mga militanteng organisasyon at mga progresibong *partylist*. Pati mga nagmamagandang-loob sa *community*

*pantry* ay hinaras at ni-*redtag*. Ang mga biktima ng *red-tagging* ay naging target ng pagpatay ng estado kagaya nina Dandy Miguel, presidente ng Lakas ng Nagkakaisang Manggagawa ng Fuji Electric-OLALIA-KMU, Manny Asuncion, pangkalahatang kalihim ng BAYAN-Cavite at mag-asawang Anna Mariz "Chai" Limeta-Evengelista at Ariel Evangelista, mga lokal na lider ng UMALPAS-KA na lumalaban sa pangangamkam ng lupa ng mga kumpanya ni Henry Sy sa Hacienda Looc sa Nasugbu, Batangas.

Sinamantala rin ni Duterte ang pandemya para kontrolin at pigilan ang paghugos ng mamamayan sa lansangan. Ipinatupad ang militaristang *lockdown* na naglimita sa mobilidad ng mamamayan. Nagpakana ng isterya ng pagkalat ng COVID-19 para takutin ang mga tao na lumabas ng kanilang bahay at magtipon-tipon. Ang mga lumalabag sa mga pasistang patakaran ay pinapatawan ng di-makatwirang parusa at dinadahas ng mga pulis.

**5. Palyadong tugon sa pandemya**

Pahirap sa mamamayan ang di-siyentipiko, militarista at palpak na tugon ng rehimeng Duterte sa COVID-19. Ipinataw sa mga Pilipino ang pinakamahaba at pinakamalupit na lockdown sa buong mundo habang kapos na kapos ang mga batayang hakbangin gaya ng *contact tracing, mass testing,* at pagbabakuna. Pinabayaan ang mga manggagawang pangkalusugan na *frontliner* ng pandemya na humantong sa kanilang pagkahawa at pagkamatay. Ipinataw ang "new normal" kung saan kinontrol ng estado ang galaw ng mamamayan at pinaralisa ang mga aktibidad panlipunan para pigilan ang pagbulwak ng mga protesta laban sa kriminal na pagpapabaya ng rehimen.

Ipinagkait din sa mga kabataan ang kanilang karapatang mag-aral sa pagpapatupad ng *blended learning* bilang pag-angkop umano sa pandemya. Pinahirapan nito ang mga guro at pati mga magulang na hindi inihanda para sa bagong moda ng pag-aaral. Huling-huli na ang Pilipinas na bumalik sa *face-to-face classes* nitong 2022 lamang dahil sa pagmamatigas ni Duterte at kainutilan ng DepEd na kamtin ang mga rekisito para sa ligtas na pagbabalik-eskwela.

**6. Pag-aabandona sa mamamayan sa panahon ng pandemya at kalamidad**

Kakarampot ang ayudang nakarating sa maralitang mamamayan ng TK noong pandemya. Sa isang bayan sa Quezon, kulang na kulang ang P2,167 kada buwan na ayudang nakuha ng bawat pamilyang magsasaka noong *lockdown* para pakainin ang isang pamilyang may 5-6 miyembro. Wala namang natanggap na ayuda ang mga komunidad ng Dumagat sa Hilagang Quezon sa gitna ng restriksyon sa paghahanapbuhay. Sa Palawan, dismayado ang mga magsasaka na ang tanging natanggap ay dalawang salop na bigas, kape, asukal, at dalawang baretang sabon matapos ang dalawang buwang paghihintay sa ayuda.

Walang puso si Duterte sa mga sinalanta ng kalamidad. Pinabayaan niya ang halos 22,000 magsasakang Palaweño na lubhang nasalanta ng bagyong Odette. Pautang ang inihain ng mga burukrata kahit na bumuhos ang malaking donasyon para sa ayuda. Ganito rin ang pinagdusahan ng mga biktima ng mga bagyong Rolly, Quinta at Ulysses noong 2020 na kalakhan ay magsasaka. Samantala, walang napala ang mga mamamayang

apektado ng pagsabog ng Bulkang Taal sa rehimeng Duterte. Kalunus-lunos ang kalagayan nila sa mga *evacuation center* na mistulang pinatawan ng batas militar sa sobrang higpit.

Imbes na relip at ayuda ay mga sundalo't pulis ang ipinadala ni Duterte sa mga komunidad. Sa Quezon, hinarang ang mga organisasyong mapagkawanggawa na inakusahang mga prente ng CPP-NPA-NDFP na nagsasagawa ng operasyong relip sa kasagsagan ng mga bagyo noong 2020.

**7. Paglubog sa bansa sa kumunoy ng utang**

Humigit sa doble ang utang ng Pilipinas mula nang maupo si Duterte at ngayong paalis na siya sa poder. Mula P5.9 trilyon noong 2016, umaabot na ang utang nitong Mayo sa  halos P13 trilyon. Kalakhan ng utang ay para sa mga proyektong imprastraktura na hindi naman kailangan ng mamamayan. Ginamit pa niya ang pandemya para bigyang-katwiran ang sunud-sunod na pangungutang. Sa huli, walang natamasang pakinabang ang mamamayan sa labis-labis na pangungutang ni Duterte dahil kinulimbat lang ng mga burukrata't kroni ni Duterte ang mga pondo. Papasanin ng taumbayan ang pagbabayad sa ga-bundok na utang na pamana ni Duterte.

**8. Pambabarat sa sahod at kainutilan sa pagkontrol sa presyo ng mga bilihin**

Ipinagkibit-balikat ni Duterte ang abang kalagayan ng mga manggagawa sa gitna ng papaimbulog na presyo ng langis at mga bilihin. Apat na taong hindi nabigyan ng umento sa sahod ang mga

manggagawa. Nitong Mayo, nakaiinsulto ang gamumo na dagdag sahod na P35 sa MIMAROPA at pinakamataas na P97 sa CALABARZON. Patuloy namang ipinagkakait sa mga guro at manggagawa ng gubyerno ang hinihingi nilang pagtataas ng sweldo. Imbes na ilaan sa mga guro, manggagawang pangkalusugan at mga nasa pampublikong sektor, inuna sa badyet ang pagtataas sa sweldo ng mga parasitikong pulis at militar at pagbili ng mga kagamitang pandigma.

Matinding paghihirap ang binabata ng mga manggagawa sa ganitong antas ng sahod habang pataas nang pataas ang halagang kinakailangan para mabuhay. Hindi na bumababa ang implasyon at nito ngang Mayo ay umabot na sa 5.4% dahil sa pagsirit ng presyo ng produktong petrolyo at pagbagsak ng lokal na produksyon ng pagkain. Sa kabila nito, mariing tinatanggihan ng rehimen ang hiling ng taumbayan na tanggalin na ang excise tax sa katwirang mawawalan ng kita ang gubyerno.

**9. Pagpatay sa lokal na agrikultura**

Walang kaparis ang paghihirap ng mga magsasaka sa TK dahil sa neoliberal na patakaran sa agrikultura. Ipinatupad ang Rice Tariffication Law, labis na importasyon ng karneng baboy, manok, isda, gulay, asukal at mais. Bumagsak ang presyo ng mga produktong bukid habang patuloy na tumataas naman ang gastos sa produksyon—dahilan para malugi ang mga magsasaka. Bukod pa rito, nagpatuloy at lumala ang ismagling ng mga produktong agrikultural.

Sa Mindoro, umabot ang pinakamababang presyo ng palay sa P8 kada kilo habang bumagsak sa P12 kada kilo ang sibuyas na dating nasa

P40. Nananatili ring mababa ang presyo ng niyog at kopra sa Quezon kung saan tinatayang may 204,000 pamilyang nakaasa sa industriya ng niyog ang kabuhayan. Ininda ng mga magniniyog ang pagsadsad sa hanggang P7 kada kilo ng kopra noong 2019. Lumiit din ang produksyon matapos salantahin ng kalamidad ang mga niyugan sa probinsya.

Talamak din ang pang-aagaw sa lupa ng mga katutubo't magsasaka at pagpapalit-gamit sa lupang matagal nang produktibo. Mga halimbawa nito ang Hacienda Yulo na gustong gawing *golf course* ng mga Ayala at ng Cristobal Realty; pagpapalayas ng National Grid Corporation of the Philippines sa mga residente ng Lupang Ramos sa Cavite; huwad na reporestasyon sa ilalim ng National Greening Program na pinalawak sa mga lupaing ninuno sa Palawan, Mindoro at kabundukang Sierra Madre sa Laguna, Quezon at Rizal; at proyektong eko-turismo ng sabwatang Virata-Sy sa saklaw ng baybayin ng Nasugbu, Batangas at Maragondon, Cavite.

**10. Patuloy na pagkakait sa pondong coco levy sa mga magsasaka**

Niloko ni Duterte ang mga magniniyog na umasang makukuha ang pondong *coco levy* na matagal nang ninakaw sa kanila ng diktadurang Marcos at mga kroning Cojuangco, Romualdez, Enrile at Lobregat. Hindi lamang tinalikuran ni Duterte ang kanyang pangako na ibabalik ang pondong *coco levy*, nagmaniobra pa ang rehimen para agawin ito sa mga magniniyog. Isinabatas noong 2021 ang RA 11524 o Coconut Farmers and Industry Trust Fund Act kung saan lumikha ng bagong pasikot-sikot na proseso sa pagkuha ng benepisyo sa *coco levy*. Hindi rin binawi ng batas mula sa mga kroni ni Marcos ang kinamkam na

pondong *coco levy* na pinagtubuan na ng mga kumpanya tulad ng San Miguel Corporation, Cocolife at United Coconut Planters Bank.

**11. Pagpapatupad ng mga huwad na proyektong pangkaunlaran sa kapinsalaan ng mamamayan**

Sa pagkagahaman sa pera, naging sunud-sunuran si Duterte sa mga kapitalista at iniratsada ang mga di kinakailangang proyektong imprastraktura. Walang konsensya niyang isinasangkalan ang buhay, kaligtasan at kabuhayan ng mamamayan kapalit ng sariling interes. Tampok sa mga proyektong ito ang Kaliwa Dam na itinatakwil ng mga magsasaka, katutubo at pati mga progresibong pwersa dahil sa hatid nitong peligro at kaakibat na dislokasyon ng mga komunidad.

Sinisingil din si Duterte sa pagbabaliktad sa mining moratorium at open pit mining ban na nagbigay daan sa pagbabalik-operasyon ng mga pinatigil nang minahan sa Rizal at Palawan. Pinayagan din ang malalaking proyektong enerhiya sa Batangas sa palusot na nalalapit nang magsara ang Malampaya Gas na pinakamalaking tagasuplay ng kuryente sa Luzon. Pinangangambahan ang pagpapalayas sa mga komunidad at ang dadalhing polusyon sa katubigan ng Batangas. Malaking perwisyo din ang Ahunan Pumped-Storage Hydropower Project na itinatayo sa Mt. Inumpong sa kabundukan ng Sierra Madre sa Pakil, Laguna at maaaring magdulot ng matinding pagbaha.

**12. Walang kahihiyang pandarambong at kroniyismo**

Sadyang iniluklok ni Duterte sa mga ehekutibong posisyon ang mga magnanakaw niyang alipures para huthutin ang yamang pinaghirapan

ng bayan. Ang pangulo ang mismong pasimuno ng pandarambong kaya hindi aasahang parurusahan niya ang mga miyembro ng kanyang sindikato tulad ni Duque sa DOH at Michael Yang na sangkot sa maanomalyang transaksyon sa Pharmally.

Tampok ang pagkawala ng bilyun-bilyong piso sa pondong pantugon sa pandemya. Resulta nito, kulang ang ayuda para sa mga naghihikahos at proteksyon para sa mga manggagawang pangkalusugan. Hindi rin nakabili ng sapat na bakuna at kagamitan para sa pagbabakuna. Mamamayan ang ultimong nagdusa dahil sa kasibaan ni Duterte at ng kanyang pangkatin sa salapi.

**13. Matinding pang-aapi at diskriminasyon sa kababaihan**

Lumala ang kalagayan ng kababaihan sa ilalim ni Duterte. Pinangunahan niya ang pambabastos at pag-aalimura sa mga babae na umabot sa pagbabantang babarilin sa ari ang mga babaeng NPA. Sinusulsulan niya ang panggagahasa ng AFP-PNP sa mga kababaihan.

Ang mga babaeng kritiko kagaya nina Leila de Lima, Gina Lopez, Maria Ressa, Maria Lourdes Sereno, Conchita Carpio-Morales at maging si VP Leni Robredo ay hinaharas, sinisiraan, nire-*red-tag* at sinasampahan ng mga gawa-gawang kaso para manahimik.

**14. Pagsuko ng soberanya ng bansa sa West Philippine Sea**

Napakalaking katrayduran ang pagyukod ni Duterte sa gubyerno ng China na nanghihimasok sa teritoryo ng bansa sa West Philippine Sea (WPS). Walang ipinatupad na mapagpasyang hakbangin ag rehimen sa harap ng agresibong pagtatayo ng mga baseng militar ng China

sa mga bahura sa Spratlys, garapalang paglalayag, paghihimpil at pandarambong ng mga barkong Chinese sa WPS. Noong unang hati ng 2021, napakalampa ng naging tugon ng rehimeng Duterte na mga *diplomatic protest* kahit na dinudumog na ng higit 200 barkong Chinese ang WPS at sapilitang inuukupa ang mga bahura at maliliit na isla sa Spratlys na bahagi ng karagatan ng bansa. Hindi rin nakakalimutan ng mamamayan ng TK ang pagpapabaya ni Duterte sa mga tripolante ng MV Gemver mula sa Mindoro na humingi ng hustisya para sa pagsagasa sa kanila ng isang barkong Chinese noong Hunyo 2019. Minaliit ni Duterte ang insidente kahit muntik nang mamamatay ang 22 taong sakay ng MV Gemver. Malinaw itong pagpapauna sa interes ng kanyang dayuhang amo.

**15. Tuluy-tuloy na pagpapakatuta sa imperyalismong US at China**

Laway na laway si Duterte sa ayudang pinansyal at militar mula sa US. Kapalit ng kanyang ganansya, nangayupapa siya sa US at ipinagpatuloy ng AFP ang gerang kontra-rebolusyonaryo na idinisenyo ng US. Pinaigting nito ang mga atake mula sa himpapawid gamit ang mga *helicopter, attack planes* at *drones* na nagresulta sa labis na pinsala sa mga komunidad, sakahan at epektong sikolohikal sa mga biktima.

Nananatiling tali ang ekonomya ng Pilipinas sa imperyalismong US na nasa likod ng mga bangkong pinagkakautangan ng GRP. Mga kumpanyang Amerikano rin ang pangunahing nakikinabang at pumipiga ng malaking tubo mula sa mga konsesyon ni Duterte sa dayuhang pamumuhunan at negosyo.

Sa kabilang banda, pumasok si Duterte sa mga maanomalyang kontrata at pangungutang sa China, kalakhan para sa engrandeng programang Build, Build, Build. Kapalit nito ang pagsubasta sa soberanya ng bansa sa WPS at pagluluwag sa mga negosyong Chinese gaya ng mga POGO (Philippine Offshore Gaming Operations) at kriminal na operasyon ng Chinese Drug Triad.

**16. Pakikipagsabwatan sa mga Marcos**

Nakipagkutsabahan si Duterte sa mga Marcos para linisin ang pangalan ng huli at palawigin ang diktadurang paghahari ng kanilang mga pamilya sa bansa. Talamak ang pagkakalat ng pekeng balita at disimpormasyon tungkol sa Martial Law sa ilalim ni Duterte. Hinirang din na bayani ang matandang Marcos at tinawag na ginintuang mga taon ang diktadurang US-Marcos.

Nakipag-sanib pwersa ang mga Duterte sa mga Marcos, Arroyo at Estrada para buuin ang pinakasagadsaring reaksyunaryong paksyon na nagnakaw sa eleksyong 2022. Bagamat nag-aambisyon si Rodrigo Duterte na sundan siya ni Sara sa pagiging pangulo, hinayaan niyang maging katambal ni Bongbong si Sara para maselyo ang kanilang imbing alyansa sa mga Marcos.

Nangangako ang rebolusyonaryong mamamayan ng TK na gagawin nito ang lahat upang tiyakin na magbayad si Duterte sa lahat ng kanyang kasalanan. Buo ang suporta ng mga rebolusyonaryong pwersa sa mga pamilyang biktima ng brutal na pekeng gera kontra-droga at anti-komunistang gerang JCP Kapanatagan para papanagutin si Duterte at mga kasapakat.  Dapat ipursige ang lahat ng pagsisikap

kabilang ang paghahabol sa International Criminal Court at iba pang internasyunal na ahensya.

Higit pa, hindi dapat hayaang umugat sa kamalayan ng publiko ang mga kasinungalingan tungkol sa rehimeng Duterte. Ipinakakalat ngayon ng mga utusan ni Duterte ang lahat ng panlilinlang para rebisahin ang kasaysayan ng nakaraang anim na taon gamit ang mga dinoktor na datos, pekeng balita at pambabaluktot sa katotohanan. Dapat itong salungahin ng masigasig na kilusang masa na mananawagan ng pagpapanagot at pagpaparusa kay Duterte.  Ibabaon sa basurahan ng kasaysayan ang pangalang Duterte bilang isa sa pinakamalulupit na kaaway ng sambayanan tulad ng sinapit ng matandang diktador at idolo niyang si Marcos.

Tunay na pinabilis at pinasidhi ng paghahari ni Duterte ang pagkabulok ng malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino. Kabaliktaran ng islogan niyang Change is Coming noong kampanyahan sa eleksyong pampanguluhan noong 2016, nagpatuloy lamang ang pagkubabaw ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo sa bansa sa ilalim ng kanyang pasista-teroristang rehimen. Lalong nasadlak sa kahirapan ang sambayanang Pilipino habang nagpasasa ang iilang naghaharing uri lalo ang pangkating Duterte na walang kabusugan sa kapangyarihan at yaman. Nilikha nito ang higit na paborableng kalagayan sa pagsusulong ng pambansa demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan para makamit ng mamamayang Pilipino ang tunay na demokratiko, masagana, mapayapa at makatarungang lipunan. T

# 2

# PANDEMYANG COVID-19

## Hinggil sa pagdami ng may CoVid-19 sa bansa

*Marso 11, 2020*

Mariing kinokondena ng National Democratic Front-Southern Tagalog (NDF-ST) ang malubhang kapabayaan at makupad na tugon ng gubyernong Duterte sansalain at kontrolin ang mabilis na pagkalat ng nakahahawa at nakamamatay na CoVid-19 sa bansa.

Ang kapabayaang ito ay humantong ngayon sa biglang pagdami ng insidente ng nahawa ng CoVid-19 dahil sa pagbabantulot ng rehimeng na agarang magpatupad ng *travel ban* sa mainland China, Hongkong, Macau at Taiwan.  Bahag ang buntot ng rehimeng Duterte na inalis sa listahan ng may *travel ban* ang Taiwan matapos magbanta ito na gagawa ng pagganti sa Pilipinas.

Dahil sa pag-uurong-sulong na ito, nadagdagan ang mga kaso ng may CoVid-19 sa bansa. Ang unang tatlong kaso sa Pilipinas na nadiskubreng may CoVid-19 ay mga turistang Chino na nagmula sa Wuhan. Sinundan ito ng tatlo pang turistang Hapon, South Korean at Chino na positibong nagkasakit ng CoVid-19 pagkagaling ng Pilipinas. Kasunod ang unang kaso ng lokal na transmisyon ng mag-asawang Chino na walang kasaysayang bumyahe sa labas ng bansa liban sa pagpunta sa Green Hills Shopping Center sa San Juan City. Naitala din ang unang lokal na transmisyon ng sakit na CoVid-19 sa Mindanao mula sa isang taga-Siliman na may *travel histor*y sa nasabing Green Hills Shopping Center.

Labis na minaliit at kampante ang rehimeng Duterte sa nahuling pagdeklara ng isang *national health emergency* sa Pilipinas sa harap ng tunay na banta na nakapasok at kumakalat ang CoVid-19 sa bansa. Ang naitalang dalawang (2) kaso ng lokal na transmisyon ng CoVid-19 ay palatandaan na may nauna nang nangyayaring proseso ng pagsasalin-salin at pagkakahawaan ng 2019 *corona virus* sa bansa nang di maagang natutuklasan ng DOH.

Dahil sa makupad na pagharap at kapabayaan ng gubyernong Duterte, nagsisimula nang humagupit at lumatay sa taumbayan ang mabilis na pagkalat ng CoVid-19 na maaaring humantong sa mas malawakang pagsasalin-salin ng sakit sa mas maraming bilang ng mga komunidad. Maaaring humantong ito sa kamatayan ng maraming Pilipino, magdulot ng pagkabalisa, panik at kaguluhan lalo na sa mahihirap nating kababayan na walang rekurso para proteksyunan ang sarili at pamilya laban sa nakamamatay na CoVid-19.

Sa huling tala ng Department of Health (DOH), sa pagharap nito sa media ng hapon ng Marso 11, 2020, umabot na sa 49 mula sa naunang naiulat na tatlo ang *infected* ng nakamamatay na *virus.*

Nalantad din ang kawalan ng paghahanda ng rehimen sa mismong pag-amin ng asosasyon ng mga pribadong ospital na wala silang kakayahan harapin ang pagdagsa ng dumaraming kaso ng CoVid-19 infection dahil dalawang *isolation room* lamang mayroon ang bawat pribadong ospital. Limitado din ang kakayahan ng mga pampublikong ospital na papasama ang kundisyon ng mga pasilidad dahil sa kulang na badyet, malaganap na korapsyon at pinaiiral na patakaran ng rehimeng isapribado ang mga pampublikong yutilidad. Ngayon pa lamang, malaki na ang pagkukulang ng mga CoVid-19 *testing kit.*

Panik at kaguluhan ang kauuwian ng bansa dahil sa kawalan ng sapat na paghahanda at kapabayaan ng rehimeng Duterte sa pagharap sa CoVid-19. Taumbayan din ang sasalo at tatamaan ng mga marahas at drastikong hakbang ng gubyerno sa paghahabol nitong maampat nang mabilis ang pagkalat sa bansa ng nakamamatay na CoVid-19. Bibigyang katwiran ang mga mararahas at drastikong hakbang ng gubyerno dahil ito daw ang kinakailangan at hinihingi ng kasalukuyang kalagayan.

Walang ibang dapat sisihin at papanagutin sa pangyayaring ito kundi ang pasistang rehimeng US-Duterte. Ito dapat ang managot sakaling marami ang mamamatay sa ating mga kababayan, umiral ang panik at magkaroon ng kaguluhan sa bansa dahil sa takot at pangamba ng taumbayan na mahawahan ng nakamamatay na CoVid-19. Sa kabilang banda, binababalaan ng NDF-ST ang rehimeng US-Duterte sa paggamit ng mga drastikong hakbang at kamay-na-bakal ng pasistang

estado dahil lamang sa pagkukumahog na ampatin ang mabilis na pagkalat ng nakahahawang *virus*. Ang mga kawawa at maliliit nating mga kababayan ang pangunahing tatamaan at maaapektuhan ng pabara-bara at drastikong hakbang ng gubyernong Duterte. Dapat itong tutulan at labanan ng taumbayan.

Kung tutuusin, maiiwasan sana ang mabilis na pagpasok at pagkalat ng CoVid-19 sa bansa kung maaga at naging mapagpasya ang mga hakbang ng rehimeng US-Duterte na ipagbawal o higpitan ang pagpasok ng mga turistang Chino at iba pang nasyunalidad na nagmula sa bansang China, lalo na ang mga nanggaling sa Wuhan o Hubei at mga bansa na may napaulat nang nagkaroon ng CoVid-19.

Subalit inuna pa ng gubyerno at mga alipures nito sa Senado at Kongreso ang pagpapasa ng higit pang mga mapanupil at anti-mamamayang batas, pag-amyenda sa saligang batas para ilusot ang mga maka-dayuhan at anti-mamamayang mga patakakaran sa larangang ekonomiya ng bansa at ng pag-aagawan sa pakinabang sa pondo ng bayan. Kampante at minaliit ng rehimeng Duterte ang bagsik na dala ng CoVid-19.

Maiuugat ang kapabayaan at pagbabantulot ng gubyernong Dutete na hadlangan o maiwasang makapasok ang CoVid-19 sa bansa dahil sa umiiral na "ispesyal na relasyon" ng kanyang gubyerno sa gubyernong China. Mas inuna pa niyang bigyan ng proteksyon at pangalagaan ang mga bilateral na kasunduan na pinasok niya sa gubyernong China kaysa ang bigyan ng proteksyon ang bansa sa posibleng pagpasok ng CoVid-19. Ayaw ni Duterte na magpatupad ng mga hakbang na makasisira sa "magandang" relasyon nila ni Xi Jinping na Presidente ng China.

Samantala, lubhang nahuli na ang pagdedeklara ng gubyerno ng State of Public Health Emergency. Kalat na sa bansa ang CoVid-19 at mahihirapan nang maisagawa ang *contact tracing* ng Department of Health (DOH). Maaaring humantong ito sa buo-buong komunidad, bayan o probinsya ang isailalim sa *lockdown* para kontrolin ang lalo pang pagkalat ng nakamamatay na CoVid-19.

Ngayon lang din naaprubahan sa kongreso ang P 1.6 Bilyon bilang *supplemental budget* para gamitin sa sa pagtugon at pagpigil sa lalong pagkalat ng nakamamatay na *virus*.

Mas inunang pagtuunan ng pansin ng Senado ang pag-amyenda sa Human Security Act of 2007 (HSA 2007) nang ipinasá nito ang Senate Bill 1083 o Anti-Terrorism Law of 2020 na gagamiting sandata ng estado para patahimikin, supilin at sugpuin ang lehitimong pagtutol ng mamamayan sa pasistang rehimeng US-Duterte.

Ipinasá naman ng Mababang Kapulungan ng Kongreso ang House Bill 78 para amyendahan ang Public Security Act na magbibigay pahintulot na 100% ariin ng dayuhan ang operasyon ng mga pampublikong serbisyo sa sektor ng enerhiya at kuryente, telekomuniskasyon at transportasyon.

Dagdag pa, kapos ang gubyernong Duterte sa pagpapalaganap ng mga impormasyon at hakbangin para ipabatid at turuan ang taumbayan sa wastong pag-iingat para maiwasang kumalat at mahawaan ng nakakamatay na CoVid-19. Sa halip na tumulong ang Presidential Communications Operations Office (PCOO) sa pagpapalaganap ng impormasyon kaugnay sa CoVid-19, patuloy pa rin ang kanyang tuon sa

paghahatid ng impormasyon sa publiko nang mga walang katuturang aktibidad ni Duterte sa Malacañang at iba pang lugar sa bansa.

Naging abala din ang PCOO sa paglilibot sa mga bansa ng Europa sa bigong layuning pabanguhin sa mata ng internasyunal na komunidad ang nabubulok at nangangamoy na pasistang rehimeng US-Duterte. Pangunahing pinagtuunan ng pansin ng PCOO ang pagsalag at pagtatanggol sa imahe ni Duterte mula sa mga batikos ng taumbayan at maging ng mamamayan sa ibayong dagat dahil sa talamak na paglabag sa karapatang pantao, paglobo ng biktima ng extra judicial killings, madugong kampanya kontra-droga at patuloy na panggigipit ng rehimen sa mga *human rights workers and defenders* sa bansa.

Walang kahihiyang nilustay ng PCOO ang pondo ng taong bayan sa paglabas-labas ng bansa para lamang siraan, maghasik ng kasinungalingan at akusahan ang mga lehitimong organisasyon at institusyon na nagsusulong at nagtatanggol ng karapatang pantao bilang mga "communist front organizations".

Hanggang sa ngayon ay walang malinaw na tindig ang gubyerno kung sino ang sasagot sa mga gastusin sa ospital ng mga tatamaan ng sakit na CoVid-19. Sino ang sasagot sa gastos sa doktor ng mga may sintomas at palatandaan ng CoVid-19? Sinong sasagot sa pangangailangan ng pamilya sakaling *breadwinner* ang makakwarantina at magkakasakit? Anong tulong ang naghihintay sa mga manggagawa sa mga pabrika, malalaking tindahan at kainan, *malls, department stores* at iba pang *business establishments* na magsasara dahil sa *virus*? Ano ang alternatibong hanapbuhay na maaaring ipagkaloob sa kanila ng gubyerno? Ano ang tulong na maibibigay ng gubyerno sa mahihirap

nating kababayan na magbibigay sa kanila ng proteksyon laban sa sakit na dulot ng CoVid-19? Sila ang higit na bulnerableng tamaan ng sakit dahil sa pagkakaroon ng mahinang resistensya ng katawan dulot ng kakulangan sa pagkain at kahirapan.

Karapatan ng taumbayan na singilin at papanagutin ang rehimeng Duterte sa pinsalang idudulot sa kanila ng CoVid-19. Labanan ang gagawing marahas na hakbang ng estado na kontrolin ang malayang paggalaw at pagkilos ng taumbayan para sa paghahanap ng kanilang ikabubuhay at kakainin sa araw-araw. Dapat igiit at ipaglaban ng taumbayan ang tulong mula gubyerno dahil ang gubyerno mismo ang dahilan ng pagkakaroon ng ligalig at nakapanlulumong sitwasyon ng mamamayan.

## Hinggil sa patakarang *lockdown* sa NCR

*Marso 14, 2020*

Matapos umani ng kabi-kabilang batikos mula sa taumbayan dahil sa malubhang kapabayaan, pagiging inutil at makupad na pagtugon ng pasistang rehimeng US-Duterte na sansalain at kontrolin ang mabilis na paglawak sa bansa ng nakamamatay na Covid-19, bumaling naman ang gubyernong Duterte sa kamay-na-bakal, drastiko at dali-daling hakbang na ipailalim sa *lockdown* o sa pinagandang tawag na *community quarantine* ang buong Metro Manila. Sa nasabing hakbang, walang makakapasok at makalalabas sa Metro-Manila na mga sasakyang panlupa, panghimpapawid at pandagat mula Marso 15, 2020 hanggang Abril 14, 2020. Lilimitahan din ang paggalaw at aktibidad ng mga mamamayan sa loob ng Metro Manila.

Pangunahing maaapektuhan ng hakbang na ito ang mga mahihirap at ordinaryong mamamayan na umaasa sa arawang kita o trabaho sa mga pabrika, malalaking tindahan at kainan, malls, malalaking groserya at supermarkets. Ganundin ang mga kumikita mula sa pagtitinda sa mga palengke at bangketa, mga nasa konstruksyon, drivers at konduktor, mga *odd jobbers* at marami pang iba.

Habang kinakailangan ang mga drastikong solusyon para kontrolin ang mabilis na paglaganap ng nakahahawa at nakamamatay ng Covid-19, dapat itong gawin nang may syentipiko at medikal na pagsipat.

Maaaring gawin bilang isa lamang sa kinakailangang opsyon ang "pahihiwalay" sa buo-buong populasyon at erya na nakakaranas na ng epidemya nang sa gayon pigilan, sawatain at kontrolin ang pagkalat ng epidemya sa iba pang mga karatig na lugar. Ngunit dapat na ipauna palagi ng gubyernong Duterte kung papaano poproteksyunan at tutugunan ang pang-araw-araw na pangangailangan ng taumbayan tulad ng pagkain, suportang serbisyo, pambayad sa pagpapatingin sa doktor, suporta sa gastusing medikal sa mga nahawa at nagpositibo sa Covid-19 lalo sa populasyong nasasaklaw ng *lockdown*.

Dapat tiyakin ng gubyerno na libre ang Covid-19 testing para sa lahat ng populasyon upang maaagang madiskubre kung nagkaroon ng *infection*. Kung hindi ito libre, ang may kakayahan lang na magbayad ang magkakaroon ng akses sa Covid *testing*.

Sa Vietnam, bilang halimbawa, sinusubsidyuhan ng gubyerno ang pangangailangan sa pagkain at iba pang batayang pangangailangan ng mamamayan na hindi makapagtrabaho at ibinibigay nang libre ng gubyerno ang kinakailangang suportang medikal sa testing at mga nagkasakit/nahawahan ng Covid-19. May mga pasilidad din itinayo ang Vietnam para makaiwas sa Covid-19 tulad ng mga *sterilization* at *sanitization room* sa mga mataong lugar para sa populasyon at manlalakbay.

Ang *social distancing* ay isang impraktikal na solusyon at hindi makapipigil sa paglaganap ng Covid-19 sa loob ng mga eryang ipapailalim sa *lockdown* dahil sa hindi nito inaalis ang pagkakaroon ng ugnayan at interaksyon ng mga tao.

Samantala, ginagamit ng rehimeng Duterte ang epidemya ng Covid-19 upang lumikha ng isterya sa mamamayan para maging katanggap-tanggap sa opinyong publiko ang presensya ng mga armadong militar at pulis sa mga ititayong *checkpoint*—isang *dress rehearsal* para sa isang di deklaradong batas militar.

Higit pa, sinasamantala ng rehimen ang isteryang nililikha ng Covid-19 sa mamamayan upang magpatupad ng pasistang mga solusyon tulad ng *lockdown, community quarantine* at *social distancing.* Pinalulutang ang pagpapatupad ng *curfew* at banta ng mga pag-aresto sa mamamayang susuway sa mga pasistang kautusang ito.

Sa halip na mga kwalipikadong *medical personnel* ang magbantay sa mga *checkpoint* na inaasistehan lamang ng mga militar at pulis para sa pagmonitor ng daloy ng trapiko at mga taong posibleng nahawa ng Covid-19, mabigat na presensya ng mga armaduhang militar, pulis at mga tanke ang nakahambalang sa mga *checkpoint* na walang *medical protective gear* laban sa *virus*.

Sa esensya, laban sa maralita at mga manggagawa ang pasistang solusyon ng rehimeng Duterte. Wala sa plano ng rehimen kung papaano tutugunan ang pangangailangan ng mga maralita at manggagawa na mawawalan at madidisloka ang kabuhayan dahil sa kautusang *lockdown, community quarantine* at *flexible work scheme.* Walang plano ang rehimen paano titiyakin ang akses sa serbisyong medikal at Covid-19 testing ng populasyon lalo sa mga komunidad ng mga manggagawa at maralita.

Sa kabilang banda, mga maliliit at katamtamang laking mga negosyo ang mas tatamaan ng pagsasara ng kautusang *lockdown* samantalang

patuloy na papaboran ang malalaking negosyo ng iskemang *flexible work day* habang walang obligasyon na gastusan at maglaan ng pondo para sa proteksyon ng mga manggagawa na magkakasakit ng Covid-19.

Ang mga pasistang solusyon at kamay-na-bakal na patakaran na ipinatutupad ng rehimen sa tabing ng "kinakailangang hakbang sa pagsawata sa epidemya ng Covid-19" ay pagkukundisyon sa mamamayan para sa papalaking presensyang militar at pulis tungo sa lantad na paghaharing militar.

Mahigpit na kaisa ang National Democratic Front-Southern Tagalog (NDF-ST) ng mamamayang Pilipino sa panawagan at paggigiit sa gubyernong Duterte na maglaan ng pondo bilang subsidyo sa pagkain, paglaban sa Covid-19 at sa iba pang batayang pangangailangan ng mga mahihirap nating mga kababayan na tuwiran at di tuwirang tatamaan ng *lockdown* sa Metro Manila. Dapat malaman ni Duterte, na sa panahon ng mga sakuna at kalamidad at sa ilalim ng State of Public Health Emergency na kanyang idineklara, ang kapakanan ng mga mahihirap, walang mga kakayanan at mga pinakabulnerableng sektor ng ating lipunan ang dapat unang binibigyan ng proteksyon at pagkalinga ng gubyerno.

**Hindi lamang ang mga mamamayan sa Metro Manila ang tuwirang maapektuhan ng patakarang lockdown kundi maging mga kababayan natin na nasa iba't ibang panig ng bansa.**

Sa kalakhang Maynila ang pangunahing bagsakan ng mga produktong agrikultural, isdang alat at tabang at iba pang aquatikong produkto na mula sa rehiyong Timog Katagalugan.  Ano ang maitutulong ng

gubyerno kapalit ng mawawalang kita ng mga byahero ng mga kalakal dahil sa nangyayaring *lockdown* sa Kamaynilaan?

Araw araw dumaraan sa kalakhang Maynila ang daang libong mga sasakyang panlupa na naghahatid sa milyong mga kababayan natin papuntang Hilaga mula sa Timog at ganundin pabalik. Maluwag ba silang makakaraan ng kalakhang Maynila nang walang malaking abala? Paano naman ang mga nasa milyong bilang na naninirahan sa rehiyong Timog Katagalugan na nagtatrabaho sa kalakhang Maynila? May aasahan ba silang tulong mula sa gubyerno sa mawawala o mababawas sa kanilang kita sakaling magpatupad ang kanilang mga pinapasukang kumpanya ng pagbawas sa araw ng pagtatrabaho, ng *compressed working day o temporary shutdown*? May gagawin bang hakbang ang gubyerno para ipag-utos sa mga pribadong kumpanya na bayaran pa rin nang buo ang buwanang sahod na natatanggap ng mga manggagawa kahit nabawasan ng oras o araw ang kanilang pagtatrabaho dahil sa umiiral na lockdown? Papanig ba ang gubyerno sa mga manggagawa sa paglaban sakaling gamitin ng mga kapitalista ang isyu ng lockdown sa kalakhang Maynila para tuwirang magbawas ng mga regular na manggagawa, di pagbabayad ng overtime, gamitin sa *union busting* at kaltasan ang mga benipisyong dapat tanggapin ng mga manggagawa?

Ito ang mga katanungan na dapat may malinaw at kongkretong tugon ang rehimeng Duterte.

Malaki ang posibilidad na lumawak ang saklaw ng *lockdown* sa kalakhang Maynila at umabot ito sa ilang probinsya sa rehiyong Timog Katagalugan na kagyat na kanugnog ng kalakhang Maynila.Mas malaki

ang populasyon ng rehiyong Timog Katagalugan kumpara sa kalakhang Maynila at narito din sa rehiyon ang konsentrasyon ng malaking bilang ng populasyon ng mga manggagawa sa buong Pilipinas. Kailangang igiit at ipanawagan ng mamamayan ng rehiyon sa kani-kanilang lokal na pamahalaan ang agarang paglalaan ng pondo, bilang subsidyo sa mga maaapektuhan ng pagkalat ng Covid-19 at sa posibilidad na magpatupad ng *lockdown* sa ilang bahagi ng rehiyon. Dapat ngayon pa lamang ay mayroon nang mga nakahandang pondong pangsubsidyo, mga gamot, libreng *testing kit*, mga pasilidad at sapat na tauhan ang mga lokal na gubyerno para sa pagharap at paglaban sa Covid-19.

Samantala, nananawagan ang pamunuan ng NDF-ST sa lahat ng kasaping organisasyon nito sa rehiyon na tumulong sa pagpapalaganap ng impormasyon hinggil sa nakamamatay na Covid-19. Gumawa ng mga nakasulat na gabay na magtuturo sa mamamayan ng rehiyon, lalo na ang walang akses sa dyaryo at telebisyon, kung paano makakaiwas na mahawaan ng virus. Turuan sila ng mga hakbangin upang maiwasang makahawa sa iba sakaling makaramdam ng mga sintomas at palatandaan ng Covid-19. At, turuan ang masa kung paano maagap at mabilis na maampat ang pagkalat ng nakahahawa at nakamamatay na *virus*.

Dapat na ilantad, kondenahin at labanan ang pakana ni Duterte na gamitin ang krisis ng Covid-19 para ipataw ang lantarang batas militar sa bansa. Desperado na si Duterte. Hindi malayong gawin ni Duterte ang *lockdown* ng kalakhang Maynila bilang ensayo sa bisperas ng pagpapataw ng lantarang pasistang paghahari sa buong bansa para maisulong ang kanyang mga pasistang adhikain.

Kailangang paghandaan, puspusang ilantad at labanan ang imbing pakana ng pasistang rehimeng US-Duterte na gamitin ang isyu ng Covid-19 bilang kober sa patraydor na pag-atake sa kilusang rebolusyonaryo, sa mga progresibong grupo, sa mga kritiko at lahat ng lumalaban sa kanyang tiwali at pasistang paghahari sa rehiyon. Maaring samantalahin ni Duterte ang sitwasyon kung saan nakatuon ang pansin ng publiko at mga mamamahayag sa Covid-19 para ilusot ang kanyang mga itim na balak ng maramihang pagpatay (*extra judicial killings*), mga iligal na pag-aresto at pagpapakulong batay sa mga inimbentong kaso at pagtatanim ng ebidensya at iba pang mga mararahas at mapanupil na hakbang upang pilayin at patahimikin ang mga pinaghihinalaan niyang kaaway ng estado.

Ang isyu ng Covid-19 at banta ng ektensyon ng *lockdown* hanggang sa ating rehiyon at iba pang panig ng bansa ay gagamitin ng pasistang estado laban sa rebolusyonaryong kilusan at mamamayan. Ililimita nito ang malayang pagkilos ng mga tao. Ipagbabawal ang mga pagtitipon at pagkilos ng taumbayan para iparating ang kanilang hinaing at protesta sa gubyerno. Lalong magpipista si Duterte at ang kanyanng korap at pasistang mga kapanalig sa patuloy na pangungurakot sa kaban ng bayan sa tabing ng paglaban sa Covid-19. Magpapatuloy ang impyunidad at paggawa ng mga karahasan ng AFP at PNP.

Subalit anuman ang balak gawin ni Duterte na durugin o papanghinain ang rebolusyonaryong kilusan sa rehiyong Timog Katagalugan at buong bansa, tiyak na makararanas muli sila ng mga kabiguan. Buong giting na lalabanan at bibiguin ng rebolusyonaryong kilusan at ng mamamayan ng rehiyon ang Joint Campaign Plan-Kapanatagan (JCP-Kapanatagan) at National Task Force To End Local Communist Armed

Conflict (NTF-ELCAC) ng pasistang rehimeng US-Duterte. Nasa CPP-NPA-NDFP at wala sa gubyernong Duterte ang malawak at malalim na suporta ng masa ng rehiyon at bansa. Sa katunayan, nakabunton lahat kay Duterte ang sisi at nagpupuyos ang galit ng mamamayan ng rehiyon dahil sa kainutilan at kapabayaan niya na matugunan ang pangangailangan ng mamamayan.

Lalong nalantad at napatunayan ang pagiging bangkarote at inutil ng gubyernong Duterte sa pagtugon sa pangangailangan ng mamamayan ng rehiyon sa harap ng mga kalamidad lalo mula nuong pumutok ang bulkang Taal hanggang sa kasalukuyan. Hindi humuhupa bagkus lalong nag-aalab ang galit at kagustuhan ng mamamayan ng rehiyon na patalsikin sa kapangyarihan ang pahirap, korap, traydor, inutil at mamamatay taong si Duterte. T

## Mariing tutulan at labanan ang *emergency powers* na hiniling at agarang pinagkaloob ng Kongreso sa pasistang rehimeng US-Duterte

*Marso 24, 2020*

Mariing kinokondena ng National Democratic Front of the Philippines-Southern Tagalog (NDF-ST) ang ratsadang pag-apruba ng mababang kapulungan ng Kongreso sa House Bill 6616 na nagdedeklara ng "national emergency" at nagkakaloob kay Duterte ng malawak na kapangyarihang pangkagipitan (emergency powers) sa pagharap sa *pandemic* na Covid-19.

Ang House Bill 6616 ay kopyang-kopya ng isinumiteng panukala ng Malacañang. Sa ilalim ng House Bill 6616, pinapayagan nito na pansamantalang kuhain at direktang patakbuhin ng gubyerno ang mga pribadong negosyo at korporasyon tulad ng mga hotel, pampublikong transportasyon at komunikasyon upang mapabilis diumano ang pagtugon sa pangangailangan ng publiko sa panahon ng kagipitan sanhi ng nakamamatay na virus. Nahingi rin ang Malacañang sa Kongreso ng pahintulot na gamitin sa ibang pagkakagastusan ang Php 275 bilyon na pondong publiko nang walang malinaw na listahan na mga pangangailangan at serbisyo na paglalaanan ng alokasyon.

May kahalintulad ding batas, ang Senate Bill 1413, na tinagurian nilang "We Heal as One Act" ang kasalukuyan pang pinag-uusapan sa Senado. Sa ilalim ng batas na ito, binibigyan ng kapangyarihan

si `Duterte na direktang pangasiwaan ang operasyon ng mga pribadong ospital, *medical health facilities* kabilang ang iba pang mga pribadong establisimento tulad ng *hotel* para gawing tirahan ng mga manggawang pangkalusugan, magsilbing quarantine areas at sentro ng bagsakan at distribusyon ng mga tulong medical. Tulad sa mababang kapulungan ng Kongreso saklaw din ng panukalang batas ng Senado ang pansamantalang *takeover* ng gubyerno sa mga pangmasang trasportasyon at telekomunikasyon na pag-aaring pribado.

Ang pagkakaloob ng dalawang kapulungan ng Kongreso ng dagdag na kapangyarihang pangkagipitan sa rehimeng Duterte ay kasingkahulugan na binibigyan nito ng ligal na bihis at basbas ang pasista at kamay-na-bakal na pagpapatakbo ni Duterte sa gubyerno at sa pagharap sa *pandemic* na Covid-19. Tinugunan nito ang malaon nang kagustuhan ni Duterte na solohin ang kapangyarihan ng tatlong sangay ng gubyerno at itanghal ang sarili bilang diktador. Hindi na kailangan pang pormal na magdeklara ng batas militar ni Duterte dahil pinagkaloob na ito sa kanya ng mababang kapulungan ng Kongreso sa ilalim ng House Bill 6616 at Senate Bill 1413.

Dapat mariing kondenahin at puspusang labanan ng taumbayan ang pagsasailalim sa bansa sa *national emergency* at pagbibigay ng malawak na kapangyarihan kay Duterte. Ang *emergency powers* na ipagkakaloob kay Duterte ay lalo lamang magpapalubha sa dati nang malalang kundisyon na kinakakaharap ng taumbayan sanhi ng pinatutupad na *lockdown* sa Luzon.

Sinasamantala ng rehimeng Duterte ang *panic* na dala ng Covid-19 *pandemic* upang ikonsentra at isentralisa sa kamay ni Duterte at ng

ehekutibo—kasabwat ng *rubber stamp* na Kongreso—ang papalawak na kapangyarihan sa tabing ng isang *emergency power*. Ito ay bisperas ng pagtatatag ng lantad na paghahari ng isang sibilyan-militar na *junta* nang di kinakailangan pang magdeklara ng Batas Militar.

Ang pagpapailalim sa buong Luzon sa *lockdown* ay malupit na nagpapahirap sa mamamayan na pinagkakaitang maghanap-buhay at ipinaiilalim sa kontrol ang galaw ng populasyon at paghahatid ng kailangang-kailangang serbisyo ng mamamayan. Kahirapan, kagutuman at kapos na kapos na serbisyong medikal at hindi kawalan ng disiplina ang problema ng taumbayan. Hindi ang pagpapairal ng pasista at militaristang solusyon ang makakapigil sa paglawak ng impeksyon ng nakamamatay na Covid-19. Dapat na iprayoridad ang pagbibigay atensyon sa paghanap ng solusyong medikal, mabilis na akses ng lahat sa Covid-19 *testing*, sistema ng sanitasyon kaalinsabay sa pagtugon sa pangkabuhayang pangangailangan ng mamamayan. Ito ang garantiya na mabibigyan ng tunay na proteksyon at solusyon ang pagharap at paglaban sa epidemya ng mamamayan.

Marami nang mga panukala na nagmula sa mga grupong pangkalusugan at mga eksperto kaugnay sa paglaban iba't ibang uri ng virus kabilang ang Covid-19. Ang kailangan lang ay kilalanin ito at agarang ipatupad ng gubyernong Duterte. Para sa kanila, mga hakbanging pangkalusugan at pang-ekonomya ang mabisang solusyon sa pagharap at paglaban sa Covid 19 at hindi ang militaristang paraan na pangunahing pinatutuunan ng diin ni Duterte. Ilan sa kanilang mahahalagang panukala ang sumusunod:

1. Maramihang pagbili ng gubyerno ng mga mga Covid-19 *test kits* at pagsasagawa ng libre at *mass testing* nito pangunahin sa mga taong sumasailalim sa pagsisiyasat at monitoring (PUIs at PUMs) at sa mga lugar na bulnerableng magkahawahan;

2. Libreng gamutan sa mga nagkakasakit;

3. Rehabilitasyon ng mga pasilidad para sa serbisyong medikal;

4. Pagtatalaga ng mga pribado at pampublikong ospital para pagdalhan ng mga kumpirmadong may Covid-19;

5. Maramihang paglalagay ng mga *quarantine at testing centers* sa mga komunidad;

6. Libreng pamamahagi ng mga *personal protective equipment* (PPEs) lalo na sa mahihirap at walang kakayahang bumili nito;

7. Karagdagang suporta at proteksyon sa mga manggagawang pangkalusugan na nasa unahan ng paglaban sa Covid-19; at,

8. Paglalaan ng malaking pondo at alokasyon para sa kalusugan at pagsugpo sa Covid-19.

Kailangan ding ipatupad ang sumusunod:

1. Sistematikong distribusyon ng mga pagkain at iba pang pangangailangan sa mga mahihirap na komunidad;

2. Pagpapatupad ng moratoryum sa pagbabayad sa renta sa bahay, kuryente, tubig at iba pang pagkakautang;

3. Moratoryum at kanselasyon sa pagbabayad ng upa-sa-lupa at utang ng mga magsasaka sa mga panginoong maylupa, komersyante at usurero.

4. Subsidyo sa mga walang hanapbuhay at nawalan ng hanapbuhay dahil sa pinatutupad na *lockdown*.

5. Pangkagipitang tulong at pakete sa mga pinakamahihirap;

6. Kontrol sa presyo ng mga bilihin at pagkakaroon ng sapat na suplay ng mga batayang pangangailangan sa pagkain at serbisyo ng mamamayan.

Samantala, umasa ang taumbayan na hindi maglulubay ang rebolusyonaryong kilusan sa paghahatid ng tulong sa mga kababayan nating labis na naapektuhan ng pabara-bara, papatse-patse at mga di pinag-iisipang hakbang ng gobyernong Duterte sa pinatutupad nitong *lockdown* sa Luzon. Pangunahing nakatuon ang atensyon ng rebolusyonaryong kilusan sa pagharap at paglaban sa Covid-19. Hindi titigil ang rebolusyonaryong kilusan sa paghahatid ng iba't ibang klase ng tulong sa mamamayan kahit sa kabila ng patuloy na mga operasyong militar ng AFP at PNP sa kanayunan ng rehiyon. Walang katotohanan na itinigil na ng AFP at PNP ang kanilang mga operasyon bilang pagsunod sa pekeng unilateral ceasefire na dineklara ni Duterte sa CPP-NPA-NDFP.

Hanggang sa kasalukuyan, patuloy ang ginagawang diseminasyon ng impormasyon hinggil sa Covid-19 ng rebolusyonaryong kilusan. Patuloy ang pagpapaala-ala paano ito maiwasan at mapigilang

kumalat sa baryo at komunidad. Patuloy ding nagsasagawa, sa pangunguna ng mga opisyal medikal ng Bagong Hukbong Bayan (BHB), ng mga komite sa kalusugan sa mga baryo at boluntir, ng mga kampanya sa kalusugan, kalinisan at sanitasyon. Patuloy ang pamamahagi ng mga gawang bahay na *face mask* at mga libreng gamot at bitamina. Ang isang buwang selebrasyon ng ika-51 taong anibersaryo ng BHB ay pangunahing ginugol sa pagharap at pagtulong sa mga kababayan nating higit ang pangangailangan ng proteksyon at pagkalinga laban sa nakamamatay na Covid-19. Mananatiling bahagi ng selebrasyon ang malawakang diseminasyon ng impormasyon, mga kampanya sa kalinisan at kalusugan, pagmomobilisa ng mga kwerpo ng mga boluntir bilang katuwang ng Hukbo sa paghahatid ng tulong medikal at pagkain. Siniseguro din ng rebolusyonaryong kilusan na ang mga aktibidad na inilulunsad nito ay mahigpit na umaayon sa mga alituntunin sa kalusugan na binalangkas ng mga grupo at komite sa medikal upang maiwasang mahawaan at magkahawaan ng *virus* ang mga kalahok sa aktibidad.

## Hinggil sa kabayanihan at kagitingan ng mga manggagawang pangkalusugan sa paglaban at pagsugpo sa *pandemic* na Covid-19

*Marso 29, 2020*

Ipinaparating ng pamunuan ng National Democratic Front-Southern Tagalog (NDF-ST) ang taos-pusong pasasalamat at pagpupugay sa kabayanihan ng ating mga manggagawang pangkalusugan. Kapuri-puri ang kanilang ipinamalas at patuloy na ipinamamalas na kagitingan sa pagtupad ng kanilang mga tungkulin sa paglaban at pagsugpo sa *pandemic* na Covid-19.

Sa partikular, pinasasalamatan ng NDF-ST ang ating mga manggagawang pangkalusugan sa kanilang mga sakripisyo, kasipagan at katapangan, bilang nasa unahan ng linya ng pakikibaka, sa mapanganib na paglaban at pagsugpo sa nakamamatay na Covid-19. Kahanga-hanga ang kanilang dedikasyon at kawalang takot na suungin ang nakaambang panganib makapagligtas lamang ng maraming buhay. Tunay silang tapat sa kanilang sinumpaang tungkulin na kahit anumang mangyari, ang kapakanan at pagliligtas ng buhay ang nangunguna at siyang karapat-dapat nilang gawin. Sa ganito, itinuturing ng NDF-ST ang mga manggagawang pangkalusugan bilang mga bagong bayani ng kasalukuyang panahon.

Pinasasalamatan din ng NDF-ST ang lahat ng mga opisyal medikal ng BHB, ng mga grupo at komite sa kalusugan ng rebolusyonaryong

organisasyong masa at ng mga lokal na organong kapangyarihang pampulitika sa kanilang mga pagsisikap na tumugon sa paglaban at pagsugpo sa nakakamamatay na Covid-19. Bilang mga bayani at tunay na lingkod ng bayan, halos wala ding tulog at pahinga ang mga kasama sa pag-iikot sa mga baryo at komunidad sa loob ng mga sona't larangang gerilya maging sa harap ng banta ng pag-atake ng mga pasistang tropa ng GRP upang maghatid ng impormasyon at pagtuturo sa taumbayan kaugnay sa paglaban sa nakamamatay na *virus*. Sila ang pangunahing inaasahan ng mga mamamayan sa kanayunang hindi nabibigyan ng atensyong medikal sa karaniwang kalagayan man o kahit sa panahon ng pandemyang tulad ng sa kalukuyang sakit na Covid-19. Patuloy silang nangangalap at namamahagi ng mga pagkain, gamot at bitamina, *face masks* at iba pang personal na mga pananggalang *(personal protective gear)* bilang proteksyon laban sa nakahahawang Covid-19. Patuloy din ang ginagawa nilang mga kampanya sa kalusugan, kalinisan at sanitasyon upang masansala ang pagkalat ng *virus* sa mga baryo at komunidad.

Ang buong rebolusyonaryong kilusan ay nakatuon ngayon sa paglaban sa komon na banta sa kalusugan at buhay ng lahat ng Pilipino - ang Covid-19.

Nananawagan ang NDF-ST sa ating mga kababayan, lalo na ang mga nakaririwasa at mga mapagkawanggawa, na patuloy nating tulungan at suportahan ang kasalukuyang mga bayani ng ating panahon. Higit na kailangan nila ang ating pagmamalasakit dahil na rin sa kakulangan ng pagpapahalaga at mabagal na pagdating ng tulong mula sa rehimeng Duterte na mas inuuna pang busugin ang AFP at PNP ng suhol at mga pabuya. Paparami ang bilang ng mga

manggagawang pangkalusugan ang kabilang na sa mga *persons under investigation and monitoring* (PUIs at PUMs) kung kaya't sila'y nagkakwarantina sa kani-kanilang mga tahanan at nangangailangan ng ating tulong. Ang iba sa kanila ay nakaratay sa mga ospital dahil tinamaan na rin ng Covid-19. Ayon naman sa pinakahuling tala ng Philippine Medical Association, ngayong Marso 29, 2020, umabot na sa labindalawa (12) ang mga doktor na pumapanaw sa Covid-19. Sa mga nananatiling nasa *frontlines* malaki ang pangangailangan nila sa pagkain, *personal protective equipment* (PPEs), *personal hygiene kits,* libreng akomodasyon at akses sa transportasyon mula sa kanilang tahanan patungong ospital hanggang sa kanilang pag-uwi.

Nananawagan din ang NDF-ST sa taumbayan na mahigpit na suportahan at itaguyod ang mga panukala ng mga manggagawa at eksperto sa kalusugan na isagawa ang malawakan, sistematiko at libreng mass testing sa Covid-19 lalo na sa mga PUIs at PUMs, sa mga pili at prayoridad na komunidad ng mga mahihirap para mabilis na matukoy kung nasaang lokalidad ang may nahawahan ng *virus* at maisagawa agad ang *contact tracing* at *isolation* upang hindi na lumawak na makahawa pa. Kabilang din sa panukala nila ang maramihang pagtatayo ng mga pasilidad sa sanitasyon at dis-impeksyon, mga *sanitation tents* at mga *quarantine centers* sa mga komunidad.

Dapat nating ipaglaban at suportahan ang kanilang kahilingan sa rehimeng Duterte na dagdagan ang kanilang mga gamit sa ospital, lalo na ang mga PPE, iba pang kailangang suplay ng ospital at maging sa karagdagang *personnel*. Tungkulin ng gubyerno na ayudahan, kung kinakailangan, ang mga pribadong ospital para

maakomoda ang paparaming bilang na tinatamaan ng Covid-19. Tungkulin nitong agarang ipatupad ang *mass hiring* ng mga nars at iba pang manggagawang pangkalusugan upang mapunan ang 17,000 bakanteng plantilla na posisyon sa mga pampublikong ospital.

Subalit, marapat lang na batikusin ang kababaan ng pagtingin at pang-aalipusta sa mga manggagawang pangkalusugan sa ginawang pag-aalok ng Department of Health (DOH) ng P500 katumbas na isang araw na sahod na mga kukuhanin ng Kagawaran na mga karagdagang doktor, nars, istap medikal at iba pang manggagawang pangkalusugan para sa mga pampublikong ospital. Di hamak na isinusugal rin nila ang kanilang buhay bilang mga *frontliners* sa labang ito sa pagsugpo sa nakamamatay na *virus*.

Sa kabilang banda, dapat na kundenahin ang mga walang kahihiyang congressmen na inihalintulad ang mga sarili nilang mga "bayani" rin tulad ng mga healthcare workers dahil lamang sa sila ay pumasok sa trabaho para lang ipasa ang emergency powers na hinihingi ni Duterte.

Ganundin, dapat maghimagsik ang taumbayan laban sa pasistang rehimeng US-Duterte sa patuloy na pagbabalewala nito sa sektor ng kalusugan at mga healthcare frontliners at sa mga kahilingan at panukala ng mga manggagawang pangkalusugan at mga eksperto sa kalusugan kaugnay sa wastong mga hakbang sa paglaban at pagsugpo sa Covid-19. Sila ang dapat pangunahing pinakikinggan ng gubyerno at hindi ang mga pulpol na pulitiko, mga hangal na ekonomista at mga utak-pulburang militar at pulis sa laban upang sugpuin ang Covid-19 bilang isang problemang pangkalusugan at hindi problema sa *peace and order.*

Singilin ang gubyerno sa pagkaltas pa ng 10 bilyong pisong budget sa kalusugan at ang paglalagay nito sa Turismo. Kondenahin at tutulan ang pag-iral ng isang *de facto civilian-military junta,* at paglalagay ni Duterte sa mga utak-pulburang sina Secretary Lorenzana, Año at Galvez, bilang mga namumuno sa pagpapatupad ng National Action Plan ng pasistang rehimeng US-Duterte sa paglaban sa Covid-19. Asahan ng taumbayan na lalong hihigpit at tatampok ang kamay na bakal ng gubyerno sa pagpapatupad nito ng lockdown sa Luzon at maging sa buong bansa.

Gamitin ang *social media* at iba pang daluyan at *platform* para iparating ang ating malakas at matatag na suporta sa mga manggagawang pangkalusugan bilang nasa *frontline* at higit na may otoridad at kaalaman sa paglaban at pagsugpo sa *pandemic* na *virus*. Mariing tutulan at kondenahin ang pasistang rehimeng US-Duterte na ngayon ay higit ang obsesyon sa militarista at pasistang paraan sa halip na ipatupad ang mga panukalang hakbangin ng mga manggagawang pangkalusugan at mga eksperto sa paglaban at pagsugpo sa Covid-19. **T**

## Tulad ni Ponzio Pilato, hugas-kamay si Duterte sa kriminal na kapabayaan at pananagutan sa pagkalat ng Covid-19 sa Pilipinas

*Abril 12, 2020*

Sa harap ng malakas na suporta sa kampanya sa *social media* para patalsikin si Duterte, nagkukumahog ang mga Dutertards na sistematiko at orkestradong pabanguhin si Duterte sa publiko at iiwas siya sa anumang mabigat na pananagutan at pagkakasala sa kriminal niyang kapabayaan sa naging mabilis na pagkalat ng sakit ng Covid-19 sa bansa.  Umaabot na sa 4,428 ang nagkasakit ng Covid-19 sa Pilipinas at 247 dito ang namatay kabilang ang 21 doktor na nasa *frontline* ng paglaban sa epidemya.

Sa halip na epektibong makontrol ng militaristang *lockdown* at sapilitang *community quarantine* ang pagkalat ng Covid-19 ay ibayo lamang bumilis ang paglawak ng impeksyon dahil sa kawalan ng matinong solusyong medikal at nakalatag na episyenteng sistema para lutasin ang krisis sa pampublikong kalusugan at sawatain ang paglawak ng impeksyon ng pandemya.

Kaliwa't kanang abala ang mga propagandista at alipures ng Malacañang sa paglalabas at paglalathala ng mga pahayag para ipagtanggol at purihin ang usad-kuhol, inutil at pabaya nilang among si Duterte. Kabi-kabila ang mga pahayag nila sa publiko na nagtatakip at pinabubulaanan ang mga kapalpakan ng rehimeng Duterte sa

pagharap sa nakamamatay na Covid-19. Sukdulan ang paglulubid nila ng kasinungalingan para baluktutin at manipulahin ang mga tunay na datos upang ibangon ang bagsak at lugsong imahen ni Duterte sa taumbayan.

Dapat na mariing kondenahin ng taumbayan ang pinakamasahol na pagtatangka ng mga kaalyado at alipures ni Duterte na gumawa ng mga maniobra upang mailayo ang sisi at maiiwas sa anumang pananagutan si Duterte sa ibayong paglubha ng krisis sa pampublikong kalusugan at pinsala sa kabuhayan ng pandemyang Covid-19 sa sambayanang Pilipino. Isa-isahin natin ang mga kasinungalingang inilalako ni Duterte at ng kanyang mga tagapagtanggol:

- **Sapat ang pondo ng gubyerno para tustusan ang kampanya laban sa Covid-19.** Ito ang ipinagyayabang ni Duterte sa harap ng publiko. "Huwag kayong matakot, maraming kwarta ako," pagyayabang niya. Pagkaraang mabilisang ipasa ng sunod-sunurang Senado at mababang kapulungan ng Kongreso ang Bayanihan to Heal as One Act (BaHO-A) para bigyan ng *emergency power* si Duterte na galawin ang badyet ng gubyerno para sa taong 2019 at 2020 at makalikom ng Php 275-bilyon, nananatiling mabagal pa sa usad ng kuhol ang paghahatid ng serbisyo at subsidyo sa 18 milyong pamilyang Pilipino na nagugutom at nawalan ng hanapbuhay dahil sa militarista at anti-mamamayang *lockdown* at *enhanced community quarantine* na sapilitang ipinataw sa Metro Manila at buong Luzon.

  Subalit hindi na mapagtakpan pa ng anumang pagsisinungaling at papuri kay Duterte ang hirap na dinaranas

ng taumbayan dahil sa pinatutupad na kamay-na-bakal na *lockdown*. Kulang na kulang ang pondong inilalaan ng gubyerno bilang ayuda sa mga apektado ng *lockdown* sa buong Luzon.

Ayon sa Ibon Foundation, sangkatlo lamang sa 18 milyong benepisyaryo ang nahatiran ng halagang Php 26.3 bilyong tulong ng pambansang gubyerno mula sa Php 250 bilyong pondong nakalaan para sa kanila. Ang DSWD ay nakapagbigay lamang ng 190,217 *food packs* at *cash transfer* sa 3.7 milyon benipisyaryo ng 4P's at 1.2 milyong benipisyaryo sa ilalim ng conditional cash transfer.

Samantala, ayon din sa Ibon Foundation, nasa 0.8% ng 10.7 milyong manggagawa mula sa pormal na sektor ang nabigyan pa lamang ng tulong ng DOLE sa pamamagitan ng Covid-19 Adjustment Measures (CAMP) habang nasa 1% naman ng 5.2 milyong *non agricultural informal earners* ang natulungan ng DOLE sa pamamagitan ng *work for pay scheme*. Nahiling pa ang DOLE ng karagdagang Php 5 bilyong pondo para matugunan ang pangangailangan ng mga manggagawang naapektuhan ng *lockdown* sa Luzon.

Kaya naman, makaraan ng ilang araw lamang, nagbago na agad ng tono si Duterte. Aniya, "walang pera ang gubyerno at ang Php 275 bilyon pondo para sa paglaban sa Covid-19 ay hahanapin at kokolektahin pa." Naghambog pa na isusubasta nya ang mga ari-arian ng estado at mga pampublikong yutilidad para makalikom ng sapat na pondo ang kanyang gubyerno para tulungan ang mga mahihirap.

- **Ang Pilipinas ang kauna-unahang bansa na nagpatupad sa buong mundo ng *lockdown* at *travel ban* sa China.** Ito ang malaking kasinungalingan, lantarang panlilinlang at malinaw na pagbubuhat ng sariling bangko ni Duterte sa kanyang pahayag sa publiko noong madaling araw ng Abril 9, 2020. Aniya, "dahil sa maagap na pagpapatupad ng *lockdown* kaya mas maliit ang mga nahawahan at nagkasakit ng Covid-19 sa Pilipinas."

Ang katotohanan, ayon sa pahayagang Deutshe Welle, nagpatupad ang Italy ng *lockdown* noong March 9 at sinundan ito ng Spain ng tinatawag nilang "general confinement order" noong March 14. Ang France naman ay nagpahayag ng "strict nationwide lockdown" noong March 17. Ang Belgium ay March 18. Pinatupad naman sa Pilipinas ang *lockdown*, una sa NCR noong Marso 15 at sa buong Luzon noong Marso 17. Samantala, ang probinsya ng Hubei sa China ay isinailalim sa *total lockdown* noong January 23, 2020.

Sukdulan ang kapal ng mukha ni Secretary Salvador Panelo na tahasang baluktutin ang tunay na pangyayari para lamang gawing bida sa mata ng publiko si Duterte bilang kauna-unahang lider sa mundo na maagap na nagpatupad ng *total ban* sa pagpasok ng mga dayuhang Chinese mula sa syudad ng Wuhan, probinsya ng Hubei sa China. Sa katunayan, habang ang ibang mga bansa ay nagpatupad na ng pagsasara ng kanilang hangganan at *travel ban* sa China, pinahintulutan ng rehimen ang pagpasok ng 500,000 turista mula mainland China kung saan ang 14,000 ay nagmula sa Wuhan.

Sinabi pa ni Panelo na kung hindi naging maagap na nagpatupad ng travel ban si Duterte ay marami pa sanang nakapasok sa bansa na Chinese na may dalang *corona virus.* Agad naman itong sinang-ayunan ni Heneral Carlito Galvez ang *chief implementor* ng National Action Plan on Covid-19.

Pero ayon sa lathala ng mga pahayagan, ang Republic of Marshall Islands ang unang nagpatupad ng *total travel ban* mula China noong Enero 24, 2020. Sumunod ang North Korea noong Enero 25, ang Hongkong noong Enero 27 at Singapore noong Enero 29. Ang Afghanistan, Bahamas, Trinidad at Tobago ay nagpatupad ng *travel ban* noong Enero 30 habang ang Vietnam ay noong February 1. Noon ding Enero 31, isinara ng Russia ang lahat ng pasukan at labasan sa hangganan nito sa China.

Samantala, noong Enero 31 lamang, inanunsyo ni Panelo na magpapatupad ang bansa ng *travel ban* sa mga manggagaling sa probinsya ng Hubei, China pero noong Pebrero 2 lamang pinalawak ang *travel ban* sa buong mainland China kasama ang Hongkong at Macau. Isinama pa ang Taiwan pero binawi din agad dahil sa protesta at banta ng gubyernong Taiwanese na gagantihan ang Pilipinas.

- **Ang Pilipinas ang may pinakamababang rate of infection kumpara sa mga mayayamang bansa.** Ito ang malaking kasinungalingan at panloloko ni Secretary Duque ng DOH.

  Ayon kay Duque, dalawang (2) *infection* lang sa kada 1 milyong populasyon ng bansa ang nangyayari dahil daw ito sa maagang

pagpapatupad ni Duterte ng absulutong *travel ban* at ng *enhanced community quarantine* o *lockdown*.

Isang tahasang pagsisinungaling at pagbabaluktot sa katotohanan ito. Batay sa pinakahuling ginagawang pagmonitor ng *worldometers.info* sa Covid-19 *infection* sa buong mundo, 40 sa kada 1 milyong populasyon ang rate of infection ng Covid-19 sa Pilipinas batay sa 24,500 na naisagawang pag-eeksamen o katumbas ng 224 sa kada 1 milyon ng populasyon. Tiyak na mas mataas pa dito ang tunay na datos dahil simula't sapul ay wala namang ginawang Covid-19 *mass testing* sa bansa ang DOH bunga ng kakapusan ng mga *testing kit* at kawalan ng matinong paghahanda ang DOH at gobyernong Duterte.

Pinagtatakpan at binabaluktot ni Duque at ng rehimeng Duterte ang katotohanan na kaya mataas ang *rate of Covid-19 infection* sa mga kapitalistang bansa ay dahil maagap na nagpatupad ang mga bansang ito ng Covid-19 *mass testing* sa kanyang populasyon kung kaya maagang natutukoy ang lawak na inabot ng pagkalat ng impeksyon ng pandemya.

Ang US na may *rate of infection* na 1,520 sa bawat isang milyon ng populasyon ay nakapagsagawa ng-2,538,888 na Covid-19 test o 7,670 sa kada isang milyon. Ang Spain na may 3,385 na kaso kada milyon ay nakapagsagawa ng 355,000 na *testing* o 7,593 kada milyon. Ang Italy na may 2,441 na impeksyon sa kada milyon ay nakapagsagawa ng 906,864 *test* o 14,999 bawat milyon. Ang France na may 1,913 impeksyon bawat milyon ay nakapagtala ng 333,807 test o 5,114 kada milyon.

Samantala, ang Germany na may 1,458 na impeksyon sa kada milyon ay may 1,317,887 naisagawang *test* o 15,730 bawat milyon; at ang UK na may 1,086 na impeksyon sa bawat isang milyon ay nakapagtala ng 316,836 test o 4,667 sa bawat 1 milyon ng populasyon.

Natural na mababa ang tantos ng impeksyon na nadidiskubre sa bansa dahil sa limitadong kapasidad ng gubyerno na sabayan at maramihang mag-eksamen ng mga pasyenteng pinagsususpetsahang nahawahan ng Covid-19. Kulang na kulang ang mga *testing kits* at maging ospital na pagdadalhan para masuri ang mga kinuhaan ng swabs na mga pasyente. Kung tutuusin, wala pang nagaganap na *mass testing* sa bansa. Ang tinututukan pa sa kasalukuyan ng gubyerno ay ang pag-eeksamen sa malulubhang kaso ng coronavirus infection at pagpaparami ng bilang ng ospital na magsasagawa ng pag-eeksamen.

Sa pag-aaral na isinagawa ng UP, ang tayang rurok na aabutin ng impeksyon ng Covid-19 sa NCR sa Hunyo 2020 ay nasa 140,000 hanggang 550,000.

Ayon sa pagsisiyasat ng Rappler, nahuhuli ang Pilipinas pagdating sa kapasidad sa pag-eeksamin. Nitong Abril 4, 2020 nasa 48 *persons under investigation* (PUIs) kada milyong tao ang naisasagawa sa bansa. Noong March 20 ay 12 PUI's kada milyon. Ang South Korea, madali nilang napababa ang infection sa Covid-19 dahil sa nagawa nilang mag-eksamen ng 6,148 kada milyong tao. Sa pinakamatinding tinamaan ng pademyang Covid-19 sa Europa, ang Germany ang may pinakamababang

naitalang namamatay sa Covid-19 na 33 sa bawat isang milyong populasyon bunga ng malawakang ginagawang pag-eeksamen sa hanay ng populasyon.

Noong April 4 inanunsyo ng retiradong Heneral na si Carlito Galvez na 6,000 indibidwal na ang nasuri pero ang sabi naman ng Department of Health (DOH) noong April 2 ay nasa 5,000 pa lamang.

Mapanlinlang din ang datos na 24,500 na ang naisagawang pag-eeksamen ng DOH. Hindi ito katumbas ng 24,500 katao na naeksamen dahil bawat taong nagpositibo sa Covid-19 ay kailangang dumaan sa tatlong ulit na pag-eeksamen bago maideklarang magaling na. Sang-ayon sa DOH, sa Abril 14 pa sila nakatakdang magsagawa ng "massive testing" at ito ay para lamang sa mga PUIs at PUMs na may sintomas, *high risk patients* tulad ng manggagawang pangkalusugan, mga buntis, may *diabetis* at *cancer*.

Sa kabila na limitado lamang ang bilang ang naeeksamen sa bansa na nalantad sa impeksyon ng Covid-19, sumusunod sa Malaysia ang Pilipinas sa may pinakamaraming nahawahan at nagkasakit ng Covid-19 sa Southeat Asia at pumapangalawa sa Indonesia sa maraming namamatay. Ito ang tunay na mga datos na inililingid sa kaalaman ng publiko ng rehimeng Duterte.

Sadyang gagawin lahat ng mga gabinete ni Duterte ang pambabaluktot sa mga datos at impormasyon para lamang mawala ang atensyon ng publiko sa tunay na isyu ng kawalang kakayahan at kainutilan ng

pamahalaang Duterte sa paglaban at pagsugpo sa Covid-19. Pipilitin nilang pabanguhin si Duterte at palabasin siyang tagapaligtas ng bayan.

Nais pa nilang gawing bayani at palabasing mahusay na lider si Duterte sa kabila ng mga grabeng kapabayaan ng rehimen na matugunan ang kakulangan sa *medical supplies* ng mga pribado at pampublikong ospital, kakupusan sa mga *personal protective equipments* (PPEs) ng mga nasa *frontline*, malaking kakulangan sa *testing kits*, at *quarantine and sanitation facilities*. Ganundin sa mga naantalang pamamahagi nito ng mga *food packs*, perang subsidyo at marami pang ibang tulong na dapat agarang ipinagkakaloob ng gubyerno lalo na sa mga mahihirap at bulnerableng sektor ng lipunan.

At upang mapagtakpan ang mga kapalpakan at kakulangan ni Duterte, isinisi ngayon ng mga alipures at propagandista ng Malacañang sa mga *local government units* (LGUs) ang problema kung bakit mabagal at kulang pa sa kalahati ng mga nakalistang benepisaryo ang nabibigyan ng tulong ng pambansang gubyerno.

Paano nga naman aasahang magiging episyente ang paghahatid ng tulong at serbisyo sa nagugutom na mamamayan kung pinamamahalaan ito ng mga hinirang ni Duterte na mga retiradong heneral ng AFP at PNP na mas sinanay sa sining ng pagpatay at karahasan at hindi sa pagsagip at pagligtas ng buhay?

Huwag tayong palilinlang. Huwag tayong padadala sa paghuhugas kamay ni Duterte at sa pinatutupad na sistematiko at orkestradong paghahasik ng mga kasinungalingan ng kanyang mga gabinete,

propagandista, alipures at mga *trolls*. Si Rodrigo Roa Duterte at wala ng iba ang pangunahing may responsibilidad at pananagutan sa nangyayaring labis na kagutuman at kapighatian ng sambayanang Pilipino. Marapat lamang na patuloy tayong magpursige at walang lubay na isagawa ang iba't ibang anyo at paraan ng paglaban para patalsikin sa pwesto ang korap, kriminal inutil, pabaya at pasistang rehimeng US-Duterte.

## Tugon ng rehimeng Duterte sa COVID-19, bigo! Panahon nang isulong ang rebolusyonaryong programa sa kalusugan!

*Abril 14, 2021*

Bigo ang husga ng bayan sa tugon ng rehimeng Duterte sa COVID-19!

Ngayong Abril 13, 2021, umabot na sa 15,286 ang namatay, 884,783 ang naimpeksyon at wala pa sa 1% ng populasyon ang nabakunahan. Pangalawa ang Pilipinas, sunod sa Indonesia, sa may pinakamaraming kaso ng Covid-19 sa Timog-silangang Asya. Apaw na ang mga ospital at hindi na kayang i-akomoda ang dumaraming nagkakasakit sa Covid-19. Lupaypay na sa hirap ang mga manggagawang pangkalusugan sa dami ng mga nagkakasakit sa Covid-19. Paubos ang mga gamot at lumalaganap ang bago't mas mababagsik na *variant* ng *virus*. Pinakamalala ang disempleyo at kagutuman sa buong kasaysayan. Walang makapagsabi kung kailan maaampat ang mabilis na pagkalat ng nakahahawang sakit. Ang tiyak tayo ay patungo pa ito sa paglala hanggat hindi binabago ng rehimeng US-Duterte ang kanyang estratehiya sa paglaban sa Covid-19 bilang usapin ng *peace and order* sa halip na ituring ito bilang krisis sa pangkalusugan.

Ito ang sitwasyon sa kabila ng grabeng paghihirap at pagtitiis na pinagdaanan ng taumbayan. Buong taon silang nagdusa sa militarista at pinakamahabang *lockdown*, di-mahusay at *biased* na pagpapatupad

sa mga *health protocol*, barat na ayuda, pasistang *task force* laban sa pandemya at kawalang-katiyakan ng bakuna. Ang mga ito ang nagpaypay sa galit ng sambayanan at nagpatibay sa kanilang batayan para hingin na patalsikin ang mas mabagsik pa sa virus na rehimeng Duterte.

Unang araw pa lang ng pagpasok ng *virus*, bagsak na agad ang tugon ng rehimen. Sing-aga ng Disyembre, 2019, hinayaan ng rehimen na pumasok ang mga turistang Chinese at mga *operators* at manggagawa ng POGO mula Wuhan, China na di malayong nagdadala ng Covid-19 *virus*. Sa kabila ito na inalertuhan na ng China noong Disyembre 31 ang World Health Organization (WHO) ng pagsiklab ng mga kaso ng pulmonya sa Wuhan City, Hubei mula sa di malamang dahilan na tinawag na 2019-nCoV at pagkatapos pinangalanang Covid-19. Nagbingi-bingihan ang rehimen sa mga babala dahil nanghihinayang sa mawawalang kita ng turismo. Mabilis na kumalat ang *virus* nang walang sagka matapos ang unang naitalang kaso noong Enero 30, 2020 at unang lokal na pagkahawa noong Marso 7, 2020. Huli na ang pang-agap na pagdedeklara ng *state of national emergency* at pagpapatupad ng *lockdown* noong Marso 15, 2020—partikular ang pagpapailalim sa buong Luzon sa *enhanced community quarantine* (ECQ).

Nahuli na nga'y iniasa pa ng rehimen sa makitid at militaristang solusyon na *lockdown* ang pagsawata sa pandemya sa halip na magpatupad ng solusyon medikal batay sa syensya tulad ng mga ipinatupad sa karatig na mga bansa sa Timog-silangang Asya. Hindi ito nagsagawa ng *mass testing* at *contact tracing* na rekomendado ng WHO sa maagang yugto upang apulahin ang paglaganap ng *virus*.

Kaya pagsapit ng Agosto 2020, sumambulat ang biglang pagdami ng mga impeksyon tungong higit 100,000 kaso, isa sa pinakamataas sa Timog-silangang Asya. Dito sa TK, lumaki nang 18 beses ang mga kaso kumpara noong Abril 2020.

Gaya ng dati, minaliit ng rehimen ang panganib at ibinunton ang sisi sa mga Pilipinong "matitigas ang ulo." Pati mga manggagawang pangkalusugan na nasasagad na sa paglaban sa COVID-19 ay kinalaba't pinagbuntunan ng galit ni Duterte at hinamon pang "magrebolusyon." Sa kabilang banda, malambot ito sa kahilingang buksan na ang mga negosyo ng mga kapitalistang atat na atat nang kumita. Resulta nito ang pag-aatras-abante sa paghihigpit sa mga *health protocol* at lalong pagkalat ng impeksyon.

Magaling ang rehimen sa pagpabor sa mga kroni, pero pabaya sa mamamayan at ekonomyang apektado ng napakatagal na *lockdown* at paghihigpit sa mobilidad ng populasyon. Umabot sa 12.7% ang tantos ng disempleyo at 9% ang pagliit ng ekonomya ng bansa nitong 2020. Kakarampot ang P22.8 bilyong ayuda sa Bayanihan 2 para pagkasyahin sa tinatayang 7.6 milyong nagugutom na pamilyang Pilipino—papatak ito ng P3,000 lamang kada pamilya. Hindi pa ito aabot sa limang (5) araw na gastusin ng isang pamilyang may 5-6 miyembro. Mas masahol ang kalagayan ng mga magsasaka na halos hindi naambunan ng ayuda.

Sa pagtatapos ng 2020, kabi-kabila ang mga negosasyon sa ibang bansa at mga kumpanyang parmasyutikal para sa bakuna, lalo't walang panloob na kakayahan ang Pilipinas na magprodyus nito. Pulos paghahambog ang rehimen pero hanggang ngayon, wala pang

saradong kontrata ang GRP para sa suplay ng bakuna. Pangarap na gising ang *herd immunity* sa katapusan ng 2021.

Sinasalamin ng maliit na pondong inilaan ng GRP ang palyado nitong tugon sa pandemya. Hindi man lang nito kayang sagutin ang libreng *testing* at pagpapagamot ng mga pasyenteng may COVID-19. Sa pambansang badyet sa 2021, nasa P131.7 bilyon ang inilaan para sa pandemya—11% lamang ito ng pondo para sa imprastraktura. Kapos na kapos ito para pahusayin ang serbisyong pangkalusugan, pakainin ang mga nagugutom at pasiglahin ang ekonomya. Ito dapat ang mas pinaglaanan ng pondo kaysa ang modernisasyon ng AFP na nagwaldas ng pera ng bayan sa mga mapanirang *helicopter, attack planes,* barkong pandigma, kanyon at iba pa. Ganundin ang P19.1 bilyong inilaan sa NTF-ELCAC na ginagamit lamang sa pagtugis sa mga tinatakan at inaakusahan nitong mga "kaaway ng estado" at ang P16.4 bilyong mga pantapal na proyekto sa ilalim ng kontra-insureksyong Barangay Development Program (BDP).

Mauugat ang kabiguan ng rehimen sa maling perspektiba sa paglutas sa pandemya. Ginamit nito ang krisis na pagkakataon para sa ibayong panunupil at pagsasamantala. Sinamantala ang pandemya para isagasa ang mabagsik na Anti-Terror Law at pakawalan ang terorismo ng estado laban sa mamamayan sa ngalan ng bulag na "anti-komunismo at anti-terorismong" obsesyon ni Duterte. Sinagpang ng mga ultra-Kanan at pasistang elemento ang pangangailangan sa kwarantina para kontrolin ang populasyon at supilin ang mga pakikibakang masa. Isinangkalan din ang COVID-19 para iraos ang pangungutang—umabot sa P3 trilyon ang inutang sa 2020 na dadagdagan pa ng P3 trilyon sa 2021. Bunsod nito'y nakatakdang lumobo pa hanggang higit

P11 trilyon ang utang ng bansa bago matapos ang taon. Malaking porsyento nito'y pambayad utang at pampondo sa Build, Build, Build na daluyan ng burukratikong kurakot at kikbak para sa pangkating Duterte at mga kroni nito.

Ang kasalukuyang estado sa ilalim ni Duterte ay walang puwang para pangalagaan ang kalusugan ng mamamayan laluna ng masang anakpawis. Daigdig ang kaibahan nito sa rebolusyonaryong programa sa kalusugan ng NDFP na ipatutupad sa pambansang saklaw sa pamamagitan ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika ng mamamayan sa kanayunan na binhi ng itatatag na demokratikong gubyernong bayan (DGB) sa ganap na tagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan.

Sa 12-puntong programa ng NDFP, ginagarantiyahan bilang karapatan ang pangagalaga sa kalusugan. Titiyakin ang libre, abot-kaya at dekalidad na serbisyong pangkalusugan para sa lahat. Prayoridad sa pambansang badyet ang kalusugan kasama ng edukasyon, pabahay at iba pang serbisyong panlipunan.

Magkakaroon ng sapat na pasilidad kabilang ang mga lokal na klinika, ospital at mga gusaling pang-rehabilitasyon. Magsasanay ng mga manggagawang pangkalusugan hindi para i-*export* kundi para magsilbi sa publiko. Popondohan ang pananaliksik at pag-aangat ng teknolohiyang medikal kapwa sa tradisyunal at moderno. Magiging bahagi ng pambansang industriyalisasyon ang pagtatatag ng sariling industriyang parmasyutikal na tutugon sa pangangailangan ng bansa.

May espesyal na pagdidiin sa mga serbisyong kaugnay ng *preventive*

*healthcare* o pag-iwas sa sakit. Tututukan ang nutrisyon, pagpaplano ng pamilya, kaligtasan sa mga pook trabaho, pangangalaga sa kababaihan at mga bata, at sanitasyon. Sa gayon, tataas ang resistensya ng populasyon laban sa mga nakakahawang sakit at maiiwasan ang mga epidemya.

Malaki ang magiging papel ng mamamayan sa pagkakamit ng mahusay na sistemang pangkalusugan sa ilalim ng DGB. Sa ngayon, ipinatutupad na ang ilang bahagi nito sa mga base ng Pulang kapangyarihan habang isinusulong ang digmang bayan. Ipinatutupad ang mga kampanyang edukasyon at sanitasyon, pagpapaunlad ng mga lokal na manggagawang pangkalusugan at paghahatid ng serbisyong medikal sa pinakamaralita.

Ang rebolusyonaryong programa sa kalusugan ng NDFP ang karapat-dapat sa mamamayang Pilipino, hindi ang bulok na sistema sa ilalim ng rehimeng Duterte at malakolonyal at malapyudal na sistema sa Pilipinas. Ito ang may kapasidad na labanan ang pandemyang COVID-19 at iba pang bantang sakit dahil nakabatay ito sa pambansa, siyentipiko at makamasang oryentasyon. Paglilingkuran nito ang nakararami, hindi ang makitid na interes ng iilan. Pauunlarin ang syensya at medisina para pakinabangang ng mamamayan at hindi ng kapitalistang tubò ng mga dambuhalang kumpanyang parmasyutikal. Patunay nito ang Cuba na bagamat isang maliit na bansa ay nangunguna sa buong mundo sa usaping medikal. Nagawa nitong sansalain ang pagkalat ng COVID-19 at ngayo'y lumilikha ng sariling bakuna.

Sa isang taong pakikitungo sa pandemya, nalantad ang kalunus-lunos na kalagayan ng pampublikong kalusugan sa ilalim ng malakolonyal at malapyudal na sistema na pinasahol ng bulok at pasistang rehimeng

Duterte. Hindi dito natatapos ang pagharap ng bayan sa COVID-19. Marapat na singilin ang rehimen sa kriminal nitong kapabayaan habang iginigiit ang karapatan ng mamamayan at mga wastong hakbangin sa pagkontrol ng virus. Kailangang tanawin ang buumbuong pagbabago sa sistemang pangkalusugan ng bansa kasabay ng masikhay na pakikibaka upang itayo ang bagong demokratikong estado ng mamamayan. T

## Hinggil sa panawagan ng pagbibitiw ni Sec. Duque ng DOH at pagbabanta ni Duterte na ipapataw ang ala “martial law” na hakbangin sa pagpapatupad ng ECQ o *lockdown* sa Luzon

*Abril 16, 2020*

Sina Duterte, Lorenzana, Año at Galvez ang dapat pangunahing papanagutin ng bayan dahil sa kanilang kalupitan at sa maling pagpapatakbo sa paglaban at pagsugpo sa Covid-19.

Dapat ding batikusin at labanan ang pagbabanta ni Duterte na ipatutupad ang ala “martilal law” na mga hakbang para sa pwersahang pasunurin ang taumbayan sa pinaiiral na *enhanced community quarantine* (ECQ) o *lockdown* sa Luzon.

Maling ibunton lamang ng mga Senador, na kabilang sa mayorya ng Senado, ang lahat ng sisi kay Secretary Francisco Duque ng Department of Health (DOH) sa mga kapalpakan at nakadidismayang paggampan ng gubyernong Duterte sa pagharap at paglaban sa Covid-19. Ang buong gubyernong Duterte kabilang sina Duque (DOH), Lorenzana (DND), Año (DILG), Gen. (ret) Carlito Galvez, Jr (chief implementor ng National Action Plan) at ang buong IATF ay pare-parehong may mabigat na pananagutan at kasalanan sa bayan sa maraming maling pamamalakad sa pagharap sa banta ng Covid-19. Nasa tuktok ng kriminal na kapabayaang ito si Duterte mismo. Silang lahat ang dapat pangunahing pinagbibitiw at pinatatalsik dahil sa usad-kuhol, kapos

at nakapanlulumong resulta ng gubyernong Duterte sa pagharap sa *pandemic*.

Hindi rin dapat maghugas ng kamay ang mga mambabatas sa kanilang pananagutan sa bayan dahil sila mismo ang nagbigay ng malawak na kapangyarihan kay Duterte sa ilalim ng inaprubahan nilang batas na RA11469 o ang Bayanihan to Heal as One (BAHO). May panahon na naghinihintay sa kanila kung kailan sila sisingilin ng taumbayan sa kanilang mga naging bahagi sa pagpapahirap sa sambayanang Pilipino.

Wala din sa lugar para pagsabihan ni Secretary Karlo Alexie Nograles, tagapagsalita ng Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Disease (IATF), ang media at taumbayan na hindi pagalingan ang pagharap at paglaban sa Covid-19. Dapat sina Duterte, Lorenzana, Año, Galvez, Panelo, Dominguez at Duque ang kanyang pagsabihan dahil sila ang mga nagyayabang na ang Pilipinas ang unang nagpatupad ng *travel ban* mula sa mainland China, unang bansang nagpatupad ng *lockdown* at bansang may pinakamaliit na bilang na may Covid-19.

Ipinamumukha lamang sa kanila ng taumbayan ang ginagawang manipulasyon sa datos ni Duterte at ng kanyang mga alipures para linlangin ang bayan at ibangon ang kanilang lugsong imahen. Dapat ding batikusin ng taumbayan ang sagad-sa-butong oportunistang si Harry Roque, ang nagbabalik na dating tagapagsalita ni Duterte, na isisi sa "katigasan ng ulo" ng taumbayan ang pagdami at pagkalat ng Covid-19 sa bansa. Wala nang kredibilidad pang natitira si Roque para paniwalaan ng mamamayang Pilipino. Ang dating tagapagtanggol

"kuno" ng karapatang pantao ay malinaw na ngayong tagapagtanggol ni Duterte, ang numerong unong lumalabag sa karapatang pantao sa bansa.

Ang ginagawang pagdidiin kay Secretary Duque ng ilang Senador ay isang paraan para mailihis ang usapin at mailayo sa pananagutan si Duterte at ang kanyang sibilyan-militar na *junta* at mga galamay sa mga kapalpakan ng gubyerno sa pagsugpo sa Covid-19. Kanilang pinalalabas na si Secretary Duque ang tanging may kasalanan kung bakit ganito na kalala ang inabot na problema ng bayan dahil sa maling pagtangan sa paglaban sa Covid-19. Pero, kung tutuusin, sinusunod lamang ni Duque at ng DOH ang anumang sabihin ni Duterte at ng tatlong bugok na sina Lorenzana, Año at Galvez sa mga gagawin sa paglaban sa Covid-19.

Sina Lorenzana, Año at Galvez ang tinalaga ni Duterte na magpapatupad ng National Action Plan on Covid-19 (NAP Covid-19) kaya napakalaki ng kanilang ginagampanang papel sa diskarte at implementasyon ng mga mapagkakaisahang patakaran ng IATF.

Ilan sa halimbawa nito ay ang pagtatakda sa Office of the Civil Defense (OCD), na nasa pangangasiwa ng Department of National Defense (DND), bilang sentrong bagsakan at pangunahing mangangasiwa sa lahat ng mga *medical supplies* na binibili ng gubyerno at mga donasyon na pinagkakaloob ng mga indibidwal at pribadong organisasyon at institusyon.

Itinalaga din ang AFP at PNP upang pangasiwaan ang mga bagong tinakdang *quarantine facilities* na pagdadalhan ng mga suspetsado (*suspect*) at posibleng (*probable*) may Covid-19.

Ang pinakamasahol, pinagpasyahan ng NAP Covid-19 na katulungin ang mga *intelligence unit* ng AFP at PNP sa pagsasagawa ng *contact tracing* sa mga posibleng nahawahan ng *virus* matapos ang gagawing "mass testing" sa ilang piling lugar. Hindi na lang ito nakatuon sa paglaban sa Covid-19, bahagi na ito ng kontra-rebolusyonaryong hakbang ng pasistang rehimen sa pagtukoy at pagdakip sa mga pinagsusupetsahan nilang mga kasapi at tagasuporta ng CPP-NPA-NDFP, pagtugis sa mga diumano'y kaaway ng estado, red-tagging at red-baiting sa mga kasapi ng mga progresibong organisasyon.

Dapat singilin at papanagutin ng taumbayan ang *de facto civilian-military junta* na pinamumunuan ni Duterte kung bakit umabot sa ganitong kalubhaan ang paghihirap at kagutuman ng sambayanang Pilipino. Patuloy na ipinapataw ng pasistang rehimeng US-Duterte ang kamay-na-bakal na mga hakbangin kaysa ang mga solusyong medikal sa pagsugpo sa Covid-19. Patuloy niyang binabalewala ang paggigiit at pagsusumamo ng mga eksperto sa kalusugan at mga manggagawang pangkalusugan na malawakang ipatupad ang pag-eeksamen sa Covid-19 lalo na sa mga lugar na bulnerable sa malawakan at maramihang pagkakahawahan.

Dapat kundenahin si Martin Diño, DILG Assistant Secretary, sa kanyang deklarasyon na sa panahon ng *national emergency situation* ay suspendido ang mga karapatan ng mamamayan. Subalit hindi pa nasasapatan si Duterte, palibhasa'y isa ring diktador tulad ni Marcos, nagbabanta pa siyang ipatutupad ang ala "martial law" na mga hakbang upang kuno'y madisiplina, bigyan ng leksyon at istriktong sumunod ang taumbayan sa patakarang *lockdown* sa buong Luzon.

Nanawagan ang National Democratic Front-Southern Tagalog (NDF-ST) sa mga mamamayan ng rehiyon na sama-sama nating kondenahin at labanan ang mga pagbabantang ito ni Duterte. Hindi pananakot, karahasan at militarisasyon ang nararapat na tugon sa bayang nangangailangan nang agaran at sapat na tulong mula sa gubyerno. Lalo lamang palalalain ni Duterte ang kahirapan at kagutuman sa ating bayan. Kahit sa panahon ng pangkagipitan, umiiral pa rin ang mga batayang karapatan ng mamamayan na kailangang kilalanin at igalang ng pamahalaan. Kailangang patuloy itong igiit at puspusang ipaglaban ng sambayanang Pilipino.

Ngayon lalo kailangan ang mahigpit na pagkakaisa ng sambayanang Pilipino. Kailangang gumawa tayo ng iba't ibang anyo ng paglaban para mapatalsik sa pwesto si Duterte at mawakasan ang kanyang pasistang paghahari. Si Duterte ang pinakamalaking trahedyang nangyari sa Pilipinas. Hanggang nasa tuktok ng kapangyarihan si Duterte patuloy na makakaranas ng ibayong kalupitan at kagutuman ang sambayanang Pilipino lalo na ngayong panahon na nahaharap ang sambayanan sa panganib na dulot ng nakakamamatay na Covid-19.

Samantala, patuloy na lalabanan ng rebolusyonaryong kilusan ang anumang ipatutupad na pasismo ng estado laban sa mga nagugutom at hirap na hirap na mamamayan ng rehiyon. Hindi pahihintulutan ng rebolusyonaryong kilusan na makapanaig ang karahasan at kalupitan ng estado laban sa mamamayan nito. Gagawa at gagawa ito ng mga angkop at nararapat na hakbangin para ipagtanggol at bigyang proteksyon ang mga demokratikong karapatan, buhay at ari-arian ng mamamayan ng rehiyon. Sa tamang panahon, sisingilin at pananagutin ng rebolusyonaryong kilusan ang sinumang mga indibidwal sa hanay

ng AFP at PNP na gagawa ng mga paglabag sa karapatang pantao at krimen sa mamamayan kaugnay sa pinatutupad na kamay-na-bakal na *lockdown* sa Luzon ng pasistang rehimeng US-Duterte.

## Kundenahin ang inutil at militaristang paraan ng paglaban sa Covid-19 ng pasistang rehimeng US-Duterte! Ipatupad ang mga panukalang solusyong medikal ng grupo ng mga manggagawang pagkalusugan at dalubhasa sa medisina sa bansa!

*Agosto 3, 2020*

Malubhang pananagutan ng rehimeng Duterte ang pagbulwak ng kaso ng mga nahahawa ng Covid-19 sa antas ng halos imposible nang makontrol. Bunga ito ng palyado, inutil at iresponsableng pagtugon ng gubyernong Duterte sapul sa paglitaw ng unang kaso ng impeksyon noong Marso kung saan nasa antas pa lamang na madaling kontrolin ang pagkalat ng impeksyon.

Kung matatandaan, minaliit lamang ni Duterte ang paglitaw ng unang kaso ng *local* Covid-19 *transmission* sa bansa. Patuloy nitong pinahintulutan ang pagpasok ng may 500,000 mga turistang Tsino mula Wuhan—ang *epicenter* ng Covid-19 sa China at mundo gayundin ang operasyon ng mga POGO na pinatatakbo ng mga kapitalistang Tsino. Walang ginawang seryosong plano ito para ilatag ang mga kinakailangang pasilidad at imprastrukturang medikal para labanan ang pandemya. Sa halip, ipinatupad nito ang marahas na militaristang *lockdown* sa buong Luzon na naging labis na pahirap sa mamamayan, pagkatigil ng komersyo at *supply chain* ng mga pangunahing pangangailangan, maramihang pagtiklop ng mga negosyo at pagkawala ng hanapbuhay ng milyon-milyong manggagawa.

Sa halip na ituring ang pandemya na isang problema at banta sa pampublikong kalusugan, itinuring ito ng rehimen bilang isang problema at banta sa *peace and order*. Ipinagkatiwala sa mga ignorante at mangmang na mga retiradong upisyal-militar ang pagpapatakbo ng kampanya laban sa Covid-19. Kapag ipinaubaya ang pagharap sa pandemya sa isang grupo na ang maipagmamalaking kwalipikasyon ay umutas sa halip na magligtas ng buhay, isang malaking kalamidad ang iluluwal—isang pambansang sakuna sa pinakamasahol na antas! Ito ang akmang pagsasalarawan kung papaano hinarap ng pasistang rehimeng Duterte ang pandemyang Covid-19—isang kalamidad at kalbaryo sa sambayanang Pilipino!

Kamakailan, nalantad na naman ang kamangmangan ni Duterte sa pagmamaliit, pagiging pikon, barumbado at butangerong pagbabanta sa 80 grupo ng mga manggagawang pangkalusugan sa bansa na naglabas ng lehtimong mga hinaing ng sektor sa hinaharap nilang kahirapan sa paglaban sa pandemya. Walang silang ibang tanging hangad kundi ang maiparating sa gubyerno ang paghingi nila ng saklolo dahil sila'y nasasagad na sa hirap at pagod sa dami ng kanilang inaasikasong mga pasyente hindi lang dahil sa sakit na Covid-19 kundi sa iba pang may mga malalalang sakit na naka-*confine* sa mga ospital.

Ayaw nilang umabot sa punto na mamimili na lang sila kung sino ang mabubuhay at kung sino ang mamamatay dahil sa maramihang pagdagsa ng mga pasyenteng nagkakasakit ng Covid-19 sa kani-kanilang pinagsisilbihang mga ospital. Nais lamang nilang maiparating sa gubyerno na mabigyan sila ng konting pahinga sa loob ng 2 linggo at kaalinsabay ipanawagan sa gubyerno na muling repasuhin, isaayos at gawing depenido ang mga plano't hakbangin nito sa pagharap

at paglaban sa Covid-19. Sa pananaw ng mga manggagawang pangkalusugan at mga dalubhasa ang kasalukuyang mga plano't hakbanging pinatutupad ng gubyernong Duterte sa loob ng mahigit na 4 na buwan ay pawang mga mali at siyang dahilan kung bakit "natatalo tayo sa laban" sa Covid-19.

Ang kanilang panukala na isailalim sa 2 linggong *enhanced community quarantine* o ECQ (na ang tamang termino ayon sa ibang mga progresibong grupong medikal ay *medical quarantine* na nakabatay sa syentipiko at pro-people na anyo ng kwarantina at malayong kabaligtaran sa pinatutupad na militaristang kamay na bakal na ECQ ni Duterte) ang kalakhang Maynila at mga kagyat na karatig probinsya upang matugunan at maisaayos ng gubyernong Duterte ang mga kabiguan nito sa mga sumusunod:

a. Kabiguang matugunan ang lumalaking kakulangan ng mga manggagawang pangkalusugan kapwa sa mga pampubliko at pribadong ospital dulot ng maramihang pagkakakasakit at pagbibitiw dala ng kakulangan sa proteksyon, takot, kakulangan sa sahod at *hazards pay* at iba pang suportang serbisyo tulad ng transportasyon at akomodasyon;

b. Kabiguan ng gubyernong Duterte sa paghahanap sa mga taong nagkaroon ng Covid-19 at ang kaakibat na pagpapadala sa kanila sa mga *quarantine areas*;

k. Kabiguan sa pagsunson (*contact tracing*) sa mga posibleng nahawaan ng sakit na Covid-19 at pagkakwarantina sa mga ito;

d. Kawalan at kakulangan ng mga *safety measures* sa transportasyon at pook hanapbuhay;

e. Kakulangan sa pampublikong pagtupad sa mga pansariling proteksyon.

g. Kakapusan at kakulangan ng ayuda sa mga bulnerableng sektor ng lipunan

h. Kabiguan ng gubyernong magpatupad ng *mass testing* sa mga bulnerableng sektor.

Imbes na pakinggan ang mga lehitimong karaingan at malalim na pag-aralan ang mga mungkahi ng mga nasa frontliners, partikular ng mga manggagawang pangkalusugan, iba ang naging dating nito sa pikon, barumbado at siga-sigang si Rodrigo Roa Duterte. Malisyosong inakusahan pa ni Duterte ang mga manggagawang pangkalusugan bilang kaaway ng gubyerno at ituring ang kanilang mga lehitimong kahilingan at panukala bilang panawagan sa pagrerebolusyon. Sadyang karaniwan ang ganitong reaksyon ng isang mangmang na nagdudunong-dunungan!

Sa halip na pakinggan, pinaparatangan pa niya ang mga manggagawang pangkalusugan na nananawagan ng rebolusyon dahil sa inilabas nila ang kanilang pagtingin sa publiko na natatalo ang bansa sa paglaban nito sa Covid-19. Ang nagpaparating ng wasto at magagandang panukala sa pagharap sa Covid-19 ay kanya pang sinisiraan at hinahamon na mag-aklas para magkaroon siya ng katwiran at dahilan para sugpuin ang mga ito.

Ngunit ang katotohanan, nais lang ni Duterte ilihis ang isyu at pagtakpan ang kapalpakan at kabiguan ng kanyang gubyerno na mapigilan ang mabilis na pagkalat sa bansa ng nakamamatay na Covid-19. Pero anuman ang gawin niya hindi kayang pasubalian ang mga datos na sa loob ng mahigit na 4 na buwan na sumasailalim ang bansa sa iba't ibang antas ng lockdown (ECQ, MECQ, GCQ, at MGCQ), patuloy ang pagsirit ng bilang ng mga nagkakasakit sa Covid-19 sa bansa na ayon sa mga dalubhasa at mga mananaliksik sa Unibersidad ng Pilipinas (UP) ay maaaring umabot sa 150,000 ang tatamaan ng Covid-19 sa bansa sa katapusan ng Agosto, 2020. Isang indikasyon na tama ang mga sinabi ng mga manggagawang pangkalusugan, mga dalubhasa sa epidemya at mga nakahahawang sakit na bigo ang gubyernong Duterte sa paglaban at pagsansala sa Covid-19. Sa mahigit na 4 na buwan, hindi nagawang palakasin ng gubyernong Duterte ang mahinang sistemang pangkalusugan sa bansa.

Suportahan natin ang panawagan ng iba't ibang grupong pangkalusugan sa bansa para sa drastikong pagbabago sa pinatutupad na paraan at hakbangin ng gubyerno sa pagharap at paglaban sa Covid-19 na napatunayang mali at hindi epektibo sa loob ng mahigit na 4 na buwan. Para sa kanila, hindi sana umabot sa ganitong katindi ang epekto ng Covid-19 sa kalusugan at ekonomiya ng bansa kung sa simula pa lamang ay nakinig na ang gubyernong Duterte sa kanilang mga suhestyon kung paano mabisang lalabanan sa paraang siyentipiko at medikal ang Covid-19. Ang problema ay hindi sila pinakinggan ni Duterte bagkus ang kanyang mga pinakikinggan ay kung ano ang sinasabi sa kanya ng mga pulitiko at militar na nasa kanyang gabinete at ng mga bumubuo sa Inter-Agency Task Force on Emerging

Infectious Diseases (IATF-EID). Ang Department of Health (DOH) na dapat sanang pangunahing nagtutulak ng kanilang mga panukala sa paglaban sa Covid-19 sa IATF-EID ay iba ang pinagkakaabalahan at pinakikinggan. Abala ito sa pagmamanipula ng mga datos para palitawin na nagtatagumpay ang gubyernong Duterte sa pagharap at paglaban sa Covid-19. Sa loob ng mahigit na 4 na buwan, ang DOH ay naging sunud-sunuran na lang sa Malacañang at sa IATF sa kung ano ang mga gagawin sa paglaban sa Covid-19. At kahit lantaran na ang naging kapalpakan ng Kalihim ng DOH na si Dr. Francisco Duque ay patuloy pa rin ang pagtatanggol sa kanya ni Duterte.

Kailangang mahigpit na suportahan ng sambayanang Pilipino ang panawagan ng mga manggagawang pangkalusugan sa pagbabasura sa estratehiya ng gubyerno sa pagturing sa Covid-19 bilang usapin sa *peace and order* imbes na usaping pangkalusugan. Mariing igiit na ang pagpapatupad ng *2-week* ECQ ay dapat sa balangkas ng *medical quarantine* na nakabatay sa syentipiko at pro-people na pamamaraan at hindi sa konsepto na kamay-na-bakal na lockdown na pinatutupad ni Duterte.

Ang pagharap at paglaban sa sakit na Covid-19 ay nasa kaharian ng mga manggagawang pangkalusugan at mga dalubhasa sa medisina. Dapat ang manguna at nasa tuktok ng paglaban at pagharap sa Covid-19 ay mga manggagawang pangkalusugan, mga dalubhasa sa medisina, epidemya at nakahahawang sakit. Sila ang higit na nasa pusisyon at may otoridad sa pagharap sa mga sakit at epidemya tulad ng Covid-19. Tanggalin sa sentro ng paglaban ng gubyerno sa Covid-19 ang mga pulpol na pulitiko at mga utak-pulburang mga retiradong

Heneral na sina Lorenzana, Año, Galvez, Cimatu, Bautista at iba pang dating militar.

Hindi pa man nagkakaroon ng bakuna laban sa Covid-19, inanunsyo na kaagad ni Duterte na sa AFP at PNP niya ipapangasiwa ang maramihang pagbabakuna sa 20 milyong mahihirap na Pilipino at mga myembro ng AFP at PNP bilang prayoridad.

Kailangang tutulan at labanan ng sambayanang Pilipino ang malalang obsesyon ni Duterte na higit na pagkatiwalaan ang kanyang pasistang armadong pwersa kaysa ang mga *medical practioners* sa pagsasagawa ng mga pagbabakuna. Nagbanta pa siyang imomobilisa ang mga military reservist kapalit ng mga mawawalang manggagawang pangkalusugan. Gagamitin lamang ni Duterte ang paghawak at pagkontrol sa matutuklasang bakuna para gipitin at paluhurin ang mga bumabatikos sa kanya lalong lalo na ang mga progresibong grupo't indibidwal at mga nasa kilusang pambansa demokratiko.

Malaking panggogoyo at malinaw na pambibitag din ang alok niyang "pagbabakuna" sa NPA basta hindi nito aatakehin ang AFP. Wala nang maniniwalang mamamayan sa buhong, hambog at maysakit sa utak na si Duterte. May sariling kakayahan at pamamaaan ang rebolusyonaryong kilusan na makapagpalitaw ng bakuna sakaling maging *available* na ito sa bansa at daigidig. T

## Igiit ang ligtas na bakuna sa COVID-19 para sa lahat!

*Enero 15, 2021*

Ngayong 2021, malaking hamon para sa buong bayan ang paggigiit para sa ligtas, libre at malawakang pagpapabakuna para sa lahat. Hinihingi ng kalagayan ang puspusang pakikibaka ng sambayanan para tiyakin na magkaroon ang lahat ng bakuna, laluna't walang matinong programa ang reaksyunaryong gubyerno sa pagpapabakuna sa mahihirap. Sa takbo ng paghahanda ng rehimen, pihadong mauuwi sa pagiging negosyo ng mga kaibigan at kroni ni Duterte ang bakuna sa Covid-19 habang pinagkakaitan ang masang anakpawis ng kinakailangang proteksyon sa nakamamatay na *virus*.

Tulad ng palyado nitong tugon sa pandemya, magulo, anti-mahirap at hindi siyentipiko ang plano sa bakuna ng rehimeng Duterte. Walang nakalatag na kongkretong plano sa malawakang pagpapabakuna at maliit ang pondong bayan na inilaan para rito. Hindi pa rin tiyak kung saan hahagilapin ang pondo para sa bakuna dahil nauna nang inilaan ang bulto ng pondo sa 2021 sa mga proyektong imprastraktura depensa at kontra-insurhensya. Nilaanan pa ni Duterte ng P19.1 Bilyong pondo ang anti-mamamayang National Task Force to End Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) kaysa ang dagdagan ang maliit na pondong nakalaan sa pagbili ng bakuna laban sa Covid-19.

Palaisipan kung anong nangyari sa 10 milyong dosis ng bakuna mula sa Pfizer Biontech na inaasahan sa unang kwarto ng taon. Kaduda-duda rin ang pagpabor ng rehimen sa mga bakuna galing China sa kabila ng mababang epektibidad at kumpyansa rito ng mga siyentipiko at duktor habang labis na mataas ang presyo. Mas pinili nila ang limpak-limpak na tubong kikitain kaysa ang mataas ang kalidad at epektibidad (*efficacy*) ng bakuna. Ang pagbibigay pabor ng gubyernong Duterte sa mga bakunang gawa sa China na mababa ang kalidad at epektibidad at mas mahal ay bahagi ng mga kwesyunableng kasunduan na pinasok ng gubyernong Duterte sa mga pribadong kumpanyang parmaceutical ng China sa ngalan ng tubo. Samantala, ang mga bakunang gawa sa Europa at Estados Unidos na mas mura, makalidad at mataas ang epektibidad ay mas inaasa ni Duterte ang pamimili sa mga pribadong sektor. Tiyak na tatabo ng milyon-milyong komisyon ang pangkating Duterte at mga kroni sa bawat maisasarang kontrata sa pagbili ng mas mahal na uri subalit mababang klase ng bakuna mula China.

Wala pa mang opisyal na bakuna ay batbat na ng kontrobersiya ang programa sa bakuna ng rehimen. Sunud-sunod ang rebelasyon kung sinu-sinong mga personahe at grupo ang nauna nang nagpabakuna kahit na wala pang inaaprubahang bakuna ang Food and Drug Administration (FDA). Grabeng galit ang inani ng rehimen mula sa taumbayan dahil sa mas nauna pa nitong pabakunahan ang Presidential Security Group (PSG) noong Setyembre at Oktubre kaysa ang mga doktor, *nurses* at iba pang manggagawang pangkalusugan na nasa unahan ng laban sa pagsansala sa paglaganap ng *virus* at higit na nangangailangan ng proteksyon.

Dahil sa wala pang inaaprubahang bakuna ang FDA, ang bakunang gawa ng kumpanyang Sinovac Biotech mula sa bansang China na pinanturok sa mga kagawad ng PSG, ilang gabinete at opisyal ng gubyerno ay maituturing na iligal na droga at resulta ng talamak na ismagling sa bansa. Dapat kondenahin ng taumbayan ang ginawang paglabag ng gubyernong Duterte sa mga batas laban sa ismagling at paglaganap ng mga iligal droga sa bansa.

Malaking eskandalo na nabakunahan na ang 100,000 manggagawang Chinese na nagtatrabaho sa mga POGO sa bansa sa kabila nang kawalan ng malawakang pagbabakuna sa mga Pilipino. Bago ito, umugong na ang pagpapabakuna ng mga pulitikong malapit kay Duterte at mga tuta ng US at China. Naglipana rin ang mga kaso ng iligal na pagbakuna lalo na sa hanay ng mga Filipino Chinese sa Binondo, Manila.

Hindi kayang magmalinis ng rehimen laluna nina Vaccine Czar Carlito Galvez, DOH Sec. Duque at mga opisyal ng FDA sa mga kabulastugan sa maagang pagpapabakuna. Makupad ang DOH at FDA sa pagsasaayos ng *screening* at *approval* ng mga bakuna na papasok sa bansa, pero mabilis sa pagtatakip at pagpapalusot kay Duterte at sa mga opisyal na lumalabag sa proseso ng *procurement* at paggamit ng bakuna. Lalong nagagalit ang taumbayan sa maniobra nilang iligtas si Duterte at palabasing seryosong mag-iimbestiga ang NBI hinggil sa bakuna ng mga taga-PSG.

Samantala, inutil ang Senado sa pag-uutos na imbestigahan ang ginawang pagbakuna sa mga myembro ng PSG sa harap ng pag-utos ni Duterte na huwag pumunta at magsalita sa ipapatawag ng Senado

ng imbestigasyon. Sampal ito sa prinsipyo ng *separation of power* ng reaksyunaryong Konstitusyon at pagpapamukha sa Senado na nasa itaas ng reaksyunaryong batas si Duterte. Pero anuman ang gawin ng mga tagapagtakip kay Duterte, hindi na nila mababawi ang pag-amin ni Duterte sa publiko tungkol sa pagpapauna sa sarili niyang mga gwardya at mismong pagsalaula sa burges na *rule of law.*

Karapat-dapat na kundenahin ang rehimen sa mga pangyayaring ito. Pabaya ito sa pagsasaayos ng bakuna ng mamamayan. Tiyak ding malaki ang kinalaman ng mga alipures ni Duterte sa paglulusot ng mga 'di pa aprubadong bakuna at paggamit ng mga ito. Walang konsensya ang mga kroni at kaibigan ng rehimen sa pananamantala sa desperasyon ng mga tao para sa gamot para kumita nang malaki at magkaroon ng kapangyarihan.

Sa harap nito, higit kailangang igiit ang pagsasaayos ng programa sa bakuna para pagsilbihin sa kapakanan ng mamamayan. Sinusuportahan ng NDF-ST ang panawagang imbestigahan ang mga insidente ng maagang pagpapabakuna ng PSG at iba pang kaugnay na pangyayari. Kailangang papanagutin ang mga tiwaling opisyal at singilin sa kanilang kapabayaan sa pagtugon sa pandemya.

Marapat ring igiit na maging *transparent* ang gubyerno sa pagpoproseso ng mga bakuna. Buhay at kalusugan ng mamamayan ang nakataya kaya dapat seguruhin ang pagiging ligtas ng mga gamot. Kasabay nito, kailangan ang matiyagang pagtuturo sa mamamayan hinggil sa kahalagahan ng pagpapabakuna. Malaki pa ang pangamba ng masa sa bakuna dahil hindi pa napapawi ang takot na nilikha ng pagkamatay ng mga batang binakunahan ng Dengvaxia. Mahalagang

tiyakin na ligtas ang bakuna habang inieduka ang mamamayan na esensyal ang maramihang pagbakuna upang magkaroon ng *herd immunity*.

Makakamit ang mga ito sa pagtutulungan ng mamamayan at tuluy-tuloy na puspusang pakikibakang bayan para sa karapatan at kagalingan ng lahat. Buklurin natin ang malawak na hanay ng sambayanan sa pagseseguro ng bakuna para sa lahat, mula sa mga maralitang inabandona sa gitna ng pandemya hanggang sa mga panggitnang pwersang suklam na suklam na sa kapabayaan at kurapsyon ng rehimen. Ang ating kolektibong pagkilos ang magsasalba sa bayan mula sa panganib na dala ng COVID-19 at sa pagdurusang dulot ng inutil, tiwali at pasistang rehimeng Duterte. **T**

# 3

# EKONOMYA

## Utos ni Duterte na pagsuspinde sa importasyon ng bigas — isang panggogoyo at pakitang-tao upang pakalmahin ang galit ng mga magsasaka at taumbayan sa Rice Tariffication Law (RTL) at iba pang anti-magsasaka at anti-mamayang patakaran ng pasistang rehimen

*Nobyembre 20, 2019*

Inutil at walang bisa ang kautusan ni Duterte sa Department of Agriculture na pansamantalang isuspinde ang pag-aangkat ng bigas ng bansa. Huli na ang kautusan at isa lamang itong panibagong panggogoyo ni Duterte na mag-astang nakikinig at agarang umaaksyon sa hinaing ng mamamayan, sa patikular na kaso, ng mga magsasakang tuwirang naapektuhan ng RTL.

Nagawa nang makapag-ipon ng malaking bolyum ng imported na bigas ang mga malalaking *trader* at negosyante na siyang pangunahing nakinabang simula ng maisabatas ang RA 11203 o Rice Tarification

Law nuong Pebrero 2019. Higit sa doble ng pangangailangan ng bansa sa bigas ang nagawa nang mai-angkat ng mga malalaking negosyante at trader sa bigas ngayong taong 2019. Ayon sa inilabas na datos ng Department of Agriculture ng bansang Estados Unidos, aabot sa 3 milyong metriko tonelada ang kabuuang i-aangkat na bigas ng bansa sa pagtatapos ng 2019. Mas malaki ito sa 2.5 milyong tonelada na inaangkat na bigas ng China sa kaparehong panahon na may mahigit sa 1 bilyong populasyon kumpara sa 110 milyong populasyon ng Pilipinas.

Wala pa sa kwenta ang mga pumasok na imported na bigas sa pamamagitan ng talamak na ismagling sa bansa kung saan imbwelto ang mga kapamilya at kaalyado ni Duterte.

Lalong nabaon sa utang ang mga magsasaka sa palayan bunga ng patuloy na tumataas na halaga ng kanilang gastos sa produksyon at sa pagkalugi naman sa bentahan ng kanilang inaning palay dahil sa napakababang halaga nito sa farmgate na ang abereyds ay nasa P10-P12 kada kilo. Sa ilang bayan sa Tarlac at Nueva Ecija umabot pa ito sa pinakamasahol na halaga na P7 kada kilo ng palay. Samantala, sa Mindoro Occidental, sinasamantala ng mga buwayang komersyante-usurero ang pagtama ng bagyong Kiel upang ibagsak ang presyo ng palay sa P4 kada kilo. Ayon naman sa pag-aaral ng Philippine Institute for Development Studies na inilabas ng Business Mirror, umabot na sa 61.77B pesos ang nalugi sa mga magsasaka sa palayan sa buong bansa dahil sa pagbulusok ng presyo ng palay dulot ng RTL.

Hindi kayang tumbasan ng pakitang-taong paghingi ng paumanhin ni Duterte sa delubyong tumama sa mga magsasaka dahil malaon na

nilang sinabi sa gubyerno ang kanilang mariing pagtutol sa RTL bilang anti-magsasaka at anti-mamamayang batas.

Samantala, napakaliit ang pondo na inilalaan ng gubyerno sa pagbili ng palay mula sa mga magsasaka. Wala pang 10% ng total na produksyon ng palay sa bansa ang nabibili ng NFA sa halagang P17 kada kilo. Mga malalaking trader at negosyante pa rin ang may monopolyo sa pagbili ng malaking bolyum ng palay sa mga magsasaka alinsunod sa kung ano ang kanilang tinatakdang presyo ng palay sa *farmgate*. Sa katunayan, nagamit pa ng mga malalaking trader at negosyante ang RTL para lalo pang baratin ang presyo ng palay na kanilang nabibili sa mga magsasaka.

Wala ding saysay ang pag-uutos ni Duterte sa kongreso na hanapan ng paraan na makalikom ng pondo ang gubyerno upang ipambili ng palay ng mga magsasaka. Tulad ng iba pang mga patakaran ng reaksyunaryong gubyerno, ang ganitong hakbang ay mga panakip-butas lamang at hindi tunay na lumulutas sa problema ng mga magsasaka sa kawalan at kakulangan ng lupang masasaka, sa patuloy na pag-iral at pagtindi ng iba't ibang uri ng pyudal at malapyudal na pagsasamantala na lalong pinasahol ng matinding mga operasyong militar ng AFP at PNP sa kanayunan.

Bagama't wasto at nararapat ang panawagan ng mga magsasaka na ibasura ang RA 11203 o RTL, hindi ito makasasapat para magkaroon ng tunay na pagbabago sa kanilang kalunos-lunos na kalagayan. Kailangang patuloy at puspusang makibaka ang mga magsasaka para sa tunay na reporma sa lupa at sa pambansang industralisasyon. Kailangang isanib ng kilusang magsasaka ang kanilang lakas sa iba

pang kilusan ng masang anakpawis na tulad nila ay naghahangad ng radikal na pagbabago sa buhay ng sambayanang Pilipino at makawala sa paglukob ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo.

Ang rebolusyonaryong kilusan sa rehiyong Timog Katagalugan ay mahigpit na nakikiisa at sumusuporta sa mga pakikibaka ng mga magsasaka at iba pang inaapi't pinagsasamantalang uri para sa pambansang demokrasya.

Lagi ding bukas ang pinto ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon sa pagtanggap sa mga mamamayang Pilipino na nagpasyang tahakin ang landas ng armadong pakikibaka, sumapi sa New Peoples Army (NPA) at magsulong ng demokratikong rebolusyon ng bayan (DRB) sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan (MDB). Ang DRB ay ang tanging daan para makamit ng mga magsasaka at taumbayan ang tunay na katubusan, kalayaan, demokrasya at kasaganaan na hindi kailanman maipagkakaloob ng bulok na gubyerno ng malalaking burgesya komprador, panginoong maylupa, mga burukrata kapitalista at ng kanilang among imperyalistang Amerikano at Tsino. T

## *Solusyon ni Duterte sa krisis sa industriya ng baboy, pulos pambababoy*
## Pagpapaunlad sa agrikultura at lokal na industriya ang solusyon, hindi liberalisasyon

*Pebrero 15, 2021*

Araw-araw sumisidhi ang galit ng sambayanan kay Duterte, higit lalo ngayong diretso sa gutom na sikmura ang epekto ng mga inutil, maka-dayuhan at anti-mahirap na mga patakaran ng reaksyunaryong gubyerno. Mula noong huling kwarto ng 2020 hanggang ngayon, tampok sa mga balita ang pagtaas ng presyo ng karne at ibang mga pagkain.

Sa nakaraang mga linggo, inabot na ang rurok ng krisis sa karne — nasa higit P400 ang presyo ng baboy habang nasa P200 ang manok at umabot naman humigit-kumulang sa P1,000 ang siling labuyo. Ang pagsirit ng presyo ng karneng baboy at manok ay nagbunsod sa pagtaas ng implasyon sa bansa sa 4.2% sa buwan ng Enero 2021 — ang pinakamataas sapul Pebrero 2019 at nilampasan na ang 4% na itinakda ng gubyerno.

Pumasok na ang ekonomya ng Pilipinas sa istagplasyon — ang kundisyon kung saan sabay na umiiral ang istagnasyon ng ekonomya at mataas na implasyon. Matinding dagok ito sa mamamayan na hindi pa nga nakakabangon mula sa pandemya.

Sa kabilang banda, sa halip na lutasin ang pagkukulang ng suplay na nakaugat sa matumal at tigil na produksyon bunga ng African Swine

Fever (ASF), ipinataw ng rehimen ang mga hakbangin para kontrolin ang presyo ng karne at umasa sa importasyon bilang solusyon sa kakulangan ng suplay.

Sa kabilang banda, ang higit na liberalisasyon ng importasyon ng karne ng baboy ay papatay lamang sa lokal na industriya ng baboy sa bansa. Sa ipinataw na *price control* sa presyo ng karne ng baboy, higit lamang itinulak nito ang mga maliliit na *retailer* at mga prodyuser na magtiklop ng negosyo at tumigil sa pagbebenta ng karne sa paluging presyo.

Higit na nalantad ang pagiging mangmang ni Duterte at mga *economic managers* ng rehimen na inaakalang sa pamamagitan ng mga administratibong kautusan ay masisuweto ang batas ng suplay at demand ng mga kalakal sa pamilihan at malulutas ang krisis sa pagkukulang ng suplay ng mga ito.

Ang pagpataw ng EO 124 noong Pebrero 1 ay nagpapakita ng pagiging hiwalay sa realidad at pagiging manhid ng Malakanyang sa epekto ng *price ceiling* sa mga karne sa maliliit na negosyo na walang katambal na kongkretong plano sa subsidyo para sa mga manininda. Pangunahing nakaasa ito sa mga pantapal na solusyon sa krisis.

Ang ipinagmamalaking "hog repopulation program" na may pondong P1 bilyon ay huli na at hindi rin kagyat na tutugon sa problema ng lokal na suplay. Ipinapangalandakan ng rehimen ang mga hakbanging ito upang pagtakpan ang nauna nitong kapabayaan at buhusan ng malamig na tubig ang nag-aalab na damdamin ng mga manininda't konsyumer na parehong biktima ng kainutilan ng estado.

Hindi masisisi ang maliliit na negosyante sa pagdedeklara nila ng *pork holiday* bilang pagpapakita ng kanilang pagtutol sa EO 124 ng Malakanyang. Bumagsak ang suplay ng lokal na karneng baboy dahil sa kabagalan ng gubyernong umaksyon noong salantain ng ASF ang mga industriya ng baboy sa bansa. Pinakamalala ang paglaganap nito sa Luzon na pangunahing tagasuplay ng karneng baboy sa NCR. Resulta nito ang 400,000 metriko toneladang depisito sa suplay ng karneng baboy sa kasalukuyan.

Patumpik-tumpik ang rehimen na magpatupad ng mga hakbanging kokontrol sa pagkalat ng ASF. Imbes na seryosohin at harapin sa pambansang antas, pinabayaan ang mga LGU na magsariling diskarte. Hindi rin sapat, kung mayroon man, ang ibinigay na tulong para sa mga may-ari ng maliliit na babuyan na nalugi dahil sa peste. Napakaraming negosyo sa babuyan ang nalugi at nagsara sa Rizal at Batangas bunsod ng pesteng ASF.

Sa gitna ng pagsirit ng presyo ng baboy, pinalulutang ang ideyang pataasin ang *minimum access volume* o pinapayagang dami ng inaangkat na karne ng baboy mula sa ibang bansa. Katambal nito ang panukalang bawasan hanggang tanggalin ang taripa sa pag-iimport ng karne. Nasa likod ng mga panukalang ito ang Department of Agriculture kasabwat ang malalaking negosyante na nag-iimport ng karne. Tiyak na sasamantalahin ng rehimen ang hikahos na kalagayan para busugin ng pabor ang mga alipores nitong nasa industriya ng karne.

Ang liberalisasyon sa agrikultura na ipinagpipilitan ng mga reaksyunaryong ekonomista ay lalo lamang magpapalala sa kalagayan

ng sektor ng agrikultura at seguridad sa pagkain. Itutulak at pabibilisn nito ang pagpasok ng mga dayuhang produktong agrikultural sa bansa sa pamamagitan ng pagpapababa sa taripa o buwis at pagtatanggal sa restriksyon sa importasyon. Matinding pagkalugi ang idudulot nito sa mga lokal na prodyuser at sa pangmatagalan ay sasagkaan ang pagpapataas sa kakayanan ng lokal na sektor na magprodyus ng pagkain.

Sa halip na paunlarin ang kakayanan ng sektor sa agrikultura para suplayan ang pangangailangan sa pagkain ng bansa at abutin ang katayuang umaasa-sa-sarili sa pagkain, lubos na iniaasa ng rehimeng Duterte sa importasyon ang halos lahat ng mga produktong agrikultural na kailangan ng bansa batay sa mga kasunduang pinasok ng GRP sa GATT-WTO, isang instrumento ng imperyalismo na nagsusuperbisa sa liberalisasyon ng pandaigdig na kalakalan. Ang pangunahing nakikinabang sa liberalisasyon sa agrikultura ay ang mga imperyalistang bansa na naghahanap ng pamilihang babagsakan ng kanilang sobra-sobrang produkto, sa isang panig; at ang mga lokal na naghaharing-uri na nasa negosyo ng *import* at *export*.

Sa kaso ng Pilipinas, mayor na gumaganansya sa global na patakarang liberalisasyon, pribatisasyon at deregulasyon ay ang mga imperyalistang kapangyarihan sa pangunguna ng US at China.

Kitang-kita ang masamang epekto ng liberalisasyon sa kasalukuyang napakataas na presyo ng bigas sa bansa. Matatandaang iniratsada ang Rice Liberalization Law (RLL) noong 2019 at ipinatupad noong 2020 upang diumano'y mapababa ang presyo ng bigas. Isinubo sa mamamayan ang lohikang ang pagbaha ng *imported* na bigas ang

mag-iistabilisa sa suplay ng butil sa bansa at pipigil sa pagsirit ng presyo nito. Sa aktwal, walang signipikanteng pagbaba sa presyo ng bigas sa panahong umiiral ang RLL. Ang tanging pinabagsak ng RLL ay ang kabuhayan ng mga magsasakang umaasa sa industriya ng palay at bigas na pinahihirapan ng bumubulusok na presyo ng palay mula P17 kada kilo tungong P8-12.

Sa halip na mga pantapal na solusyon sa pagtaas ng presyo ng karneng baboy at pagkain, marapat na suportahan at palakasin ang kagyat na panawagan sa subsidyo mula sa gubyerno para sa maliliit na negosyante sa babuyan at mga manininda. Makatwiran itong hakbangin para sagipin ang kanilang kabuhayan habang tinitiyak ang mas mababang presyo ng karne.

## Tanggalin ang *excise tax* sa produktong petrolyo! Ibasura ang Oil Deregulation Law at iba pang neoliberal na patakaran!

*Nobyembre 3, 2021*

Pabigat sa bayan ang siyam na linggong sunud-sunod na pagsirit ng presyo ng mga produktong petrolyo. Kung pagbabatayan ang pagtataas nito mula Enero, umaabot na sa P20 ang netong itinaas sa presyo ng kada litro ng gasolina pa lamang. Dapat igiit ng taumbayan ang pagtatanggal sa *excise tax* o dagdag na buwis sa langis para kagyat na ibsan ang pasanin ng taumbayan hanggang sa pagbabasura ng Oil Deregulation Law.

Sa huling linggo ng Oktubre, tumaas pa ng $85 kada bariles ang presyo ng krudong langis sa internasyunal na pamilihan. Binunsod ito ng pagtanggi ng Organization of Petroleum Exporting Countries (OPEC), Russia at mga alyado nito na itaas ang produksyon ng krudong langis habang papalaki ang demand ng China at Europe sa langis. Sinasamantala ito ng mga kumpanya ng langis sa Pilipinas para magpataw ng mas mataas na presyo ng produktong petrolyo. Sikreto ang kwentada sa pagtatakda ng presyo at ang imbentaryo ng hawak nilang langis.

Ibayong magdurusa ang mamamayan dahil tiyak na tataas ang mga presyo ng pagkain at iba pang pangunahing bilihin sa darating na mga buwan. Kinakailangan ang langis sa pagpapatakbo ng mga

makina sa pagawaan at sa pagsasaka hanggang sa mga sasakyang na nagdedeliber ng mga produkto tungo sa mga pamilihan. Bukod dito, mas matindi ang tama nito sa mga drayber ng mga pampublikong sasakyan pati ang mga mangingisda ay dumadaing din sa pagtaas ng presyo ng langis.

Sa harap nito, nagmamatigas pa ang gubyernong Duterte na ipagpatuloy ang *excise tax* sa langis at kinukunsinte ang mga kumpanya ng langis sa walang-habas na pagtataas sa presyo ng produktong petrolyo. Palusot ng Department of Finance (DOF), malulugi ang Pilipinas ng hanggang P130 bilyon oras na tanggalin ang excise tax. Isinasangkalan pa ng mga buhong na burukrata na maaantala ang pagkakaloob ng serbisyong pangkalusugan dahil diumano ginagamit ang buwis sa langis sa pagtugon sa pandemya.

Taliwas sa ipinangangalandakan ng gubyernong Duterte na para sa mamamayan ang mga sinisingil na buwis, dagdag pasakit sa kanila ang mga buwis na ito. Pumatong sa pasanin ng mamamayan ang mga bayarin sa naunang ipinasang Tax Reform for Acceleration and Inclusion (TRAIN) Law at 12% na *value added tax* bago ang pandemya. Nitong Mayo, nadagdagan ng P10 buwis ang gasolina sa gitna ng malawakang disempleyo at lumalalang kahirapan sa bansa. Kasinungalingan na ito'y para sa ayuda dahil hanggang sa kasalukuyan, kinakalampag ng sambayanan ang rehimen sa kawalan at kakulangan ng ayuda at serbisyong pangkalusugan. Nalantad pang kinurakot ng administrasyon ang pondo at dinispalko para sa kontra-rebolusyonaryong gera at pambubusog sa mga alaga nitong militar at pulis.

Imbes na tugunan ang daing ng mamamayan na pigilan ang pagtaas ng presyo ng produktong petrolyo, abala sa pulitika ang kalihim ng Department of Energy (DOE) na si Alfonso Cusi. Pinamumunuan ni Cusi ang isang paksyon ng PDP-Laban na lalahok sa darating na pambansang eleksyon 2022. Lalong kasuklam-suklam na sa gitna ng krisis at palyadong pamamahala, tinitiyak pa ng pangkating Duterte na mailuklok ang tirano at mga kasapakat nito sa poder.

Sa harap ng kainutilan at pagtetengang kawali ng gubyernong Duterte, dapat padagundungin ng mamamayang Pilipino ang kanilang panawagan para tanggalin ang mga dagdag na buwis. Dapat ding patuloy na singilin ang rehimeng Duterte sa pagnakakaw sa buwis ng mamamayan na nagbunsod ng palyadong tugon sa pandemya at nagdarahop na kalagayan.

Dapat bigkisin ang malawak na sambayanan para ibasura ang mga mapaniil na batas gaya ng TRAIN Law at Oil Deregulation Law. Hinihimok ng NDF-ST ang mga tapat na lingkod-bayan na makipagkaisa sa mamamayan para ibasura ang mga nabanggit na batas at iba pang neoliberal na patakaran sa lehislatura. Hinihikayat silang gumawa ng resolusyon na nagpapataw sa mga kumpanya ng langis na isapubliko ang proseso ng pagpepresyo at iba pang kaugnay na impormasyon.

Marapat na ipagpatuloy ang pambansa demokratikong rebolusyon upang ganap na makalaya sa kontrol ng mga imperyalista na nagmomonopolyo sa mga mahalagang rekurso tulad ng langis. Sa pagtatagumpay ng rebolusyon, titiyakin ng demokratikong gubyernong bayan na hindi ito magiging sunud-sunuran sa dikta ng mga kapitalistang ganid sa tubo at nagpapasasa sa paghihirap

ng mamamayan. Ang mga susing industriya tulad ng langis ay mapapasakamay ng sambayanan upang matiyak na magsisilbi ito sa pangangailangan ng lipunan, at hindi ng iilan. T

## Tutulan ang importasyon ng mga produktong pang-agrikultural

*Pebrero 13, 2022*

Malaking kalokohan ang muli na namang pagbabandera ng reaksyunaryong gubyerno sa importasyon bilang solusyon sa sumisirit na presyo ng mga bilihin lalo ng pagkain at diumano'y di-istableng suplay ng mga produktong agrikultural. Inilulugmok ng importasyon ang kabuhayan ng mayorya ng populasyon, ang mga magsasaka, kaya kung tutuusin, ito ang nagbubunsod ng tag-gutom at disempleyo sa bansa. Dapat nang itigil ang importasyon at ibasura ang ugat nitong liberalisasyon sa agrikultura upang tunay na ibsan ang pagdurusa ng sambayanang Pilipino.

Kailangan itong paulit-ulit at mas malakas na ipanawagan lalo't importasyon na naman ang bukambibig ng rehimeng Duterte sa harap ng pinalulutang na pagtaas ng presyo ng asukal. Tusong ginagamit ng Sugar Regulatory Administration ang nakaraang kalamidad na Odette upang bigyang-matwid ang pagpapahintulot na mag-import ng 200,000 tonelada ng asukal. Anito, pag-angkop ang importasyon sa pagbaba ng produksyon ng asukal bunsod ng pinsala ng bagyo sa mga prodyuser ng asukal tulad ng Panay, Negros at Eastern Visayas. Ang totoo, sinusunod ng SRA ang interes ng mga negosyo lalo ng mga kumpanya sa pagkain at inumin, mga *industrial users* ng asukal, na makatipid sa gastusin. Ikatutuwa rin ito ng mga imperyalistang bayan na maaaring pagkukunan ng mas murang asukal.

Kataksilan ito sa mga magsasaka sa tubuhan at maliliit na prodyuser ng asukal sa bansa. Sasapitin din nila ang higit pang pagbagsak ng kabuhayan na dinanas ng mga magsasaka sa palay sapul nang isabatas ang Rice Liberalization Law noong Pebrero 2019. Tripleng pasakit ito kasabay ng pagsirit ng presyo ng *fertilizer* at produktong petrolyo na parehong esensyal sa produksyon. Pinapanukala ng mga ekonomista ang 50% bawas sa taripa sa mga produktong agrikultural at ang 64,050 metriko tonelada sa *minimum access volume* ng pulang asukal. Malamang na humantong ito sa kagutuman at mas matinding paghihirap ng mga magsasakang umaasa sa halos 20,000 ektarya ng tubuhan sa TK.

Nakagagalit ang pagpupumilit ng rehimen na mag-import sa kabila ng malinaw na kabiguan ng liberalisasyon na gawing istable ang merkado at pababain ang presyo ng pagkain. Tatlong taon nang umiiral ang RLL pero sobrang mahal pa rin ng bigas sa halagang halos P45 kada kilo ang abereyds na presyo ng komersyal na bigas. Wala namang kwenta ang pantapal na solusyong importasyon ng karneng baboy, manok at isda dahil hindi naman bumalik ang presyo ng mga ito sa dating antas bago ang pandemya at pesteng African Swine Fever.

Samantala, kinakaharap din ng mga magsasaka ang malawakang pangangamkam ng lupa ng mga panginoong maylupa at burgesya komprador. Ang mga palayan, tubuhan at iba pang malawak na produktong taniman ng mga magsasaka ay isinasailalim sa pagpapalit-gamit ng lupa. Inireresulta rin nito ang pagbaba ng bolyum ng mga produktong nalilikha ng mga magsasaka na siyang ikinakatwiran ng rehimeng Duterte para sa pag-aangkat ng iba't ibang produktong agrikultural.

Hindi kayang igarantiya na magmumura ang asukal kung mag-iimport nito. Ang tiyak na mangyayari, malulugi ang mga lokal na prodyuser ng asukal dahil ibabagsak nila ang presyo ng kanilang produkto para sumabay sa napakamurang asukal galing sa ibang bansa. Bunga nito, tiyak na maraming magsasaka at manggagawang-bukid sa tubuhan ang alinman sa mawawalan ng trabaho o lalong liliit ang kita. Hindi rin awtomatikong bababa ang presyo ng tinging asukal na binibili sa mga tindahan dahil malamang na sagpangin ng mga *trader* ang pagkakataon para pumiga ng mas malaking tubo.

Sa pangmatagalan, lalong ikawawasak ng mga konsyumer na Pilipino ang pagsandig sa importasyon para tustusan ang panloob na pangangailangan ng bansa. Mas mahirap kontrolin ang presyo ng mga pagkain kung sa labas nanggagaling ang suplay nito. Magiging bulnerable rin ang bansa sa pagpasok ng mga peste pati marurumi at mababang kalidad na produktong pagkain. Higit din itong panganib sa seguridad sa pagkain o *food security* ng bansa dahil pwedeng tumangging mag-*export* ang mga pinagkukunang bansa sa panahon ng kagipitan tulad ng kalamidad o gera.

Simula't sapul, mahigpit nang tinututulan ng mga magsasaka, mangingisda at manggagawa sa sektor ng agrikultura ang importasyon ng mga produktong pang-agrikultura. Ginagawa nila ito hindi lamang para isalba ang kanilang kabuhayan, kundi bilang bahagi rin ng laban para paunlarin ang sektor ng agrikultura at industriya para sa pambansang kapakinabangan. Ikinalulugod nila at ng mga rebolusyonaryong pwersa ang pagtindig ng ilang kandidato sa eleksyong 2022 laban sa importasyon ng mga produktong pang-agrikultura lalo na kung susuhayan nila ito ng mga lehislatibong

hakbang para harangin ang labis na importasyon. Umaasa ang bayan sa kanilang sinseridad. Hamon sa kanila na patuloy na lumahok sa laban na ito kahit matapos ang eleksyong 2022 at anuman ang kahinatnan ng kanilang kandidatura.

Ang tunay na solusyon sa atrasadong produksyong agrikultural at pumapaimbulog na presyo ng mga pagkain ay nasa paglutas sa problema ng mga prodyuser ng pagkain: ang paglutas sa problema sa lupa ng mga magsasaka sa pamamagitan ng tunay na repormang agraryo, modernisasyon ng agrikultura at pagpapaunlad sa kanayunan kakabit ng pambansang industriyalisasyon. Malaon nang isinusulong ng pambansa-demokratikong kilusan ang tunay na repormang agraryo at pambansang industriyalisasyon bilang sagot sa daan-taong paghihirap at kaapihan ng mga magsasaka. Kasabay nito, kailangang iwaksi ang mga neoliberal na kasunduan sa ekonomya at kalakalan na pumapatay sa lokal na agrikultura at industriya ng mga malakolonya upang paburan ang pagkamal ng tubo ng mga imperyalistang bayan. Susi ito upang lumago ang lokal na agrikultura at tiyakin ang masaganang hapagkainan para sa bawat pamilyang Pilipino.

## Mamamayan ng daigdig, magkaisa't labanan ang monopolyo sa langis

*Pebrero 25, 2022*

Dapat kundenahin ang mga imperyalistang bansa laluna ang Organization of Petroleum Exporting Countries sa pagmamanipula sa suplay at presyo ng langis para humuthot ng higanteng tubo. Labis nilang pinalalaki at ginagamit ang tensyon sa hangganan ng Russia at Ukraine upang ilusot ang pagpapasirit sa presyo ng langis. Resulta nito ang di na maabot na presyo ng mga produktong petrolyo at mga batayang bilihin na higit na nagpapahirap sa mamamayan ng daigdig laluna sa gitna ng pandemya.

Sa ngayon, lampas na ng $100 kada bariles ang presyo ng langis mula sa $65 kada bariles noong Disyembre 2021 na isa sa pinakamataas na inabot nito sa nakaraang pitong taon. Tuso nilang ikinakatwiran ang kasalukuyang girian sa Ukraine kung saan pinalalabas nilang may napipintong kakapusan sa mga produktong petrolyo kapag magsimula ang gera roon. Ibinubunton dito ng imperyalismong US ang sisi sa pagsirit ng presyo ng langis samantalang pinapaypayan naman ang tensyon sa hangganan ng Russia at Ukraine upang bigyang matwid ang papalaking gastusing militar at bentahan ng armas. Naglalaway ang US sa reserbang langis na makukuha nila sa Russia at mga kahanggan nitong bansa. Nais nitong ikonsentra ang suplay ng langis sa rehiyon at mamonopolyo ito sa pandaigdigang merkado. Bahagi ito ng iskema ng US upang talunin ang karibal nitong Russia na sunod sa US, ay ang

pangalawa sa mga pinakamalaking *exporter* ng produktong petrolyo sa mundo.

Isa pang palusot na ginagamit ng mga monopolyo ang *winter season* o malamig na klima sa mga bansang nagsusuplay ng langis na diumano'y nagreresulta sa mas mahabang proseso ng produksyon ng langis. Dahil mababa ang suplay, natural lamang daw na tataas ang presyo nito ayon sa batas ng merkado, gayong sa katunayan, ang monopolyo sa suplay at produksyon ng langis ang pangunahing dahilan kaya arbitraryong naitatakda ang presyo nito. Gusto lamang samantalahin ng sakim na kartel sa langis ang pagtaas ng demand para sa langis kasabay ng pagbubukas ng mga pagawaan matapos ang paghupa ng mga restriksyong kaugnay ng pandemyang COVID-19.

Pinalalala ng kalagayang ito ang krisis na dinaranas ng mga mamamayan sa daigdig. Sa Pilipinas, pumalo ang implasyon ng 3% noong Enero bunsod ng sunud-sunod na pagtaas ng presyo ng mga produktong petrolyo. Mula lamang nitong Enero, naitala na ang P4.70/litro netong pagtaas ng gasolina, P7.95/litro sa *diesel* at P7.20/litro sa *kerosene*. Hindi na maabot ng mamamayang Pilipino ang presyo ng mga pangunahing bilihin habang kinakaharap ang malawakang kawalan ng trabaho at mababang sahod ngayong pandemya. Dagdag pang pahirap ang mga neoliberal na polisiya gaya ng Oil Deregulation Law, TRAIN Law at paniningil ng value added tax (VAT) at expanded VAT. Binigyang-luwag ng mga batas na ito ang mga kumpanya ng langis na magpakasasa sa tubo sa kapinsalaan ng mamamayan.

Ginagatungan ng monopolyo sa langis ang pagkamuhi ng masang anakpawis sa imperyalismo kaya't sumisiklab ang malalaking pagkilos

sa iba't ibang panig ng mundo. Nagprotesta ang mga mamamayan sa mga bansang France, Kazakhstan at iba pa upang tutulan ang pagtaas ng presyo ng mga produktong petrolyo sa kanilang bansa. Tuluy-tuloy rin ang pagkundena ng mga progresibo at rebolusyonaryong pwersa sa Pilipinas sa mga kumpanyang nagtataas ng presyo ng langis at gayundin laban sa inutil na gubyerno. Inspirasyon ang mga tinurang pakikibakang bayan para pag-ibayuhin ang paglaban sa imperyalismo.

Nakikiisa ang NDF-ST sa panawagang buwagin ang monopolyo sa langis ng mga imperyalistang bansa. Panahon nang magbigkis ang mamamayan sa buong daigdig upang tanggalin sa kamay ng iilan ang kontrol sa napakahalagang rekursong esensyal sa produksyon at pang-araw-araw na pag-iral ng lipunan. Kasabay nito, dapat palakasin ang pakikibaka para ibasura ang mga neoliberal na patakaran at mga di-pantay na kasunduan sa kalakalan at patakaran sa pagbubuwis na nagpapauna sa interes sa tubo ng iilan kaysa sa pangangailangan ng sangkatauhan.

Lumilinaw ang pangangailangang palitan ng bagong sistema ang parasitikong sistemang panlipunan upang maipagkaloob sa mamamayan ang kanilang mga demokratikong interes at kahilingan. Samakatuwid, ang lumalalang krisis ng monopolyo kapitalismo ang naglalapit sa mamamayan ng daigdig sa landas ng rebolusyong may sosyalistang perspektiba.

## Limos at pangungutya ang tugon ni Duterte sa mga nagugutom na Pilipino!

*Marso 17, 2022*

Nakakakagalit at kasuklam-suklam ang halagang P200 na ayuda ng pasistang rehimeng US-Duterte bilang tugon sa harap ng patuloy na paglala ng kagutuman at paghihirap ng nakararaming Pilipino sanhi ng mga umiiral na neoliberal at anti-mamamayang patakaran ng rehimen, naging kriminal na kapabayaan ng gubyerno sa pagharap sa pandemya at ngayon ang pagsirit ng presyo ng langis at mga pangunahing bilihin sa bansa dahil sa nagaganap na tunggalian at girian ng mga imperyalistang kapangyarihan na nauwi sa gyera sa pagitan ng bansang Russia at Ukraine.

Ang halagang ito na hindi nga papasang pampalubag-loob, ang ipinalit ni Duterte sa kabiguan nitong suspendihin ang *excise tax* sa mga produktong petrolyo na magpapasok ng P105.9 bilyong piso sa pondo ng bansa.

Mga pulubi at busabos kung ituring ng pasistang rehimeng US-Duterte ang mga mahihirap nating mga kababayan dahil sa nagmimistulang limos ang halagang P200 ayuda kada buwan sa kada mahihirap na pamilya. Ni hindi ito papasa kahit sa kanilang bogus na programang pantawid pamilya. Ito'y malinaw na pang-iinsulto at pagyurak sa natitira pang dangal ng ating mga kababayang mahihirap, laluna ng masang anakpawis. Ang kakarampot na ayudang P200 kada buwan o

katumbas ng P6.66 kada araw ay kailangang paghahatian ng pamilya na may limang (5) myembro. Saan makararating ang P6.66 sa kada pamilya sa loob ng isang araw o katumbas ng P1.33 kada araw para sa isang myembro ng pamilya? Ni dalawang pirasong kendi ay hindi mabibili ng halagang P1.33. Lalong kulang na kulang ito sa halagang itinaas ng *noodles*, sardinas at tuyo na pangkaraniwang ulam ng mga mahihirap nating kababayan. Lalong malayo ito sa napipintong itataas na dagdag na pasahe sa mga traysikel, jeep at bus at sa mga nauna nang dagdag na halagang itinaas sa presyo ng mga pangunahing bilihin dahil sa pagsirit ng halaga ng langis sa bansa sa mga nakaraang mga buwan bunga na rin ng manipulasyon sa presyo ng langis sa pandaigidigang merkado. Nagbabadya pa ang pagtaas ng singil sa kuryente at tubig. Ang lalong masaklap, kakarampot na nga ang ayuda ay hindi pa tiyak kung kailan maipatutupad ang pamamahagi nito.

Nililinlang din ni Duterte ang taumbayan sa pagsasabi na ang P200 kada buwang ayuda na kanyang ipagkakaloob ay para sa isang taon sa kabila ng katotohanang magtatapos na ang kanyang termino sa Hunyo 30, 2022. Liban lang kung may balak pa si Duterte na manggulo at maghasik ng terorismo ngayong kampanyahan at ibintang ito sa CPP-NPA-NDFP upang maging batayan niya ng pagdedeklara ng Martial Law at mapalawig pa ang kanyang termino. Hindi malayong gawin ni Duterte ang laro na ginawa ng kanyang idolo na dating diktador na si Ferdinand E. Marcos Sr. na nagdeklara ng Martial Law noong Setyembre 21, 1972, kung kailan ilang buwan na lamang ay magtatapos na ang kanyang termino sa pagkapangulo sa taong 1973.

Sa halip na tugunan ang malawak na kahilingan ng taumbayan para sa pagbabasura sa Oil Deregulation Law, pagsuspinde sa excise

tax at value added tax sa mga produktong pertrolyo at ipatupad ang pagtataas ng sahod ng mga manggagawa upang kahit paano ay maibsan ang hirap mula sa patuloy na pagtaas ng mga pangunahing bilihin at serbisyo sa bansa, ang kapakanan ng mga malalaking negosyo ang pinanigan at binigyan ng proteksyon ng administrasyong Duterte. Ipapatupad pa ng gubyerno ang *4-day work week* na lalong magpapaliit sa arawang kita ng mga manggagawa dahil sa patakarang umiiral sa mga pabrika na "no work no pay".

Talagang walang puso at anumang malasakit ang gubyernong Duterte sa kapakanan ng mga mahihirap na Pilipino. Wala na siyang pakialam kung mamamatay man sa gutom ang mga kakabayan nating hikahos at lugmok sa kahirapan. Mas uunahin pa niyang pangalagaan ang interes at busugin sa yaman ang pamilya, mga alipures, mga panginoong maylupa, malalaking burgesya kumprador, burukrata kapitalista at ng amo nilang mga imperyalista.

Walang ibang dapat gawin ang taumbayan kundi ang patuloy na kumilos at lumaban. Igiit ang pagbabasura sa Oil Deregulation Law, pagsupinde sa ipinapataw na *excise tax* at *value-added tax* sa mga produktong petrolyo, pagkakaroon ng hanapbuhay, nakabubuhay na sahod, sapat na ayuda sa mga mahihirap nating kababayan, pagbabasura sa ATL, pakikibaka laban sa *red-tagging* at pagtatanggol sa mga karapatang demokratiko at sibil ng mamamayang Pilipino.

Higit sa lahat kailangang mahigpit na magkaisa ang malawak na masa ng sambayanang Pilipino upang hadlangan at biguin ang planong pagbabalik sa kapangyarihan ng pamilyang Marcos at Duterte. Walang anumang pagbabagong magaganap sa buhay ng mamamayang

Pilipino sakaling sila ang manalo sa pamamagitan ng pandaraya at manipulasyon sa resulta ng eleksyon. Lalong mababaon sa kumunoy ng kahirapan at labis na pang-aapi ang sambayanang Pilipino sakaling manalo sa halalan ang tambalang Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr. at Sara Duterte Carpio sa pagkapresidente at bise presidente. Ipagpapatuloy lamang nila ang mga kasuklam-suklam na programa at patakaran ng tiraniko at pasistang si Duterte tulad ng madugong gyera kontra-droga at anti-mamamayang kampanyang "kontra-insurhensya".

Lalo lamang magiging laganap at opisyal ang ginawang pambabaluktot at pagrerebisa ng kasaysayan ng pamilyang Marcos para pagandahin ang imahe ng diktador at mandarambong na si Marcos Sr. Mawawalang saysay din ang paghahabol ng mamamayang Pilipino sa mga nakaw na yaman ng mga Marcos na umaabot pa sa P125 Bilyon at kasalukuyang dinidinig ng Sandiganbayan. Lalong mabibinbin ang pagkolekta ng gubyerno sa *estate tax* na dapat bayaran ng pamilyang Marcos na sa kasalukuyan ay umaabot na sa P203 Bilyon. Hindi rin malayong mangyari na bigyan ni BBM ng *absolute pardon* ang kanyang inang si Imelda Marcos na nahatulan ng Sandiganbayan ng 77 taong pagkakakulong dahil sa 11 kaso ng graft and corruption. Nananatiling nakalalaya si Imelda Marcos dahil sa pinayagan itong makapagpiyansya habang inaapila sa Korte Suprema ang kanyang kaso.

Patuloy ang panawagan ng NDF-ST sa mamamayan ng rehiyon na lumahok sa armadong pakikibaka, sumapi sa New Peoples Army at isulong ang Demokratikong Rebolusyon ng Bayan (DRB) sa pamamagitan ng Matagalang Digmang Bayan (MDB). Wawakasan ng DRB ang siklo at padron ng pag-iral ng bulok at reakyunaryong

pulitika at eleksyon sa bansa kung saan laging namamayani at nakapangingibaw ang mga bulok na pulitiko, mayayamang angkan at dinastiya na may suporta ng mga panginoong maylupa, malalaking negosyo sa bansa at imperyalistang kapangyarihan sa kapariwaraan naman ng malawak na masang Pilipino. Tanging sa pamamagitan ng DRB makakamtan ng sambayanang Pilipino ang malaon na nitong hangarin na magkaroon ng tunay na kalayaan, demokrasya at masaganang buhay. T

# 4

# PAGTUGON SA KALAMIDAD

## Hinggil sa Taal Volcano *eruption*

*Enero13, 2020*

Ang National Democratic Front-Southern Tagalog (NDF-ST) ay nananawagan sa lahat ng mga kasaping organisasyon nito at mga kaibigan at kaalyado sa rehiyon na magsagawa ng mga *relief operation* at tumulong sa paglilikas ng iba pa nating mga kababayan na nasa baybaying bayan na nakapalibot sa Taal Lake na kinaroonan ng nag-aalburotong Taal Volcano. Itinaas na ng Philippine Institute of Volcanology and Seismology (Philvocs) ang babala sa level 4 at nagsabi na anumang oras o araw ay magkaroon ng mapanganib na pagsabog ang bulkang Taal at kapag nasa *alert level 5,* ayon sa Philvocs, ay maaaring magdulot din ng *volcanic tsunami* ang pagputok ng bulkang Taal. Dahil sa ganitong sitwasyon, kailangan nating makapagmobilisa, sa mabilis na paraan na kakayanin, ng mga boluntir

para agarang magsagawa ng mga paglilikas sa ating mga kakababayan sa probinsya ng Batangas at kaalinsabay magpatupad ng mga *relief operations* sa mga pagdadalhang *evacuation areas.*

Inaatasan din ang lahat ng mga kasaping organisasyon na magbuo ng mga *task forces* na siyang magsisilbing *coordinating body* para pamunuan ang paglilikas at pagsasagawa ng mga *relief operations.* Ang iba naman ay dapat sumentro sa pangangalap ng mga damit, pagkain, gamot, tubig at ibang materyal na gagamitin sa mga *evacuation areas.*

May mga nauna na tayong plano at mga *standard operating procedures* (SOP) na otomatikong pinatutupad sa panahon ng mga kalamidad. Kailangan na lang itong balikan at rebyuhin ng bawat kasaping organisasyon ng NDF-ST upang maisakatuparan ang mabilis, puspusan at episyenteng *relief operations* at iba pang *humanitarian missions.*

Maaaring sa darating pang mga araw ay lalong titindi pa ang pag-aalboruto ng bulkang Taal kaya ang ating mga pagsisikap sa pagtulong at pag-alalay sa ating mga kababayan ay magpapatuloy habang patuloy ding gumagampan ng ating mga rebolusyonaryong gawain. Dapat laging ipauna ang kapakanan at kagalingan ng taumbayan lalo na ang mga kababayan natin sa Batangas na ngayon ay nahaharap sa matinding panganib dulot sa posibilidad na anumang oras o araw, ayon sa Philvocs, ay maaaring mangyari ang isang malakas at mapaminsalang pagputok ng bulkang Taal. Bigyan natin ng nararapat na tugon at atensyon ang kanilang pangangailangan sa kagyat.

Ngayon pa lamang ay malawak na ang naging pinsala sa pananim at kabuhayan ng ating mga kababayang magsasaka at mangingisda sa mga bayan na nakapalibot sa Taal Lake, sa iba pang bayan ng Batangas at maging sa mga karatig probinsya ng Batangas dahil sa makapal na abo at buhangin na ibinuga mula sa pagputok ng bulkang Taal. Matindi ang gagawing rehabilitasyon sa mga lupaing agrikultural at lawa ng Taal na nabalot ng makakapal na abo at buhangin na binuga ng pagputok ng bulkang Taal. Dapat nating paghandaan at matamang pagplanuhan, sa mga susunod na mga araw, kung ano ang ating mga susunod na hakbang para makatulong sa rehabilitasyon ng mga nasirang kabuhayan ng ating mga kababayan sa Batangas.

Pinapaalalahanan din ang lahat na laging maging alerto at mapagmatyag sa patraydor na mga pag-atake ng reaksyunaryong tropa ng AFP at PNP, na walang pinipiling panahon kung umatake, kahit panahon ng mga kalamidad. Ugali na ng AFP at PNP na militarisasahin at birahin ang anumang mga *humanitarian missions* na isinasagawa ng rebolusyonaryong kilusan at maging ng mga progresibong organisasyon at grupo, ng mga grupong sibiko at taong simbahan dahil sa hindi nila kinikilala ang Comprehensive Agreement on the Respect of Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) na pinirmahan ng GRP at NDFP nuong 1998 kabilang ang iba pang makataong batas sa ilalim ng International Humanitarian Law ng United Nations. T

## Bukas na liham sa mga mamamayan sa Batangas na nasalanta ng pagputok ng bulkang Taal

*Enero 14, 2020*

Para sa mahal naming mga kababayan sa Batangas at mga karatig probinsya nito:

Ang National Democratic Front-Southern Tagalog (NDF-ST) at mga kaalyadong organisasyon nito sa rehiyon ay karamay at kaisa ng mga kababayan nating nasalanta at naapektuhan ng pagputok ng bulkang Taal. Tagos sa aming puso't isipan ang hirap at sakit na inyong nadarama sa kasalukuyan at maging ang labis ninyong pag-aalala sa inyong mga naiwang ari-arian, mga alagang hayop, pananim at iba pang kabuhayan. Sa pamamagitan ng mga kaalyadong organisasyon at mga kaibigan ng NDF-ST, gumawa ito ng mga paraan paano makakatulong mula sa aktwal na paglilikas, pangangalap ng mga pagkain, tubig, gamot, materyal at iba pang pangangailangan ng mga nagsilikas nating mga kababayan. Ang mga naorganisang boluntir ng NDF-ST ay naruon na sa lugar at sa kasalukuyang naghahatid ng tulong sa mga nasalanta nating kababayan.

Umaapela na rin ang NDF-ST sa lahat ng ating mga kababayan na magkaloob ng anumang tulong para sa mga nasalanta at naapektuhan ng pagputok ng bulkang Taal. Higit sa anupaman ay sumalig tayo sa sariling lakas, pagsasama-sama at pagdadamayan upang harapin at makabangon mula sa trahedyang dulot ng natural na kalamidad.

Patuloy pang nakataas ang babala ng Philippine Institute of Volcanology and Seismology (Philvocs) na sa anumang oras o mga araw maaaring mapanganib na pumutok ang bulkang Taal at magdulot pa ito ng tinatawag ng Philvocs na *volcanic tsunami.* Pinapayuhan namin ang lahat ng ating mga kababayan na agaran nang magsilikas lalo na ang mga naninirahan sa tinaguriang mapanganib na mga lugar (*danger zones*). Ang iba pang mga boluntir ng NDF-ST ay nagsitungo na rin sa lugar upang tumulong at maisagawa ang organisadong paglilikas sa ating mga kababayan na naiipit pa sa mga mapanganib na lugar dahil sa mabagal na pagdating ng tulong mula sa gubyernong Duterte at kakapusan naman ng mga lokal na gubyerno.

Sa harap ng kainutilan ng gubyernong Duterte na mabilis na ihatid ang tulong sa mga nasalanta ng pagputok ng bulkang Taal, nauna pang magpadala ang lokal na pamahalaan ng Pampanga ng 50 sasakyang *convoy* ng mga *medical volunteers* at *rescue teams,* mga gamot, 8,000 *food packs* at iba pang pangangailangan ng mga biktima habang si Gobernador Suarez ng Quezon ay isang 7-kataong *rescue team* lamang ang ipinagmamalaking naipadala nya.

Ang pagputok ng bulkang Taal ay may pangmatagalang epekto sa pananim at iba pang kabuhayan ng mga magsasaka, manggagawang bukid, mangingisda at iba pa lalo na yaong umaasa ang kabuhayan sa lawa ng Taal gayundin sa komersyo at iba pang pang-ekonomiyang aktibidad sa probinsya. Ang abo at buhangin na ibinuga ng pagputok ng bulkang Taal ay sisira sa kabahayan, sa libong ektarya ng pananim ng mga magsasaka hindi lamang sa mga bayang nakapalibot sa lawa ng Taal kundi maging sa kalapit na bayan sa loob ng probinsya ng Batangas, mga bayan sa hangganan ng Cavite, Laguna, Quezon at sa

islang probinsya ng Mindoro. Napakalaki na din ang dinulot na pinsala sa mga *fishpens/fish cages* na nasa sa lawa ng Taal kung saan libong mangingisda ang apektado ang kabuhayan. May ulat na apektado din ang kita ng mga mangingisda sa mga baybaying dagat sa kanlurang Batangas hanggang sa dulong norte ng dalawang probinsya ng Mindoro dulot ng buga ng abo at buhangin ng pagputok ng bulkang Taal.

Sa ganitong kalagayan, hindi lamang nakatuon ang pansin ng NDF-ST sa kagyat na pagtulong sa paglilikas at pagsasagawa ng mga *relief operations* sa mga nasalanta ng kalamidad dulot ng pagputok ng bulkang Taal. Nakatuon na rin ang atensyon ng NDF-ST sa kasunod na yugto—ang rehabilitasyon. Sa katunayan, may mga inisyal na plano nang nabuo ang pamunuan ng NDF-ST at mga magkakaalyadong organisasyon sa ilalim nito kung paano makakatulong sa gagawing pangmatagalang rehabilitasyon at pagbabangon muli ng kabuhayan ng mga nasalanta sa pagputok ng bulkang Taal.

Titiyakin ng rebolusyonaryong kilusan, sa abot ng kanyang makakaya, na maihatid sa taumbayang nasalanta at naapektuhan ng pagputok ng bulkang Taal ang mga kinakailangang tulong para sa rehabilitasyon ng kanilang mga nasirang kabahayan at kabuhayan. Batid namin na napakabigat na pasanin ang usapin ng rehabilitasyon. Bilyong halaga ang kailangan. Pero naniniwala kami na kapag malakas at masigla ang pagtutulungan at damayan nating lahat, kabilang ng iba pa nating mga kababayan sa Luzon, Visayas, Mindanao at mga nasa ibayong dagat, kakayanin nating makaalpas at makabangon muli sa pinsalang dulot ng pagputok ng bulkang Taal.

Subalit kailangan nating kumilos at makibaka upang ipanawagan at igiit sa gubyernong Duterte na laanan ng malaking pondo ang pagtulong at rehabilitasyon sa mga nasalanta at naapektuhan ng pagputok ng bulkang Taal. Ipanawagan na ibaling ang pondong nakalaan sa militar at kapulisan tungong pondo sa *relief* at *rehabilitation programs* nito. Nasasayang lang ang pondo ng bayan na nakalaan sa AFP at PNP sa bigong gyera kontra iligal na droga nito at sa pondong ginagamit sa mga operasyong militar ng mga ito na ang tanging napipinsala ay mga inosenteng sibilyan at kabuhayan ng mamamayan.

Kailangan ding itaas ang pagmamatyag ng mamamayan sa mga tiwaling pulitiko at upisyal ng reaksyunaryong gubyerno na sasamantalahin ang kalamidad na ito upang magkaroon ng opurtunidad na ibulsa ang milyun-milyong *calamity fund* na para sa mamamayan.

Kailangang magkaisa, kumilos at makibaka ang taumbayan para ipanawagan ang matagalang *moratorium* sa pagbabayad ng mga magsasaka sa upa sa lupa sa mga panginoong maylupa, sa taunang pagbayad sa *certificate of land ownership award* (CLOA) sa ilalim ng bogus na repormang agraryo ng pasistang rehimeng US-Duterte at sa pagbayad ng kanilang pagkakautang at paniningil mula sa mga institusyong pinansyal at *financial cooperatives*. Lalong kailangang ngayon ng kilusang masa na isulong at i-pursige ang mga pakikibaka para sa pagkakaroon ng trabaho, disenteng hanapbuhay, nakabubuhay na sahod, libre at murang pabahay, pagpapababa ng presyo ng mga pangunahing bilihin at mura at abot kamay na serbisyong pampubliko.

Mahalaga ding ipanawagan sa gubyerno ang *moratorium* sa pagbabayad ng dayuhang utang at pagsasantabi sa mga

kwestyunableng utang na pinasok ng mga nakaraang rehimen at ng rehimeng Duterte sa bansang China at sa iba pang mga imperyalistang bansa lalo na sa Estados Unidos. Ang ibabayad sa utang ay dapat ilaan bilang pondo sa rehabilitasyon at tulong pangkabuhayan sa mga nasalanta at naapektuhan ng pagputok ng bulkang Taal.

Higit sa lahat, dapat kumilos at makibaka ang taumbayan para igiit sa pasistang rehimeng US-Duterte na itigil na ang pagpapatupad ng mga anti-mamamayang patakaran at polisiya na lalong nagpapahirap sa taumbayan dahil sa masugid na pagsunod nito sa mga imperyalistang imposisyon sa bansa ng US sa anyo ng neoliberalistang programa na pribatisasyon, deregularisasyon, liberalisasyon at denasyunalisasyon. T

## Hinggil sa mabagal at inutil na pagtugon ng gubyerno sa kalamidad dulot ng pagputok ng bulkang Taal

*Enero 17, 2020*

Mariing kinokondena ng National Democratic Front-Southern Tagalog (NDF-ST) ang kainutilan at pagiging bangkarote ng gubyernong Duterte sa makupad pa sa pagong na paghahatid ng serbisyo sa puo-puong libong sinalanta at biktima ng pagputok ng bulkang Taal. Tinatayang aabot na sa 40,752 katao ang nadisloka sa pagsabog ng bulkang Taal at 38,203 ang nasa 198 na mga *evacuation center* sa Batangas at Cavite. Napipintong madisloka pa ang may 300,000 mamamayan kapag nangyari ang pinangangambahang kasunod na mas malakas na pagsabog.

Unang araw pa lamang ng pagsisimula ng pag-aalburoto hanggang sa aktwal na pagputok ng bulkang Taal, pangita na agad ang kapabayaan at kawalang kahandaan ng gubyerno sa pagtugon sa kalamidad. Hindi agad naiparating ng National Disaster Risk Reduction and Management Council (NDRRMC) sa lokal na katapat nito sa probinsya ng Batangas ang kautusan sa mga lokal na gubyerno na agaran nang palikasin ang mga tao na naninirahan sa isla ng bulkang Taal at mga nasa paligid ng Lawa ng Taal matapos itaas ng Philippine Institute of Volcanology and Seismology (Philvocs) ang *alert level* 4 mula sa dating *alert level 2.*

Sa kawalan ng maagap na abiso mula sa gubyerno maraming tao ang nalagay sa panganib habang ang iba ay nagkusa nang nagsilikas at nagkanya-kanya nang hanap ng mga lugar para sa kanilang kaligtasan. Ang ilang residente mula sa mga bayan ng Laurel at Agoncillo ay binagtas ang matarik at mapanganib na daan papuntang Alfonso, Cavite para iligtas ang sarili dahil sa kawalan ng dumarating na tulong mula sa gubyerno para sila ay agarang mailikas.

Ipinapakita ng mga pangyayari kung gaano kakupad, kainutil at dis-organisado ang pagtugon ng rehimeng Duterte at mga ahensya nito sa mga pangangailangan ng mga mamamayang nagbakwit.

Wala talaga sa interes ng gubyernong Duterte ang pagbibigay ng prayoridad at mabigat na pansin upang paghandaan ang darating na mga kalamidad sa bansa. Katunayan, imbis na dagdagan ang kakapiranggot na 20 bilyong piso na *calamity fund* noong 2019 binawasan pa ito ng 4 bilyong piso ngayong 2020 habang pinalaki tungong 9.3 bilyon ang *confidential and intelligence funds* ng Office of the President, Department of National Defence, DILG at iba pang ahensya ng reaksyunaryong gubyerno na gagamitin lamang sa pagsupil sa mamamayan.

Ang mga *intelligence and confidential fund* ay hindi sumasailalim sa pagsusuri ng Commission on Audit (COA) kaya malayang nagagawa ng mga tiwaling opisyal ng gubyerno tulad ni Duterte na waldasin at kurakutin ang pondo ng bayan. Bukod pa dito ang mga isiningit sa badyet na bilyon-bilyong *pork barrel* ng mga gahamang kongresista at senador.

Katulad ito sa patuloy na pagliit ng pondo na inilalaan ng gubyerno sa mga serbisyong panlipunan. Ang maliit na ngang nakalaan para sa *calamity fund* ng mga lokal na gubyerno ay lalo pang nababawasan nang malaki dahil sa talamak na korupsyon ng matataas na opisyal ng gubyerno. Samantala, patuloy namang naglalakihan ang mga pondo ng AFP at PNP lalo na ang kanilang *intelligence fund* at *budget* sa madugong gyera sa iligal na droga at kontra insurehensya. Halos doble din ang inilaki ng pondong nakalaan sa *intelligence and confidential fund* ng Office of the President na umabot sa 4.5 bilyong piso mula sa dating 2.5 bilyong piso noong 2019.

Walang kahihiyan pang nanawagan si Año sa mga pribadong donasyon para sa mga bakwit ng pagsabog ng bulkang Taal habang iniipit at ibinubulsa ng DILG at mga tiwaling opisyal ng reaksyunaryong gubyerno ang bilyon-bilyong *calamity fund.*

Kung tutuusin mula sa mga pribadong entidad ang dumadagsang donasyon at tulong. Aktibo ding ibinubukas ng simbahan at mga pribadong mapagkawang-gawa ang kanilang rekurso at pasilidad para sa mga bakwit. Mula sa mga organisasyon ng mamamayan at mga estudyante nagmumula ang maraming mga boluntaryo sa mga *relief operation* na inoorganisa ng mga progresibo.

Sa harap ng malaking sakunang ito, nakuha pa ng mga ahensya ng reaksyunaryong gubyerno na gamitin ang kalamidad para makakuha ng publisidad at magpabango sa tao. Ipinapakita lamang ito ang pagiging manhid, hiwalay sa reyalidad at kawalan ng malasakit ng pasistang rehimeng US-Duterte sa kinasasadlakang kalagayan ng mga mamamayang nasalanta at naapektuhan ng pagsabog ng bulkang Taal.

Wala sa lugar at manhid ang pahayag ni Secretary William Dar ng Department of Agriculture (DA) na handa nilang pautangin ng halagang 25 libong piso, na walang interes at babayaran sa loob ng 3 taon, ang mga magsasaka at mangingisdang napinsala ng pagsabog ng bulkang Taal. Malaking insulto ito para sa mga magsasaka at mangingisda na nadisloka ng pagsabog ng bulkang Taal. Kagyat na tulong at hindi pautang ang kailangan nila sa kasalukuyan. Kailangan din nila ang malinaw, komprehensibo at pangmatagalang plano mula sa gubyerno kung paano sila matutulungan para ibangon ang nawasak nilang tahanan at kabuhayan. Sa inihahaing pautang ng DA, hindi pa man nakakabangon ang mga magsasaka at mangingisda sa pinsala ng pagputok ng bulkang Taal, gusto pa silang ibaon ng DA sa panibagong pagkakautang.

Isa pa itong garapal at pasistang Secretary Eduardo Año ng DILG na walang kahihiyang ipinababalikat sa mga pribadong entidad ang paghahatid ng tulong sa mga nasalanta ng pagputok ng bulkang Taal habang ang kanyang ahensya, na limpak limpak ang hawak na *intelligence fund,* ay ni wala o kakarampot ang halagang inilaan sa pagtulong sa mga nasalanta ng pagputok ng bulkang Taal. Mas gugustuhin pa ng pasistang si Secretary Año na gamitin ang pondo ng DILG sa pagsupil at pagpaslang sa mga mamamayan na itinuturing nilang "kaaway ng estado" kaysa paglaanan ng pondo ang mga biktima ng kalamidad.

Samantala, nanatiling buhay ang diwa ng damayan at pagmamalasakit sa hanay ng ating mga kababayan. Mabilis na dumaloy at bumaha ang mga tulong na nanggaling sa mga pribadong indibidwal, simbahan, institusyon, mga progresibong grupo at samahan, mula sa iba't

ibang panig ng bansa, na di hamak na mas mabilis makarating sa tao kumpara sa tulong na nanggagaling sa reaksyunaryong gubyerno.

Kahanga-hanga din ang mabilis na pagtugon ng ating mga kababayan sa pangangailangan ng mga bakwit. Sila ang unang nakatugon at nakasagip sa mga kababayan nating nalagay sa panganib ang buhay dahil sa pagputok ng bulkang Taal. Mabilis ilang nangalap ng mga donasyon at tulong para agarang ipantawid-gutom ng mga nasalanta. Ibinukas nila ang kanilang mga tahanan para kupkupin ang mga nagsilikas bilang alternatibo sa kakulangan ng mga lugar para gawing *evacaution center* ng mga lokal na gubyerno.

Kabaligtaran ito sa mga ginawa at naging *performance* ng mga ahensya ng gubyernong Duterte. Ang tanging ipinamamalaki ng NDRRMC na ayuda ay ang ga-mumong humigit-kumulang sa dalawang (2) milyong panagip na tulong. Samantala, si Duterte ay 2 milyong *face mask* lamang ang naipadalang tulong sa mga sinalanta ng pagputok ng bulkan.

Lalo lamang nahubad sa publiko ang pagiging inutil, pabaya at walang malasakit ng pasistang rehimeng US-Duterte sa pangangailangan at kapakanan ng taumbayan. Ang pagbisita niya sa *evacuation center* sa Bauan, Batangas ay bahagi ng kanyang *media publicity*—pagpapakitang-tao at pagkukunwaring nakikiramay sa sinapit ng mga kababayan nating Batangueño. Hindi na nito kaya pang tabunan o pagtakpan ang kanyang mga kapabayaan, kawalan ng kahandaan at pagiging inutil sa pagtugon sa mga kalamidad na dumarating sa bansa. Ang gubyernong Duterte mismo ang pinakamalaking kalamidad na tumama sa mamamayan.

Ang NDF-ST ay laging kaisa at maaasahan ng taumbayan sa paghahatid ng tulong sa mga kababayan nating sinalanta ng pagputok ng bulkang Taal tulad sa naging tulong nito sa mga biktima ng mga bagyo at lindol sa nakaraan. Mahigpit ding kaisa at laging kasama ng taumbayan ang rebolusyonaryong kilusan sa patuloy na paglaban sa mga anti-mamamayang patakaran at programa ng korap, traydor, pabaya, kriminal at pusakal na mamamatay tao na pasistang rehimeng US-Duterte. T

## *Sa mag-iisang buwang pag-aalburuto ng bulkang Taal,* Gubyernong Duterte, pabaya sa mga biktima

*Pebrero 7, 2020*

Inutil ang gubyernong Duterte sa pagbibigay ng serbisyong sosyal at tulong sa mga biktima ng pagsabog ng bulkang Taal. Hindi handa ang reaksyunaryong gubyerno sa pagsaklolo sa mamamayang biktima at apektado ng sakuna sa kabila ng abiso ng PhilVolcs walong buwan bago ang insidente. Lantaran ang pagpapabaya ng rehimen sa mga Batangueño at palpak ang mga programa nito para ipagkaloob ang kanilang mga pangangailangan.

Kulang na kulang ang inilalaang serbisyong sosyal at pondo ng rehimen para sa tinatayang aabot sa 300,000 na apektado ng sakuna. Nagmula ang kalakhan ng mga biktima sa Batangas, at ang iba pa'y mula sa ilang bayan ng Cavite, Laguna, Quezon at Mindoro na abot ng buga ng abo ng bulkan.

Sa unang linggo ng sakuna, sa Batangas pa lamang, aabot ng P17.2 milyon ang pondong inilaan ng gubyernong Duterte para sa 16,000 pamilya o 70,000 indibidwal na nasa 300 *evacuation centers*. Katumbas ito ng P152 kada pamilya o P35 bawat indibidwal sa loob ng 7 araw. Labas pa rito ang may 6,000 pamilya na wala sa mga evacuation centers. Dumami pa ito sa pagtagal ng pagsabog ng bulkan.

Walang ginawang paghahanda ang rehimen. Ni hindi naglunsad ng *drills* ang lokal na ahensya para sa nakaambang sakuna. Nagtuturuan ang

mga ahensya sa kakulangan ng paghahanda at abiso sa mamamayan. Kulang na kulang ang mga *evacuation centers* at ngayon pa lamang pinag-uusapan sa kongreso ang pagpapagawa ng panibago. Hindi rin naihanda ng rehimen ang mga N-95 *face mask* na kinakailangan ng mamamayan para hindi malanghap ang nakakalasong usok ng bulkan. Ginawang katatawanan na lamang ng gubyernong Duterte ang kakulangan nito kung saan ipinanawagan nilang gumamit na lamang ang mga apektado ng mga *improvised face mask* tulad ng bimpo, *panty* at *bra*.

Samantala, sa harap ng dinaranas na paghihirap ng mamamayan sa sakuna, ginamit pang oportunidad ng mga lokal at tradisyunal na pulitiko ang sakuna para magpakitang-gilas sa susunod na eleksyon. Kanya-kanya sila sa paghahambog sa mga nagawang ambag sa mamamayan gayong ga-mumo lamang ang tulong na ibinibigay nila. Sa kabilang banda, ni hindi bumisita si Duterte sa kalagayan ng mga biktima, bagkus, ipinaubaya na lamang sa mga lokal na yunit ng gubyerno para makaiwas sa sisi. Hindi man lang magawa ni Duterte na personal na makiramay sa mga biktima

Kulang na kulang ang pondo para sa Calamity Fund ng Batangas. Inamin ito mismo ni Gov. Mandanas. Aabot lamang ng P50 bilyon ang pinangako ng reaksyunaryong gubyerno, gayong P200 bilyon ang kailangan para sa sapat na suporta sa pangangailangan ng mga biktima.

Wasak na wasak ang sektor ng agrikultura sa Batangas kung saan pumalo sa P3.06 bilyon ang kabuuang pinsala. Sa halip na tulungan ang mamamayan na isalba ang kanilang kabuhayan, tahasang

pinagbabawalan ang mga magsasaka at mangingisda na isalba ang kakarampot ng natitira nilang ari-arian at mga hayop. Sa halip, mas ipinauuna pa ni Duterte ang interes ng mga dayuhang negosyante at burgesya kumprador. Ibinukas niya ang Tagaytay City upang mag-opereyt ang mga negosyo doon at pagbigyan ang mga turistang gustong manood ng pagsabog ng bulkan.

Sa harap ng kainutilan at kapabayaan ng gubyernong Duterte, nananawagan kami sa mamamayan na magkaisa upang makamit ang kanilang mga karapatan at pangangailangan. Magkapit-bisig silang kalampagin ang gubyernong Duterte para ibigay ang kanilang mga batayang pangangailangan at hinihinging suporta sa muling pagbangon.

Samantala, sa mga eryang saklaw ng gubyernong bayan, patuloy ang pagmomobilisa at pagbibigay tulong at serbisyo ng mga kaalyadong organisasyon ng NDFP sa ilalim ng programang *relief and rehabilitation.* Maaasahan din ng mamamayan ang NPA sa pagbibigay ng mga serbisyong medikal at *psycho-social* sa mga nangangailangan.

Ang pagbangon ng mamamayan sa mga sakuna at kalamidad ay magmumula sa sama-samang pagsisikap ng bayan. Hindi ito kayang isakatuparan sa ilalim ng malakolonyal at malapyudal na lipunan, kung saan pinagsasamantalahan ng mga naghaharing-uri ang kalagayan ng mga biktima ng mga sakuna. Kailangan ang tuluy-tuloy na pagkilos ng mamamayan para ibagsak ang rehimeng US-Duterte at maitayo ang tunay na gubyernong maglilingkod sa kanilang interes. T

## Ayuda sa mga mamamayang napinsala ng bagyong Quinta at Rolly, pabilisin! Pondo sa serbisyong panlipunan at mga kalamidad, palakihin! National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC), buwagin!

*Nobyembre 2, 2020*

Marapat lamang na kumilos ang sambayanang Pilipino para igiit at ipaglaban ang agaran, komprehensibo at sistematikong pagtugon ng gubyerno sa mga mamamayang napinsala ng dalawang magkasunod na bagyong Quinta at Rolly, lalo na sa mga kababayan nating nasa Timog Luzon ng bansa, na nawalan ng mga mahal sa buhay, labis na napinsala ang mga tahanan, ari-arian at kabuhayan dahil sa pananalasa ng dalawang magkasunod na mga bagyo.

Lugmok na sa kahirapan ang sambayanang Pilipino. Pinalala pa ito ng mga pinatutupad na mga anti-mamamayang programa at patakaran ng pasistang rehimeng US-Duterte at sa talamak na katiwalian, korupsyon at pandarambong ng rehimen sa pondo at kabang yaman ng bayan. Lalo pang nabaon sa kumunoy ng kahirapan ang taumbayan dahil sa kainutilan, kriminal na kapabayaan at sa militaristang paraan ng pagharap at paglaban ng rehimeng Duterte sa pandemyang Covid-19. Siguradong dagdag na kapighatian at kahirapan ang haharapin ng mamamayan sa rehiyon dahil sa malalaking pinsala na idinulot ng mga bagyong Quinta at Rolly sa kanilang mga ari-arian at pinagkukunan ng kabuhayan.

Sa harap ng mga katotohanang ito, dapat lang na patuloy na kumilos, ipaglaban at igiit ng taumbayan na paglaanan ng gubyerno ng malaking halaga ang para sa ayuda, kabuhayan, serbisyong panlipunan at imprastrakturang pambayan. Kasabay nito ang matamang pagbabantay ng taumbayan sa pondo para hindi ito makurakot ng mga tiwaling opisyal ng gubyerno.

Dapat mariing igiit ng mamamayang Pilipino ang pagkakaltas sa mga naglalakihang pondo ng gubyernong Duterte na nakatuon sa madugong kampanya sa iligal na droga at "kontra insurhensya" (na ang mga tanging biktima ay mga mahihirap nating kababayan) at ilipat ito sa pondo sa kalusugan at iba pang serbisyong panlipunan. Kailangang ipanawagan ang pagkaltas sa *intelligence* at *discretionary fund* ng opisina ng Presidente, AFP, PNP at iba pang ahensya ng gubyerno nang sa gayon ay mailaan ito sa kapakanan ng mga mahihirap at nagdarahop na mamamayang PIlipino. Higit sa lahat dapat matamang pag-ukulan ng pansin ng taumbayan ang panawagan sa pagbubuwag sa NTF-ELCAC at ang paglipat ng panukalang pondo nito sa taong 2021 (na 19.1 bilyong piso) para sa serbisyong panlipunan at iba pang kapaki-pakinabang na programa para sa sambayanang Pilipino.

Ginagamit lang ng NTF-ELCAC ang pondo nito laban sa mamamayan, sa *red-tagging* at *anti-communist witch hunt* sa mga aktibista, progresibo at iba pang inaakusahan nilang "kaaway ng estado". Patunay nito ang masahol pa sa asong ulol na ginagawa ni General Antonio Parlade Jr., isa sa mga tagapagsalita ng NTF-ELCAC at kasalukuyang punong komander ng Southern Luzon Command ng AFP (SOLCOM-AFP), na walang habas at kabi-kabilaan ang *red-tagging* sa mga progresibong indibidwal, organisasyon at mga kritiko ng gubyernong Duterte.

Maging ang mga kilalang artista at *celebrities* na sina Angel Locsin, Liza Soberano at dating Miss Universe Catriona Gray ay di nakaligtas sa walang patumanggang *red-tagging* at *anti-communist witch hunt* ng nauulol na *attack dog* ni Duterte na si General Parlade.

Dapat din nating kalampagin ang gubyernong Duterte para itulak at ipaalala sa kanila na anumang oras o araw man ng linggo, obligasyon nilang hatiran ng tulong ang mga mamamayang napinsala o biktima ng mga kalamidad tulad ng nagdaang bagyong Rolly. Kinakailangang gawin ng taumbayan ang pangangalampag dahil sa napakasama ng rekord ng pamahalaang Duterte pagdating sa *disaster preparedness* at sa aktwal na pagtulong sa mga biktima ng kalamidad sa bansa tulad ng naranasan ng mga mamamayan sa Timog Kagalugan noong pagputok ng bulkang Taal at sinundan pa ng nagdaang bagyong Quinta.

Kumpara sa administrasyong Duterte at mga lokal na gubyerno, mas malaki ang ginampanang papel, iniambag at naitulong ng rebolusyonaryong kilusan, ng mga progresibong grupo at organisasyon, mga pribadong indibidwal at institusyon sa paghahatid ng ayuda at rehabilitasyon sa mga napinsalaan ng ari-arian at kabuhayan na mga mamamayan ng rehiyong Timog Katagalugan dulot ng pagputok ng bulkang Taal at bagyong Quinta.

Sadyang pabaya, mabagal kumilos at walang masyadong pakialam ang gubyernong Duterte sa maaaring epekto at kahahantungan ng buhay at kabuhayan ng mamamayang PIlipino mula sa mga tatamang bagyo sa bansa. Minsan pang napatunayan ang kabagalan at kawalan ng lubos na paghahanda ng gubyernong Duterte sa paparating na *super typhoon* Rolly. Sing-aga pa lamang ng Oktubre 29, 2020 ay inanunsyo

na ng Philippine Atmospheric Geophysical and Astronomical Services Administration (PAGASA) ang paparating na super bagyong Rolly na tatama sa kalupaan ng Bicol subalit noon lamang Nobyembre 1, 2020, matapos ang ikatlong landfall ni Rolly sa San Narciso, Quezon, saka lamang nagkukumahog na nagpulong ang National Disaster Risk Reduction and Management Council (NDRRMC) at ilang piling gabinete ni Duterta para pag-usapan ang "inisyal na pinsala" sa bansa na idinulot ng bagyong Rolly at mula dito magkoordina ng mga ipapadalang tulong. Masyadong ipinaubaya ng national government ang paghahanda at pagharap sa paparating na super typhoon Rolly sa mga lokal na gubyerno na kapos sa rekurso at pondo.

Sa kasagsagan din ng bagyong Rolly, habang hinahagupit at binabayo ng malalakas na ulan at hangin ang mga kababayan natin sa Bikol at Timog Katagalugan, wala sa eksena si Duterte para pangunahan ang pulong ng NDRRMC. Naruon siya sa kanyang marangyang tahanan sa Davao City, kapiling ang mga mahal sa buhay, nagpapasarap sa kanyang maalwan at maginhawang buhay.

Sagad ang kapal ng mukha, walang kahihiyang ipinagtanggol pa ni Secretary Harry Roque, tagapagsalita ni Duterte, ang kanyang among si Duterte sa harap ng malawakang pagbatikos ng taumbayan dahil sa hindi nito pagdalo sa pulong ng NDRRMC noong Nobyembre 1, 2020. Pinalalabas ni Secretary Roque na walang mali sa ginawa ni Duterte dahil araw naman daw ito ng linggo at araw ng pahinga ng pangulo at iba pang mga opisyal ng gubyerno. Nais pa niyang palabasin na mapalad pa ang mamamayang Pilipino na kahit araw ng Linggo ay patuloy na nagtatrabaho ang mga tauhan ng gubyerno ni Duterte.

Wala nang natitirang kahit maliit na butil na kahihiyan kay Secretary Harry Roque. Gusto pang sabihin ni Secretary Roque na kung may papasok man na mga bagyo sa bansa dapat hindi araw ng sabado at linggo  para hindi apektado ang pamamahinga ng mga tauhan at opisyal ng gubyerno. Garapal pang ipinagtanggol nina Senador Gordon at Sotto na walang maling magpahinga kung Linggo ang Presidente at mga upisyal ng gobyerno at kahit ang Diyos ay ipinag-uutos na magpahinga sa araw ng Linggo.

Kung ang gubyernong Duterte ay walang pakialam at malasakit sa kapakanan at interes ng sambayanang Pilipino, dalisay at wagas naman ang pagmamahal ng rebolusyonaryong kilusan sa sambayanang Pilipino. Walang pinipiling oras, araw at panahon ang paglilingkod ng CPP-NPA-NDFP sa sambayanang Pilipino.  Kahit delikado at  masungit ang panahon, sinusuong ng mga yunit ng New Peoples Army ang peligro  basta makapagligtas lamang ng buhay ng masang nasa bingit ng panganib at kamatayan.

Walang hinihinging kapalit o pabor ang paglilingkod ng rebolusyonaryong kilusan sa sambayanang Pilipino. Sa loob ng mahigit limang (5) dekada ay pinanday at pinatatag nito ang sarili sa diwa ng paglilingkod at pagpapauna sa kapakanan at kagalingan ng mga api't pinagsasamantalahang uri't sektor ng lipunang Pilipino. Mahusay ang rekord ng rebolusyonaryong kilusan sa pagtugon  sa mga pangkagipitan, sa mga kalamidad at sakuna, dulot man ito ng tao o kalikasan, na nararanasan ng mamamayang Pilipino.  Palibhasa'y laging kapiling ang higit na nakararaming bilang ng populasyon ng bansa---ang mga magsasaka, ang rebolusyonaryong kilusan at mga organo ng kapangyarihang pampulitika ang unang nakatutugon

sa mga pangangailangan ng mga mamamayang biktima ng mga kalamidad, sakuna at trahedya sa mga kanayunan ng bansa lalo na ang mga bulnerableng mahihirap na sektor na mga magsasaka, manggagawang bukid at pambansang minorya.

Ang paghahatid ng tulong at serbisyo sa masa ay pamalagiang tungkulin din ng rebolusyonaryong kilusan. Araw-araw ay nagsasagawa ito ng mga serbisyong medikal at dental at pana-panahong nagpapatupad ng mga medical and dental mission.  Regular ang pagtulong at paglahok nito sa gawaing produksyon ng masa, pagsasagawa ng mga kampanya sa edukasyon, literasya at numerisya. Lalo nitong pinasigla ang paglulunsad ng mga  kampanya sa kalusugan at sanitasyon bilang bahagi ng pagharap at paglaban ng rebolusyonaryong kilusan sa pandemyang Covid-19.   Naisasagawa nito ang iba't ibang serbisyo sa masa  kasabay sa pang-araw araw na gawaing pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos.

Kaya naman labis din ang pagmamahal at ginagawang pagtangkilik ng mga mamamayan sa rehiyon sa CPP-NPA-NDFP.  Pagkalinga, pangangalaga sa seguridad at boluntaryo silang nag-iipon (batay sa kanilang kakayahan) ng pondo para  sa pang araw araw na pangangailangan ng rebolusyonaryong kilusan. Laging kinasasabikan ng masa ang pagdating sa kanilang baryo at mga tahanan ng yunit ng New Peoples Army sa kanilang lugar.  Kapanatagan at kaligayahan para sa kanila na muling makapiling ang kanilang tunay na mga bayani at lingkod ng bayan.

Patuloy din ang paglaki't paglawak ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon dahil sa dumaraming bilang ng mamamayan ang naoorganisa

sa mga lihim na organisasyong masa at ang iba ay nagpasyang humawak ng sandata at sumasapi sa NPA.

Sa kabilang banda, labis naman ang kanilang galit at pagkamuhi sa mga mersenaryo at pasistang tropa ni Duterte na AFP at PNP na walang ibang idinulot sa kanila kundi mga kapighatian at mga paglabag sa kanilang mga karapatang pantao. Sila'y biktima ng mga sapilitang pagpapalikas dahil sa mga pambobomba ng AFP sa kanilang mga komunidad at pamayanan. Saksi sila sa mga pagpatay, karahasang militar at sa patuloy na paghahasik ng takot at teror ng AFP at PNP. Para sa kanila ang AFP, PNP at pasistang rehimeng US-Duterte ang tunay na mga teroristang kailangang labanan at wakasan. Umasa ang taumbayan, may bagyo at kalamidad man o wala, ang rebolusyonaryong kilusan sa Timog Katagalugan ay patuloy na itinataas at pinalalakas ang kakayahan at kapasidad nito sa pagsusulong ng Demokratikong Rebolusyon ng Bayan (DRB) at sa pagtugon sa mga pangangailangan at kagalingan ng mga mamamayan sa rehiyon at buong sambayanang Pilipino. T

## Inutil na rehimeng Duterte, sanhi ng pagdurusa ng mga biktima ng pag-aalburuto ng bulkang Taal

*Hulyo 30, 2021*

Dapat na kondenahin at singilin ng mamamayan ng TK ang rehimeng Duterte sa pabaya, inutil at walang puso nitong tugon sa daing ng mamamayang biktima ng pag-aalburuto ng bulkang Taal. Wala itong ginawa para ibsan ang kalagayan ng mga apektado ng sakuna. Mas malala pang sakuna sa Taal ang pagiging pangulo ni Duterte at paghahari ng kanyang ganid na pangkatin.

Mula nang sumabog ang bulkan noong 2020, hindi nagkaroon ng seryoso at komprehensibong pagsisikap ang reaksyunaryong gubyerno para ibangon ang may 500,000 residente ng Batangas at Cavite na nawalan ng tirahan at kabuhayan. Masahol pa, ginamit lang ng rehimen ang sakuna para makapangurakot, magpabango ng imahe, at bigyang-daan ang mga kontra-mamamayang proyektong pangkaunlaran ng mga dayuhan at malalaking burgesya kumprador pangunahin ang Metro Taal-Tagaytay Development Project. Wala ring maagap na tugon sa mga apektadong komunidad na simula Pebrero 2021 ay naliligalig na ng pag-aalburuto ng bulkan.

Nararapat ilantad sa buong bayan ang kriminal na kapabayaang ng rehimeng Duterte mula pa noong 2020. Bagamat bumaba sa Alert Level 2 mula Alert level 3 noong Hulyo 1 ang Taal, nananatiling mapanganib ang paligid ng bulkan. Nitong Hulyo,145 barangay ang apektado at

halos 22,000 indibidwal ang nadisloka ng pag-aalburuto ng bulkan. Nasa 5,922 tao lamang ang kayang iakomoda ng 26 evacuation center, ayon sa NDRRMC.

Naglaho ang daan-daang milyong pisong pondo para sa rehabilitasyon at mga proyektong pangsagip sa kabuhayan na ipinangalandakan ng rehimen. Ilang araw matapos ang pagsabog, nagyabang si Duterte na may P 598 milyon para sa mga komunidad na apektado ng sakuna. Ngunit patunay ng ilang biktima, P 495 lang ang kanilang natanggap mula sa gubyerno, habang ang iba'y wala ni isang kusing.

Noong Marso 2021, inamin ng mismong NEDA-CALABARZON na walang pondo para sa mga ipinagyayabang nilang proyektong pang-rehab na nagkakahalaga ng P42 bilyon. Apektado nito ang P11.54 bilyong-halaga ng mga proyektong pabahay at P9.48 bilyong alokasyon para sa pagsalba sa agrikultura at aquaculture sa rehiyon. Anila, 86% sa mga proyekto ang walang pagkukunan ng pondo dahil inilaan ang pera sa pandemya.

Kung totoo mang inilaan ang pondo para sa pandemya, bakit ga-mumo lang ang nakuhang ayuda ng mga pamilyang bakwit sa panahon ng lockdown? Sa kasagsagan ng paghihigpit ay gutom ang mga bakwit. Wala ring maayos na serbisyong pangkalusugan para tiyakin ang kanilang kaligtasan mula sa bayrus.

Ang totoo'y nilustay ng rehimen ang pondong pang-ayuda at pang-rehabilitasyon sa pagbili ng mga kagamitan at sasakyan para sa marahas nitong kontra-rebolusyonaryong gera. Ipinamudmod din ito

sa mga kurakot na opisyal ng AFP, PNP, mga pambansang ehekutibong ahensya at mga kapanalig sa pulitika na sinasandigan ni Duterte para manatili sa poder. Kung ikukumpara sa P16-bilyong pondo para maging palabigasan ng mga heneral at pulitiko na Barangay Development Program, mistulang barya ang P27-milyong halaga ng tulong na ipinamigay sa mga biktima ng Taal noong Enero 2020.

Resulta ng katiwalian at kapabayaan ang pananatili mula pa noong 2020 ng daan-daang pamilya sa mga *evacuation center* at grabeng kahirapan ng mga mangingisda, magsasaka at maliliit na negosyante. Sa Balete, Batangas, mayroon pang nakatira sa mga tent. Kung mayroon mang mga naitayong pabahay ay malayo ang mga ito sa pook-trabaho at walang seribisyo, pasilidad at yutilidad. May kaakibat ding mga buwanang bayarin na papasanin pa ng mga nawalan ng trabaho. Pinahigpit pa ang kontrol sa mga bakwit at kanilang galaw buhat ng mga ipinatupad na lockdown at sistemang logbook.

Seryosong panganib at nakaambang sakuna ang kinakaharap ng mamamayan ng TK ngunit wala sa hinagap ni Duterte at ng kanyang gubyerno na tugunan ito. Tigas-mukha pa itong nag-aabala sa mga pakana para magkapit-tuko sa kapangyarihan ngayong palipas na ang kanyang termino.

Ang ganitong kamanhid at kawalang kwentang pinuno ay labis nang kinasusuklaman at hindi na kayang tiisin ng taumbayan. Tiyak siyang pananagutin sa kriminal na pag-aabandona sa mga biktima ng pagsabog ng bulkang Taal at iba pang sakunang dumaan sa bansa. Marapat ipamalas ng mamamayan ng TK ang kanilang galit sa maaalab

na pagkilos at pakikibakang bayan para ibagsak ang rehimen at biguin ang pakana ni Duterte manatili sa kapangyarihan lampas sa 2022. T

# 5
# KORAPSYON

## Tulad ng pekeng kampanya kontra-droga, pekeng anti-korapsyon ni Duterte lubusan nang nalantad

*Nobyembre 29, 2019*

Malinaw na isang hungkag, peke at wala ni katiting na katotohanan ang ipinangangalandakan ng pasistang rehimeng US-Duterte na ang kanyang pamahalaan ay masugid na kalaban ng katiwalian at korupsyon sa loob ng gubyerno. Ang tunay na intensyon ng kampanya ni Duterte laban sa katiwalian at korupsyon sa gubyerno ay birahin ang maliit na korap at tiwaling opisyal para itago, pagtakpan at iligtas sa mata ng bayan ang sarili, pamilya at mga masusugid na kaalyado na siyang kumukopo ng limpak limpak na pondo ng bayan mula sa mga korakot, komisyon at lagayan na talamak sa mga proyekto ng gubyerno at mga pribado sa ilalim ng *Build, Build, Build* at *public-private-partnership* (PPP) *program* nito.

Ang ilan sa pinatatalsik ni Duterte sa kanyang administrasyon na mga kaibigan at kaalyado dahil sa bintang na katiwalian at korupsyon ay mga pakitang gilas lamang para linlangin at papaniwalain ang taumbayan na seryoso ang kanyang gubyerno laban sa korupsyon. Hindi lang makailang beses sabihin ni Duterte sa kanyang mga pahayag sa publiko na hindi siya magdadalawang-isip na sipain sa pwesto sa gubyerno ang mga kaibigan, kaalyado at taga suporta na masasangkot o mababahiran man lang ng simoy ng korupsyon.

Ngunit ang ganitong mga pahayag ni Duterte ay iba at taliwas sa pangyayari kay Captain Nicanor Faeldon at iba pa niyang dating tauhan sa Bureau of Customs (BOC) na matapos masangkot sa pagpupuslit ng bilyong halaga ng iligal na droga ay inilipat lang sa ibang ahensya ng gubyerno. Sa kaso ni Faeldon itinalaga muna siya ni Duterte sa Office of the Civil Defence (OCD) ngunit di nagtagal muling itinalaga bilang Director General ng Bureau of Corrections (BuCor). Kinalaunan muling nasangkot si Faeldon sa maanomalyang pagpapatupad ng Good Conduct Time Allowance (GCTA) na siyang nagtulak kay Duterte na siya'y sibakin dahil sa matitinding pagtuligsa at protesta ng taumbayan.

Muling naganap ang pagkapuslit ng bilyong halaga ng iligal na droga sa BOC sa panahon ni dating General Isidro Lapeña na pumalit kay Captain Faeldon. Tulad kay Faeldon, inilipat lamang si Lapeña ni Duterte bilang Director ng Technical Skill and Development Authority (TESDA). Sa dalawang pangyayaring naipuslit sa bansa ang bilyong halaga ng iligal na droga na dumaan sa BOC, nasangkot ang mga pangalan ng anak ni Duterte na si Paolo Duterte at ang kanyang

manugang na si Atty. Mans Carpio na asawa naman ni Inday Duterte Carpio.

Hind nakapagtataka kung alagaan at ipagtanggol ni Duterte sina Faeldon, Lapeña at iba pang opisyal ng Bureau of Customs dahil tumulong sila para maipuslit sa bansa ang bilyon-bilyong halaga ng iligal na droga mula sa mga kasabwat na sindikato ng pamilyang Duterte sa bansang China.

Hanggang sa kasalukuyan ay hindi pa rin sila nakakasuhan para papanagutin sa batas sa kanilang mga nagawang katiwalian.

Ang pinakahuling patunay na huwad at palabas lamang ang kampanya kontra korupsyon ni Duterte ay ang maaga niyang pag-abswelto kay Allan Peter Cayetano, Speaker ng mababang Kongreso na siyang pinuno ng pribadong entidad na Philippine Sea Games Organizing Committee (PHISGOC) kahit hindi pa man nasisimulan ang imbestigasyon sa maanomalyang paghawak nito ng pondo para sa hosting ng Pilipinas sa ika-30 South East Asian Games. Kumbaga sino pa ang mangangahas at maglalakas-loob na malalim na mag-imbestiga upang mapanagot ang mga imbwelto sa palpak na hosting sa South East Asian Games kung mismong si Duterte ay agad pinawalang-sala si Congressman Cayetano na siyang pinuno ng PHISGOC? Sino pa ang mag-iimbestiga sa napakalaking halaga na 55 milyon na ginastos sa pagtatayo ng Cuadron kung mismong si Duterte ay walang nakikitang mali at kanya pang binigyang katwiran at ipinagtanggol ang napakalaking halaga bilang “work of art”?

Tulad ng kampanya sa iligal na droga, huwad at hungkag ang anti korupsyon ni Duterte. Wala nang kredibilidad sa taumbayan ang kanyang kampanya laban sa katiwalian. Dapat lang na patuloy itong ilantad at mariing batikusin ng taumbayan. Igiit ang pagpapanagot sa lahat ng mga magnanakaw sa loob ng adminitrasyong Duterte at dapat magsimula sa pagpapanagot kay Duterte bilang punong korap at tiwaling opisyal ng bansa, ng kanyang malalapit na pamilya, kaibigan at tagasuporta. Dapat puspusang ilantad ang papel ni Duterte at ng kanyang mga kroni sa pakikipagsabwatan sa mga malalaking negosyante at burgesya komprador sa bansang China na nakakuha ng pabor sa mga proyekto ng bansa sa ilalim ng Build, Build, Build program nito Ang lantarang pagbebenta ni Duterte ng pambansang soberenya at patrimonya ng Pilipinas sa bansang China ay may seguradong kapalit at benepisyo sa kanya, sa kanyang pamilya at malalapit na alipures. **T**

## Hinggil sa pagkakasangkot ng mga pulis sa iligal na droga

*Pebrero 17, 2020*

Mahigpit na kaisa ng taumbayan ang National Democratic Front-Southern Tagalog (NDF-ST) sa mariing pagkondena at pagbatikos sa pamunuan ng Philippine National Police (PNP), lalo na sa pinuno nitong si General Archie Gamboa, sa malamyang pagtrato at pagmamaniobra upang maprotektahan ang ilang matataas na opisyal na kabilang sa 357 pulis na nasa listahan ni Duterte na mga sangkot sa iligal na droga.

Mariin ding kinokondena ng NDF-ST si Rodrigo Roa Duterte, ang Hari ng mga *druglords* sa bansa, sa agarang pag-abswelto at paglilinis ng pangalan ni Lt. Col. Jovie Espenido sa alegasyon ng pagkakasangkot nito sa iligal na droga kahit wala pang nagaganap na seryoso, malalim, ekstensibo at independyenteng imbestigasyon sa kanya. Si Lt. Col. Espenido at 2 General, na hindi pa pinapangalanan na nakatalaga sa Camp Crame, ay kabilang sa 357 na mga pulis na nasa listahan ni Duterte na sangkot sa iligal na droga.

Ang maagang pag-abswelto ni Duterte kay Lt. Col. Espenido ay atas sa PNP na itigil ang anumang imbestigasyon na gagawin sa opisyal. Nangangamba si Duterte na maaring malagay sa peligro at malantad sa publiko si Lt. Col. Jovie Espenido, na kanyang masugid na tauhan sa mga operasyon at pagpatay sa mga karibal ng kanyang pamilya at mga

kaibigan sa kalakaran ng iligal na droga sa bansa, sakaling dumaan ito sa isang masusi, malaya at seryosong imbestigasyon. Malaki ang ginampanang papel ni Lt. Col. Espenido sa paggupo sa dominasyon ng pamilyang Espinosa sa kalakaran ng iligal na droga sa Visayas at pamilyang Parojinog sa Hilagang Mindanao na pawang malakas na mga karibal ng pamilyang Duterte.

Paulit-ulit lang na nilalantad ni Duterte ang sarili na walang magaganap na makatotohanan at kapani-paniwalang imbestigasyon sa PNP at AFP kapag ang kanyang mga matatapat na opisyal at tauhan ang masasangkot sa katiwalian at krimen.

Labis din ang pagiging garapal ni General Gamboa para paalahanan ang publiko na huwag agad husgahan ang 357 na mga pulis na nasa listahan ni Duterte na sangkot sa iligal na droga. Nagawa pa niyang pagsabihan ang taumbayan na respetuhin ang identidad at katauhan ng mga nasasangkot na pulis dahil karapatan nila ang dumaan sa tamang proseso. Dapat daw ituring ng taumbayan na ang mga sangkot ay inosente hangga't hindi pa sila napatutunayan ng batas na nagkasala, paggigiit pa ni General Gamboa.

Walang karapatan at prestihiyo si Gen. Gamboa na humiling sa taumbayan ng respeto para sa kapulisan. Dahil ang mga katulad nila ay hindi karapat-dapat bigyan ng suporta at respeto ng taumbayan. Bakit? Nirespeto ba nila ang karapatang pantao ng libo-libong biktima sa kanilang Operasyong Tokhang/Double Barrel? Nirespeto ba nila ang mga karapatan ng mga naging biktima ng kanilang mga iligal na panghahalughog, pang-aaresto, pagsasampa ng gawa-gawang mga kaso at pagpapakulong batay talamak na pagtatanim ng ebidensya?

Nakakagalit at lalong nakakapagpuyos ng damdamin ang mga pahayag na ito ni General Gamboa. Daig pa ang isang maamong tupa kung makiusap at humiling sa taumbayan ng kanilang pag-unawa kapag ang kapulisan ang nasasangkot sa katiwalian at krimen. Subalit walang kapares naman ang kalupitan, tulad ng kanilang among si Duterte, sa mga ordinaryo at mahihirap nating kababayan na walang patumanggang pinagbibintangan at inaakusahan bilang mga kasapi at mga taga-suporta ng CPP-NPA-NDFP ganundin ang mahihirap nating kababayan na pinaratangang imbwelto sa iligal na droga.

Ang aming tanong, pinadaan ba nila sa tamang proseso at binigyan ng pagkakataong maipagtanggol ang sarili ng daan-daang biktima ng *extra judicial killings* mula sa hanay ng mga progresibo at tagapagtanggol ng karapatang pantao? Pinadaan ba nila sa tamang proseso at binigyan ng pagkakataong ipagtanggol ang sarili ng libu-libong biktima ng madugong kampanya ng pasistang rehimeng US-Duterte sa iligal na droga? Sa maraming pagkakataon hindi pa man sila napatutunayang nagkasala, sa panig ng pasistang rehimeng US-Duterte, sila ay may kasalanan na kailangang nyutralisahin o paslangin. Mapalad ang iba na hanggang pagsasapubliko lamang ng kanilang mga pangalan ang ginawa ng rehimeng Duterte at hindi humantong sa kanilang kamatayan.

Lalong nakakagalit ang malamyang hakbang ni General Gamboa na naglalayong proteksyunan at paboran ang mga matataas na opisyal ng PNP na nasa *drug watchlist* sa pamamagitan ng paghihikayat sa mga ito, sa ngalan di umano ng internal na paglilinis ng PNP, na mas piliin ang maagang pagreretiro para makuha pa nila ang kanilang mga benepisyo. Umani lalo ng batikos mula taumbayan ang baluktot

na hakbang na ito ni General Gamboa. Para sa kanila hindi kapani-paniwala at katanggap-tangap ang mga rason at pilipit na paliwanag ni General Gamboa na kahit maagang magretiro ang mga sangkot na mga opisyal ay maaari pa rin silang habulin at kasuhan sakaling mapatunayan na sangkot sila sa iligal na droga. Wala silang katiwa-tiwala sa PNP na mangyayari ito. Sa mata ng taumbayan palusot na lamang ito ni General Gamboa para pagtakpan at protektahan ang mga kabaro niya na malalapit sa Malacañang at sa pamilyang Duterte.

Wala nang pag-asa pang maisalba ang bulok at naaagnas nang imahe ng PNP at AFP dahil sa pagiging mersenaryo at talamak na kultura ng katiwalian at kabulukan na nasa kaibuturan ng pag-iral nito. Nakilala ang AFP at PNP bilang marahas na instrumento ng reaksyunaryong estado sa panunupil at paghahasik ng karahasan at terorismo sa taumbayan. Sa kabilang banda, ginagampanan ng AFP at PNP ang mapagpasyang papel bilang gulogod sa pagtataguyod at pagtatanggol ng makauring paghahari't pagsasamantala ng malalaking burgesya-komprador at panginoong maylupa, ng mga burukrata-kapitalista at ng amo nilang mga imperyalista sa bansa.

Malayong malayo ang kaibahan ng New Peoples Army (NPA), bilang rebolusyonaryong Hukbo ng sambayanang Pilipino na minahal at tinangkilik ng sambayanan sa loob ng mahigit sa 5 dekada. Para sa sambayanang Pilipino, ang New Peoples Army ang karapat-dapat na umani ng kanilang suporta bilang tunay na mga lingkod ng bayan at maasahan sa pagsusulong at pagtatanggol ng kanilang mga interes at kapakanan. Ang NPA ang lagi nilang nasasandalan at naaasahan sa oras ng kanilang pangangailangan at kagipitan lalo na sa panahon ng mga sakuna at kalamidad kung saan ang NPA at iba pa nitong

kaalyadong organisasyon ang unang nakararating sa lugar upang sila'y saklolohan at hatiran ng tulong. Ang NPA ang mahigpit nilang katuwang sa pagsusulong at pagkakamit ng mga tagumpay ng rebolusyong agraryo. Ito ang dahilan kung bakit patuloy na lumalakas at lumalaki ang kasapian ng NPA dahil sa natatamasa nitong papalawak at papalalim na suportang masa.

Kung gaano pinapahalagahan at pinadarama ng taumbayan ang pagmamahal nila sa NPA, sa kabilang banda, galit at pagkamuhi naman sa AFP, PNP at pasistang rehimeng US-Duterte ang kanilang malakas na isinisigaw. T

## Si Duterte ang unang dapat mapatalsik sa pwesto dahil sa kainutilan, kapalpakan at kriminal na kapabayaan ng Department Of Health!

*Agosto 17, 2021*

Nagpupuyos sa galit ang damdamin ng taumbayan sa inilabas na ulat ng Commission on Audit (COH), isang independenteng Komisyon sa ilalim ng 1987 Konstitusyon ng Pilipinas, kaugnay sa mga nakita nilang kakulangan, problema sa pangangasiwa, paggamit at paggasta ng Department of Health (DOH) sa mahigit sa P67.32 Bilyong pondong inilaan sa ahensya noong 2020 kaugnay sa paglaban ng bansa sa nakamamatay na sakit na Covid-19. Sinalubong ng batikos at pagkundena ng sambayanang Pilipino ang pasistang rehimeng US-Duterte sa mga natuklasan ng COA na anomalya at katiwalian sa DOH at iba pang ahensya ng gubyernong Duterte sa gitna ng libo-libong Pilipino ang araw-araw na nagkakasakit sa Covid-19 at daan-daan din ang namamatay. Sa ulat ng DOH noong Agosto 16, 2021, may kabuuang 14,610 ang bagong nagkaroon ng Covid-19, 10,694 ang gumaling at 27 ang pumanaw. May kabuuang 1,765,846 ang nagkasakit, 1,618,808 ang gumaling at 30,366 ang namatay. Nasa 106,672 naman ang kasalukuyang nagpapagaling sa iba't ibang pagamutan sa bansa ayon sa DOH.

Sa taunang pagsusuri o pagtutuos (auditing) ng COA sa DOH noong katapusan ng 2020, natuklasan ng COA ang mga kakulangan ng DOH sa pagsunod sa mga proseso at batas (procurement law) sa pagbili nito

ng mga kagamitan at pangangailangang medikal. Nasuri din ng COA na may mga hindi nagamit na pondo ang DOH, mga labis na paggasta ng ahensya at pagbili ng mga gamot na malapit nang mapaso. Bukod dito, may milyon-milyong halaga na mga biniling gamot ang DOH ang natuklasan ng COA na nakaimbak lamang sa mga bodega at malapit na ring mapaso dahil sa kabagalan at kapabayaan ng ahensya na maipamahagi ang mga ito sa mga nangangailanganan.

Nabigo din ang DOH at gubyernong Duterte na maipatupad ang pagbibigay ng *hazard's pay* o *special risk allowances* at iba pang ayuda sa mga manggagawang pangkalusugan na nagkakahalaga ng P15 Bilyon sa ilalim ng Bayanihan 2. Hindi nakapagtataka kung bakit maraming mga manggagawang pangkalusugan, lalo na ang mga nars sa mga pribadong ospital, ang nagbitiw dahil sa mababang sahod na natatanggap sa halos 12-16 oras na trabaho at kawalan ng ayudang natatanggap mula sa gubyerno. Ayon din sa COA, mayroong P3.4 bilyong piso na tulong mula sa labas ng bansa ang hindi nagamit sa nakaraang taon dahil sa patumpik-tumpik o pag-aaksaya ng panahon ng DOH sa pagpapatupad ng proyektong pinondohan ng mga dayuhang gubyerno sa paglaban sa Covid-19. Sinayang ni Duterte at ng DOH ang panahon, oportunidad at rekurso sa hindi nito pagpapatupad ng nasabing mga proyekto sa tulong ng dayuhang gubyerno, dagdag pa ng COA.

Tulad ng inaasahan, muling ipinagtanggol ni Duterte si Duque mula sa kabi-kabilaang batikos at panawagan ng taumbayan sa kanyang pagbibitiw o pagsibak sa pwesto. Patuloy na naniniwala at ipinagtatanggol ni Duterte si Secretary Duque sa kabila ng nagdudumilat na katotohanan na wala itong kakayahan para

pangasiwaan ang DOH na siyang pangunahing ahensya ng gubyerno sa pagharap at paglaban sa pandemyang Covid-19.

Malaon nang nananagawan ang taumbayan, lalo na mula sa hanay ng mga manggagawang pangkalusugan, mga dalubhasa sa medisina at mayorya ng mga senador, na dapat nang sibakin si Secretary Duque dahil sa masamang pagganap niya bilang pinuno ng DOH at kawalang kakayahan nitong pamunuan ang ahensya sa paglaban sa pandemya. Una nang nabalot sa kontrobersya ang DOH dahil sa anomalya sa Philippine Health Insurance (PhilHealth) kung saan si Duque ang siyang Chairman of the Board. Subalit nalulusutan ni Duque ang malakas na panawagan ng taumbayan para sa kanyang pagbibitiw dahil sa suporta at pagtatanggol sa kanya ni Duterte. Ano pa nga ba ang aasahan kundi protektahan ng nuno ng mga korap ang mga kabig at kasapakat nito.

Sa halip na atasan ni Duterte na magsagawa ng malalimang imbestigasyon si Duque hinggil sa natuklasan ng COA na mga problema, kakulangan at maling pangangasiwa ng DOH sa pondo ng bayan, mabilis na inabswelto pa ni Duterte si Duque at ang COA pa ang minasama, binatikos at binalaan ni Duterte samantalang tungkulin at trabaho lamang ng COA ang magsagawa ng taunang pagsusuri at pagtuos sa paggamit ng pera na bayan hindi lamang ng ehekutibo kundi maging ang lehislatura at hudikadura.

Dapat suportahan ng taumbayan ang ginagawang matapang at matapat na pagtutuos ng COA sa gubyernong Duterte hinggil sa paggamit nito sa pondo ng bayan, lalo na ang nakalaan sa paglaban sa pandemya. Tungkulin at nasa mandato ng COA na pangalagaan ang paggamit ng pondo ng bayan ng sinumang sangay ng gubyerno.

May gustong pagtakpan si Duterte sa ginawa nitong agarang pag-abswelto kay Duque sa anumang pananagutan sa nangyayaring kapalpakan sa DOH. Dahil sa masugid na pagtatanggol ni Duterte kay Duque, lalong lumilinaw at nagkakatotoo ang hinala ng marami na nakikinabang si Duterte sa mga anomalya at korupsyon sa loob ng DOH.

Dapat mariing kondenahin si Duterte sa pag-aatas niya sa kanyang mga gabinete na balewalain ang mga natuklasan ng COA sa pagsusuri (auditing) sa paggamit ng gubyerno sa pondo ng bayan. Lansakang pagbabalewala ito sa mandato ng COA na tinakda ng 1987 Constitution. Walang karapatan si Duterte na panghimasukan at pigilan ang trabaho at tungkulin ng COA bilang isang independenteng ahensya sa ilalim ng 1987 Constitution. Kung matatandaan halos lahat ng mga kagawaran at ahensya ng gubyernong Duterte ay kinakitaan ng COA na mga problema at anomalya. Isang halimbawa nito ang P 780.71 Milyong pondo ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) ang hindi nagamit noong 2020 bilang ayudang pinansyal sa rehiyon ng Cordillera, mga rehiyon ng 2,7,8 at 11. Nasa 139,300 na mga pamilya o 696,500 indibidwal ng naturang mga rehiyon ang hindi nakatanggap ng ayuda na dapat ipinagkaloob sa kanila ng DSWD. Bukod dito, may natuklasan ding problema ang COA sa DOLE, LTO, NTF-ELCAC at iba pang ahensya ng gubyerno. Naging lantaran at talamak ang mga katiwalian at korupsyon sa gubyernong Duterte na sabi nga ni Senator Manny Pacquiao ay triple ang inilaki kumpara sa nakaraang mga taon.

Sa ginawang pagbatikos ni Duterte sa COA, lalong nilantad lang niya ang pagiging huwad ng kanyang kampanya laban sa korupsyon sa loob ng gubyerno. Kung tutuusin, sinamantala pa nga ni Duterte at

ng kanyang mga kasapakat ang pandemya para higit na magkamal ng limpak-limpak na salapi sa kapinsalaan ng buhay at kalusugan ng mamamayang Pilipino.

Kung may kailangan mang agarang sipain at patalsikin sa pwesto, ito'y walang iba kundi si Duterte. Hanggat nanatili sa poder si Duterte, hindi malalagpasan ng bansa ang kinakaharap nitong krisis sa ekonomya at pangkalusugan kahit magbitiw o patalsikin pa sa katungkulan si Duque bilang Secretary ng Department of Health (DOH). Totoong may bahagi at pananagutan si Duque sa nangyayaring kriminal na kapabayaan ng gubyernong Duterte sa paglaban nito sa Covid-19. Subalit higit ang bigat ng kriminal na pagkakasala ni Duterte sa taumbayan dahil siya ang pangunahing arkitekto ng palpak, bigo at maanomalyang paglaban ng gubyerno sa Covid-19. Si Secretary Duque ay matapat lamang na tagasunod sa nais mangyari ni Duterte kung ano ang mga gagawin at paano lalabanan ang pandemyang Covid-19.

Sapul nang maluklok sa kapangyarihan si Duterte lalong dumanas ang mamamayang Pilipino nang walang kaparis na kahirapan at panunupil na mas masahol pa sa buong panahon ng diktadurang Ferdinand E. Marcos (1972-1986). Lalo pang tumindi ang kahirapan at panunupil nang manalasa sa bansa ang Covid-19 dahil na rin sa kabagalan ng gubyernong Duterte na umaksyon para mapigilang makapasok sa Pilipinas ang nakamamatay na bayrus at ganundin ang usad-pagong na mga hakbang para mapigilan ang mabilis na pagkalat nito sa bansa. Sa halip na magpatupad ng mga hakbanging nakabatay sa syensya at medisina na matagal nang itinutulak ng mga dalubhasa sa medisina at nakahahawang mga sakit, patuloy ang gubyernong Duterte sa pagpapatupad ng militaristang lockdown bilang estratehiya sa

paglaban sa Covid-19. Wala ni anumang katiting na pagpapahalaga at malasakit si Duterte sa kapakanan ng mga mahihirap nating kababayan na siyang pangunahing tinatamaan ng mga ginagawang panghihigpit ng gubyerno alinsunod sa kanilang militaristang sistemang lockdown.

Nananawagan ang NDF-ST sa sambayanang Pilipino, lalo na ang mga mamamayan sa rehiyong Timog Katagalugan, na pag-ibayuhin ang paglaban sa pasistang rehimeng US-Duterte. Ituon ang bigwas sa pasistang rehimeng US-Duterte. Walang ibang dapat singilin at papanagutin sa patuloy na paglala ng kahirapan, panunupil sa karapatang pantao, mga pagpatay at krisis pangkasulugan ng bansa kundi si Duterte. Si Duterte ang unang dapat mapatalsik sa pwesto upang kahit paano mabawasan ang nararanasang paghihirap ng bayan at karahasan ng estado.

Dapat paghandaan, pigilan at biguin ng taumbayan ang plano ni Duterte na makapanatili sa kapangyarihan lagpas sa Hunyo 30, 2022 alinman sa pagdedeklara ng Martial Law (sa pamamagitan ng gawa-gawa at kahina-hinalang dahilan) at pagtakbo bilang Bise Presidente na katambal alinman sa kanyang anak na si Sara Duterte o ang kanyang dakilang alalay na si Christopher “Bong” Go. Tiyak na gagawin ni Duterte ang lahat ng tipo ng pandaraya sa darating na halalan sa Mayo 2022 para manatili lang siya sa kapangyarihan o di kaya’y maluklok ang isang tau-tauhang pangulo.

Sinusuportahan din ng NDF-ST ang malapad na kilusan ng mamamayang nanawagan sa pagwawakas sa anim (6) na taong paghahari ni Duterte. Higit na kailangan ngayon na ipamalas ng taumbayan ang kanyang galit, lakas at kapangyarihan para pigilan

ang pagluklok sa kapangyarihan ng isang taong kawangis ng pasista, tiraniko, taksil, tiwali at kriminal na si Rodrigo Roa Duterte. **T**

## Parusahan ang mga kurakot, magmatyag at igiit ang paggamit ng pondo sa 2022 para sa kagalingan ng bayan

Setyembre 1, 2021

Sinusuhayan ng NDF-ST ang lumalakas na panawagan ng bayan na panagutin ang mga utak ng malawakang korapsyon sa gubyerno at ituon ang pondo sa 2022 sa mga serbisyong panlipunan lalo ngayong may pandemya. Sa pagtupad ng mga kahilingang ito matitiyak ang matalino at makatarungang paggamit sa kaban ng bayan na nagmula sa pawis at dugo ng sambayanang Pilipino. Bawat kusing ng pambansang pondo ay dapat ilaan sa pagpapaunlad ng buhay ng mamamayan—hindi sa pagpapalaki ng bulsa at ambisyong elektoral ng pangkating Duterte.

Wastong usigin at isakdal ang lahat ng mga opisyal na sangkot sa mga isinawalat ng Commission on Audit (COA) na mga kaso ng maanomalyang paggastos at paglabag sa mga patakaran sa paggamit ng pondo ng bayan. Pangunahin sa mga dapat parusahan si Duterte at kanyang mga alipures na pasimuno ng burukratikong korapsyon at tagapagtanggol ng mga tiwali. Ang kanilang kasakiman ang dahilan ng pagkakait ng ayudang pang-kagipitan at karapatan sa serbisyong panlipunan sa milyun-milyong pamilyang Pilipino.

Malaki ang sagutin ng mga administrador ng mga ahensyang tinukoy ng COA na hindi nagmaksimisa ng pondo tulad ng Department of Health

(P67.3B) at Department of Agriculture (P9.8B). Nagresulta ito sa pagkakait sa mga *health workers* ng kanilang benepisyo at kawalan ng ayuda para sa mga maralitang magsasaka. Kailangan ding panagutan ng DepEd ang mga *deficiency* sa paggamit sa P8.14 bilyong pondo ng Basic Education Learning Continuity Plan nito sa harap ng mga reklamo sa pagpapatupad ng *blended learning*.

Lalong dapat busisiin ang pinaggastusan ng P5 bilyong pisong pondong inilipat ng Technical Education and Skills Development Authority sa 15 pang-rehiyong opisina nito at P41 bilyong ibinigay ng DOH sa Procurement Service-Department of Budget and Management (DBM) para sa pagbili ng mga suplay sa pagtugon sa COVID-19. Dapat ding imbestigahan ang mga hindi naipamahaging pondo sa ayuda ng Department of Social Welfare and Development (DSWD), Overseas Workers Welfare Administration, Land Transportation and Franchise Regulatory Board at Department of Labor and Employment.

Malinaw sa datos ng COA ang mga maanomalyang ulat pampinansya ng mga ahensya ng gubyerno sa badyet. Nakakainsulto sa publiko ang lantarang panloloko. Sa likwidasyon ng pondo, lumabas na namili ang mga ahensya ng mga gamit medikal at pati mga *computer* sa mga *hardware store*, ibinibigay ang alawans ng mga *health workers* sa mga taong hindi nagtatrabaho at malaking kabulastugan ang nagpapa-*catering* ng pagkain para sa mga *virtual* na pulong. Nabisto rin ang iregular na sistema ng pasahod sa tatlong malalaking ospital, kabilang ang Ospital ng Palawan, at  Culion Sanitarium and General Hospital ng MIMAROPA.

Umaalingasaw din ang kabulukan at pagkaganid sa pera ng mga pinuno ng NTF-ELCAC na nakulangan pa sa pondo ng ahensya na P19.1B at nangingialam sa paggamit ng pondo ng mga ahensyang TESDA, DSWD at National Commission on Indigenous Peoples. Itinatago sa mga walang kwentang aktibidad na workshop, pekeng livelihood grant at pabuya sa "pagsuko" ang ibinubulsang pera ng mga berdugong heneral na ulo ng anti-komunistang task force.

Walang pagsidlan ang galit ng taumbayan sa kawalanghiyaan ng rehimen na kurakutin ang pondo sa gitna ng pandemya at kasalatan ng mayorya. Kaya naman sa pagsasapubliko ng panukalang pambansang badyet sa 2022 na P5.024 trilyon, malakas na panawagan ang paglalaan ng mas malaking badyet sa serbisyong panlipunan at pagbabantay sa mga pinaglalagakan ng pondo.  Kapuna-puna ang pagbibigay ng malaking pondo sa DPWH (P686.1 B) gayong ipinakita sa mga nakaraang taon na hindi nito nakukumpleto ang mga proyektong nakatakda rito. Sa kabuuan, may inilaang P1.18 trilyon sa imprastraktura na halos kasinglaki ng pinagsamang badyet para sa sektor ng kalusugan at edukasyon kapwa sa basic at tertiary level. Hungkag din ang deklarasyong prayoridad ang pagtugon sa COVID-19 dahil 4% lang ng higit P5 trilyong piso ang inilaan dito. Tuloy din ang pagdadagdag sa badyet ng NTF-ELCAC, mula sa dating P19 bilyon tungong P28 bilyon.

Tinagurian ng DBM na pondo para sa "legacy" ng rehimeng Duterte ang badyet sa 2022. Saktong-sakto nga ito sa "legacy" ng korapsyon, pambubusog sa militar, pagtupad sa interes ng mga kroni at pagpapabaya sa bayan na nagmarka sa panunungkulan ni Duterte. Ang pagpapalobo sa badyet sa imprastraktura at gera kontra-terorismo

ay mga pamamaraan para madaling nakawin ng mga burukrata ang pondo at magamit sa eleksyong 2022. Sa kabilang panig, tinitipid at binabawasan ang pondo para sa agrikultura, edukasyon, kalusugan at pagtugon sa pandemya. Ang masahol, maliit na nga ang badyet para sa mga serbisyo ay winawaldas at ninanakaw pa ng mga burukrata.

Matindi ang kahingian na itulak ang imbestigasyon at prosekusyon sa mga kaso ng korapsyon kahit sa balangkas ng reaksyunaryong batas. Gumugulong na sa Senado at Mababang Kapulungan ang ilang resolusyon hinggil dito, subalit hindi maaaring magkampante ang bayan. Ang kasalukuyang pagbabantulot ni Ombsudsman Samuel Martires na patawan kahit man lang ng pansamantalang suspensyon ang nuknukan nang sinungaling na si DOH Sec. Francisco Duque III ay tanda ng absolutong proteksyon ng rehimen sa kanyang mga tauhan. Higit pa rito, tigas-mukhang ipinagtatanggol ni Duterte si Duque habang sinisindak ang COA na gumagawa lang ng trabaho nito. Pangitang natatakot ang naghaharing pangkat na ang pagpapanagot sa isa ay maaaring humantong sa pagpapanagot sa lahat, kabilang ang punong kurakot na si Duterte.

Upang matiyak na magbabayad ang mga gahaman, kailangang ipamalas ng taumbayan ang kanilang matinding pagnanais para sa hustisya. Hindi dapat tantanan ang panawagan para sa pagpapatalsik kina Duterte, Duque at kanilang mga kasapakat. Abutin ang lahat ng pwersang panlipunan na galit sa mga kurakot at maging mapanlikha sa pagpapakilos sa malawak na kilusang kontra-korapsyon sa mga lansangan, social media, korte at iba pang larangan. Huwag magpakupot sa mga ligal na balakid at tandaang sa kasaysayan,

mamamayan ang naghatol na guilty sa mga notoryus na magnanakaw tulad ng pamilyang Marcos, Gloria Arroyo at si Joseph Estrada.

Umiigting ang panlipunang ligalig sa mga nalalabing buwan ni Duterte bunsod ng pagkakalantad ng kahindik-hindik na kurapsyon sa gitna ng pandemya. Lumalawak ang kilusang masa para sa pagpapanagot at pagpapatalsik kay Duterte. Higit na nahihiwalay ang kinamumuhiang paksyong Duterte kaya't desperado itong nangangapit-tuko sa kapangyarihan. Marapat na kumilos ang lahat ng mga rebolusyonaryong pwersa upang buklurin ang buong bayan at tipunin ang lakas na magbabagsak sa numero unong kaaway ng sambayanang Pilipino—ang mandarambong na rehimeng Duterte. T

# 6

# WPS AT PAMBANSANG SOBERANYA

## Wakasan ang paghahari ng imperyalismong US at ipatupad ang isang tunay na nagsasariling patakarang panlabas sa Pilipinas

*Nobyembre 12, 2016*

Nalulugod ang rebolusyonaryong kilusan sa patuloy na pagtindig ni Rodrigo Duterte laban sa panghihimasok ng imperyalismong US. Naiiba ito sa naging pangkaraniwan nang larawan ng pangangayupapa ng naging pinuno ng mga nagdaang rehimeng nanungkulan sa Gubyerno ng Pilipinas (GPH).

Gayunman, sa kabila ng mga anti-US na deklarasyon ng gubyernong Duterte, nananatili pa rin ang kamay ng imperyalismong US sa iba't ibang aspeto ng lipunang Pilipino. Dumadaloy ito sa mga di pantay na kasunduan tulad na lamang ng Visiting Forces Agreement, Enhanced Defense Cooperation Agreement at Mutual Defense Treaty. Wala

pang ipinagbabago ang mga neoliberalistang patakarang pang-ekonomya ng bansa at patuloy na hinahadlangan ang pagpapatupad ng tunay na repormang agraryo at pambansang industriyalisasyon na magpapaunlad sa pambansang ekonomya.

Maging sa burukrasya-militar-pulisya, nananatili ang mga elementong tapat sa imperyalismong US. Isa sa mga tampok na pangyayari ang marahas na dispersal sa mga progresibong organisasyon ng pambansang minorya sa kanilang inilunsad na kilos-protesta sa US Embassy noong Oktubre 19. Halos ikamatay ng ilang raliyista ang madugong dispersal sa kanila ng mga pulis mula sa Manila Police District. Ipinamalas ng mga pulis ang labis na pagpapakatuta sa US sa labis-labis na pananakit sa mga nagpoprotesta—mula sa pamamalo ng mga batuta, panghahampas ng kanilang mga kalasag, pananagasa ng isang *police mobile* hanggang sa iligal na pag-aresto at detensyon sa ilampung raliyista. Mas inalala pa ng mga pulis kung may mukha pa silang ihaharap sa embahada sa halip na makiisa sa panawagan ng mga pambansang minorya at iba pang progresibong organisasyon laban sa nagpapatuloy na interbensyon ng US sa mga internal na usapin sa bansa.

Kabi-kabila rin ang mga batikos sa anti-US na tindig ni Duterte habang pinalalakas ang anti-China at pro-US na propaganda. Nagpapatuloy ang Oplan Bayanihan na hinulma sa sagadsaring kampanyang kontrarebolusyon na US Counterinsurgency Guide. Kaya naman sa kabila ng deklarasyon ng *unilateral ceasefire* ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) at GPH, nagpapatuloy ang operasyon ng mga pwersang panseguridad ng estado sa iba't ibang larangan sa buong bansa. Nagpapatuloy ang pamamaslang, iligal na pag-aresto at

detensyon, pagkakampo sa mga institusyong sibil at militarisasyon. At kung magtutuluy-tuloy pa ito ay hindi malayong mangyari ang pananabotahe sa usapang pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at GPH.

Suportado ng NDF-Southern Tagalog ang anti-US na mga tindig ng gubyernong Duterte. Naninindigan ang NDF-ST na hindi dapat maging alipin ng alinmang dayuhang bansa ang Pilipinas sa larangan man ng ekonomya, pulitika at militar.

Sa kasalukuyang yugto ng usapang pangkapayapaan, sinusuportahan ng NDF-ST ang pagpapatupad ng isang malayang patakarang panlabas kung saan matitiyak na hindi nayuyurakan ang pambansang patrimonya. Kaugnay nito, nananawagan ang NDF-ST sa gubyernong Duterte na ibasura at wakasan na ang lahat ng mga di pantay na kasunduan sa pagitan ng Pilipinas at imperyalismong US at iba pang dayuhang bansa. Higit pa, nananawagan ang NDF-ST sa buong sambayanang Pilipino na paigtingin ang pambansa-demokratikong pakikibaka upang ipagtanggol ang pambansang soberanya at teritoryal na integridad ng Pilipinas. T

## Duterte: Makabagong makapili, hibang at taksil sa bayan

*Hunyo 6, 2019*

Lantarang kataksilan at tuwirang pagbebenta ng kasarinlan at soberenya ng bansa sa China ang pinakahuling pahayag ni Duterte na pahihintulutan niya ang mga mangingisdang Chino na makapangisda sa ating teritoryo at *exclusive economic zone* (EEZ) dahil diumano "sila'y mga kaibigan". Dapat lang itong itakwil at mariing kondenahin ng taumbayan dahil ito'y hakbangin ng isang taksil at taong walang katiting na pagmamahal sa bayan.

Sukdulan na ang paninikluhod ni Duterte sa bansang China. Wala siyang pakialam na ang kanyang ginagawang pagpapahintulot sa China na makapangisda sa loob ng teritoryo ng bansa, na ayon sa mga eksperto sa batas, ay labag sa Konstitusyon ng Pilipinas. Ang higit na mahalaga para kay Duterte ay ang mapanatiling maganda ang relasyon sa China kapalit ng mga ayuda na maaari pang makuha sa China sa anyo ng pagpapautang nito sa bansa—mga pautang na magiging gatasan ng burukratikong korupsyon ng pangkating Duterte. Kaya hindi pa nasapatan si Duterte sa naunang niyang pahayag na isang "maliit na aksidente sa karagatan" ang nangyaring pagsagasa ng barkong Chino sa sasakyang-dagat ng mga mangingisda mula sa San Jose, Mindoro Occidental bilang pagtataggol sa bansang China. Ngayon naman ay malinaw na pinagkakalooban pa niya ng pabuya

at lisenya ang mga dayuhang Chino na malayang makapangisda sa teritoryo at dambungin ang yamang-dagat na saklaw ng EEZ ng Pilipinas. Ito'y napakalaking insulto sambayanang Pilipino at sa mga Pilipinong mangingisda na naging biktima ng mga panggigipit at pagtataboy ng China sa mismong teritoryo ng bansa. Walang kahihiyang ipinagkakaloob na ni Duterte sa China ang likas na yaman ng karagatan ng bansa na dapat walang ibang maaaring umangkin at makinabang kundi ang mga mamamayang Pilipino.

Sa mga pahayag ni Duterte, nagmistulang maliit na enkargado ni Xi Jinping si Duterte ng Pilipinas sampu ng mga alipures niya sa gabinete at Kongreso. Lubusan nang nawalan ng pag-asa ang bansa na mapakinabangan pa ang mga teritoryo nito sa West Philippine Sea, partikular ang *sovereign rights* sa *exclusive economic zone* nito na naipanalo ng Pilipinas laban sa China sa Permanent Arbitral Court na nakabase sa The Hague, Netherlands kaugnay sa United Nations Convention on the Law of the Sea (UNCLOS). Isinuko at binalewala na ni Duterte ang anumang naging tagumpay ng Pilipinas sa paggigiit at pagtatanggol ng teritoryo at soberenya ng bansa laban sa panghihimasok at agresyon ng bansang China.

Nananawagan ang NDF-ST sa lahat ng mga makabayan, progresibo, patriotiko at nagmamahal sa bayan na magkaisa at kumilos para ipagtanggol ang integridad ng teritoryo at pambansang soberenya ng bansa laban sa kataksilan ng gubyernong Duterte. Nananawagan din kami sa mga natitira pang mga matitinong opisyal ng AFP at PNP na tumindig at pumanig sa taumbayan sa makabayan at patriotikong adhikain nitong ipagtanggol ang teritoryo at pambansang soberenya

ng bansa mula sa lantarang panghihimasok at agresyon ng mga imperyalistang kapangyarihang tulad ng US at China.

Wala na sa katinuan si Duterte. Wala na siyang karapatan pang manatili sa pwesto dahil siya ang makabagong Makapili ng panahon at may hawak ng titulong nangungunang taksil sa bayan. Dapat lang siyang itakwil at kapootan ng taumbayan, ng mga kasundaluhan at kapulisan na may natitira pang pagmamahal sa bayan. Kailangan nang mapatalsik si Duterte sa kapangyarihan. Ang kanyang ikinikilos ay lantarang anti-Pilipino at malinaw na gumagampan siya ng papel bilang nangungunang abugadong tagapagtanggol ng gubyernong Chino mula sa mga nagawa nitong mga kaso at krimen sa bansang PIlipinas. Marami pang magagawang kataksilan at pinsala sa bayan si Duterte hanggat siya'y nasa kapangyarihan. T

## Pagkakaloob ng *absolute pardon* ni Duterte kay Pemberton, kataksilan sa bayan at paninikluhod sa imperyalismong US

*Setyembre 7, 2020*

Kinokondena ng National Democratic Front-Southern Tagalog ang panibagong kataksilan ni Rodrigo Roa Duterte sa bayan matapos nitong pagkalooban ng "absolute pardon" ang sundalong Amerikanong si Marine Lance Corporal Joseph Scott Pemberton na nahatulan noong Disyembre 2015 ng 6-12 taong pagkakakulong dahil sa pagpatay sa ating kababayan na si Jennifer Laude, isang *transgender woman*, noong taong 2014.

Garapalan at walang kahihiyang ipinagkaloob ni Duterte ang *absolute pardon* kay Pemberton habang dinidinig sa kasalukuyan ang nakahapag na *motion for reconsideration* ng pamilya ni Jennifer Laude sa sala ni Judge Roline Ginez Jabalde ng Olongapo RTC Branch 74 kaugnay sa kanyang naunang kautusan na agarang palayain si Pemberton. Kung matatandaan, nagpalabas ng kautusan si Judge Jabalde na palayain si Pemberton, kahit hindi pa nito natatapos pagsisilbihan ang 12 taong maksimum na pagkakakulong , dahil ayon sa huwes kwalipikado si Pemberton ng Good Conduct Time Allowance (GCTA) batay sa pinakita nitong "good behavior" habang nakakulong sa isang *detention facility* sa Kampo Aguinaldo nang mahigit sa 5 taon. Ngunit sa bahagi ng pamilya ni Jennifer Laude, kanilang iginigiit

na hindi kwalipikado si Pemberton na pagkalooban ng GCTA dahil sa nag-iisa lang itong nakakulong sa isang *air-conditioned* at maalwang kulungan at patuloy na tinatamasa ang iba pang mga prebilihiyo ng isang sundalong Amerikano sa ilalim ng kasunduan sa Visiting Forces Agreement (VFA) ng Pilipinas at ng United State of America (USA). Iginigiit din ng pamilya na suspendido ang pagpapatupad ng GCTA dahil sa isinasailalim pa sa rebyu ng DOJ ang Implementing Rules and Regulations (IRR) nito matapos pumutok ang kontrobersya sa mga katiwalian sa Bureau of Corrections (BUCOR) sa pagpapatupad ng GCTA na maging ang rapist at mamamatay-taong si ex-Mayor Antonio Sanchez ng Calauan, Laguna ay muntik nang mapalaya.

Sa ginawang ito ni Duterte, wala nang anumang saysay ang mosyon ng kampo ng pamilyang Laude para madinig pa ang kanilang apela sa korte. Dahil sa *absolute pardon* ang pinagkaloob ni Duterte, wala nang sagabal at agaran nang mapapalaya si Pemberton sa pagkakakulong at maibabalik na ang kanyang mga karapatang sibil at pulitikal. Sinupalpal din ni Duterte ang nakatakda sanang paghahain ng Department of Justice (DOJ) at Office of the Solicitor General (OSG) ng kanilang sariling "motion for reconsideration" bilang pagtutol sa naging kautusan ni Judge Jabalde na agarang pagpapalaya kay Pemberton alinsunod sa GCTA.

Ang pagkakaloob ng *absolute pardon* ni Duterte kay Pemberton ay maituturing na inhustisya para sa pamilya ng mga Laude at kataksilan sa mamamayang Pilipino. Ito'y malinaw na pagyurak sa demokrasya at pambansang soberenya ng bansa, tuwirang pagyukod at pagpapakita ng pasistang rehimen kung gaano kalalim ang kanyang pagiging tuta

at sunod-sunuran sa mga dikta at imposisyon ng imperyalismong Amerikano sa bansa.

Nasa kasukdulan na ang pagiging anti-mamamayan at pro-imperyalista ni Duterte. Sa pagyukod sa kagustuhan at kahilingan ng imperyalistang kapangyarihang Amerikano, binigyan ni Duterte ng importansya na mapalaya ang isang kriminal na dayuhang sundalo habang patuloy na isinasantabi ang kapakanan ng libo-libong nagdurusa sa mga nagsisiksikang bilangguan na kinaroroonan ng mga bilanggong pulitikal (na biktima ng mga gawa-gawang kaso ng reaksyunaryong estado), ng mga matatandang deka-dekada nang nakakulong, mga may malulubhang karamdaman at mga mahihirap na nakulong dahil sa tiwaling sistema ng hustisya na umiiral sa bansa. Sila kung tutuusin ang karapat-dapat na mapalaya sa pamamagitan ng *presidential pardon* o pansamantalang mapalaya batay sa makataong kunsiderasyon upang mailayo sila sa panganib at bulnerabilidad na mahawaan ng nakamamatay na sakit na Covid-19.

Sa kabila ng katotohanang ito, garapalan pang iginigiit ni Duterte ang kanyang desisyon na bigyan ng *absolute pardon* si Pemberton bilang pagsunod sa patas na pagpapatupad sa GCTA. Para kay Duterte, hindi patas kay Pemberton kung hindi ito mabebenipisyuhan ng GCTA. Patunay na mas binibigyang pabor ng batas ni Duterte ang kapakanan ng mga dayuhan kaysa sa kapakanan ng mga Pilipino.

Siguradong may kundisyon at kapalit mula sa imperyalistang Amerikano ang pagkakaloob ng *absolute pardon* ni Duterte kay Pemberton. Isa na rito ang agarang pagpapatupad sa *delivery* ng $2 bilyong halaga ng *attack helicopters and ammunition* at panibagong

*military assistance fund* ng gubyernong Trump para sa kontra rebolusyonaryong digma ng pasistang rehimen laban sa CPP-NPA-NDFP. Kailangan ni Duterte ang karagdagang pondong militar para sa imbing ambisyon nitong wakasan ang "insurehensya" sa bansa sa pagtatapos ng kanyang termino sa Hunyo 30, 2022. Bangkarote ang gubyernong Duterte at kailangan niya ng karagdagang halaga labas pa sa 21 bilyong pisong badget na pinagkaloob niya sa National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) para sa 2021. Hahabulin din ni Duterte na mapunuan ang nabawas sa pondo ng AFP at PNP na inilaan sa pagharap at paglaban ng kanyang gubyerno sa Covid-19 sa pamamagitan ng makukuha nitong tulong militar mula sa gubyernong Trump ng USA.

Ang pagsunod ni Duterte sa dikta ng amo nitong US na bigyan ng *absolute pardon* ang kriminal na sundalong Amerikanong si Pemberton ay patunay sa seryoso si Duterte na panumbalikin ang pagpapatupad sa VFA matapos ang ginawa nitong drama noong nakaraan taon sa pansamantalang pagsuspinde sa implementasyon ng VFA. Muling ibinubukas ni Duterte ang malayang pagpasok ng mga dayuhang sundalong Amerikano sa bansa at sa inaasahang lansakang paglabag ng mga ito sa karapatang pantao ng mga Pilipino at sa ating pambansang soberenya dahil sa tuwirang paglahok nito sa paglaban sa terorismo at sa 'kontra-insurehensyang digma" na pinatutupad ng pasistang rehimeng US-Duterte laban sa CPP-NPA-NDFP.

Wala na talaga sa katinuan si Duterte. Kung ano ang gusto niyang mangyari ay siyang masusunod. Wala siyang pakialam, tutol man ang malawak na sambayanang Pilipino at internasyunal na opinyong publiko sa kanyang mga pinag-gagagawa tulad ng kanyang madugong

huwad na kampanya sa iligal na droga, mga pamamaslang o *extrajudicial killings*, maramihang paglabag sa karapatang pantao, sa malawakang pagtutol ng sambayanang Pilipino at internasyunal na komunidad sa anti-terorismong batas na Anti-Terrorism Act of 2020 o RA 11479 at sa mga kabiguan at kapalpakan ng rehimeng Duterte sa pagharap at paglaban sa Covid-19.

Habang patuloy na nasa kapangyarihan si Rodrigo Roa Duterte marami pa siyang magagawang kataksilan, kabuktutan, maidudulot na kapighatian at pinsala sa sambayanang Pilipino. Walang ibang pagpipilian ang sambayanang Pilipino kundi ang patuloy na kumilos at mangahas na lumaban upang wakasan ang pasistang paghahari ng rehimeng US-Duterte. Masikhay na isagawa ang iba't ibang anyo ng mga pagkilos sa paraang ligal, iligal, armado at di-armado. Kinakailangang maabot at magkaroon ng katuparan ang pagbubuklod-buklod ng pinakamalawak na hanay ng mamamayan na lalaban at magtulong tulong para pabagsakin sa pwesto si Duterte sa pinakamaagang panahong magagawa. T

# Ipagtanggol ang soberanya at teritoryal na integridad ng bansa! Kondenahin at labanan ang lantarang pang-aagaw ng China sa teritoryo ng Pilipinas sa West Philippine Sea!

*Marso 27, 2021*

Mariing kinokondena ng NDF-ST ang gubyernong Duterte sa kawalan nito ng kongkretong aksyon para itaboy at paalisin ang mga sasakyang pandagat ng China na malinaw na nasa loob ng teritoryo ng bansa.

Matatandaan na simula pa noong Marso 7, 2021 ay namataan na ng Western Command ng AFP na nakabase sa Palawan ang nasa mahigit sa 200 sasakyang pandagat ng China ang pabilog na nakahilera sa karagatan ng Julian Felipe Reef, 175 *nautical miles* kanluran ng Bataraza, Palawan at nasa loob ng 200 *nautical miles* na *exclusive economic zone* **(EEZ)** at *extended continental shelf* ng Pilipinas. Ang pagpasok ng mga sasakyang pandagat ng China sa loob ng karagatan ng Julian Felipe Reef (JFR) ay maituturing na tahasang "agresyon" sa pambansang soberenya at pagyurak sa integridad ng teritoryo ng Pilipinas na hindi dapat pinalalampas at marapat lang kondenahin ng sambayanang Pilipino.

Ang presensya ng mga sasakyang pandagat mula China sa JFR ay patunay na patuloy na nilalabag ng China ang desisyon ng Permanent Court of Arbitration ng United Nations Convention on the Law of the Seas (UNCLOS) noong Hulyo 2016 na pumapabor at kumikilala sa mga lugar na pag-aari ng bansa sa West Philippine Sea (WPS), kabilang ang JFR,

bilang teritoryo at saklaw EEZ ng Pilipinas. Binasura din ng nasabing desisyon ng UNCLOS ang mga inaangking teritoryo ng China sa WPS alinsunod sa kanilang mapang 9 Dash Line.

Naniniwala ang NDF-ST na walang ibang intensyon ang pagparada ng mahigit sa 200 sasakyang pandagat ng China na pinaniniwalaang lulan ang mga *maritime militia* **ng** People's Liberation Army (**PLA**) sa bahura ng JFR kundi ang okupahin at mang-agaw ng teritoryo. Kahalintulad ito sa ginawa nilang estratehiya sa pagpwesto at pag-agaw sa Mischief Reef noong 1995, ayon sa pahayag sa midya ni dating hukom ng Korte Suprema na si Antonio Carpio. Ito'y panimulang paghahanda para sa pagtatayo duon ng mga istruktura tulad ng ginawa nila sa Mischief Reef, dagdag pa niya. Ang Mischief Reef ay bahagi ng *extended continental shelf* ng Pilipinas na kabilang sa napanalunan ng bansa sa Permanent Arbitral Court ng UNCLOS noong Hulyo 2016. Sa ngayon, ang Mischief Reef ay tinayuan ng China ng 550 ektaryang *air and naval outpost* para sa gawaing sarbeylans nito sa WPS.

Malinaw ang layunin ng bansang China, palawakin pa ang kanilang saklaw na teritoryo sa WPS para sa layuning pang-ekonomya, pampulitika at militar. Dadambungin at pagsamantalahan nito ang likas na yamang mineral, langis, isda at iba pang yamang dagat na matatagpuan sa WPS na saklaw ng Pilipinas para lalong bundatin sa yaman ang mga malalaking burgesya komprador at burukrata kapitalista ng bansang China.

**Bakuna kapalit ng bahura?**

Hanggang sa kasalukuyan, kahit nagpadala na ng *diplomatic protest* ang bansa sa China, matigas pa rin ang pusisyon ng huli na walang

mali kung naruon man ang mga sasakyang pandagat nila dahil pag-aari nila ang lugar. Iginigiit nila na bahagi ito ng tinawag nilang Niu'e Jiao ng Nansha Qundao ng China. Sa simula, una nilang idinahilan ang masamang panahon kung bakit naobligang magpuntahan sa JFR ang mga sasakyang pandagat nila. Itinanggi din ng China na hindi mga *maritime militia* ng PLA bagkus mga mangingisda ang lulan ng mga naruong sasakyang pandagat. Subalit hindi na mahalaga kung mga mangingisda man o *maritime militia* ang lulan ng mga sasakyang pandagat. Ang usapin ay kailangang lumayas sila sa teritoryo ng bansa at bayaran ang lahat ng mga kinulimbat at nasira nilang yamang-dagat sa saklaw ng teritoryo ng Pilipinas sa WPS.

Sinangkalan din ngayon ng bansang China ang donasyon nitong 1 milyong Sinovac Vaccine sa bansa habang patraydor na ipinupwesto ang mga sasakyang pandagat nito sa karagatang saklaw ng Pilipinas. Ginagamit nila ang donasyong bakuna para palambutin ang magiging reaksyon ng gubyernong Duterte sa kanilang ginagawang agresyon sa WPS. Malaki ang hinala na ang embahada ng China sa bansa ang iligal na nagpuslit ng bakunang gawa ng Sinophram na naunang nang ipinanturok sa mga kagawad ng Presidential Security Group (PSG), ilang gabinete at senador noong Setyembre 2020.

**Lampang rehimen sa harap ng pang-aagaw ng China**

Wala sa prayoridad ni Duterte at AFP ang pagtatanggol sa bansa laban sa mga panghihimasok at pang-aagaw ng mga dayuhan, partikular ng China, sa ating mga teritoryo. Napakaliit ng pwersa ng AFP na nakatalaga sa pagtiyak sa seguridad ng teritoryo ng bansa laban sa mga manghihimasok. Labis ang tuon ng pansin ni Duterte at ng AFP sa

“internal na banta sa seguridad ng bansa” tulad sa pagpapatupad ng madugong kontra-droga, anti-terorista at anti-mamamayang “kontra-insurehensyang gera” kaysa ang matamang pagbibigay pansin sa mga panlabas na banta sa seguridad at pagtatanggol sa teritoryo ng bansa mula sa unti-unting pangangamkam dito ng bansang China.

Ang programang modernisasyon ng AFP at PNP ay pangunahing nakatuon para supilin at labanan ang panloob na banta sa seguridad ng mga reasyunaryong uri at ng pasistang estadong nagtatanggol dito. Nakatutok sa ulo ng mamamayang Pilipino ang mga armas at makabagong kagamitang pandigma ng AFP at PNP sa halip na gamitin ito para igiit at ipagtanggol ang pambansang soberenya at integridad ng mga teritoryo ng Pilipinas.

Matapang lamang si Duterte pagdating sa mamamayang Pilipino subalit sukdulan ang pagiging duwag sa bansang China. Umaapaw ng mga maaanghang na salita, pagbabanta ng pagpatay, mga pananakot at kalupitan ang kanyang mga ipinapahayag sa publiko laban sa mga mamamayang Pilipino pero masyadong maingat at kalkulado ang mga hakbang at pahayag niya pagdating sa gubyernong China. Laging nasa depensibo at patalong pusisyon kung pumostura sa harap ng lantarang agresyon ng bansang China sa mga teritoryo ng bansa sa WPS para maiwasang maantagonisa ang China at malagay sa alanganin ang ayuda at utang na pinagkakaloob nito sa bansa para tustusan ang mga ambisyosong proyekto sa ilalim ng programang Build, Build, Build ng kanyang gubyerno.

## Kolektibong paglaban ang tanging daan

Makatwiran lamang ipanawagan ng taumbayan ang pagpapatalsik kay Duterte sa kapangyarihan dahil sa pagiging traydor sa bayan,pagiging pabaya sa buhay at kapakanan ng mamamayang Pilipino, pagiging inutil at kawalan nito ng kakayahang labanan ang Covid-19 at kabiguang ipagtanggol ang pambansang soberenya at integridad ng teritoryo ng Pilipinas sa WPS mula sa lantarang agresyon at panghihimasok ng bansang China.

Nananawagan ang NDF-ST sa lahat ng mga makabayan at patriotikong Pilipino na magbuklod-buklod para ipagtanggol ang pambansang soberenya at patrimonya laban sa lantarang agresyon at pang-aagaw ng bansang China sa mga teritoryong kinikilala ng internasyunal na komunidad na pag-aari ng Pilipinas sa WPS. Higit na kailangan ngayon ang malakas na tinig ng mamamayang Pilipino upang igiit sa gubyernong Duterte na magpatupad ng mga kongkretong aksyon para itaboy ang mga sasakyang pandagat mula sa China na matagal nang nasa loob ng teritoryo ng bansa sapul Nobyembre 2020. Hindi na nakasasapat ang kinagawian ng gubyernog Duterte, sa pamamagitan ng Department of Foreign Affairs (DFA), ang paghahain ng *note verbale* at *diplomatic protest* sa ginagawang lantarang agresyon ng bansang China. Kailangan ang ibang aksyon na hindi naman hahantong sa paghahamon ng gera laban sa China. Maraming magagawang paraan ang sambayanang Pilipino para igiit nito ang kasarinlan at soberenya ng bansang Pilipinas. Ganunpaman, bilang mga Pilipinong nagmamahal sa bayan, dapat din nitong paghandaan ang anumang gerang agresyon na maaaring ilunsad ng bansang China at iba pang imperyalistang kapangyarihan tulad ng USA sa hinaharap.

Malinaw ang paninindigan ng NDFP na handa itong itransporma ang nagaganap na gerang sibil sa bansa tungong pambansang gera sa pagtatanggol laban sa tuwirang agresyon at panghihimasok ng sinumang dayuhang kapangyarihan sa bansa.

## Pagsuko sa soberanya ng Pilipinas sa West Philippine Sea, sukdulang kataksilan ni Duterte

*Mayo 8, 2021*

Dapat mariing kondenahin ang pagturing ni Duterte na isang walang kwentang papel na dapat ibasura ang paborableng desisyon ng *arbitral tribunal* ng Permanent Court of Arbitration noong 2016 na kumikilala sa soberanya ng Pilipinas sa teritoryo at *exclusive economic zone* (EEZ) ng bansa sa West Philippine Sea (WPS) alinsunod sa United Nations Convention on thel Law of the Seas (UNCLOS). Walang kapatawarang pagtataksil at pagkakanulo ito sa pambansang interes ng mga Pilipino.

Ang karuwagan at paninikluhod ni Duterte sa China ay humantong sa ganap na pagsuko ng soberanya ng Pilipinas sa 80% ng EEZ ng bansa sa WPS na sinasakop at nasa loob ng *9-dash line* ng China. Sa deklarasyon ni Duterte na "pag-aari ng China ang inaangking teritoryo sa WPS," walang kahihiyang inuulit lamang ni Duterte ang walang sinalalayang ligal at istorikal na batayan ng pag-angkin ng China sa kalakhan ng South China Sea alinsunod sa inimbento nitong *9-dash line*. Sa katunayan, ang paborableng desisyon ng *arbitral tribunal* ay nagbasura sa *9-dash line* at anito, "walang ligal na batayan ang pag-angkin ng istorikal na karapatan ng China sa rekurso sa loob ng *9-dash line* at nilalabag nito ang soberanyang karapatan at hurisdiksyon ng Pilipinas."

Buong linaw sa desisyon ng *arbitral tribunal* na sa EEZ, ang lahat ng istorikong karapatan, kabilang ang tradisyunal na karapatang mangisda, ay "pinawalang-saysay" na nang magkabisa ang 1994 UNCLOS. Kaya ang China na may kaparehong paggigiit ng tradisyunal na karapatang mangisda sa EEZ ng Indonesia at Byetnam ay mariing tinutulan ng dalawang bansa sa parehong kadahilanan na walang tradisyunal na karapatang mangisda ang China sa kanilang EEZ sa ilalim ng UNCLOS.

Inilagay ng desisyon ng *arbitral tribunal* ang Pilipinas sa di matitinag na pusisyon bilang may tanging soberanyang karapatan sa teritoryo at yamang dagat at mineral sa loob ng sariling *exclusive economic zone*. Kaya paanong magiging isang walang kwentang papel lamang ang paborableng desisyon ng *arbitral tribunal* ng Permanent Court of Arbitration ng UNCLOS?

Sa isang sagadsaring taksil at bayarang papet lamang magmumula ang mapagkanulong deklarasyong ito. Mas lalong masahol pa, kung mismong sa bibig ng presidente ng Pilipinas na sumumpang ipagtatanggol ang soberanya at teritoryo ng Pilipinas magmumula ang mga pahayag na ito. Hinigitan pa ni Duterte ang pusisyon ni Xi Jinping kung saan hindi kinilala ng China ang kautusan ng *arbitral tribunal* subalit hindi itinuring ng China na basurang papel lamang ang huli. Ito ay kasukdulan ng pagtataksil at pagkakanulo sa pambansang interes ng sambayanang Pilipino. Si Duterte ay mistulang isang payasong upisyal ng gubyernong Xi Jinping na nagsasalita alinsunod sa pambansang interes ng China at hindi ng Pilipinas para maglangis at kunin ang pabor ng huli.

Ang pagdambong ng China sa yamang dagat ng EEZ ng Pilipinas ay hindi katumbas ng 1 milyong donasyong bakuna ng China sa Pilipinas. Tinatayang hinahakot ng China ang 3,240 metriko toneladang isda kada araw o 3 milyong metriko tonelada sa isang taon na katumbas ng P300-bilyon halaga ng isdang nawawala sa Pilipinas o $6 bilyon taon-taon. Kaya paanong magkakaroon ng utang na loob ang Pilipinas sa China dahil lamang sa 1 milyong donasyong bakuna na nagkakalahalaga lamang ng $20 milyon?

Ipinananakot ni Duterte sa mamamayan ang palasukong patakarang panlabas na maaaring gerahin ng China ang Pilipinas kung igigiit ng huli ang soberanya ng bansa sa sariling teritoryo at EEZ sa WPS alinsunod sa UNCLOS. Buong kataksilang nagbubulag-bulagan si Duterte sa pagsakop ng China sa Mischief Reef, Scarborough Shoal at sa panghihimasok sa teritoryo ng Pilipinas sa Spratly Islands kung saan kabilang ang Julian Felipe Reef at Sabina Shoal sa pinasok ng daan-daang barkong pangisda ng China na binabantayan ng mga *maritime Chinese militia*.

Labis na umaasa si Duterte sa pangakong pautang at pamumuhunan ng China para ponduhan ang kanyang proyektong Build, Build, Build. Maling inaakala ng mga *economic manager* ni Duterte na maiaahon ang bansa sa krisis ng pandemya sa pamamagitan ng pagbubuhos ng bilyon-bilyong pisong pondo sa mga proyektong pang-imprastruktura para lumikha ng panandaliang trabaho. Pinaglalawayan ni Duterte at mga kroni ang mga papasok na bilyon-bilyong pisong kontrata sa imprastruktura ng China para sa kanilang kikbak at gawing gatasan.

Sa harap ng pananalasa ng pandemya at malawakang kagutuman, hindi lamang nabigo si Duterte na bigyan ng sapat na ayuda ang mga

nagugutom at naghihirap na Pilipino kundi tahasan pang pinagkaitan sila ng tuloy-tuloy na tulong ng gubyerno. Sa sarbey ng Food Nutrition and Research Institute (FNRI) noong Nobyembre 3-Disyembre 3, 2020, 62.1% o 6 sa 10 sambahayang Pilipino ang nakaranas magutom nitong 2020. Dalawang ulit na malaki ito sa sarbey ng SWS na 30.7% noong Setyembre 2020 o sangkatlo ng sambahayang Pilipino ang nagsabi na sila'y nakaranas magutom.

Sa harap ng kakarampot na ayuda ng gubyerno, bilyon-bilyong piso naman ang ibinubuhos na ayuda sa mayayaman. Madalas ikatwiran ng mga *economic manager* ni Duterte na hindi kaya ng gubyernong maglaan ng malakihang ayudang pangkabuhayan sa mahihirap subalit walang kahihiyang itinutulak naman nila ang mga maka-mayamang hakbangin na magkakaloob ng bilyon-bilyong pisong kaluwagan sa malalaking negosyo sa pamamagitan ng pagbabawas sa kanilang binabayarang buwis.

Itinutulak ng Corporate Recovery and Tax Incentives for Enterprises Act (Create Law) na pinirmahan na ni Duterte noong Marso 26 ang pagkaltas sa buwis ng malalaking negosyo—kung saan binawasan ang *income tax* na sinisingil sa mga korporasyon mula 30% tungong 25% para sa malalaking korporasyon, at 20% para sa mas maliliit na negosyo.

Bukod sa Create, pinirmahan din ni Duterte noong Pebrero 17 ang Financial Institutions Strategic Transfer Act (Fist Law) para tulungan ang mga banko na maidispatsa ang mga di na mabayarang utang at mga di na kumikitang mga ari-arian sa pamamagitan ng mga insentibong kaltas-buwis at iba pang kaluwagan—at para hikayatin diumano ang

mga banko na magpautang sa mga pribadong sektor na magreresulta sa pagsigla ng ekonomya. Subalit anong banko ang maglalaan ng papalaking pautang kung nagsasara at matumal ang negosyo dahil sa pinakamatagal na *lockdown* na ipinatupad ng gubyernong Duterte sa buoang daigdig?

Di pa nasiyahan, agresibong itinutulak ng mga *economic manager* ni Duterte ang Guide bill na naglalayong maglagak ng P10 bilyong pondo sa Land Bank at sa Development Bank of the Philippines para ipuhunan ang pera sa tinaguriang mga "estratehikong mahahalagang kumpanya" na naapektuhan ng resesyon.

Sa bawat araw na lumilipas, lalo lamang nahuhubaran ang pagiging anti-nasyunal at anti-demokratiko ng gubyernong Duterte.

Habang tumatagal sa kapangyarihan si Duterte, lalo lamang titindi ang kagutuman at mga pagpatay sa mga inosenteng mamamayan na pinaniniwalaan niyang banta sa kanyang tiwali at bulok na gubyerno. Habang nananatili sa kapangyarihan si Duterte, patuloy na makapamamayagpag ang bansang China sa pangangamkam sa teritoryo at pandarambong sa yaman ng karagatan na bahagi ng teritoryo at EEZ ng Pilipinas. Nasa interes ng gubyernong Xi Jinping at China ang pananatili sa kapangyarihan ng papet na rehimeng Duterte upang suhayan ang agresibong agresyon nito sa WPS.

Ipinagmalaki pa ni Duterte ang pangako ni Xi Jinping sa isinagawang *bilateral* na pag-uusap sa Boao State Guesthouse noong Abril 10, 2018 na "hindi hahayaan ng China na maalis sa katungkulan si Duterte at poprotektahan ng China si Duterte sa anumang plano na patalsikin

ito sa kapangyarihan." Kaya ganito na lamang ang pagkapit-tuko ng rehimen sa pagtatanggol sa interes ng China sa WPS. Hindi malayong makialam ang gubyernong Xi sa darating na halalan sa Mayo 2022 para masigurong ang hahalili sa kanya sa Malacañang ay ipagpapatuloy ang maka-China na tindig sa usapin sa WPS.

Napakalaking delubyo at sakuna ang tumama sa bansa nang maging pangulo ng Pilipinas si Duterte. Sagad sa buto ang kanyang pagkatuta at ginagawang pagtatanggol sa interes ng mga imperyalistang kapangyarihan, lalo na ng gubyernong China, sa kapariwaraan ng sambayanang Pilipino.

Nakakagalit at dapat lamang mariing itakwil ng sambayanang Pilipino ang pinakahuling pahayag ni Duterte na nagtuturing na isang kapirasong papel at nababagay lamang na itapon sa basurahan ang naging tagumpay ng bansang Pilipinas sa International Arbitral Tribunal noong Hulyo 2016 na nagpapawalang-saysay sa mga inaangking teritoryo ng China sa WPS ayon sa kanilang 9-dash line. Imbes na ipaglaban at igiit ni Duterte ang paborableng desisyon na nakamit ng bansa sa *arbitral tribunal* alinsunod sa UNCLOS, kung saan *signatory* ang China, tuluyan nang isinuko ni Duterte ang anumang tagumpay na nakamit ng Pilipinas sa Internasyunal na Tribunal, United Nations (UN) at sa mata ng internasyunal na komunidad. Mahihirapan na ring makakuha ang bansa ng simpatiya at suporta mula sa iba pang gubyerno dahil sa ginawang ito ni Duterte na maituturing na pang iinsulto at pagmamaliit sa naging desisyon ng Arbitral Court. Gawi ng isang balasubas, walang kahihiyan at kamangmangan para palabasin ni Duterte na inutil, walang saysay at basurang papel lamang ang naging desisyon ng Arbitral Tribunal, na suportado ng UN.

Habang pinagtatawanan ang Pilipinas ng iba pang mga bansa, siguradong nagbubunyi naman ang gubyernong Xi ng China sa pinakahuling pahayag na ito ni Duterte. Mas mahalaga kay Duterte ang pangakong pautang at kakarampot na tulong mula sa China kaysa ipagtanggol at pangalagaan ang integridad ng teritoryo ng bansa at EEZ sa WPS laban sa lantarang pananakop ng China.

Lalong binigyan ni Duterte ng lisensya ang bansang China na ipagpatuloy ang kanilang iligal na pagtatayo ng mga istrukturang militar sa mga isla at bahurang saklaw ng EEZ ng bansa sa WPS. Ganundin, tahasan nitong pinahihintulutan ang China na patuloy na samsamin ang yamang karagatan ng bansa sa West Philippine Sea na kung tutuusin ang mga Pilipino ang may solong karapatang makinabang.

Sa harap ng maraming krimen at walang kapatawarang kataksilan ni Duterte sa bayan, marapat na magpunyagi ang taumbayan na palakasin ang hanay at kumilos para agarang mapatalsik sa kapangyarihan si Duterte. Sa bawat araw na itatagal ni Duterte sa Malacañang, makagagawa pa ito ng ibayong kalupitan at kataksilan sa bayan. Dapat ding kumilos na ang buong bayan upang pigilan ang patuloy na pangangamkam at panggagahasa ng China sa likas na yaman ng karagatan ng Pilipinas sa EEZ nito sa WPS.

Sinusuportahan ng NDF-ST ang panawagan ng Partido Komunista ng Pilipinas-MLM sa pagbubuo ng pinakamalapad na nagkakaisang prenteng patriyotiko para ipagtanggol ang soberanya at patrimonya ng Pilipinas. Laging handang makipagkaisa ang rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon sa mga pampulitikang grupo at pwersa alinsunod sa

komon na hangaring ipagtanggol ang teritoryo at EEZ ng Pilipinas sa WPS mula sa lantarang pananakop ng China. Dapat isagawa ang iba't ibang tipo ng pagkilos at paglaban para ipadama sa rehimeng Duterte at gubyernong Xi ng China na handa at determinado ang buong bayan na ipaglaban ang pambansang kasarinlan at teritoryal na integridad ng bansa mula sa mga mananakop. Ang pakikibaka ng buong bayan para ipagtanggol ang bawat pulgada ng teritoryo at pag-aari nito sa loob ng EEZ sa WPS ay bahagi ng pambansang pakikibaka para wakasan ang imperyalistang dominasyon at mga neo-liberal na imposisyon sa bansa ng imperyalistang US at China.

Samantala, patuloy na paiigtingin ng Bagong Hukbong Bayan sa rehiyon ang armadong pakikibaka para bigwasan at parusahan ang teroristang AFP at PNP na labis ang ginagawang karahasan at kalupitan sa mga mamamayan ng rehiyon. Kailangang pagbayarin sila nang mahal sa kanilang mga nagawang karumal-dumal na krimen sa bayan. Marahas, matapang at mabalasik sa pagsupil sa mamamayang Pilipino ang AFP at PNP subalit mga duwag, bahag ang buntot at bantulot kung kumilos para ipagtanggol ang teritoryo at pambansang soberanya ng Pilipinas sa harap ng lantarang panghihimasok at pagyurak dito ng bansang China. Nakatuon ang pansin ng AFP at PNP sa paglulunsad ng kontra-rebolusyonaryong gera laban sa sariling mamamayan sa halip na ipagtatanggol ang bansa mula sa panlabas na banta ng mga dayuhang kapangyarihan.

Malinaw na ang AFP at PNP ay protektor ni Duterte, ng reaksyunaryo at pasistang estado at ng interes ng mga dayuhang monopolyong kapangyarihan. Wala itong bahid ng pagiging makabayan at maka-

Pilipino dahil sa simula't sapul ang dinadala nitong tradisyon at oryentasyon ay mersenaryo, maka-dayuhan at bilang tagapagtanggol ng interes ng lokal na naghaharing uri sa lipunang Pilipino.

Sa kabilang banda, itinuturing ng malawak na masa ng sambayanang Pilipino ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) bilang mga bayani at kanilang tunay na Hukbo. Batid nila na ang inilulunsad nitong Demokratikong Rebolusyon ng Bayan (DRB) sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan ang tanging solusyon para wakasan ang matinding kahirapan at pang-aapi na matagal na nilang dinaranas sa ilalim ng malakolonyal at malapyudal na sistemang panlipunan sa bansa at halinhan ito ng isang tunay na malaya, demokratiko, maunlad at masaganang lipunang Pilipino. Dahil dito, patuloy na lumalawak at lumalalim ang tinatamasang suporta ng BHB mula sa sambayanang Pilipino at siyang nagsisilbing salalayan naman sa patuloy na paglakas at paglawak ng digmang bayan sa bansa. T

## Ipagtanggol at ipaglaban ang pambansang soberanya at patrimonya ng Pilipinas sa West Philippine Sea! Ibagsak ang taksil at pahirap sa bayan na si Duterte!

*Hulyo 12, 2021*

Mahigpit na nakikiisa ang NDF-ST sa sambayanang Pilipino sa paggunita sa ika-5 taong anibersaryo ng makasaysayang pagkakapanalo ng Pilipinas sa isinampang kaso sa Permanent Court of Arbitration (PCA) ng United Nations Convention on The Law of the Sea (UNCLOS) laban sa lantarang agresyon, okupasyon at pang-aagaw ng China sa mga teritoryo at karagatang saklaw ng Pilipinas sa Exclusive Economic Zone ng bansa.

Kasama ng sambayanang Pilipino ang rebolusyonaryong kilusan sa mariing pagkondena sa kataksilan ng gubyernong Duterte sa pagsuko at pagbenta sa pambansang interes ng mamamayang Pilipino sa West Philippine Sea (WPS) sa China. Marapat lamang singilin at papanagutin ng taumbayan ang walang kaparis na kataksilan ito sa bayan. Lubos din ang aming pakikiisa at pagsuporta sa lahat ng mga makabayan at patriotikong indibidwal at grupo na buo ang loob na naninidigan sa paglaban para igiit at ipagtanggol ang pambansang soberenya at mga nakamit na tagumpay ng bansa sa PCA.

Noong Hulyo 12, 2016, limang taon na ang nakakalipas, inilabas ng PCA ang desisyong pumapabor sa Pilipinas at nagbabasura naman

sa 9-Dash Line ng China. Kung matatandaan, nagsampa ng kaso ang gubyernong Benigno "Noynoy" Aquino III sa PCA laban sa China pagkaraan ng ilang buwan matapos maganap ang insidente ng "standoff" sa Scarborough Shoal (Panatag Shoal o Bajo de Masinloc) noong Abril 8, 2012. Nagkaroon ng "standoff" sa Panatag Shoal nang tangkaing hulihin ng Philippine Navy ang 8 pangisdaang Chinese dahil sa ginawang iligal na pagkuha ng mga corals, higanteng taklobo, at buhay na mga pating. Hindi nagawang hulihin ng Philippine Navy ang 8 pangisdang Chinese dahil sa hinarangan sila ng Chinese maritime surveillance ships. Namagitan nuon ang bansang America sa sigalot ng Pilipinas at China at pinagkasundo ang dalawang panig na kapwa lisanin ng kani-kanilang mga barko ang Panatag Shoal. Tumupad ang Pilipinas sa kasunduan subalit tusong hindi tumalima ang bansang China.

Mula nuon hanggang sa kasalukuyan patuloy ang ginagawang panggigipit at pagtataboy ng Chinese Maritime Forces sa mga mangingisdang Pilipino sa tuwing magtatangka ang huli na mangisda sa Scarborough Shoal at ibang panig ng WPS na kung tutuusin ay nasa loob ng EEZ ng Pilipinas. Sa halip na ipagtanggol ang kapakanan at kabuhayan ng libong mangingisdang Pilipino at igiit ang Arbitral Award (AA) ng PCA, buong karuwagan at kataksilang nanikluhod, pinanigan at ipinagtanggol ng gubyernong Duterte ang pusisyon ng China kapalit ng pangakong ayuda, pautang at pamumuhunan.

Nakahanay sa ibaba ang mahahalagang laman ng AA ng PCA na pumabor sa Pilipinas subalit isinantabi at itinuring ng pasistang rehimeng Duterte bilang isang kapirasong basurang papel:

a. Pinagtibay ng arbitral award ng Pilipinas sa PCA ng United Nations ang ligal at istorikal na karapatan ng bansa sa pinag-aagawang teritoryong pandagat at solong pakinabang sa lahat ng rekurso sa EEZ ng Pilipinas sa WPS.

b. Ibinasura at pinawalang-saysay ang mapang 9-dash line ng China bilang walang batayang ligal at istorikal at sumasalungat sa UNCLOS. Ang mapang 9-dash line ay kumokontra at lampas sa mga ibinibigay na karapatan ng Convention sa China. Wala itong ligal na pagsasaalang-alang na lumalagpas ito sa heograpikal at substantibong hangganan ng saklaw ng karagatan (maritime entitlement) ng China sa ilalim ng Convention. Pinawalambisa na ng Convention ang lahat ng naunang istorikong karapatan o soberanyong karapatan o hurisdiksyon na lampas sa lahat ng hangganang itinakda nito.

k. Idineklarang iligal ang pag-okupa at pang-aagaw ng China sa Scarborough Shoal at sa ginagawang okupasyon at reklamasyon ng China sa mga isla at bahura sa Spratlys na nasa loob ng EEZ ng Pilipinas. Ang Mischief Reef at ang Second Thomas Shoal na matatagpuan sa loob ng 200 Nautical Miles (NM) ng Pilipinas ay bahagi ng EEZ at ECS ng Pilipinas. Idineklarang iligal ang pag-okupa at pang-aagaw ng China sa Scarborough Shoal at sa ginagawang okupasyon at reklamasyon ng China sa mga isla at bahura sa Spratlys na nasa loob ng EEZ ng Pilipinas.

d. Inilinaw ng PCA ang mga katangian ng mga bahura:

i. Mga *high tide elevation* (HTE) *features*: (batong litaw kapag taeb) Scarborough Shoal, Cuarteron Reef, Feiry Cross Reef, Johnson Reef, McKennan Reef at Gaven Reef;

ii. *Low-tide elevations* o LTE (litaw kapag hibas): Hughes Reef, Gaven Reef (South), Subi Reef, Mischief Reef, Second Thomas Shoal;

iii. Lahat ng mga bahura na nabanggit sa itaas, ito man ay HTE o LTE ay hindi makakasustine ng buhay ng tao o anumang sariling buhay pang-ekonomiya at kung gayon ay wala itong EEZ o ECS; at

iv. Nilabag ng China ang tungkulin nito sa ilalim ng Convention at niyurakan ang soberanyong karapatan ng Pilipinas sa kanyang EEZ at ECS sa panghihimasok nito sa Reed Bank (2011 at 2012) at kabiguang ipagbawal ang pangingisda ng mga Chinese sa Mischief Reef at Second Thomas Shoal (2013).

e. Walang karapatan ang China na pagbawalan ang tradisyunal na pangingisda ng mga Pilipino sa Scarborough Shoal.

g. Nilabag ng China ang patakaran ng Convention sa pagpreserba at pangangalaga sa *marine environment* dahil sa mapanirang pangunguha ng mga *endangered species* sa mga bahura at islang ito.

h. Nilabag din ng China ang patakaran ng Convention kaugnay sa soberanyong karapatan ng Pilipinas sa kanyang EEZ at ECS sa pamamagitan ng pagtatayo at instalasyon ng mga artipisyal na mga isla sa Mischief Reef nang walang otorisasyon ng Pilipinas.

i. Pinalalala at pinaiigting ng China ang sigalot sa pagitan ng dalawang bansa sa pamamagitan ng patuloy na dredging, pagtatayo ng mga artipisyal na isla at konstruksyon sa mga isla at bahura.

Pinatunayan ng makasaysayang pagkakapanalo ng Pilipinas sa PCA na may pinanghahawakan itong istorikal at ligal na batayan para patuloy na igiit at ipaglaban ang ginagawang lantarang pangangamkam at pandarambong ng China sa likas na yaman ng mga karagatang saklaw ng EEZ ng Pilipinas. Mga duwag, tuta at taksil sa bayan ang mga taong tulad ni Duterte para sabihing ang EEZ ng Pilipinas ay matagal nang hawak ng China.

Sa loob ng limang taon ay hinayaan lamang ni Duterte na dambungin ng bansang China ang mga likas na yamang dagat at mineral sa karagatang saklaw ng EEZ ng bansa kapalit ng maanomalyang mga kontrata't transaksyon, mabigat na mga pautang at kakarampot na ayuda mula sa gubyernong China. Tahimik at pinagtatakpan ng rehimeng Duterte ang pag-okupa ng China sa Sandy Cay noong 2017 na 2 NM lamang ang layo sa Pag-asa Island na sakop ng Palawan at kung gayun nasa loob ng 12 NM ng teritoryong karagatan ng Pag-asa.

Winaldas ni Duterte ang tagumpay na nakamit ng sambayanang Pilipino sa pagkakapanalo nito sa PCA dahil sa maling patakarang panlabas na pagiging sunod-sunuran sa dikta at imposisyon ng mga imperyalistang kapangyarihan tulad ng USA at China.

Nananawagan ang NDF-ST sa mamamayang Pilipino at sa lahat ng patriyotiko at progresibong pwersa na ipagtanggol ang pambansang soberanya at pangalagaan ang integridad ng teritoryo ng bansa laban sa mga mananakop, kabilang ang soberanya sa teritoryong pandagat at sa panloob na katubigan at ang soberanyong karapatan sa EEZ. Ang paggigiit ng karapatan ng Pilipinas sa pinag-aagawang

teritoryo sa WPS at ang pakikibaka ng buong bayan para ipagtanggol ang bawat pulgada ng teritoryo at pag-aari nito sa loob ng EEZ sa WPS ay bahagi ng pambansang pakikibaka para wakasan ang imperyalistang dominasyon at mga neo-liberal na imposisyon sa bansa ng imperyalistang US at China.

Sang-ayon sa Programa para sa Demokratikong Rebolusyon ng Bayan ng CPP, itinataguyod natin sa paggigiit ng karapatang ito ang patakarang panlabas na nakaangkla sa pambansang soberanya at kasarinlan at alinsunod sa limang prinsipyo ng internasyunal na relasyon: (a). mutwal na paggalang sa teritoryal na integridad at soberanya; (b). mutwal na walang-agresyon; (k). walang panghihimasok sa panloob na mga usapin ng isa't isa; (d). pagkakapantay at mutwal na suporta, at (e). mapayapang pakikipamuhay. T

# 7

# HISTORICAL REVISIONISM

## Ang mga biktima ng Batas Militar, hindi si Marcos, ang tunay na bayani ng sambayanan

*Nobyembre 10, 2016*

Mariing kinukundena ng National Democratic Front-Southern Tagalog (NDF-ST) ang desisyon ng Korte Suprema na payagan na ang paglilibing sa mga labi ng diktador, pasista, sagadsaring papet ng imperyalismong US na si Ferdinand Marcos sa Libingan ng mga Bayani. Muli na namang ipinamalas ang kabulukan ng kasalukuyang sistemang panghustisya ng reaksyunaryong gubyerno. Hindi pa man tuluyang naghihilom ang mga sugat dulot ng malagim na yugto ng kasaysayan ng sambayanang Pilipino ay muli na namang nanariwa ang marahas at madugong mga pangyayari noong panahon ng Batas Militar.

Wala ni katiting na maaaring ituring na bayani sa isang pasistang yumurak at lumapastangan sa dignidad ng mamamayan. Walang

kapuri-puri sa korap at tiwaling pinuno na nagpasasa sa kabang-yaman ng bayan habang wala na halos makain sa araw-araw ang higit na nakararami. Labis na pagkamuhi ang nararamdaman ng mamamayan sa isang papet na labis ang pangangayupapa sa imperyalismong US at pangunahin pang nagbenta ng pambansang soberanya at teritoryal na integridad ng bansa.

Ang desisyon ng Korte Suprema ay higit pa sa simpleng pagpapasya lamang kung papayagang mailibing si Marcos sa Libingan ng mga Bayani o hindi. Ang kanilang desisyon ay katumbas ng lantarang pambabaluktot, pagtalikod at paglimot sa isang mahalagang bahagi ng kasaysayan ng Pilpinas na humubog sa kamalayan ng mga henerasyon mula noon hanggang ngayon. Ito ay paglapastangan sa naging buhay, sakripisyo, kahirapan at pakikibaka ng lahat ng mga pinaslang, ng mga nawala at hindi na muling nakita, sa mga tinortyur, nagbakwit at lahat ng biktima ng paglabag sa karapatang pantao.

Hindi kailanman malilimot ng mamamayan ang malagim na yugto ng Batas Militar. Hindi rin malilimutan ang magiting na pakikibaka ng mamamayan na siyang nagpabagsak sa isang diktador. At hanggang sa kasalukuyan ay nagpapatuloy ang pambansa-demokratikong pakikibaka na kanilang sinimulan at ipinundar. Hindi pa tapos ang kanilang laban. Magpapatuloy ito hangga't namamayani ang malakolonyal at malapyudal na sistemang panlipunang nauna nang kinatawan ng diktadurang US-Marcos at nananatili pa rin hanggang sa kasalukuyan.

Ipinakikita lamang ng desisyon ng Korte Suprema na ang itinuturing na Libingan ng mga Bayani ng Gubyerno ng Pilipinas ay nagmimistula nang libingan ng mga reaksyunaryo, papet, korap at pasistang naging pinuno

ng GPH. Ipinakikita rin nito na hindi na aasahan pa ng mamamayan na makakamtan nila ang hustisya sa ilalim ng kasalukuyang kaayusang panlipunan sa bansa. Itinuturo nito sa mamamayan ang landas ng armadong rebolusyon bilang tanging paraan para makamtan ang hustisyang panlipunan sa lahat ng naging biktima ng pang-aapi at pagsasamantala ng naghaharing sistema.

Walang hustisyang panlipunan hangga't namamamayani ang kasalukuyang bulok na sistemang malakolonyal at malapyudal sa bansa. Nananawagan ang NDF-ST sa mamamayang Pilipino na paigtingin ang kanilang pakikibaka at lumahok sa armadong rebolusyon para makamtan ang katarungan hindi lamang sa mga naging biktima ng Batas Militar kundi para sa buong sambayanan na malaon nang biktima ng pambubusabos at pang-aapi ng naghaharing sistema.

Wala mang gintong puntod sa himlayan ng mga biktima ng batas militar, sa puso ng mamamayan at sa dambana ng rebolusyon, walang katapusan ang ating pagpaparangal at pagpupugay sa kanila, ang tunay na bayani ng mamamayan!

## Kundenahin at labanan ang pakana ng Kamara at ni Duterte na rebisahin ang kasaysayan at itanghal na bayani ang diktador, tiraniko, mandarambong at mamamatay taong si Ferdinand E. Marcos

*Setyembre 4, 2020*

Kaisa ng sambayanang Pilipino, mariing kinukondena ng National Democratic Front-Southern Tagalog (NDF-ST), sampu ng mga mamamayan ng rehiyong Timog Katagalugan, ang inaprubahang panukalang House Bill 7137 ng Kamara na nagdedeklara sa September 11, sa buong Ilocos Norte, bilang Ferdinand Edralin Marcos Day. Ang pagdedeklara sa kaarawan ng yumaong diktador bilang Marcos Day, sa buong Ilocos Norte, ay hindi lamang pagtatangkang baguhin ang katotohanan at rebisahin ang kasaysayan kundi isang pagtatangkang itanghal si Marcos bilang *de facto* na bayani.

Walang kahihiyan ang mga tagahimod na aso ni Duterte sa Kamara na alipustain ang tagumpay ng sambayanang Pilipino sa pagbabagsak sa diktadura para lamang sundin ang kagustuhan ni Rodrigo Roa Duterte na ilagay sa pedestal ang katulad nyang diktador, tiraniko, mandarambong at mamamatay taong si Ferdinand E. Marcos. Hindi pa nasapatan ang pasistang rehimeng US-Duterte na ilibing ang yumaong diktador sa mga “Libingan ng mga Bayani” sa kabila ng malawak at mariing pagtututol ng taumbayan. Buong garapal na nagpapakana pa si Duterte na gawing “bayani” ang labis na kasuklam-suklam at kinamumuhiang diktador ng sambayanang Pilipino.

Itinatatwa ni Duterte ang husga ng sambayanang Pilipino na nagpabagsak sa rehimeng US-Marcos nuong Pebrero 1986 sa pamamagitan na popular na pag-aalsa sa EDSA. Nakaukit na sa bato ng kasaysayan ng Pilipinas ang popular na pag-aalsa sa EDSA bilang tagumpay ng sambayanang Pilipino sa pakikibaka laban sa diktadurya ni Marcos. Anumang pagtatangkang rebisahin at pagandahin ang imahe ng isang diktador na tulad ni Marcos ay isang kataksilan sa bayan.

Nagbubunyi ang pamilyang Marcos at ilang mga loyalista na tulad ni Rodrigo Roa Duterte sa napakagandang regalong hatid ng House Bill 7137 sa darating na kaarawan ng yumaong diktador sa September 11. Unti-unting nagkakaroon ng katuparan ang malaon nang pangarap ng pamilyang Marcos na rebisahin ang kasaysayan, burahin ang karumal-dumal na imahe ng pamilyang ito sa paglapastangan sa karapatan at kalayaan ng mamamayan sa loob ng mahigit sa dalawang dekadang diktaturyal na paghahari ni Ferdinand E. Marcos at sa kadulo-duluhan ay itanghal itong isang "bayani."

Sa kabilang banda, labis ang galit at nagpupuyos ang damdamin ng taumbayan sa ginawa ng 197 na kongresista na bumuto sa panukalang batas na HB 7137. Alam ng taumbayan na walang tanging layunin ang panukalang batas kundi pagandahin ang imahe at pormal na gawing bayani si Ferdinand E. Marcos kahit sa pananaw lamang ng mga mamamayan ng Ilocos Norte. Maituturing din ang panukalang batas na mis-representasyon at taliwas sa kagustuhan ng sambayanang Pilipino. Ito'y malaking insulto sa mamamayan ng Ilocos Norte na hindi sang-ayon sa mga ginawang pandarambong, kabuktutan at karahasan ni Ferdinand E. Marcos nuong siya'y nabubuhay pa.

Marapat lamang na kondenahin ng taumbayan si Duterte ang mga taksil sa bayan na nagluluklok sa Kamara. Hindi nila kinakatawan ang pambansa-demokratikong interes ng sambayanang Pilipino. Ang makitid na interes ng mga naghaharing oligarko sa bansa ang kanilang pinagsisilbihan.

Tanging ang mga reaksyunaryo lamang ang makikinabang sa pakanang dungisan ang maningning na pamana sa sambayanang Pilipino ng magiting na pakikibaka ng bayan laban sa diktadura. Nakamit ng bayan ang paglaya mula sa kuko ng diktadura mula sa pinuhunang dugo, buhay at walang kapantay na sakripisyo ng mga naglalamay sa dilim upang ipaglaban ang kalayaan at karapatan ng bayan mula sa pagkakasakmal ng paghaharing militar.

Labis na pag-insulto sa mga pamilya at pagyurak sa alaala ng mga biktima ng batas militar ni Marcos ang ginawa ng 197 na mga kongresista na nag-apruba sa House Bill 7137. Muling nagsariwa at binudburan pa ng asin ang hindi pa naghihilom na mga sugat na iniwan sa mga pamilya at biktima ng karahasan at lagim ng batas militar ni Marcos. Inilagay sa sulok at isinasantabi ng panukalang batas ang patuloy na paghahanap ng hustisya ng mga pamilyang namatayan ng mahal sa buhay, mga pamilyang ang mahal sa buhay ay nanatiling *desaparacidos* (forced disappearance) at ang daan-daang libong biktima ng paglabag sa karapatang pantao, kalupitan at karahasan ng batas militar ni Marcos. Sinasalungat din nito ang umiiral na batas na RA 10368 o Human Rights Victims Reparation and Recognition Act of 2013 na malinaw na kumikilala sa mga naging atrosidad at paglabag sa karapatang pantao at kalayaang sibil sa panahon ng batas militar ni Marcos.

Ang panukalang batas na House Bill 7137 ay maituturing na pag-abswelto ng mga taksil na kongresista sa mga kasalanan at krimen ni

Marcos sa bayan. Pag-abswelto sa tinatayang nasa $10 bilyong halaga na dinambong ng mga Marcos sa kaban ng bayan, sa mahigit sa 70,000 na kanyang ipinakulong, sa 34,000 na nakaranas ng iba't ibang klase ng tortyur, sa mahigit na 3,240 na pinatay at daang bilang ng mga *desaparacidos* o sapilitang pagkawala.

Sa kabilang banda, wala ni anumang pagsisisi na maririnig mula sa pamilyang Marcos sa naging kalupitan ng batas militar sa mga naging biktima at sa bilyon-bilyong pondong dinambong ng mga Marcos. Hanggang sa kasalukuyan, patuloy ang paggugumiit ng pamilyang Marcos na wala silang ninakaw sa kaban ng bayan, walang namatay, nawawala at walang nilabag na karapatang pantao si Ferdinand E. Marcos sa panahon ng pag-iral ng batas militar sa bansa mula 1972 hanggang 1986. Inaakala nilang mapaniniwala nila ang taumbayan sa kanilang mga kasinungalingan at sa imbing pakana nilang rebisahin ang kasaysayan.

Nasa Senado ang kasunod na laban kung maghahain din sila ng katulad na panukalang batas na inaprubahan sa Kamara. Kasalukuyang senador ang panganay na anak ni Marcos na si Imee Marcos. Siguradong isa si Imee Marcos sa posibleng maghahain ng kahalintulad na panukalang batas sa Senado para ideklara ang September 11 bilang Ferdinand E. Marcos Day sa buong Ilocos Norte.

Kailangang hadlangan, tutulan at labanan ng taumbayan ang anumang pagtatangka sa Senado na maghain ng panukalang batas na kahalintulad sa House Bill 7137. Hindi magkakaroon ng batas na magdedeklara sa September 11 bilang Marcos Day sa Ilocos Norte kung walang maipapasang batas sa Senado na kahalintulad sa House Bill 7137.

Dapat na tuligsain at magpahayag ng damdamin ang bawat mamamayan na nagmamahal sa kalayaan ang maitim na pakanang ito. Gamitin ang lahat na anyo para magpahayag sa social media at iba't ibang daluyan upang ipabatid sa pinakamalawak na hanay ng mamamayan ang pakanang ito ng mga reaksyunaryo sa Kongreso. Maramihang lumabas sa kalsada, magprotesta at kumilos sa darating na September 21, para tutulan at labanan ang anumang uri ng pagrerebisa sa kasaysayan. Ilantad at labanan ang umiiral na *de-facto martial law* ng pasistang rehimeng US-Duterte.

Kailangang malawakang kumilos sa Septemebr 21 at iparamdam ng taumbayan na hindi na dapat pang maulit ang martial law at hindi ito pahihintulutan maging sa panahon at katauhan ng pasistang rehimeng US-Duterte.

Dapat ibayong magpalakas at magpalawak ang malapad na nagkakaisang prenteng anti-pasista at anti-diktadura para ibagsak sa lalong madaling panahon ang tagapagpatuloy ng diktadurya ng pangkating Marcos sa katauhan ng traydor, tiraniko, pasista, mandarambong, kriminal at mamamatay taong si Rodrigo Roa Duterte. **T**

# 8

# USAPANG PANGKAPAYAPAAN

## Wakasan ang Oplan Bayanihan! Itaguyod ang usapang pangkapayapaan

*Nobyembre 22, 2016*

Mariing kinukundina ng National Democratic Front-Southern Tagalog (NDF-ST) ang nagpapatuloy na mga operasyong militar ng mga pwersang panseguridad ng estado sa balangkas ng Oplan Bayanihan. Sa kabila ng umiiral na *unilateral ceasefire* kapwa ng Gubyerno ng Pilipinas (GPH) at NDFP, walang puknat ang mga operasyon ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at Philippine National Police (PNP) at patuloy nilang nilalabag ang kani-kanilang idineklarang *suspension of military operations/suspension of police operations* (SOMO/SOPO).

Ang gayong mga operasyon ay lantarang palapastangan sa diwa ng usapang pangkapayapaan. Habang nasa negosasyon ang mga panel kapwa ng GPH at NDFP ay pataksil namang ipinatutupad ng mga

pwersang panseguridad ng estado ang iba't ibang komponente ng Oplan Bayanihan tulad ng mga operasyon laban sa New Peoples Army (NPA), paniniktik at panggigipit sa mga pinaghihinalaang lider ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa, at ang pagre-*reposition* ng kanilang mga pwersa.

Sa saklaw ng *unilateral ceasefire* ng GPH at NDFP, naitala ang higit 50 insidente ng operasyong kombat, paniktik at *civil military operations* (CMO). Tampok din ang *tactical basing* ng mga tropang militar sa mga eskwelahan, bahay nayon at mga komunidad. Dagdag pa ang mga kaso ng panggigipit at pananakot sa mamamayan.

Pinakamarami ang mga sustinidong operasyong militar sa isla ng Mindoro sa balangkas ng IP-*centric approach* ng Oplan Bayanihan. Tampok dito ang CAFGU *recruitment* sa mga komunidad ng Mangyan. Nag-*reposition* na ng mga pwersa sa Abra de Ilog, Occidental Mindoro ang 76$^{th}$ Infantry Battalion sa itinatayong kampo nila sa Barangay Tibag habang nagpapatuloy ang kanilang mga operasyong militar sa mga bayan ng San Teodoro at Puerto Galera sa Oriental Mindoro, at sa mga bayan ng Paluan at Abra de Ilog sa Occidental Mindoro. Sa katimugang bahagi ng isla ay walang puknat din ang mga operasyon ng 4$^{th}$ IB sa mga bayan ng Rizal at Magsaysay sa Occidental Mindoro, at sa bayan ng Bulalacao sa Oriental. Sa saklaw ng usapang pangkapayapaan, hinuli sa Victoria, Oriental Mindoro si Jeffrey de los Reyes, isang Pulang mandirigma na gumagampan bilang *security* ni NDF Consultant Ernesto Lorenzo.

Sa probinsya naman ng Quezon, tampok ang tatlong insidente ng *repositioning* ng pwersa sa mga interyor at mga hinihinalang base

ng rebolusyonaryong kilusan. Inilipat ang mga tropa ng 22nd Division Reconnaissance Company ng 2nd IDPA sa bayan ng Mulanay. Dinala naman sa kabundukang bahagi ng Tagkawayan na hangganang Quezon-Bikol ang tropa ng 9th IBPA na nanggaling sa probinsya ng Masbate. Ipinwesto naman ang bagong kampo ng 85th IB sa Barangay San Rafael sa interyor na bahagi ng Lopez. Liban dito, nagpapatuloy ang mga operasyong militar ng 85th IB sa mga bayan ng Gumaca, Lopez at Calauag.

Tuluy-tuloy naman ang inilulunsad na operasyong saywar, paniktik at *civil military operations* (CMO) sa balangkas ng Community Organizing for Peace and Development (COPD) ng mga elemento ng Philippine Air Force sa Batangas. Tampok ang mga operasyon ng 733rd Combat Squadron sa mga bayan ng Rosario, San Juan at Taysan habang ang 731st Combat Squadron naman ang nag-ooperasyon sa Calaca. Nagpapatuloy ang pag-iikot ng 731st Combat Squadron bilang bantay ng National Power Corporation.

Sa isla naman ng Palawan, nakatabing din sa COPD ang mga operasyong *triad* na inilulunsad ng 12th Marine Landing Battalion Team sa Brooke's Point. Naglulunsad din ng kahalintulad na operasyon ang Philippine Marine Corps (PMC) sa Brooke's Point at Taytay. Nag-iikot din ang PMC bilang *goons* ng dayuhang kumpanyang Rio Tuba Nickel.

Biktima naman ng *food blockade* at panggigipit ang mga katutubong Dumagat, partikular na ang pamilya ni Nicanor de los Santos, dating lider ng Balatik na pinaslang noong panahon ng rehimeng Arroyo. Mula pa buwan ng Mayo ay hindi na inagwatan ng 80th IB ang pamayanan ng mga Dumagat sa Antipolo City, Rizal.

Labis na kinamumuhian ng mamamayan ang Oplan Bayanihan. Nananawagan ang NDF-ST sa mamamayan na kumprontahin ang mga pwersang panseguridad ng estado na patuloy na lumalabag sa kanilang *unilateral ceasefire* at sa karapatan ng mamamayan. Inilalagay nito sa bingit ng alanganin ang katugong *unilateral ceasefire* ng Communist Party of the Philippines-New Peoples Army.

Nananawagan ang NDF-ST sa gubyernong Duterte na wakasan na ang Oplan Bayanihan. Mananatili itong banta sa kasalukuyang usapang pangkapayapaan. Hindi kailanman malulutas ng anumang Oplan ang armadong sigalot sa bansa. Ang rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan ay mahigpit na nakakawing sa pakikibaka laban sa kahirapan, kagutuman at pambubusabos. At hangga't hindi nalulutas ang mga saligang suliranin ng lipunang Pilipino, ang mga Oplan ng kaaway ay higit lamang na magpapalagablab sa armadong paglaban ng mamamayan.

## Lorenzana, numero-unong kontra-kapayapaan at ahente ng US!

*Hunyo 9, 2018*

Mariing kinukundena ng National Democratic Front-Southern Tagalog (NDF-ST) ang mga buladas ng numero-unong mananabotahe ng usapang pangkapayapaan na si Department of National Defense Secretary Delfin Lorenzana. Mula't sapul, masugid nang sinusulsulan ni Lorenzana si GRP President Rodrigo Duterte upang iatras ang pag-usad ng negosasyon. Tigas-mukhang binabaliktad pa nito ang katotohanan at pinalalabas na ang New Peoples Army ang hindi tumalima sa kairalan ng kapwa unilateral na tigil-putukan ng GRP at CPP-NPA-NDF mula Agosto 2016 hanggang Pebrero 2017.

Sa tuwing nagiging posible ang pagpapatuloy ng usapang pangkapayapaan, aktibo ang mga galamay ng imperyalismong US sa pag-unsyami dito. Sagad sa buto sa kaibuturan ang pagiging tuta, kontra-kapayapaan at numero-unong reaksyunaryo ni Lorenzana kasabwat sina Secretary Eduardo Año ng DILG at National Security Adviser na si Hermogenes Esperon.

Sa katunayan, kabi-kabila ang rekord ng paglabag ng AFP-PNP-CAFGU habang nakapailalim sa sarili nilang deklarasyon ng unilateral na tigil-putukan. Matatandaang umabot sa mahigit 110 ang bilang ng mga operasyong kombat na nanalasa sa mga komunidad ng magsasaka at pambansang minorya sa Timog Katagalugan. Tampok dito ang iligal na

pagdukot at pamamaslang, arbitraryong pag-aresto at tortyur sa mga inosenteng sibilyan.

Habang umiiral ang tigil-putukan ng magkabilang panig, isinagawa ng NPA ang pinakamataas na rebolusyonaryong disiplina at pagtitimpi sa kabila ng mga pang-uupat ng reaksyunaryong militar. Lubos ang pagnanais ng rebolusyonaryong kilusan na matuloy ang usapang pangkapayapaan kaya inilatag nito ang mga paborableng kundisyon upang makapagharap ang dalawang panig sa negosasyon. Sinsero ang NPA at rebolusyonaryong mamamayan na malutas ang ugat ng digmaan at makamit ang tunay na pagbabagong panlipunan.

Positibo ang pagtanaw ng rebolusyonaryong mamamayan ng TK sa napipintong pagtutuloy ng usapang pangkapayapaan. Higit na matingkad ang hinaing ng mamamayan para iabante ang pag-uusap sa mga repormang pang-ekonomya (Comprehensive Agreement on Socio-Economic Reforms) habang patuloy na sumisirit ang presyo ng pangunahing bilihin gayong hindi tumataas ang sahod ng mga manggagawa at presyo ng produkto ng mga magasasaka. Mataas din ang pagnanais ng sambayanan sa tunay na kapayapaan sa gitna ng kaliwa't kanang mga paglabag sa karapatang-tao at malawakang pinsala sa kabuhayan ng libu-libong pamilyang Pilipino sa kasalukuyan.

Nananawagan ang NDF-ST sa sambayanang Pilipino na ilantad, ihiwalay at labanan ang mga kontra-mamamayan at kontra-kapayapaang alipures ng imperyalismong US tulad ni Lorenzana. Suportahan at patuloy na itambol ang panawagan para sa pagpapatuloy ng usapang pangkapayapaan upang mabigyang-daan ang tunay na mga repormang magluluwal ng signipikanteng tugon sa karaingan ng mamamayan.

## Hinggil sa Mindoro Oriental Government Plan to Hold Localized Peace Talks with NPA

*Pebrero 15, 2020*

Hungkag, inutil, walang saysay at pagsasayang lamang ng oras at salapi ng bayan ang paglalabas ng resolusyon ng Provincial Peace and Order Council (PPOC) ng Mindoro Oriental (MinOr) na magpatupad ng lokalisadong usapang pangkapayapaan sa NPA sa probinsya. Ang resolusyon ng PPOC ay inaprubahan ni Gobernador Humerlito Dolor nuong Pebrero 4, 2020. Agad naman itong pinuri ni Major General Arnulfo Burgos, pinuno ng 2nd Infantry Division na nakabase sa Tanay, Rizal sa paniniwalang may yunit ng NPA sa Mindoro ang papatol sa balaking ito ng PPOC ng MinOr. Wala silang ibang niloloko kundi mga sarili nila dahil malaon nang batid ng mamamayang Mindoreño at mamamayan ng rehiyong Timog Katagalugan na hindi kailanman papasok sa lokalisadong usapang pangkapayapaan ang NPA sa rehiyon at sa Mindoro Oriental.

Matagal na ring ipinahayag ng pamunuan ng Melito Glor Command (MGC) ng NPA sa rehiyon at ng Lucio de Guzman Command (LdGC) sa isla ng Mindoro, na tutol sila at kanilang itinatakwil ang anumang pag-uusap pangkapayapaan sa lokal na antas. Matatag ang kanilang paninidigan na anumang pag-uusap pangkapayapaan ay dapat sa pagitan ng mga otorisadong kinatawan ng NDFP at GRP sa pambansang antas. Naniniwala ang rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon na ang katangian at kompleksidad ng problema ng sambayanang Pilipino ay

pambansa kaya dapat nireresolba din ito sa pambansang antas at hindi sa lokalidad.

Ang paglalabas ng resolusyon ng mga *peace and order council* mula antas rehiyon hanggang barangay para magpatupad ng lokalisadong usapang pangkapayapaan sa NPA ay bahagi at nilalaman ng Executive Order No. 70 ni Duterte na nagbuo sa National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) at nag-iinstitusyonalisa sa *whole-of-nation approach to end local communist armed conflict* sa balangkas ng Joint Campaign Plan-Kapanatagan (JCP-Kapanatagan). Isa ito sa maraming panggogoyo na ginagawa ng pasistang rehimeng US-Duterte sa taumbayan sa pamamagitan ng mga lokal na gubyerno para sa di umanong *peace building and development.*

Ang mga panawagan para sa lokalisadong usapang pangkapayapaan ay mga dati nang panis at niresiklong taktikang saywar ng AFP at PNP na matagal nang ginagamit ng reaksyunaryong estado para palabasing nagkakawatak-watak na ang rebolusyonaryong kilusan sa bansa, ihiwalay at palitawing ang pamunuan ng CPP-NPA-NDFP, kabilang ang Chief Political Consultant ng NDFP na si Joma Sison, ay wala nang kontrol sa ibaba. Wala itong pagkakaiba sa mga nilangaw at binasura na ng taumbayan na mga palabas at pakulo ng Department of National Defense/Armed Forces of the Philippines (DND-AFP) at Department of Interior and Local Government/Philippine National Police (DILG-PNP) kaugnay sa mga *NPA surrenderees* at deklarasyon ng mga *local government units* (LGUs) bilang "persona-non-grata" sa CPP-NPA-NDFP.

Napatunayang mga peke, niresiklo at pinagkikitaan lang ng mga tiwaling opisyal ng AFP at PNP ang mga pakulong "NPA surrenderees"

tulad sa nangyari sa 9th Infantry Division sa Bikol na nabuko ng media na pineke at minanipula ang di umano'y larawan ng mga nagsisukong NPA sa Bikol. Samantala, napatunayan ding produkto ng intimidasyon at pananakot ng pasistang rehimeng US-Duterte ang mga resolusyon ng mga lgu's sa rehiyon na nagdedeklara sa CPP-NPA-NDFP bilang "persona-non-grata". Maraming lgu's sa rehiyon ang nagpaabot sa National Democratic Front-Southern Tagalog (NDF-ST) at nagpapaliwanag na hindi nila kagustuhan ang paglalabas ng resolusyon na nagdedeklara sa CPP-NPA-NDFP bilang persona-non-grata. Pinaliwanag nila na sila'y pinilit, tinakot at binantaan ng DILG na kakasuhan sila bilang tagasuporta ng rebolusyonaryong kilusan sakaling hindi sila maglalabas ng deklarasyon laban sa CPP-NPA-NDFP.

Nananawagan ang NDF-ST sa lahat ng mga lokal na gubyerno sa rehiyon na huwag basta magpadalos-dalos at magpapadala sa mga kapritso at kagusutuhan ng pasistang rehimeng US-Duterte. Tandaan natin na mahigit dalawang taon na lamang ang nalalabi sa termino ni Duterte at maaari pang hindi niya matapos ang kanyang termino dahil sa pagkakaroon niya ng malubhang karadaman o di kaya'y mapatalsik siya sa kapangyarihan sa pamamagitan ng isang popular na pag-aalsa ng bayan tulad sa nangyaring pagpapatalsik kay Ferdinand Marcos nuong 1986 at Joseph Estrada nuong 2001.

Imbes na magsayang kayo ng oras at rekurso ng bayan sa walang saysay at kakwenta-kwentang lokalisadong usapang pangkapayapaan, mas ibaling ninyo ang panawagan sa gubyernong Duterte na ipagpatuloy nito ang naudlot na usapang pangkapayapaan sa NDFP. Lumalawak at

lumalakas ang panawagan ng taumbayan para sa muling pagpapatuloy ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at GRP. Walang ibang nararapat na hakbang kundi ang suportahan ang panawagan ng taumbayan para sa ituloy ang negosasyon sa kapayapaan sa pambansang antas.

Ang pagtalikod ni Duterte sa usapang pangkapayapaan sa NDFP at pagtalunton sa madugong gyerang kontra insurehensya ay tiyak na mauuwi lamang sa kabiguan tulad ng pinagdaanan ng mga rehimeng nauna sa kanya. Nangangarap ng gising ang pasistang rehimeng US-Duterte na kaya niyang gapiin ang armadong pakikibaka ng sambayanang Pilipino sa pamumuno ng Communist Party of the Philippines-MLM (CPP-MLM). Hanggat umiiral ang mga dahilan at ugat ng labis na kahirapan at pang-aapi sa sambayanang Pilipino, patuloy na lalawak at lalakas ang rebolusyonaryong paglaban ng mamamayan hanggang sa maabot nito ang lakas para mapagpasyang maibagsak ang malakolonyal at malapyudal na sistema ng bansa at halinhan ito ng isang malaya, demokratiko at maunlad na Pilipinas.

Ang NDFP ay laging bukas sa usapang pangkapayapaan at handang pumasok sa mga kasunduan sa reaksyunaryong gubyerno alinsunod sa isinusulong nitong pambansa-demokratikong agenda at programa na pangunahing tumutugon sa kahilingan at kapakanan ng sambayanang Pilipino. Subalit laging handa din ang NDFP na paigtingin ang armadong pakikibaka para isulong ang pambansa demokratikong interes ng sambayanang Pilipino.

Sa harap ng lubusang pagtalikod at kawalan ng sinseridad ng gubyernong Duterte na pumasok sa isang seryosong negosasyon sa

NDFP, walang ibang dapat gawin ang rebolusyonaryong kilusan at mamamayang Pilipino kundi ang lalong palawakin at paigtingin ang pakikidigmang gerilya sa buong kapuluan. Mag-ipon ng panibagong lakas sa pamamagitan ng pagpapaigting ng mga pakikibakang masa kapwa **sa kanayunan at kalunsuran sa** paraang armado at di-armado, hayag at lihim, ligal at iligal at mag-antay sa pakikipag-usap ng NDFP sa panibagong gubyernong papalit sa pasistang rehimeng US-Duterte bago o pagkatapos ng kanyang panunungkulan sa Hunyo 30, 2022. **T**

## BBM, NTF-ELCAC at *localized peace talks*: Mga balakid sa tunay na kapayapaan

*Pebrero 20, 2022*

Umaalingasaw ang pagiging anti-kapayapaan at sagadsaring pasista ni Bongbong Marcos (BBM) sa kanyang pagpapahayag ng suporta para sa mga programa ng kinamumuhiang NTF-ELCAC at mapanlinlang na localized peace talks na inilalako ng rehimeng Duterte. Layunin nitong kabigin ang suporta ng *civilian-military junta* na pasimuno ng mapaniil na anti-komunistang kampanya upang magkonsolida ng kapangyarihan at tiyaking maluklok siya sa Malakanyang. Hayagan rin ang kanyang pagtutol sa pagtutuloy ng negosasyong pangkapayapaan sa NDFP at naninindigang hindi siya makikipag-usap sa mga komunista.Talagang nananalaytay kay BBM ang dugo ng kanyang amang pasistang diktador na si Ferdinand E. Marcos Sr. kaya hindi siya dapat hayaang makapwesto sa estado poder.

Matapos mahiwalay sa mga kapwa kandidato sa pagka-presidente, tila bahagyang nagbago ang pahayag ni BBM. Sa nilahukan niyang *presidential debate* noong Pebrero 16 na inorganisa ng anti-komunista, maka-Duterte't maka-Marcos na SMNI, ibinandera ni BBM ang *localized peace engagement* (LPE) at pagpapalawig sa mga programa ng NTF-ELCAC kabilang ang kampanyang pagpapasuko para "lutasin" ang ugat ng armadong tunggalian. Aniya, dapat i-"expand" ang *peace talks* na katumbas lang ng pagpapatupad ng LPE. Pinuri din niyang "epektibo" ang mga programa ng NTF-ELCAC sa pagsupil

sa “insurhensya” kagaya ng kampanyang pagpapasuko at *barangay development program*. Palatandaang talagang nakikisakay lang siya sa naunang pahayag ng apat na *presidentiable* noong Enero na bukas sila sa *peace talks* sa NDFP sakaling manalo.

Tulad ng aasahan sa isang Marcos, pulos panlilinlang at pambabaluktot sa katotohanan ang kaya lang niyang ibuladas at ipagkalat. Matagal nang nalantad ang NTF-ELCAC, ang LPE at iba pang huwad nitong programa bilang mga kasangkapan ng marahas na kampanyang supresyon na nakatudla laban sa mamamayan sa tabing ng gera kontra-terorismo. Palibhasa'y isa ding mangungurakot, walang kahihiyang tinataguyod ni BBM ang *barangay development program* ng NTF-ELCAC na malaon nang nalantad bilang gatasan at pinagmumulan ng kurakot ng mga tiwaling Heneral ng AFP at PNP kasabwat ang kapwa nilang mangungurakot na mga lokal na upisyal ng gubyerno.

Ginagamit ang LPE upang maghasik ng teror at manghati sa mga komunidad na nakikibaka para sa kanilang kagalingan, karapatan at kapayapaan. Bahagi nito ang mga kampanyang pagpapasuko, mga operasyong saywar at mga huwad at pakitang-taong proyektong ginagawang palabigasan ng mga opisyal militar at LGU. Kasabay nito ang pagbabad ng mga yunit ng AFP-PNP-CAFGU sa mga komunidad na inilulunsad matapos ang ilang linggong walang-patumanggang pambobomba, panganganyon, at pamamaril sa mga sakahan at kabundukan

Sa TK, palasak ng itim na propaganda ng SOLCOM ang diumanong paglahok ng mga larangang gerilya sa mga *localized peace talks* para siraan ang rebolusyonaryong kilusan at pagmukhaing humihina na

ito. Ang totoo, walang nagaganap at magaganap na l*ocalized peace talks* dahil matatag at nagkakaisa ang buong CPP-NPA-NDFP sa paninindigang dapat ilunsad ang *peace talks* sa pambansang saklaw.

Samantala, hindi dapat purihin ang NTF-ELCAC, bagkus, dapat na itong buwagin alinsunod sa dati nang panawagan ng mamamayan at maging ng ibang progresibong grupo at personahe.

Hindi nalalayo ang panloloko ni BBM tungkol sa "epektibong" programang kontra-insurhensya ng rehimeng Duterte sa pagrerebisa sa malagim na kasaysayan ng diktadurang Marcos. Gaya ng pagtatakip nila sa puu-puong libong kaso ng paglabag sa karapatang tao noong Martial Law, pilit nilang itinatanggi ngayon ang mga kalabisan at krimeng isinasagawa ng pasistang rehimeng Duterte sa ngalan ng hibang na pangarap na durugin ang CPP-NPA-NDFP. Ang masahol pa, nagpapanggap si BBM na kuno'y panig sa kapayapaan subalit sa pamamagitan ng mapanlinlang na LPE.

Hinihimok ng NDF-ST ang mga progresibo, makabayan at tunay na lingkod-bayan na suportahan ang muling pagbubukas ng *peace talks* sa pagitan ng GRP at NDFP sa pambansang saklaw sa susunod na rehimen. Doon maihahapag ang Comprehensive Agreement on Socio-Economic Reforms na nagbabalangkas ng tunay na reporma sa lupa, pambansang industriyalisasyon at kumprehensibong programang panlipunan na pakikinabangan ng mamamayang Pilipino.

Balakid si BBM at ang kinabibilangan niyang alyansang Marcos-Arroyo-Duterte (MAD) sa hangarin ng mamamayang Pilipino na kamtin ang tunay, makatarungan at pangmatagalang kapayapaan sa bansa.

Dapat gawin ng sambayanan ang buong makakaya upang pigilan ang pakana ng MAD na iluklok si BBM sa tuktok ng kapangyarihan. Nais ipagpatuloy ng MAD ang diktadurang paghahari at pasidhiin pa ang malakolonyal at malapyudal na sistemang ugat ng armadong tunggalian. Pinatunayan ng kasaysayan na sa ilalim ng mga rehimeng Marcos, Arroyo at Duterte, nasadlak ang Pilipinas sa labis na kahirapan at sinikil ang demokrasya gamit ang teroristang paghahari. Imbes na lutasin ang panlipunang ugat ng armadong tunggalian, ang kanilang mga pasistang patakaran at higit pang pambubusabos sa bayan ang nagtutulak sa mamamayan na mag-armas at lumaban. T

# 9

# ELEKSYONG 2022

## Pagkagahaman sa kapangyarihan ang nasa likod na manatili sa poder si Duterte

*Hulyo 4, 2021*

Garapal at tusong nais ikutan ni Duterte ang pagbabawal ng 1987 Konstitusyon sa reeleksyon ng Pangulo ng Pilipinas. Pinalulutang ni Duterte ang pagkandidato niya bilang bise presidente sa eleksyon sa Mayo 2022 upang manatili sa kapangyarihan. Pinakikilos nya ang mga kaalyado sa PDP-Laban upang itulak ang kanyang kandidatura bilang bise presidente at ang prebilehiyong piliin ang makakatambal nyang presidente.

Ito ay sa kabila ng nauna nyang mga pamamahayag sa publiko na wala na siyang interes na manatili sa poder matapos ang kanyang termino. Subalit ano pa ba ang aasahan ng sambayanang Pilipino sa isang presidenteng paulit-ulit na sinungaling at labis na sakim sa kapangyarihan?

Sa harap ng imbestigasyon at napipintong pag-uusig ng International Criminal Court (ICC) kay Duterte sa mga krimen laban sa sangkatauhan sa pagpapatupad ng madugong gerang henosidyong kontra-droga sa Davao City sapul 2011 at sa buong bansa mula 2016 hanggang Marso 2019, lalong itinutulak si Duterte na manguyapit sa kapangyarihan upang iwasan ang pag-uusig at pananagutan. Mangyayari ito kung magiging bise presidente si Duterte at maiuluklok ang kanyang kaalyado o isang tau-tauhang presidente sa Mayo 2022.

Dahil nakapwesto na ang makinarya sa pandaraya sa COMELEC at sa iba't ibang antas ng burukrasya, umaasa si Duterte sa panalo niya sa halalan at ang pipiliin nyang katambal kandidatong pangulo alinman kina Sara Duterte Carpio, Christopher Lawrence"Bong"  Go at Ferdinand "Bongbong" Marcos, Jr. Kapag nanalo nga naman si Duterte bilang Bise-Presidente sa Mayo 2022, magkakaroon muli siya ng panibagong anim na taon sa pwesto at hindi maaaring makasuhan sa mga nagawa niyang krimen sa bayan noong nanunungkulan siyang Pangulo.

Sa ngayon ginagamit ni Duterte bilang dahilan sa kanyang pagnanais na kumandidato bilang Bise Presidente ang pagtutulak at panawagan ng mga kaalyado niya sa PDP-Laban. Pinakikilos ni Duterte si DOE Secretary Alfonso Cusi at mga kaalyado sa PDP-Laban upang idiskaril ang ambisyon ni Senador Manny Pacquiao, presidente ng PDP-Laban na kumandidatong presidente sa 2022. Matatandaan din na si Alfonso Cusi ang nalantad na *bagman* ni Gloria Arroyo sa pamimili ng boto sa Mindanao noong eleksyong 2004.

Samantala, lumiit na ang posibilidad na mapalawig pa ni Duterte, maging ng kanyang mga kaalyadong halal na opisyal sa gubyerno, ang

kanilang mga termino lagpas sa Hunyo 30, 2022 sa pamamagitan ng pag-amyenda sa 1987 Konstitusyon ng GRP. Malawak ang naging pagtutol ng sambayanan sa pag-aamyenda sa Konstitusyon ng Pilipinas. Marami ding mambabatas, lalo na sa Senado, ang tutol sa pag-amyenda nito lalo na ang kaugnay sa itinutulak na pederalismo at pagpapalawig ng termino ng mga kasalukuyang halal na opisyal ng gubyerno. Maging ang pag-amyenda sa mga *economic provisions* sa Konstitusyon, na aprubado na sa Kamara, ay malamig ang pagtanggap ng Senado dahil sa kakapusan ng panahon para pagtalakayan ito at mayroon silang mas prayoridad na batas na pinag-uusapan.

Habang papalapit ang buwan ng Oktubre 2021, na takdang panahon ng pagsusumite ng kandidatura ng mga nagbabalak na tumakbo sa halalan sa Mayo 2022, lumiliit na rin ang posibilidad na magdedeklara ng Batas Militar si Duterte para mapalawig pa ang kanyang termino. Ganunpaman, dahil desperado at sakim sa kapangyarihan si Duterte, hindi dapat maging kampante ang taumbayan at lubusang isantabi ang posibilidad na magdeklara siya ng Batas Militar at dahil dito hindi matutuloy ang nakatakdang halalan sa Mayo 2022. Kailangang laging handa ang sambayanang Pilipino para labanan at biguin ang posibilidad na magdeklara si Duterte ng Batas Militar para makapanatili siya sa kapangyarihan lagpas sa kanyang termino.

Habang papalapit ang pagtatapos ng kanyang termino lalong nagiging desperado si Duterte sa paghahanap ng paraan para manguyapit sa kapangyarihan at maipagpatuloy ang kanyang katiwalian at tiranikong paghahari.

Sa kabilang banda, ang litaw at lumilinaw na tunguhin ngayon mula sa kampo ni Duterte ay ang kanyang pagnanais na tumakbo bilang Bise Presidente katambal alinman sa anak niyang si Sara Duterte, dakilang alalay na si Christopher Bong Go at Bongbong Marcos. Kasabay nito, itinuturing na rin ni Duterte si Senador Manny Pacquiao bilang sagka at malakas na kalaban sa pagtakbo sa pagkapangulo, pangunahin ng kanyang anak na si Sara Duterte Carpio.

Ngayon pa lamang ay dapat maghanda na ang taumbayan sa posibilidad ng pagtakbo ni Duterte billang bise-presidente sa 2022. Kailangang ilantad at labanan ang mga gagawin niyang maniobra upang matiyak na mananalo siya at alinman kina Mayor Sara Duterte Carpio, Senador Cristopher Bong Go at dating Senador Bongbong Marcos bilang Presidente ng bansa sa halalan sa Mayo 2022. Inaasahan nating gagamitin ni Duterte ang buong rekurso at makinarya ng kanyang pasistang estado upang manipulahin ang halalan sa Mayo 2022. Tiyak ding gagamitin ng kampo ni Duterte ang lahat ng iligal na paraan, pananakot, pandarahas, panunuhol at iba't ibang uri ng pandaraya para tiyakin ang kanyang panalo at ng kanyang babasbasang kandidato sa pagkapangulo.

Ang NTF-ELCAC ay ginagamit ngayon ni Duterte laban sa mga progresibong partylist at organisasyon, mga kritiko at mga pulitiko sa hanay ng oposisyon sa layuning pilayin ito at lubos na mapahina ang kakayahan nitong manalo sa darating na halalan. Ginagamit ng NTF-ELCAC ang P 16.9 bilyong nakalaan sa Barangay Development Fund (BDF) nito para bilhin ang katapatan ng mga lokal na pulitiko sa administrasyong Duterte. Dapat patuloy na isulong ng taumbayan ang panawagan sa pagbubuwag ng NTF-ELCAC at ilipat ang pondo

nito para sa pagtustos sa paglaban sa Covid-19 at mga ayuda sa mga sakuna at kalamidad lalo na ngayong libong mamamayan ng Batangas ang nangangailangan ng tulong dahil sa epekto ng muling pagputok at pag-aalburuto ng bulkang Taal simula noong Hulyo 1, 2021.

Kamakailan lamang, nalantad ang pagkuha ng Department of Finance sa serbisyo ni Nicanor Gabunada, Jr.—isang *public relations practitioner* at naging *social media manager* sa kampanya ni Duterte noong eleksyong 2016—para naman sa eleksyon sa Mayo 2022. Ipinagtanggol ni DOF Undersecretary Gil Beltran, pinuno ng DOF's Bids and Awards Committee na ligal ang pagkuha ng serbisyo ni Gabunada. Matatandaan na si Gabunada ang nasa likod ng 200 pekeng Facebook account ng mga *troll armies* ni Duterte na ipinasara ng Facebook. Palatandaan ito na naghahanda na ang Malakanyang na manipulahin ang opinyong publiko at resulta ng eleksyon sa Mayo 2022 laban sa oposisyon at pabor sa mga kandidato ng administrasyon.

Dagdag pa, ginagamit na ni Duterte ang Anti-Terrorism Law para labis na papahinain ang oposisyon, lalo na ang mga progresibong *partylist* at organisasyon, na may malawak na base at suporta mula sa uring anakpawis.

Nag-aakala si Duterte na magsasawalang kibo na lamang ang taumbayan at hahayaan siyang makapamayagpag sa kasalukuyan at makapandaya sa darating na halalan. Suklam na suklam na ang sambayanang Pilipino kay Duterte. Gagawin ng sambayanang Pilipino ang iba't ibang anyo ng paglaban para pigilan at biguin si Duterte na makapanatili sa kapangyarihan.

Sa kasalukuyan, patuloy at hindi naglulubay ang NDF-ST sa pagtataguyod at pagsusulong ng mga programa nito na tumutugon sa pangangailangan ng mamamayan sa mga saklaw nitong sona't larangang gerilya. Kaalinsabay, lagi itong kumikilos para suportahan ang mga pakikibaka ng sambayanang Pilipino para isulong ang kanilang mga demokratikong karapatan at kahilingan.

Mahigpit na kaisa ng sambayanan ang rebolusyonaryong kilusan sa paglaban at pagbigo sa imbing pakana ni Duterte na makapanatili sa kapangyarihan alinman sa pamamagitan ng pag-amyenda sa Konstitusyon, pagdedeklara ng Batas Militar at pagtakbo nito bilang Bise Presidente. Gagawin ng rebolusyonaryong kilusan ang kanyang bahagi para biguin si Duterte na makapanatili sa kapangyarihan sa loob muli ng anim na taon.

## Labanan at biguin ang mga pandarayang gagawin ni Duterte sa eleksyong 2022! Wakasan ang impyunidad ng mga pagpatay at pandarambong ng pasistang rehimeng US-Duterte!

*Setyembre 10, 2021*

Nakatuon na ang atensyon ng pasistang rehimeng US-Duterte sa paghahanda para sa darating na halalan sa Mayo 2022. Tahasan at tuso nang nagmamaniobra ang paksyon ni Duterte na muling manalo sa eleksyon 2022. Hayagan at walang kahihiyan nilang sinisiraan ang kanilang mga karibal sa pulitika at aroganteng ibinandila na matatalo ulit ang mga ito. Kinudeta ng paksyon ni Duterte maging ang sarili niyang partido, ang PDP-Laban, upang magamit niya sa pananatili sa pwesto. Sinasagasaan at iniikutan pa ni Duterte ang ligal at konstitusyunal na mga usapin sa pagtakbo nito sa eleksyon 2022 bilang Bise Presidente sa pag-aakalang malulusutan niya ang nagawa niyang mga krimen sa bayan at mga krimen laban sa sangkatauhan kaugnay sa mga kasong nakasampa laban sa kanya sa International Criminal Court (ICC).

Sa kabila ng malawakang kagutuman at paghihirap na nararanasan ng sambayanang Pilipino, iba ang pinagkakaabalahan ng pasistang rehimeng US-Duterte. Patunay na pabaya at wala silang masalakit para sa kapakanan ng bayan. Hindi man lang sila nababahala sa bumibilis na pagsikad ng bilang ng mga nagkakasakit at namamatay sa Covid-19. Ang mahalaga sa kampo ni Duterte ay mabilis na maiporma

ang kanilang makinarya bilang paghahanda sa eleksyon. Kasabay nito, ipinapatupad na Duterte ang mga lihim na pagmamaniobra sa eleksyong 2022. Dapat tutulan at labanan ng mamamayang Pilipino ang lahat ng pakana ni Duterte para manatili sa poder.

Kamakailan, kaduda-dudang ipinagkaloob ng Commission on Elections (Comelec) ang kontrata sa pagdadala at pangangalaga ng mga kagamitang pang-eleksyon sa F2 Logistics, isang kumpanyang pinangangasiwaan ni Dennis Uy mula pa 2006. Si Uy ay isa sa malalapit na kroni at mayor na taga-pondo ni Duterte noong eleksyon 2016. Sa kabila ng maanomalyang proseso ng pagkakakuha ng F2 Logistics sa kontrata, dinepensahan ito ng Comelec at sinabing wala silang nakikitang paglabag sa pagdiskwalipika sa iba pang karibal ng F2 Logistics sa *bidding*. Walang kahihiyan nilang sinabi na hindi makakaapekto sa paglahok sa subasta ang identidad ng may-ari ng kumpanya.

Lalong inilalantad nito ang labis na bulnerabilidad sa pandaraya ng darating na halalan at ang imbing pakana ni Duterte na manatili sa kapanyarihan. Bukod sa nakuha na ni Dennis Uy ang P1.61 bilyong proyekto sa pagbili, pag-iimbak at paghatid ng mga *vote-counting machines, external batteries* at *accessories, canvassing system machines* at mga balota, nauna na niyang nabili ang kumpanyang TIM na kapartner ng Smartmatic sa awtomasyon ng eleksyon at de-kompyuter na pagbibilang ng mga boto.

Samantala, sa Pebrero 2022, nakatakdang bumaba sa pwesto ang chairman at dalawang komisyuner ng Comelec kaya magluluklok si Duterte ng mga bagong kapalit na tiyak magtataguyod sa kanyang

interes sa darating na eleksyon 2022. Sa pangyayaring ito, lalabas na lahat ng mga Commissioners ng Comelec ay mga *appointees* ni Duterte bago pa man dumating ang eleksyong pampanguluhan sa Mayo 2022. Kaya naman, malakas ang loob na magyabang si Duterte na mauulit ang paglampaso sa mga kandidatong senador ng oposisyon sa ilalim ng tiket na "Otso-Diretso" sa nagdaang 2019 *mid-term election.*

Sa mga maniobrang ito ni Duterte, garapalan siyang nakikialam sa susunod na halalan para lamang patuloy na mangunyapit sa kapangyarihan at takasan ang kanyang mga krimen. Upang makamit ito, sasagasaan niya ang lahat kahit ang demokratikong karapatan ng mamamayan sa pagboto. Nakita na noong nakaraang eleksyong 2019 kung gaano katuso ang rehimen sa pandaraya. Lantaran ang pagluluto ng halalan para iluklok sa Senado at Kamara ang mga kasapakat ni Duterte tulad nina Ronald "Bato" dela Rosa, Christopher "Bong" Go at marami pang iba. Hanggang sa kasalukuyan, hindi naimbestigahan ang kaduda-dudang brown out habang nagbibilang ng boto at programadong bilang ng mga boto pabor sa mga manok ng administrasyon.

Marapat na maging mapagbantay ang mamamayang Pilipino sa darating na eleksyong 2022. Tiyak na gagawin ni Duterte ang lahat ng paraan para makapandaya kabilang ang manipulasyon sa resulta ng eleksyon sa Mayo 22 at makapaghari lagpas sa kanyang termino. Kailangang labanan ng sambayanan ang pagkakapit-tuko ni Duterte sa kapangyarihan at tutulan ang anumang iskema nito para sa pagmamaniobra sa darating na halalan.

Makatwiran ang pagbatikos ng ilang mga senador at progresibong kongresista sa paggawad ng Comelec sa F2 Logististics ng proyekto

sa pagdadala ng mga kagamitang pang-eleksyon. Nararapat ang kanilang panawagan na imbestigahan ang proseso ng pagsubasta. Dapat ding itulak ang pagkansela sa kontrata ng F2 Logistics dahil sa mga anomalya.

Samantala ang P5.024 Trilyon na budget na isinumite ng gubyernong Duterte sa Kongreso para sa taong 2022 ay walang kaduda-dudang gagamitin ng rehimeng Duterte sa darating na eleksyon. Kapansin-pansin ang labis na pagtaas ng pondo na nakalaan sa Opisina ng Presidente, DND, DILG, NTF-ELCAC, DPWH, TESDA at iba pang ahensya na may tuwirang kinalaman sa "kontra-insurhensya" ng gubyernong Duterte. Siguradong ang mga pondong inilaan sa naturang mga ahensya ng gubyerno ay gagamitin sa halalan para tiyakin na manalo si Duterte at ng kanyang mamanukin sa pagkapangulo. Sa kabilang banda, labis naman ang ginawang pagtapyas sa pondo na nakalaan para sa serbisyong panlipunan tulad ng pagbawas sa pondo ng DOH na pangunahing ahensya ng gubyerno sa paglaban sa Covid-19. Binawasan din ang pondo ng University of the Philippines (UP) na siyang may administratibong kontrol sa Philippine General Hospital at Philippine Genome Center. Ang dalawang ahensya sa ilalim ng UP ang nasa unahan ng paglaban ng bansa sa pandemya. Hindi rin nakaligtas ang DEPED at CHED sa mga binawasan ng pondo para sa taong 2022.

Higit na pinapatunayan ng maduming reaksyunaryong halalan kung gaano kabulok ang kasalukuyang malakolonyal at malapyudal na sistema ng lipunang Pilipino. Kung tunay ngang malinis ang reaksyunaryong eleksyon, tiyak na hindi mananalo si Duterte at ang kanyang paksyon dahil kinasusuklaman sila ng bayan. Sangkot ang rehimen sa samu't saring mga usapin mula sa mga kriminal na

pananagutan na resulta ng pekeng gera laban sa droga at laban sa rebolusyonaryong kilusan, korapsyon, kapalpakan sa pagtugon sa pandemya, sibil-militar na hunta hanggang sa pagmamaniobra ng eleksyon. Itinutulak nito ang mamamayang Pilipino na sama-samang lumaban upang wakasan ang diktadura ni Duterte.

Kasabay nito, lalong tumitingkad ang pangangailangang isulong ang pambansa demokratikong rebolusyon bilang natatanging solusyon para ibagsak ang pahirap at naaagnas na sistema. Ganap na magiging demokratiko lamang ang pulitika sa bansa sa pagtatatag ng tunay na gubyernong bayan na nagsisilbi sa interes ng mamamayang Pilipino. Sa kanayunan, itinatayo ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika at mga ganap na samahang masa kung saan inihahalal ng mamamayan ang kani-kanilang mga tunay na lingkod-bayan na galing sa kanilang hanay.

Hinog ang sitwasyon para sa paglakas ng rebolusyon. Kailangang maging masikhay sa pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos para tuluyang ihiwalay ang korap, taksil, inutil at diktador na si Duterte. Patuloy na bibigkisin ng NDFP ang lahat ng nakikibakang pwersa para ibagsak ang pasistang rehimen. T

## Pigilan ang panunumbalik sa kapangyarihan ng pamilya Marcos

*Oktubre 20, 2021*

Mariing kinukundina ng NDF-ST at ng malawak na mamamayan ng Timog Katagalugan ang pagtakbo ni Ferdinand "Bongbong" Marcos, Jr. sa pagkapresidente. Desperado itong pakana ng pamilya Marcos upang muling makabalik sa tuktok ng kapangyarihan sa Pilipinas sa kabila ng walang kahihiyang pagbabalewala at pagtatakip ng mga ito sa kanilang mga krimen sa bayan. Dahil dito, marapat na ibuhos ang buong lakas ng sambayanan upang biguin ang pagtatangka ng pamilya Marcos, kasabay ng pagbigo sa hangarin ni Duterte na maghari lagpas 2022.

Labis na ikinagagalit ng mamamayang Pilipino ang lantarang pagrerebisa ng mga Marcos sa kasaysayan. Sa tulong ni Duterte, pinipilit nilang palabasing bayani ang yumaong si Ferdinand Marcos sa kabila ng nagdudumilat na katotohanang isa itong pasista't diktador. Paulit-ulit nilang pinalalabas na mabuti ang idinulot ng Martial Law at harapang sinasalaula ang tagumpay ng EDSA People Power I. Ngunit sa kolektibong alaala ng sambayanan, hindi mapapawi ang lagim ng Batas Militar ng diktadurang Marcos na nagresulta sa libong biktimang pinaslang, puong libong iligal na inaresto at piniit at daang bilang ng sapilitang pagkawala.

Sa ilalim ng diktadura, malawakang nandambong ang mga Marcos sa kaban ng bayan at nagpatupad ng mga patakaran na nagpasadsad sa

ekonomiya ng bansa at ibayong nagpahirap sa mamamayan. Bilyun-bilyong piso ang hinuthot ng mag-asawang Ferdinand at Imelda Marcos na upang itago sa bayan ay sa isang Swiss Bank at ibang *offshore accounts* inilagak. Noong Nobyembre 2018, napatunayang maysala si Imelda sa pitong kasong *graft* sa panahong naging gobernador siya ng Metro Manila mula 1975-1986. Sa kabila nito, hindi kakikitaan ng anumang bahid ng pagsisisi ang mga Marcos bagkus patuloy na nagpapasasa sa nakaw na yaman. Ginagamit ito ngayon para mailuklok sa kapangyarihan si Bongbong.

Higit na nagbibigay ng lakas ng loob sa mga Marcos ang pakikipagsabwatan sa kanila ni Duterte para sa paghahati at pagsasalo sa kapangyarihan. Hindi malayong maganap ang mga maniobra ni Duterte sa darating na eleksyong presidensyal sa Mayo 2022 mula sa pandaraya hanggang sa pagdedeklara ng *failure of elections* upang ipataw ang Martial Law at manatili sa pwesto.

Dapat hadlangan ng mamamayan na mailuklok sa poder ang pamilya Marcos at Duterte. Kapwa silang may pananagutan sa bayan mula sa korapsyon at pandarambong hanggang sa paghahasik ng pasismo at terorismo ng estado na nagresulta sa maramihang pagpatay at labis na paglabag sa karapatang tao. Upang makapaghari, nagpakatuta rin ang mga ito sa mga imperyalistang kapangyarihan, nagtaksil sa bayan at inilako ang pambansang soberanya.

Mahigpit na kaisa ng sambayanang Pilipino ang NDF-ST para biguin ang muling paghahari ng kasalukuyang taksil, mandarambong at tiranong si Duterte at ng pamilya ng diktador na si Marcos. Kailangang magsikhay ang rebolusyonaryong kilusan upang lubos na ihiwalay

sina Duterte at Marcos. Walang kapagurang batikusin ang *historical revisionism* ng rehimen at ng mga Marcos at isiwalat ang katotohanan sa gitna ng laganap na *fake news* at disimpormasyon. Papanagutin sila sa kanilang mga krimen sa bayan.

Dapat aktibong kontrahin ng mamamayan ang pamamayagpag nina Duterte at Marcos lalo sa panahon ng pangangampanya. Nananawagan ang NDF-ST sa mga tunay na lingkod bayan sa rehiyon na pakinggan ang daing ng taumbayan at makipagkaisa sa kanilang interes, hindi sa paksyong Duterte-Marcos. Itutok natin ang nagkakaisang hanay ng mamamayan sa paglaban sa maiitim na balak nina Duterte at Marcos sa eleksyon 2022.

Habang nilalabanan ang pangkating Marcos-Duterte, nararapat na ipagpatuloy ang pambansa demokratikong rebolusyon dahil nananatili ang bulok na sistemang malakolonyal at malapyudal. Nararapat na magkaisa ang mamamayan tungo sa landas ng rebolusyon upang ganap na wakasan ang ganitong sistema.

## Desisyon ng COMELEC na ibasura ang kasong diskwalipikasyon ni BBM, buktot at kasuklam-suklam

*Pebrero 15, 2022*

Mariing kinokondena ng NDF-ST ang pagbabasura ng Commission on Elections (Comelec) sa mga makatuwirang petisyon para idiskwalipika si Bongbong Marcos (BBM) sa pagtakbo bilang presidente. Hindi kinilala ng Comelec ang malinaw na ebidensya at rekord sa korte kaugnay sa hindi pagsusumite ni BBM ng *income tax returns* (ITR) mula 1982-1985 para bigyang daan ang pagbabalik ng mga Marcos sa Malakanyang. Walang kredibilidad ang bayarang Comelec na mismong nambababoy sa kanilang reaksyunaryong patakaran.

Sadyang pinatagal at inantala ang paglalabas ng desisyon upang mapaboran ang  pamilyang Marcos. Inilabas ang desisyon matapos ang pagreretiro ni dating Comelec Comm. Rowena Guanzon na nagsapubliko ng kanyang boto ng pagsang-ayon sa diskwalipikasyon kay BBM at paglalantad ng ginagawang pagmamaniobra ng dalawa pang Comelec Commisioners at  pagmamanipula ng isang senador para maipawalambisa ang boto ni Guanzon at tuluyang ibasura ang kaso ng diskwalipikasyon kay BBM.

Kinasusuklaman ng mamamayang Pilipino ang Comelec na garapalang kumikiling sa mga Marcos at alyado nitong Duterte at Arroyo. Hindi

kapani-paniwala ang husga ng komisyon na “kulang sa merito” (lack of merit) ang mga kaso laban kay BBM gayong beripikado ang mga dokumentong nagpapatunay sa kanyang di pagbabayad ng buwis. Bukod dito, napakaluwag din nito kay BBM na hindi pinatawan ng parusa kahit na hindi siya dumadalo sa mga pagdinig sa kaso ng diskwalipikasyon laban sa kanya.

Hindi naging katanggap-tanggap sa malawak na masang Pilipino ang desisyong ito ng COMELEC. Malaki ang pagdududa ng taumbayan na tumanggap ng malaking pera ang mga komisyuner lalo si Aimee Ferolino mula sa pamilyang Marcos para ibasura nito ang mga nakahaing petisyon ng diskwalipikasyon at kanselasyon ng *certificate of candidacy* (COC) laban kay BBM. Malaking sampal ito sa mukha ng mamamayan dahil tiyak na ang ginamit na pansuhol ay nagmula rin sa mga ninakaw na yaman ng pamilya ng diktator.

Trinaydor ng Comelec ang mamamayan sa pagpapahintulot nito sa kandidatura ni BBM. Walang karapatan si BBM at kahit sino pa mang Marcos na mag-asam ng posisyon sa gubyerno dahil sa dami ng krimen nila sa bayan. Hindi pa nga sila lubusang napananagot sa kanilang mga krimen, nanatiling nakalalaya si Imelda Marcos sa kabila na siya’y nahatulan ng Sandigan Bayan na makulong ng 77 taon sa kinaharap nitong 7 kaso ng *graft and corruption* (11 taong hatol sa kada 1 kaso).

Pinatunayan na ng kasaysayan at ng reaksyunaryong korte ang mga krimen ng mga Marcos na pandarambong, *extrajudicial killings,* pagdukot at tortyur sa mga aktibista, at napakarami pang iba. Sobra pa sa sapat ang mga batayang ito para hindi payagan ang kandidatura ni BBM sa pagka-presidente. Nakapanlulumo at isang malaking dagok

sa ulo ng taumbayan, lalong higit sa mga pamilya at biktima ng Martial Law ng yumaong diktador na si Ferdinand E. Marcos Sr., ang ginawang ito ng COMELEC. Binalewala ng COMELEC ang mga nabawing P174 Bilyon ng PCGG mula sa tinatayang $10B na dinambong na yaman ng pamilyang Marcos (nasa P125B pa ang hinahabol). Itinatwa ng COMELEC ang napanalunan na milyong dolyares bilang kompensasyon sa 11,103 na biktima ng paglabag sa karapatang pantao sa panahon ng ML.

Higit sa lahat, lalong pinagkaitan ng hustisya ng COMELEC ang libu-libong bilang ng mamamayang Pilipino na biktima ng mga paglabag sa karapatang pantao sa panahon ng Martial Law, sa mahigit sa 70,000 na ipinakulong ng diktador kung saan nasa 34,000 ang dumanas ng pagpapahirap at tortyur. Nasa 3,240 naman ang pinaslang o biktima ng extra judicial killings (EJKs) at 783 ang mga nawawala (forced disappearance).

Hindi humuhupa ang determinasyon ng bayan na wasakin ang ambisyon ng mga Marcos na makapanumbalik sa kapangyarihan sa katauhan ni BBM. Higit nitong pinaypayan ang galit ng mamamayan na tiyak na mag-aanak ng mas malalaking pagkilos upang tutulan at harangan ang pagluklok kay BBM sa Malakanyang. Tuloy ang iba't ibang grupo ng mga progresibo sa paghahabol sa desisyon ng Comelec. Malawak ang suportang inaani nila sa pagdadala ng kaso ng diskwalipikasyon hanggang sa Korte Suprema.

Nananawagan ang NDF-ST sa mamamayang Pilipino na magkaisa at biguin ang mga maniobra ng alyansang Marcos-Arroyo-Duterte (MAD). Ituon natin ang lahat ng pagsisikap para palakasin ang nagkakaisang

prente laban sa mga Marcos, Duterte at mga alipores nito. Gawin ang lahat ng makakaya upang ihiwalay ang alyansang MAD at tangkilikin ang tunay na oposisyong anti-Duterte at anti-Marcos. Higit sa lahat, pag-ibayuhin ang pagsusulong ng pambansa demokratikong rebolusyon na magluluwal ng tunay na hustisyang panlipunan at magpapapanagot sa mga Marcos. T

## Hindi nagbibigay ng "permit to win" ang CPP-NPA-NDF

*Mayo 5, 2022*

Kinukundena ng NDFP-Southern Tagalog ang panibagong kasinungalingang ikinakalat ng rehimeng Duterte laban sa CPP-NPA-NDFP sa diumano'y pagbibigay nito ng "permit to win". Inilabas ito sa pahayag ng COMELEC kung saan nagbanta ang komisyon na ididiskwalipika ang mga kandidatong nagbabayad umano ng "permit to win" sa CPP-NPA-NDFP. Ang COMELEC ang nag-aastang boses ng NTF-ELCAC sa bantang ito na walang iba kundi ang paglikha lamang ng sariling multo at gawa-gawang kwento upang bahiran ang imahen ng CPP-NPA-NDFP. Litaw na litaw ang papel ng pasistang NTF-ELCAC at AFP sa pagpapalaganap ng kasinungalingang ito.

Naglilinaw ang NDFP-ST na hindi ito lumalahok sa reaksyunaryong eleksyon at lalong hindi ito nagbibigay ng "permit to win" para siguruhin ang pagpapanalo ng isang kandidato. Nais palabasin at ipahiwatig ng itim na propagandang ito ng NTF ELCAC at ng COMELEC na sinasagkaan nito ang kagustuhan at ang karapatan ng mamamayang pumili ng nais nilang ihalal na kandidato dahil sa ipapataw lamang ng rebolusyonaryong kilusan sa mamamayan kung sino kandidatong binigyan nito diumano ng "permit to win". Pawang mga inimbentong kasinungalingan lamang ito ng mga alagad ng rehimeng Duterte.

Sa kasalukuyang yugto ng digmang bayan kung kailan umiiral pa ang dalawang gubyerno sa bansa, ang totoong ipinatutupad ng DGB na

patakaran sa reaksyunaryong eleksyon ay ang pagpapataw ng permit to campaign (PTC) at *campaign access fee* (CAF). Inoobliga ng PTC ang lahat ng mga kandidato na kumuha ng permiso sa DGB, sa pamamagitan ng iba't ibang kumand ng NPA kung nais nitong malayang makapangampanya sa saklaw na mga teritoryo ng gubyernong bayan at sa mga sona at larangang gerilya ng CPP-NPA.

Ang PTC ay garantiya at proteksyon sa mamamayang hindi magagamit ng sinumang kandidato ang pangangampanya para dahasin at pwersahin sila. Nilalaman nito ang mga kundisyong dapat sundin ng mga kandidato habang nasa hurisdiksyon ng DGB tulad ng hindi pagdadala ng mga armas ng kanilang mga badigard at kasamahan habang nangangampanya; absolutong pagbabawal sa pagsama ng mga armadong tropa ng AFP at PNP bilang eskort; at pinakamahalaga sa lahat ay mapatigil ang mga pananakot, pandaraya at pandarahas sa masa ng mga pulitiko at kandidatong hindi makakuha ng mainit na pagtanggap mula sa masa. Matagal nang kinikilala at sinusunod ng mga reaksyunaryong pulitiko ang PTC bilang lehitimong pag-ehersisyo ng kapangyarihang pampulitika ng DGB.

Samantala, ang CAF ay makatarungang anyo ng pagbubuwis na ipinapataw ng DGB at bahagi ng mga kundisyon sa pag-iisyu ng PTC. Karapatan at tungkulin na DGB ang pagkuha ng CAF at PTC bilang isang gubyerno. Hindi pinagkakalooban ng PTC ang mga kandidatong sagadsaring kontra-rebolusyonaryo at may mga utang na dugo sa rebolusyonaryong kilusan at mamamayan kahit pa handa silang magbayad ng CAF.

Labis na malisyoso ang nais na ipahiwatig ng GRP sa pagtawag nitong "permit to win" ang pagkakaloob ng PTC sa ilang mga kandidato. Sa pahayag ng COMELEC, inihahalintulad ang katawagan nitong "permit to win" sa pagbili ng boto. Malisyoso at pinabababa ng mga reaksyunaryo ang integridad ng rebolusyonaryong gubyerno na mula't sapul pa ay hindi nito kinikilala bilang lehitimo ang lahat ng eleksyong idinadaos sa ilalim ng mapagsamantala at mapang-aping sistema sa bansa.

Ngunit sino bang maniniwala sa kahangalang ito?

Ang tunay na nagluluto ng mga pakanang manipulahin ang eleksyon ay ang naghaharing pangkating Duterte, hindi ang CPP-NPA-NDFP. Maaga pa'y naihanda na ng rehimeng Duterte ang makinarya nito para itakda ang resulta ng halalan sa pamamagitan ng malawakang pandaraya ng sistemang de kompyuter na pagbibilang. Ipinasok nito ang masusugid na alipures sa COMELEC at tiniyak na mapunta sa kamay ng kanyang kroni na si Dennis Uy ang kontrata sa pag-aasikaso sa lohistika't kagamitang pang-eleksyon. Basta't gustuhin ng rehimeng Duterte ay madali lamang ulitin ang 7-*hour glitch* noong eleksyong 2019 at nauna nang prinogramang pagbibilang ng boto na tumungo sa pagkapanalo ng mga kandidatong panig sa administrasyon. Lumalaki ang posibilidad na ito lalo ngayong lumalakas ang kampanya ng kandidato ng oposisyon na si Leni Robredo.

Simula't sapul ay hindi lumalahok ang rebolusyonaryong kilusan sa reaksyunaryong halalan, at sa buong kasaysayan ay hindi rin nito ginawang makialam sa resulta ng eleksyon. Tapat ang rebolusyonaryong kilusan sa paggalang sa demokratikong karapatan

ng mga mamamayang Pilipino na iehersisyo ang karapatan nilang pumili ng mamumuno sa bansa at lumahok sa halalan.

Kaya naman, dapat mahigpit na bantayan ng sambayanan ang paparating na eleksyon ngayong Mayo 9 at sa susunod na mga linggo matapos ito. Paghandaan ang maruming maniobra ng rehimeng Duterte para baguhin ang resulta ng halalan pabor sa pangkating BBM-Sara bago ito tuluyang bumaba sa pwesto sa Hunyo. Hindi imposibleng ibuga ni Duterte ang pinakamatinding banat sa nakikibakang mamamayan para mapanatili ang sarili sa poder. Tulad ng ginawa ni Marcos Sr. sa pagbomba sa Plaza Miranda para likhain ang sinaryong nilulukuban na ng CPP-NPA-NDF ang bansa, ideklara ang Martial Law at failure of election para pawalambisa ang resulta ng halalan. Kailangang gawin ng mga demokratikong pwersa ang lahat ng kanilang makakaya upang hadlangan ang maiitim na balak ng ganid-sa-kapangyarihang rehimeng Duterte at pamunuan ang pakikibaka ng sambayanan. T

## Pangyuyurak sa kapasyahan ng taumbayan ang pandaraya sa eleksyon para ipanalo sila Marcos at Duterte

*Mayo 19, 2022*

Sukdulan ang pagkagahaman at kawalanghiyaan ng demonyong alyansang Marcos-Arroyo-Duterte sa garapalang pandaraya sa eleksyong 2022. Lansakan nitong niyurakan ang kapasyahan ng taumbayan at binaboy ang pag-eehersisyo ng karapatang bumoto upang iluklok sa poder ang anak ng diktador na si Bongbong Marcos Jr. at gawing bise-presidente ang tagapamagmana ni Rodrigo Duterte na si Sara. Wastong salubungin ng maalab na protesta ang marumi at kaduda-dudang pagkapanalo ni Marcos Jr. at gawin ang lahat ng makakaya upang hadlangan ang pag-akyat sa poder ng isa na namang magnanakaw at mandurugas na rehimen.

Kitang-kita sa mataas na *voters turn out* ang aktibong partisipasyon ng mamamayang Pilipino sa eleksyong 2022 dahil sa kagustuhan nilang palitan na ang tiraniko, tiwali at papet na rehimeng Duterte. Gayunman, pinapawalang-saysay ito ng malawakang pandaraya at pagnakaw sa resulta ng halalan.

Kabulastugan ang ipinapangalandakan ngayon ng burgis at reaksyunaryong estado na diumanong malakas na mandato ni Marcos Jr. at Sara Duterte dahil sa minanupakturang *landslide victory*. Ang totoong pinagmulan ng mandato nina Marcos Jr. at Sara Duterte

ay ang malawakan at walang konsensyang pagnanakaw sa boto ng taumbayan. Talamak ang pandaraya at manipulasyon sa buong kasaysayan ng mga eleksyon sa ilalim ng papet na republika, subalit higit itong pinadali at pinakinis ng automated na sistema. Naging de-kompyuter at lalong nalingid ang proseso ng pagnanakaw sa boto ng taumbayan. Sa panahon ng rehimeng US-Duterte, pinerpekto ang pandaraya at pagtatakip dito. Sineguro ito ng mga alipures ni Duterte sa COMELEC at ng kroni niyang si Dennis Uy na kumopo sa kontrata ng lohistika sa halalan.

Niluto ng rehimen sa pinakamataas na antas ang pandaraya sa halalan. Naka-programa na sa kompyuter, *vote counting machine* at SD *cards* ang dagdag-bawas sa mga boto (vote padding at vote shaving). Kayang-kaya ng COMELEC na baguhin ang bilang ng mga boto na pumapasok sa server at tabunan ang datos na mula sa mga presinto dahil hawak nito ang signing key para sa *authentication* o pagpapatunay na balido ang mga boto. Upang hindi mahalata ang manipulasyon, kinamada ang pagpapasok ng mga pre-shaded na balota upang salaminin ang pekeng resulta na idedeklara ng COMELEC. Kaya naman hindi na nakakapagtaka ang napakabilis na transmisyon ng mga boto—dati'y inaabot ng 10 araw ang pagbibilang at *canvassing* ng lahat ng mga boto mula sa mga presinto pero ngayong taon ay tinapos na ito sa loob ng dalawang araw lamang. Sa ganitong pamamaraan sinadyang pahirapan ang mamamayan na silipin ang mga butas sa halalan habang nilulunod ang opinyong publiko ng pagdagsa ng minanupakturang kagila-gilalas na kalamangan ng tambalang Marcos Jr-Sara Duterte.

Bukod sa pandaraya sa bilangan, namumuro ang UniTeam sa paglabag sa mga patakaran ng eleksyon bago pa ang botohan. Dito sa TK,

ikinakampanya ng mga nag-ooperasyong sundalo ang tambalang Marcos Jr.-Sara sa mga komunidad at iniulat din ang pamimigay ng pera ng mga kandidatong kahanay ng UniTeam kapalit ng pagdalo ng mga tao sa mga pagtitipon sa panahon ng kampanya. Laganap din ang red-tagging sa mga progresibong partylist at pulitikong sumusuporta sa mga pakikibakang masa, maging sa nangungunang kandidato ng oposisyon.

Nagdudumilat ngayon ang malaon nang pagsusuri ng rebolusyonaryong kilusan na hungkag, marumi at walang integridad ang reaksyunaryong halalan sa isang malakolonyal at malapyudal na sistema sa Pilipinas. Ang mga maniobrang elektoral ng MAD ay lansakang lumalapastangan sa karapatan sa pagboto ng mamamayang Pilipino at sumasagka sa kanilang hangarin na wakasan ang pasista-teroristang paghahari ni Duterte na tiyak na ipagpapatuloy ng tambalang Marcos Jr.-Sara. Ang kataksilang ito sa sambayanan ang piniling paraan ng desperadong naghaharing uri para buhusan ng malamig na tubig ang gumugulong na kilusang masa at lumalapad na pagkakaisa ng mamamayan laban sa tiranya. Natakot ang mga ito sa malalaking rali para sa kampanya ng nangungunang kandidato ng oposisyong Robredo-Pangilinan na hindi nagawang pantayan ni Marcos Jr. sa panahon ng kampanyahan. Batid ng naghaharing pangkatin na kung masusunod ang boses ng taumbayan at walang dayaan, tiyak na kakain ng alikabok si Marcos Jr. at mabibigo silang gamitin ang halalan para manatili sa poder.

Dahil hindi kapani-paniwala at katanggap-tanggap ang resulta ng eleksyon, ramdam ang ligalig mula sa iba't ibang pwersa ng lipunan. Pilit itong inaapula ng MAD sa pamamagitan ng panlilinlang, todong saywar at disimpormasyon. Dito nagsisilbi ang mga pekeng balita,

sarbey at mga *troll* sa *social media* na kinomisyon ng MAD para ikundisyon ang isip ng publiko na nangunguna ang tambalang Marcos Jr.-Sara Duterte at may napakalaking agwat sa pagitan nila nina Robredo-Pangilinan. Sinesegundahan ito ng deklarasyon ng COMELEC, PNP at iba pang ahensya na malinis at maayos ang eleksyon upang mawalan ng puwang ang pagdududa sa pagkakapanalo ni Marcos Jr. at Sara.

Sa isang banda, nilulubos ngayon ng mga panatiko ng diktadura ang dekadang pagsisikap na linisin ang pangalan ng mga Marcos-Romualdez bilang paghahanda sa muli nilang pagbabalik sa tuktok ng estado. Nais nilang ipawalang-saysay ang patung-patong na kaso ng pagnanakaw, pandarambong at paglabag sa karapatang pantao ng yumaong diktador at ipresinta ang "nanalong" pangulo na isang malugod at karapat-dapat na pinuno. Pambabastos ito sa mamamayang Pilipino na nagpunyagi't nagbuwis ng buhay para mapatalsik sa poder ang diktador na si Marcos at hanggang ngayo'y nakikibaka para panagutin ang mga Marcos sa kanilang krimen sa bayan.

Kinakailangan na tuluy-tuloy na makibaka ang sambayanan sa susunod na mga linggo upang pigilan ang madulas na pag-akyat nina Marcos Jr. at Sara Duterte sa poder. Ang malawak at maalab na pakikibakang bayan ang tanging makapipigil dito. Panimula na ang mga pagkilos sa iba't ibang bahagi ng Visayas, Luzon, at ang Black Friday Protest sa Pasay City noong Mayo 13 na nilahukan ng 4,000 mamamayan. Dapat ibayong palakasin, palawakin at pag-alabin ang pakikibaka laban sa tiranya at mahigpit itong ikawing sa pakikibaka para sa karapatan at kabuhayan ng mamamayan. Kaalinsabay nito, nakahanda ang mga rebolusyonaryong pwersa para sa pagpapaigting ng laban sa diktadura

at puspusang pagsusulong ng armadong rebolusyon upang kamtin ang minimithing tunay na kalayaan at demokrasya para sa sambayanang Pilipino. **T**